

# **Patnubay sa Korespondensiya Opisyal**

**IKAAPAT NA EDISYON**



# Patnubay sa Korespondensiya Opisyal

IKAAPAT NA EDISYON

Leonida B. Villanueva  
Rogelio G. Mangahas  
*Mga Editor*



AKLAT NG BAYAN  
METRO MANILA  
2015

## Patnubay sa Korespondensiya Opisyal Ikaapat na Edisyon

Karapatang-sipi © 2015 ng Komisyon sa Wikang Filipino

Ikaapat na edisyon, unang limbag, 2013  
Ikaapat na edisyon, ikalawang limbag, 2015

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

Mga Editor: Leonida B. Villanueva  
Rogelio G. Mangahas

---

The National Library of the Philippines CIP Data

Recommended entry:

Patnubay sa korespondensiya opisyal : may kasamang ortograpiyang pambansa / Rogelio G. Mangahas, Leonida B. Villanueva, mga editor.-- 4th ed.-- Manila : Komisyon sa Wikang Filipino, c2013.  
p. ; cm.

ISBN 978-971019-723-1

1. Filipino letters -- Handbooks, manuals, etc.
  2. Letter writing -- Handbooks, manuals, etc.
- I. Mangahas, Rogelio G. II. Mangahas, Rogelio G.

HF5728.F5      651.75      2013      P320130766

---

*Inilathala ng*



Komisyon sa Wikang Filipino  
Gusaling Watson, 1610 Kalye JP Laurel  
Malacañang Palace Complex, San Miguel, Maynila  
Tel. 02-733-7260 email: komfil.gov@gmail.com

# Nilalaman

<b>Pambungad</b>	<b>ix</b>
<b>Mga Mensahe</b>	<b>xi</b>
<b>1 Pagsulat ng Liham</b> ( <i>Letter Writing</i> )	<b>1</b>
<b>2 Mga Katangian ng Liham</b> ( <i>Characteristics of a Letter</i> )	<b>2</b>
<b>3 Mga Bahagi ng Liham</b> ( <i>Parts of a Letter</i> )	<b>4</b>
• Pamuhatan ( <i>Heading</i> )	5
• Patunguhan ( <i>Inside Address</i> )	7
• Bating Pambungad ( <i>Salutation</i> )	9
• Katawan ng Liham ( <i>Body of the Letter</i> )	10
• Pamitagang Pangwakas ( <i>Complimentary Close</i> )	11
• Lagda ( <i>Signature</i> )	11
<b>4 Iba Pang Bahagi ng Liham</b> -( <i>Other Parts of a Letter</i> )	<b>12</b>
• Inisyal ng Pagkakakilanlan ( <i>Identifying Initials</i> )	12
• Paglalakip ( <i>Enclosure</i> )	12
• Tawag-pansin ( <i>Attention Line</i> )	13
• Paksa ( <i>Subject</i> )	13
• Notasyon sa Sipi ( <i>Copy Notation</i> )	13
<b>5 Mga Anyo ng Liham</b> ( <i>Forms of Letters</i> )	<b>14</b>
• Estilong Full-Block ( <i>Full-Block Style</i> )	14
• Estilong Semi-Block ( <i>Semi-Block Style</i> )	15
• Patunguhan sa Sobre ( <i>Address</i> )	16
<b>6 Mga Uri ng Liham</b> ( <i>Kinds of Letters</i> )	<b>17</b>
• Pagbati ( <i>Congratulations</i> )	17
• Paanyaya ( <i>Invitation</i> )	17
• Tagubilin ( <i>Instruction</i> )	17
• Pasasalamat ( <i>Thanks</i> )	17
• Kahilingan ( <i>Request</i> )	17
• Pagsang-ayon ( <i>Affirmation</i> )	17
• Pagtanggì ( <i>Negation</i> )	18
• Pag-uulat ( <i>Report</i> )	18
• Pagsubaybay ( <i>Follow-up</i> )	18
• Pagbibitiw ( <i>Resignation</i> )	18
• Aplikasyon ( <i>Application</i> )	18
• Paghirang ( <i>Appointment</i> )	19
• Pagpapakilala ( <i>Introduction</i> )	19
• Pagkambas ( <i>Canvass</i> )	19
• Pagtatanong ( <i>Inquiry</i> )	19

• Pakikidalamhati ( <i>Condolence</i> )	19
• Pakikiramay ( <i>Sympathy</i> )	19
• Panawagan ( <i>Appeal</i> )	20
• Pagpapatunay ( <i>Certification</i> )	20

## **7 Mga Halimbawa ng Iba't Ibang Uri ng Liham** **21**

*(Different Samples of Letters)*

• Pagbati	22
• Tugon sa Pagbati	23
• Patalastas/Paanyaya	24
• Paanyaya	25
• Tugon sa Liham Paanyaya	26
• Pasasalamat	27
• Tugon sa Liham Pasasalamat	31
• Kahilingan	32
• Tugon sa Liham Kahilingan	36
• Pagsang-ayon	40
• Pagtangga	45
• Pag-uulat	48
• Tugon sa Liham Pag-uulat	50
• Tagubilin	51
• Pagsubaybay	52
• Tugon sa Pagsubaybay	53
• Pagbibitiw	54
• Tugon sa Liham Pagbibitiw	56
• Aplikasyon	57
• Tugon sa Liham Aplikasyon	58
• Pagpapakilala/Paghirang	60
• Pagkambas	61
• Tugon sa Liham Pagtatanong	62
• Pakikidalamhati	64
• Pakikiramay	66
• Panawagan	67
• Pagpapahalaga/Pagtatanong	68

## **8 Paraan ng Paghahatid ng Impormasyon at Tagubilin** **69**

*(Means of Conveying Information and Instructions)*

<b>Mga Komunikasyong Buhat sa mga Nakatataas na Awtoridad</b>	<b>70</b>
<i>(Communications from Higher Authorities)</i>	
• Atas/Kautusang Tagapagpaganap ( <i>Executive Order</i> )	70
• Proklamasyon/Pagpapahayag ( <i>Proclamation</i> )	70
• Kautusang Pangkagawaran ( <i>Department Order</i> )	70
• Memorandum Pangkagawaran ( <i>Department Memorandum</i> )	70
• Memorandum Sirkular ( <i>Memorandum Circular</i> )	70
• Patalastas/Kalatas ( <i>Notification</i> )	
• Paglilipat ( <i>Indorsement</i> )	

<b>Iba Pang Uri ng Korespondensiya</b>	<b>71</b>
<i>(Other Kinds of Correspondence)</i>	
• Korespondensiyang Panloob-tanggapan <i>(Inter-office Correspondence)</i>	71
• Memorandum Pantanggapan <i>(Office Memorandum)</i>	71
• Paglilipat <i>(Indorsement)</i>	
Kahalagahan ng Memorandum at Mensaheng E-mail	72
Mga Katangian ng Memo at E-mail	72
Wastong Pagpo-format ng Memorandum	72
<b>9 Resolusyon</b> <i>(Resolution)</i>	<b>130</b>
<b>10 Katitikan ng Pulong</b> <i>(Minutes of the Meeting)</i>	<b>137</b>
<b>11 Mga Pormularyong Pampamahalaan</b>	<b>153</b>
<i>(Government Forms)</i>	
• Panunumpa sa Katungkulan	155
• Papel ng Datos Personal	159
• Deskripsiyon ng Posisyon	164
• Paghirang	166
• Kahilingan sa Pansamantalang Pagtatalaga	168
• Sertipikong Medikal	171
• Sinumpaang Salaysay Tungkol sa mga Ari-Arian, Pagkakautang atbp	172
• Memorandum ng Kasunduan	174
• Aplikasyon sa Pagliban	177
• Aplikasyon para sa Espesyal na Pribilehiyo	180
• Pahintulot/Atas sa Paglalakbay	181
• Katibayan ng Natapos na Paglalakbay	184
• Katunayan ng Pagpapakita	185
• Katunayan ng Paglabas	186
• Katunayan ng Kawalang Pananagutan	187
• Ulat sa Daloy ng Proyekto	193
• Ulat sa Pagmomonitor	194
• Payslip	195
• Talatukuyan	197
• Voucher sa Pagbabayad	200
• Kapangyarihan ng Kinatawan	201
Mga Kahilingan	
• Pahintulot	202
• Bayad sa Overtime	203
• Kasulatan sa Kapanganakan	204
• Kasulatan sa Kasal	205
• Pananaliksik	206
• Inspeksiyon Bago Kumpunihin	207
• Kahilingan para sa Serbisyo	208

• Serbisyong Audio-Video	210
• Pases sa Paglabas	211
• Gate Pass	213
• Listahan ng Dumalo	216
• Nominasyon	217
• Iba't ibang Uri ng Gawad/Sertipiko	
• Pagkilala	220
• Pagpapahalaga	228
• Merito	230
• Katapatan	231
• Paglahok	232
• Pagdalo	
• Pagtatapos	234
• Paglilipat	235
• Tsart ng Organisasyon	236
<b>12 Pagsulat ng Direksiyon at Pag-adres sa mga Taong May Mataas na Katungkulan</b>	<b>237</b>
<i>(Ways of Addressing Individuals with Higher Positions)</i>	
<b>13 Mga Titulong may Pamimitagan</b>	<b>251</b>
<i>(Courtesy Title Distinction)</i>	
<b>14 Mga Parirala at Pananalitang Karaniwang Gamitin sa mga Liham Pampamahalaan</b>	<b>259</b>
<i>(Phrases and Expressions Commonly Used in Official Correspondence)</i>	
<b>Mga Dahong Dagdag</b>	<b>263</b>
<b>A. Glosaryo ng mga Gamiting Termino at Katawagan sa Pamahalaan</b>	<b>264</b>
<i>(Glossary of Government Terminologies and Usages)</i>	
<b>B. Direktoryo ng mga Tanggapan ng Pamahalaan</b>	<b>300</b>
<i>(Directory of Government Offices)</i>	
<b>C. Direktoryo ng ZIP Code ng Metro Manila at mga Lalawigan</b>	<b>371</b>
<i>(Zip Code Directory - Metro Manila and Provinces)</i>	
<b>Sanggunian</b>	<b>392</b>
<b>Indeks</b>	<b>394</b>



# Pambungad

Malaki na ang ipinagbago nitong *Patnubay sa Korespondensiya Opisyal (PKO)* mula nang lumabas ito sa unang edisyon noong 1970. Mga pangunahing gumagamit nito mula noon ang mga naglilingkod sa pamahalaan—mga kawani, manunulat, editor, mananaliksik, guro, opisyal na nakikipaglihaman sa loob at labas ng kagawaran, at maging ng bansa. Sa ikaapat na edisyong ito, 2013, makikitang kasamang makikinabang sa paggamit nito ang mga tagapribadong larangan—mga editor at manunulat ng mga publikasyon, mga propesyonal, mga eskolar, mga negosyante at indibidwal sa iba't ibang organisasyon at institusyon, silang mga nakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng nakasulat na komunikasyon. Sa aktibong interaksyon ng mga indibidwal maging nasa pamahalaan o pribadong tanggapan, kailangan ang ilang patnubay o sanggunian para sa maayos, simple, at epektibong pagsulat. At dito nga makikita ang kahalagahan nitong PKO.

Mabilis ang mga pagbabago mula noong dekada 1970. Ilang termino na ng pambansang pamahalaan ang nagdaan, may mga ahensiyang nabuwag at pinalitan ng ibang mas angkop sa pangangailangan ng bayan. May ilang ahensiya ring pinagsanib at inangkupan ng bagong pangalan. Nabago ang adres ng marami—rami ring tanggapan ng pamahalaan—kabilang ang paglalagay ng letterhead sa website, email, telefax, at iba pang instrumento at simbolo ng impormasyong teknolohiya. Ang makinilya o typewriter na dating karaniwang ginagamit sa mga opisina sa pagsulat ng mga pormal na liham ay napalitan ng computer, bagay na nakapagpapabilis at madaling makaayos sa pasulat na komunikasyon.

Madaling mapansin sa bahaging Nilalaman ang mahahalagang bagay na dapat tandaan at isaalang-alang sa pagsulat ng liham. Sa pormularyong pamahalaan, ilang halimbawa ng bawat uri ang dito'y inilagay upang makapagpakita ng iba't ibang pormat at estilo na angkop sa pangangailangan. Ano-ano ba ang mga katangian ng isang mabuting sulat? Ano-anong mga bahagi nito ang hindi dapat nawawala upang ito'y masabing kompleto at hindi nakalilito? Anong anyo ng liham ang mainam gamitin, batay sa uri ng komunikasyon, at ikagagaan ng pagbuo nito? May iba't ibang uri ng liham: anong uri ng liham ang iyong susulatin at ano ang dapat isaalang-alang upang ito'y maging epektibo?

Isang malaking tulong sa mga gagamit ng PKO ang nakalagay ditong iba't ibang halimbawa ng liham. May mga halimbawa ng salin mula sa Ingles, at ang iba'y nasa orihinal na Filipino. Ang mga ito'y hindi kathang-isip, kundi mga pili mula sa tunay na mga liham sa ating pamahalaan mula sa nakalipas na ilang dekada. Sa pagbasa sa mga ito, mananariwa sa ating kamalayan ang ilang mahalagang isyung pang-ekonomiya, pampolitika, pangkapaligiran, pang-edukasyon, pangkultura (kabilang ang sa wika), at maging sa moralidad.

Mapupuna naman sa mga salin sa mga tanggapan ng ilang tanggapan ang pagbabago sa ilang salita para sa ikadadali ng pag-unawa ng babasa. Napalitan ang ilang salitang may kalabuan at asiwang pagkabuo, at pinalitan ng higit na madaling unawain at bigkasin. Isang

halimbawa ay ang salitang "lingkuran" na pinalitan ng gamitíng "serbisyo."

Makikita naman sa mga paraan ng paghahatid ng impormasyon at tagubilin mula sa matataas na awtoridad ang iba't ibang anyo ng komunikasyon, gaya ng atas o kautusang tagapagpaganap, proklamasyon, kautusang pangkagawaran, memorandum, paglilipat o endorsement, atbp.

Sa edisyong ito ng PKO, napakalaking ambag ang Mga Dahong Dagdag, pangunahin ang Ortograpiyang Pambansa (OP), ang modernisado, pinalawak, at pinayamang Ortograpiyang Filipino (OF) 2013. Ang pagiging inklusibo ng OP na ibinibilang at inaangkin ang mga natatanging kakanyahan ng mga katutubong wika—gaya ng "Mëranaw, Ifugaw, Ivatan, Ibaloy, Bikol, Pangasinan, Ilokano, atbp ay isang magandang hakbang sa pagbubuo ng pambansang kultura. Ang pag-aangkin din ng OP sa ilang banyagang letra ay nakapagpalakas sa alpabeto para sa moderno't dinamikong pagpapahayag sa panahong ito ng globalisasyon.

Malaki ring tulong ang Direktoryo ng ZIP Code ng Metro Manila at mga Lalawigan—na makadadali sa paghahanap at paggamit nito sa sandaling kailangan nang ilagay sa pamuhatan at patunguhan. Simpleng gabay naman at mabuting paalala tungkol sa estilo para sa kalinawan at perpeksiyon ng liham ang bahaging Paggamit ng mga Bantas.

Sa kabuuan, ang PKO ay inaasahang makatutulong sa mga gagamit nito sa pagbuo ng kompleto at makabuluhang korespondensiya opisyal, gayon din sa estandardisasyon at pagpapalaganap ng Filipino bilang Wika ng Dangal, Wika ng Kaunlaran.

—Mga Editor

**MALACAÑAN PALACE  
MANILA**



**Mensahe**

**B**inabati ko ang mga pinuno at kawani ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa inyong pagpupunyaging mailathala ang ikaapat na edisyon ng Patnubay sa Korespondensiya Opisyal.

Ang patnubay na ito ay mabisang sanggunian sa maayos at tamang paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na komunikasyon at korespondensiya, gaya ng nakasaad sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335. Sa pamamagitan nito, mapapabilis natin ang paglinang at pagpapayabong ng wikang Filipino na siyang hahawan ng daan tungo sa katuparan ng ating layuning mapagbuklod ang ating sambayanan.

Saksi ang lahat sa patuloy na pagsisikap ng KWF na mapalaganap ang pambansang wika. Ganap ang suporta ng buong pamahalaan sa mga adhikain ng Komisyon sapagkat ang mga ito ay makatutulong sa pagtatamo ng ating mithiing pambansang pagkakakilanlan.

Naibabalik na natin ang ningning ng pag-asang minsan ay naipagkait sa ating mga mamamayan. Nagpapasalamat ako sa inyong tulong, at nawa'y magpatuloy ang inyong pakikibahagi sa mga pagbabagong ipinatutupad natin para sa mga Pilipino.

  
**BENIGNO S. AQUINO III**

Maynila  
Hulyo 2013



**Republic of the Philippines  
Senate  
Pasay City**

*Franklin M. Drilon*  
Senate President



**Mensahe**

**N**ananatiling malaking hamon sa mga dominyo ng kapangyarihan, gaya ng Sangay Lehislatibo ang pakikipagtalastasan sa wikang Filipino. Ito ay sapagkat ang wika ng mga mambabatas ay nasa Ingles, na taliwas sa wika ng ordinaryong mamamayan. Ang wika sa mga korespondensiya opisyal ay tila banyaga sa malaking porsiyento ng populasyon, kaya kung minsan ay nagngingiming lumapit sila sa mga opisyal ng pamahalaan.

Ang paglalathala ng Patnubay sa Korespondensiya Opisyal (Ikaapat na Edisyon) ay sumasagot sa mga pangangailangan ng iba't ibang ahensiya, kawanihan, at sangay ng pamahalaan sa mga korespondensiya at komunikasyon nito sa mga mamamayan. Tinuturuan nito sa pakikipagsulatan ang mga opisyal at kawani, at ang publiko, sa pamamagitan ng wikang Filipino.

Hindi na maitatwa na ang Filipino ang lingguwa prangka sa buong kapuluan. Ngunit ang wikang ito ay dapat pa ring makapasok sa mga bulwagan ng kapangyarihan, gaya ng batasan, hukuman, negosyo, at akademya. Kung nais nating magtagumpay ang Filipino, kinakailangang gamitin ito sa pasulat na paraan, hindi lamang sa pagbigkas na paraan. Ang korespondensiya sa wikang Filipino ang isang anyo ng pagkakamit ng gayong mithi.

Hinihikayat ko ang lahat ng kapuwa kong mambabatas, at gayundin ang malawak na publiko, na bigyang pansin ang Patnubay sa Korespondensiya Opisyal (Ikaapat na Edisyon) na inilathala ng Komisyon sa Wikang Filipino. May binubuksang posibilidad ang aklat na ito na maaaring makapagpatatag ng ugnayan ng mga mamamayan at makapagtaas ng uri ng serbisyo publiko. Magiging ganap na makatotohanan ang isinasaad ng ating Saligang Batas ng 1987 kung lahat tayo ay magkakaisa sa paggamit ng pambansang wika tungo sa inklusibong kaunlaran.



Republic of the Philippines  
**House of Representatives**  
Quezon City, Metro Manila

**Hon. Feliciano Belmonte, Jr.**  
Speaker



### **Mensahe**

Isang malugod na pagbati sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa inyong paglulunsad ng ika-4 na edisyon ng Patnubay sa Korespondensiya Opisyal.

Ang ating pambansang wika ay patuloy na mainog at lumalago, dala na rin ng pagtanggap ng ating mga kababayan sa kahalagahan ng paggamit ng isang pambansang wika upang mapagbuklod ang ating lipunan tungo sa pambansang kaunlaran. Ang kahalagahan ng isang malakas na wikang pambansa ay hindi makakaila, lalo na sa pagtaguyod ng isang pambansang kamalayan at pagkakakilanlan sa panahon ng globalisasyon.

Ang inyong paglulunsad ng ika-4 na edisyon ng Patnubay sa Korespondensiya Opisyal ay isang mahalagang hakbang sa patuloy na pagpapalago at pagpapalakas ng Filipino bilang ating wikang pambansa. Ito ay magiging gabay at sanggunian hindi lamang ng mga kawani ng gobyerno kundi pati na rin ng mga empleado sa pribadong sektor na nagnanais na gamitin ang ating wikang pambansa sa kanilang korespondensiya. Ito rin ay makatutulong sa pagpapalaganap ng paggamit ng sariling wika sa kalakalan at sa ekonomiya.

Muli, isang maalab na pagbati sa Komisyon at sa lahat ng bumubuo nito at nawa'y patuloy kayong magtagumpay sa inyong adhikang mapalakas ang Filipino bilang wika ng isang maunlad at matatag na bansang Pilipinas.

Mabuhay po kayo!



Republika ng Pilipinas  
Kagawaran ng Edukasyon



Tanggapan ng Kalihim  
*Office of the Secretary*

## Mensahe

**M**ula sa pamilya ng Kagawaran ng Edukasyon, ipinapaabot namin ang aming mataos na pagbati sa Komisyon sa Wikang Filipino sa inyong paglulunsad ng ikaapat na edisyon ng Patnubay sa Korespondensiya Opisyal. Natitiyak naming malaki ang maitutulong nito upang magkaroon ng iisang panuntunan sa korespondensiya gamit ang wikang Filipino. Tunay na malayo na ang narating ng KWF sa layunin nitong itaguyod ang preserbasyon at pagpapayabong ng Filipino at iba pang wika sa ating bansa.

Hindi biro ang inyong mandato kung tutuusin natin ang dami ng wika at ang pagkakaiba-iba ng paraan ng pagbigkas at pakahulugan sa iisang bagay.

Ang pagkakaroon ng isang wika, isang pakahulugan sa mga bagay-bagay at isang gabay sa paghahanda ng mga komunikasyon ay isang kongkretong hakbang upang makamit natin ang pambansang pagkakaisa.

Muli, tanggapin ninyo ang aming paghanga at pagbati.

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC



Republika ng Pilipinas  
Tanggapan ng Pangulo  
**KOMISYON SA LALONG MATAAS NA EDUKASYON**



## Mensahe

**M**alugod kong binabati ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa kanilang pagsusumikap na mailunsad at mailathala ang ika-4 na edisyon ng Patnubay sa Korespondensiya Opisyal alinsunod sa Atas Tagapagpaganap Blg. 335.

Ang Patnubay na ito ay instrumento ng pagkakaisa ng mga Pilipino at behikulo upang higit na mapalaganap at maipagmalaki ang wikang Filipino. Ang paggamit ng wikang pambansa sa mga komunikasyon at korespondensiya sa iba't ibang opisina ng pamahalaan ay mabisang paraan upang lalong maunawaan ng sambayanan ang mensaheng ipinapaabot ng mga ito. Dahil dito, mas madaling mahihikayat ang mga mamamayan na makibahagi at sumuporta sa mga proyekto at gawain ng pamahalaan para sa pambansang kaunlaran.

Nakikiisa ang Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon sa proyektong ito ng KWF. Kami ay inyong katuwang sa patuloy na pagpapayaman ng ebolusyon ng wikang Filipino.

Mabuhay!

**PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.**  
Tagapangulo





# 1

## Pagsulat ng Liham

(Letter Writing)

**A**ng pagsulat ng liham ay isang paraan ng pakikipagtalastasan o komunikasyon sa isang tiyak na pinag-uukulan sa pamamagitan ng mga salitang nakalimbag o nakatitik.

Ang isang liham ay katulad din ng personal na pakikipag-usap na kababakasan ng tunay na personalidad ng taong sumusulat. Mababatid din sa liham kung ang sumusulat ay matamang nag-isip at malinaw na nakapagpapahayag ng kaniyang tunay na damdamin sa pamamagitan ng mga mapitagan at magalang na pananalita.

Maganda ang impresyon sa liham kapag ang sumulat ay gumamit ng wastong pahayag ng kaniyang mga idea, pumili ng mga makahulugang pananalita, nagpamalas ng sapat na kaalaman sa bagay na nais niyang ihatid at gumamit ng sariling estilo sa pagsulat na madaling maunawaan ng bumabasa.

### Epektibong Pagliham

Upang maging epektibo ang pagsulat ng liham, narito ang apat na karaniwang mungkahi tungo sa mahusay na pagsusulat:

1. Ituon ang iyong pag-iisip. (*Center your thinking.*)
2. Organisahin ang iyong iniisip. (*Organize your thinking.*)
3. Tiyakin ang iyong iniisip. (*Specify your thinking.*)
4. Ilahad nang malinaw ang iyong mga idea o kaisipan. (*Present your thoughts clearly.*)

Ang pagsulat ng liham ay isa sa mga pangangailangan at di-maiiwasang gawaing opisyal at transaksiyonal (pangangasiwa, pamamahala, negosyo, atbp) at pagpapaigting ng ugnayang panlipunan. Ang korespondensiyang pampamahalaan at liham pangalakal at iba pang kauring liham ay dapat pormal. Sa ganitong uri ng mga korespondensiya, nararapat lamang na nakabatay sa layunin, kahika-hikayat, katanggap-tanggap at kapani-paniwala sa bumabasa o pinadadalhan.

# 2

## Mga Katangian ng Liham

*(Characteristics of a Letter)*

**M**adaling maghanda ng isang liham, maging ito man ay pormal o di-pormal. Subalit, iilan lamang ang mapipili at maituturing na mahusay ang pagkakahanda. Ang pangunahing dahilan nito ay ang kakulangan sa bisa ng liham.

Mahalagang isipin na kailangang maging pormal at mabisa ang liham pantanggapan. Nangangailangan ito ng kaayusan ng mga ideang nais ipahatid sa sinusulatan.

Upang maging matagumpay ang isang liham, inilalahad dito ang ilang dapat taglayin nito gaya ng mga sumusunod:

### 1. **Malinaw** *(Clear)*

Una sa lahat, hatiin ang mga pahayag ng mga bagay-bagay na hangad ipabatid sa liham. Iplano ang pagkakasunod-sunod ng mga ideang ipapaloob. Pagkatapos ay suriin kung mahusay ang pagkakapahayag ng bawat idea. Ito ay di dapat maging mahaba o maligoy. Higit na epektibo ang maiikling pangungusap. Tandaan na ang kasimplihan ay daan ng madaling pag-unawa.

### 2. **Wasto** *(Correct)*

Laging isaisip na ang ano mang liham na nangangailangan ng katugunan ay dapat magtaglay ng lahat ng angkop at tiyak na impormasyon. Bago sumulat, dapat alamin ang mga kailangan at ihanda ang mga ito nang naaayon sa kani-kanilang priyoridad. Tiyaking wasto ang bawat pahayag o sasabihin lalo na ang mga impormasyon bago ito isulat. Ang wastong pagpapahayag, pagbaybay, at balarila ay napakapundamental sa kapuri-puring pagsulat ng liham o ano mang uri ng akda. Mahalaga ring isaalang-alang ang tamang pagbabantas.

### 3. **Buo** *(Complete)*

Pagsama-samahin ang lahat ng kailangang impormasyon sapagkat kapag nakaligtaang itala ang isang bagay na kailangan ng sumulat, lalabas na kapos o depektibo sa pangunahing sangkap ang liham. Upang maging kasiya-siya ang tugon ng sinulatan, dapat na unang-unang nakasisiya o sapat ang isinasaad sa liham ng sumulat.

4. **Magalang** (*Courteous*)

Napakahalaga ng himig (tone) ng pagpapahayag. Hindi dapat mabakas sa sulat ang pagkabigla, pagkamagalitin, o pagkawala ng kagandahang asal. Nakatatawag-pansin ang pagkamagalang, kaya't agad nakukuha ang tugon o reaksiyon sa liham.

5. **Maikli** (*Concise*)

Sikapin na ang bawat isusulat ay makatutulong sa pagpapabatid ng nais sabihin sa nilalaman. Iwasan ang paglalakip ng mga detalyeng walang kabuluhan. Ito ay isa lamang pag-aaksaya ng panahon at nakapapawi ng interes ng nilihaman.

6. **Kumbersasyonal** (*Conversational*)

Masasabing mahusay ang pagkakapaghanda ng isang liham kapag ang bumabasa nito ay parang personal na kausap ng sumulat. Sabihin sa natural na pamamaraan ang nais iparating nang sa gayon ay higit na maging epektibo ang pagkakaunawaan. Gumamit ng sariling pananalita at iwasan ang pagkamaligoy.

Ilahad nang makatotohanan ang mga idea at paniniwala. Iwasan ang pagkamotonono sa paggamit ng panghalip na "Ako" na karaniwang ipinoposisyon sa simula ng pangungusap.

7. **Mapagsaalang-alang** (*Considerate*)

Pakatimbangin ang ano mang nais ipahayag ng sumulat. Bigyan-diin ang mensaheng nagbibigay-interes sa sinulatan o bumabasa. Sikaping maging mapagbigay sa lahat ng pagkakataon nang sa gayon ay maipadama ang pagtitiwala at kabutihang loob.

# 3 Mga Bahagi ng Liham

(Parts of a Letter)

**S**inasabi ng mga awtoridad na ang isang magandang liham ay maaaring itulad sa isang magandang larawang nakakuwadro. Ang magandang larawan ay ang liham, at ang kuwadro naman ay ang mga palugit (margin) sa apat na gilid: sa itaas, sa ibaba, sa kaliwa, at sa kanan.

Republika ng Pilipinas Tanggapan ng Pangulo <b>Komisyon sa Wikang Filipino</b>	Logo at Ulong Sulat/ Letterhead
26 Pebrero 2013	Petsa
<b>G. LAKANGITING C. GARCIA, PhD</b> Associate Professor, Departamento ng Filipino De La Salle University, 2401 Taft Avenue Malate, Manila	Patunguhan
Mahal na <b>Ginoong Garcia</b> :	Bating Pambungad
Pagbati!	Katawan ng Liham
Ang Komisyon sa Wikang Filipino ay magdaraos ng tatlong araw na <b>Konsultatibong Forum sa Ortograpiyang Filipino</b> . Gaganapin po ito sa Benitez Auditorium, Kolehiyo ng Edukasyon, Unibersidad ng Pilipinas, Lungsod Quezon sa 11-13 Marso 2013, 8:00 nu-5:00 nh.	
Layunin ng konsultatibong forum na muling suriin at pag-aralan ang mga luma at kasalukuyang gabay sa ortograpiyang Filipino upang makabuo ng napapanahon at episyenteng sistema na magagamit sa lahat ng katutubong wika sa bansa.	
Kaugnay nito, malugod namin kayong inaanyayahang maging bahagi ng talakayang ito. Batid naming malaki ang maiaambag ninyo sa gawaing ito dahil sa inyong kakayahan, kaalaman, at karanasan sa larang na ito. Hinihiling din namin na mapadalhan kami ng kopya ng inyong curriculum vitae na may larawan ninyo sa pamamagitan ng sumusunod na email address: <a href="mailto:trinidadmyrn@yahoo.com.ph">trinidadmyrn@yahoo.com.ph</a> / <a href="mailto:pinkyjanetenmatay@yahoo.com">pinkyjanetenmatay@yahoo.com</a> .	
Dahil dito, kailangan namin ang inyong sagot sa aming paanyaya sa lalong madaling panahon. Maaari ninyong pabatid ang inyong sagot sa pamamagitan ng naturang email address o sa pamamagitan ng pagtawag sa landline nos. 7362525 loc. 107 at 7362519 at mobile phone nos. 09227877810 at 09173567670 at hanapin si Minda Limbo o si Elvira Estravo.	Pamitagang Pangwakas
Pauna po ang pasasalamat at umaasang pauunlakan ninyo ang aming paanyaya.	
Matapat na sumasainyo,	Lagda/ Pangalan ng Sumulat Adres ng Pamuhatan
<b>VIRGILIO S. ALMARIO</b> Tagapangulo	
2/F Watson Building, 1610 JP Laurel Street, Malacañan Palace Complex, San Miguel, 1005 Maynila ☎ (02) 736.2525/24.; 736.2519; 736.3830; 733.7260; 516.0326 🌐 www.kwf.gov.ph komfil.gov@gmail.com	

May anim na bahagi ang liham na gaya ng:


1. **PAMUHATAN** (*Heading*) Binubuo ito ng opisyal na pangalan ng tanggapan, adres, telepono, at numero ng fax. Makikita rin dito ang logo ng tanggapan (kung mayroon).

May dalawang uri ng pamuhatan:

**a. Nilimbag na pamuhatan** (*Printed letterhead*)

Ang nakalimbag na pamuhatan ay karaniwang nasa gitnang itaas o sa kaliwang itaas ng papel. Ang logo o sagisag ng tanggapan o kompanya ay karaniwang inilalagay sa itaas o sa kaliwa ng pamuhatan.

Halimbawa na ang logo ay nasa itaas ng pamuhatan.



Sa modelong ito ang logo ay nasa kaliwa ng pamuhatan.



**b. Minakinilya** (*typeset*) / **Sulat-kamay na Pamuhatan**


Ito ay sinisimulan mula sa isa't kalahati (1 ½) hanggang dalawang (2) pulgada o maaaring pitong (7) espasyo mula sa itaas ng papel. Bawat linya nito ay nilalagyan ng isa lang espasyo. Simula ito sa sentro pakanan, o kung maikli, isulong sa kanan na hindi lalampas sa palugit sa kanan. Maaari ding ilagay iyon sa kalagitnaan ng papel.


## 2. PETSAs (Date)

Ang Petsa ay bahagi ng pamuhatan. Maaari itong ilagay sa kaliwang bahagi para sa anyong full-block at kanan o gitnang bahagi para sa anyong semi-block.

Nilalagyan ng tatlong espasyo mula sa nilimbag na pamuhatan gaya ng makikita sa sumusunod:

### Full-block

 <p>Republika ng Pilipinas KOMISYON SA WIKANG FILIPINO</p> <hr/> <p>2nd F. Watson Building, 1610 J.P. Laurel Street, Malacañan Complex, 1005 San Miguel, Manila P.O. Box 2287 Manila Tel. No.: 736-0315 . 736-2519 . 736-3831      Telefax: 736-2521 . 736 . 3834 Email: info@komfil.gov.ph      Website: www.komfil.gov.ph</p> <p>(1) (2) (3)</p> <p>19 Abril 2013</p>
--

 <p>Republika ng Pilipinas KOMISYON SA WIKANG FILIPINO</p> <hr/> <p>2nd F. Watson Building, 1610 J.P. Laurel Street, Malacañan Complex, 1005 San Miguel, Manila P.O. Box 2287 Manila Tel. No.: 736-0315 . 736-2519 . 736-3831      Telefax: 736-2521 . 736 . 3834 Email: info@komfil.gov.ph      Website: www.komfil.gov.ph</p> <p>(1) (2) (3)</p> <p>19 Abril 2013</p>
--

### Semiblock

Ang petsa ay binubuo ng buwan, araw, at taon kung kailan sinulat ang liham. Karaniwan nang nauuna ang buwan, sumusunod ang araw at huli ang taon. Sa ganitong anyo ay kailangang lagyan ng kuwit ang pagitan ng araw at taon.

Kung nauuna ang araw, sumusunod ang buwan at taon, hindi na kailangan ang kuwit.

Maaari ding isulat ang petsa nang ganito: Ika-19 ng Abril, 2013.

Sa pagsulat ng petsa, iwasan ang pagdadaglat o pagsulat nang pinaikli.

3. **PATUNGUHAN** (*Inside Address*) Ito ay binubuo ng pangalan, katungkulan at tanggapan ng taong padadalhan ng liham. Kung kilala ang sinusulatan, sinusulat ang pangalan ng taong sinusulatan, ang kaniyang katungkulan (kung mayroon), tanggapang pinaglilingkuran at direksiyon. Iwasan ang pagdaglat sa pagsulat ng adres o direksiyon, hal. ave., st..

Kagalang-galang Virgilio S. Almario  
 Pambansang Alagad ng Sining  
 Tagapangulo, Komisyon sa Wikang Filipino  
 Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel  
 Malacañan Complex, 1005 San Miguel, Maynila

Kung ang alam lamang ay ang katungkulan ng puno ng isang tanggapan, ngunit hindi tiyak ang buong pangalan ng nasabing puno, maaaring gamitin ang katungkulan bilang pamalit sa pangalan ng taong sinusulatan.

Halimbawa:

Kagalang-galang na Alkalde  
 Pamahalaang Lungsod ng Mandaluyong  
 Lungsod Mandaluyong, Metro Manila

Kung may kaiklian ang liham, ang espasyo sa pagitan ng petsa at patunguhan ay maaaring luwagan buhat sa apat (4) hanggang walong (8) espasyo. Gawing isang pulgada at kalahati ang palugit sa kaliwa at sa kanan. Mahaba o maikli man ang patunguhan, isang espasyo lamang ang pagitan ng bawat linya.

Sa pagsulat ng patunguhan, lalo na kung ang sinusulatan ay dapat bigyang-galang, itinatagubilin ang paggamit ng mga titulong may wastong pagpipitagan tulad ng G., Gng., Bb., Dr., Prop. at iba pa sa unahan ng pangalan ng taong sinusulatan.

Ang **Bb.** (Binibini) o **Miss** ay ginagamit sa isang babaeng walang asawa. Ginagamit din ito sa isang babaeng maaaring may titulo ngunit hindi alam ng sumusulat o kaya ay sa isang babaeng hindi tiyak ng nagpapadala ng liham kung may-asawa o dalaga. May ilang ahensiya ang gumagamit ng daglat na "Ms." kapag alam nilang pinapaboran ng babae ang gayong titulo, bagaman sa diplomatikong korespondensiya, ang "**Ms.**" ay hindi ginagamit.

Ang **Gng.** (Ginang) o **Mrs.** ay ginagamit sa isang babaeng may asawa. Maaaring siya ay isa nang biyuda na gumagamit pa rin ng pangalan ng asawa. Maaari din namang siya ay may titulo ngunit hindi alam ng sumusulat.

Ang **G.** (Ginoo) o **Mr.** ay ginagamit sa mga lalaki at sa mga may titulo ngunit hindi tiyak ng nagpapadala ng liham.

Gaya ng paggamit ng Bb., Miss o Ms. sa babaeng hindi alam ang kalagayang sibil, ang paggamit naman ng G. sa lalaking hindi alam ang ibang titulo, kung mayroon man, ay hindi ituturing na mali.

**Mga Dapat Pang Tandaan:**

- May mga pagkakataon na ang asawang babae ay kailangang isama sa liham, ang titulo ng babae ay hindi na ipinapakita o ipinakikilala. Sapat na ang G. at Gng., Dr. at Gng., o Atty. at Gng.
- Mahalagang tandaan na kung ginamit na sa unahan ng pangalan ang kaukulang titulong propesyonal ay hindi na dapat ulitin pa ang karerang natapos.

Tama nang isulat ang:

Atty. Percida Rueda-Acosta  
Dr. Francisco T. Duque III

Mali:

Atty. Percida Rueda-Acosta, LL.B.  
Dr. Francisco T. Duque III, M.D.

- May mga awtoridad sa korespondensiya na nagsasabing ipinahihintulot ang paggamit ng titulo ng babae kahit na kasama ang pangalan ng lalaki na walang titulo liban sa Ginoo. Inuuna ang pangalan ng babae kasama ang kaniyang titulo.

Alkalde Madeleine Ong at G. Hector Ong  
Pamahalaang Bayan ng Laoang  
Hilagang Samar

Ang Kagalang-galang na Alkalde ng Laoang at Ginoong Ong  
Pamahalaang Bayan ng Laoang  
Hilagang Samar

- Kung may titulo naman ang lalaki, maaaring ganito naman ang magiging patunguhan o direksiyon sa sobre:

Gob. Elenita de Jesus at Dr. Reynaldo de Jesus  
Kapitolyong Panlalawigan  
Lungsod Antipolo, Rizal

Ang Kagalang-galang na Punong Lalawigan ng Rizal at Dr. De Jesus  
Kapitolyong Panlalawigan  
Lungsod Antipolo, Rizal

- Kung maaaring gamitin ang G. at Gng. sa iisang pangalan, iyon ay tumpak sapagkat maaari naman talagang magkaroon, halimbawa ng isang G. Jesus E. Ferrer at Gng. Gloria P. Ferrer din, kaya wasto ang:

G. at Gng. Jesus E. Ferrer



Pandacan, Maynila

4. **BATING PAMBUNGAD** (*Salutation*) Ito ay pagbati sa sinusulatan. May iba't ibang anyo ito at ang karaniwang ginagamit ay ang mga sumusunod:

Mahal na Ginoo:	Mahal na Tagapangulong Licuanan:
Ginoo:	Mahal na Punong Mahistrado Sereno:
Mahal na Ginang:	Mahal na Kalihim Roxas:
Ginang:	
Mahal na Binibini:	
Binibini:	

Ang **Kagalang-galang/Kgg.** ay natatanging pagbati sa mga taong may matataas na katungkulan gaya ng Pangulo ng bansa, mga Senador at Kinatawan, mga Gobernador, mga Kalihim ng Gabinete, Sugo ng Pilipinas, mga Kalihim at Pangalawang Kalihim ng mga kagawaran, mga hukom, komisyoner, mga alkalde. Ang karamihan sa matataas na katungkulang binanggit ay ginagamitan ng Kagalang-galang/Kgg. sa unahan ng tao o tungkulin.

Sa bating pambungad, ang bantas na marapat gamitin ay tutuldok o colon ( : ).  
 Mahal na Kalihim Alcala:  
 Mahal na Heneral dela Paz:

Kung ang sinusulatan naman ay kapalagayang-loob o kaya ay kaibigan maaaring ang pagbati ay sa unang pangalan at ang bantas na gagamitin ay kuwit.

Mahal na Jejomar,  
 Mahal na Jom,

Gamitin lamang ang apelyido kalakip ang titulo ng sinusulatan. Hindi dinadaglat ang titulo kapag apelyido ang kasunod maliban sa Dr., Mr., Mrs. na ang mga pinaikling anyo ay tinatanggap na sa internasyonal na pakikipagtalastasan.

Mahal na Dr. Nicolas:  
 Mahal na Komisyoner Flores:  
 Mahal na Direktor Añonuevo:  
 Mahal na Propesor Miranda:

Ngunit kung hindi nakatitiyak sa kasarian ng inyong susulatan gamitin nang buo ang pangalan o kaya ng Ginoo/G. kasunod ang buong pangalan.

Mahal na Jesse dela Cruz:	Mahal na G. Jovic Sta. Maria:
Mahal na Alex Santos:	
Mahal na Angeles Fiesta:	

Dalawang espasyo ang pagitan ng bating pambungad ng huling linya ng patunguhan o ang linya ng tawag-pansin (kung mayroon).

5. **KATAWAN NG LIHAM** (*Body of the Letter*) Ito ang tampok na bahagi ng liham na nagsasaad ng paksa/mensahe sa sinusulatan.
- Katangian ng maayos na mensahe
    1. Kailangang ang liham ay maging malinaw na malinaw at hindi dapat lumikha ng anumang alinlangan sa pinapadalhan o babasa nito.
    2. Kailangang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga salita, pangungusap, talata, at mga bahagi ng liham.
    3. Kailangang ito ay madaling basahin at unawain, may angkop na mga salita, banghay, at bantas.
  - Bahagi ng diwang isinasaad sa katawan ng liham
    1. Panimula – Naglalaman ito ng maikling pahayag sa layon o pakay ng liham.
    2. Katawan – Naglalaman ito ng mga detalyeng paliwanag hinggil sa pakay ng liham.
    3. Huling talata – Nagsasaad ito kung ano ang inaasahang aksiyon sa ipinadalang liham.

Ang Komisyon sa Wikang Filipino ay malugod na nag-aanyaya sa inyo na dumalo sa idaraos na palatuntunan bilang paggunita sa pangunahing makatang Pilipino na si Francisco "Balagtas" Baltazar sa Abril 1, 2005, Biyernes, sa ganap na ika-9:00 n.u.–12:00 n.t. sa Awditoryum ng Pambansang Aklatan. Ang okasyong ito ay alinsunod sa Proklamasyon Blg. 964 na nagtatadhana ng taunang Pagdiriwang ng Araw ni Balagtas tuwing 2 Abril.

Ang paksa ng pagdiriwang ay "Mga Kaisipan ni Balagtas: Gabay sa Mabisang Ugnayan ng Masa at Pamahalaan." Tampok sa nabanggit na palatuntunan ang pagbibigay ng Gawad Pagkilala sa mga indibidwal at mga institusyong malaki ang mga nagawa sa pagpapaunlad ng panitikang Filipino. Magkakaloob din ng tropeo at gantimpalang salapi sa mga magwawagi sa timpalak sa pagsulat ng tula at tatanghaling "Makata ng Taon 2005" na itinataguyod ng Gawad Surian sa Tula-Gantimpalang Collantes 2005.

Kami ay lubusang umaasa sa inyong pagpapaunlak sa paanyayang ito.

Kung ang liham naman ay may kahabaan na hindi sasapat sa isang pahina, maaari itong dugtungan sa papel na malinis, walang ulong-sulat o nilimbag na pamuhatan, ngunit sa gayon ding uri ng papel, gayon ding sukat. Ilagay sa kaliwa ang pangalan ng sinusulatan, ang pahina sa gitna at petsa naman sa kanan.

Iwasang magdagdag ng pahina kung ang bahagi ng liham na isusulat ay kulang sa tatlo (3) o apat (4) na linya bago ang pamitagang pangwakas.

May dalawang espasyo mula sa bating pambungad at sa pagitan ng dalawang talata at isa sa bawat linya ng katawan ng liham.

**6. PAMITAGANG PANGWAKAS** (*Complimentary Close*). Nagsasaad ito ng pamamaalam sa nililihaman.

- Mga Dapat Tandaan sa Pamitangang Pangwakas
- Ang bating pambungad at ang pamitangang pangwakas ay iniaangkop sa katungkulan o kalagayang panlipunan ng taong sinusulatan.
- Kung ano ang antas ng pamimitangang ipinahihiwatig sa bating pambungad ay siya ring isinasaad sa pamitangang pangwakas.

Ginoo: Kagalang-galang	}	Magalang na sumasainyo, Lubos na gumagalang,
Mahal na Bb. Santos: Mahal na Gng. Yap: Mahal na G. Reyes: Mahal na Ginoo:		}

Ang pamitangang pangwakas ay may dalawang espasyo mula sa huling salita ng katawan ng liham. Isulat buhat sa kalagitnaan pakanan, na ang dulo ay hindi lalampas sa palugit at lagyan ng kuwit at isulat sa malaking titik ang unang letra ng salita.

**7. LAGDA** (*Signature*) Binubuo ito ng pangalan, lagda, at posisyon ng lumiliham. Ito ay nagpapakilala ng kapangyarihan at pananagutan sa nilalaman ng liham. Ang mga babae, kung nais nila, ay maaaring gumamit ng Bb., Gng. Ms. sa unahan ng kanilang pangalan. Hindi gumagamit ng G. (Mr.) ang kalalakihan sa unahan ng kanilang pangalan.

Maglaan ng apat na espasyo mula sa pamitangang pangwakas hanggang sa pangalan na nakasulat sa malalaking titik (light o bold) at sa ilalim nito ay ang katungkulan.

Ang unang titik ng pamitangang pangwakas at ang pangalan (o titulo) ng lumiliham ay magkatapat. Ang unang titik o numero ng petsa ay karaniwan ding katapat ng unang titik ng pamitangang pangwakas.

<p>Matapat na sumasainyo,</p> <p>(Lgd.)</p> <p><b>CARMELITA C. ABDURAHMAN</b> Komisyoner Programa at Proyekto</p>
---

# 4

## Iba Pang Bahagi ng Liham

(Other Parts of a Letter)

**B**ukod sa mga bahaging binanggit, ang mga liham ay mayroon pang ilang bahaging ginagamit, halimbawa: ang inisyal, paglalakip, tawag-pansin, paksa, notasyon ng binigyang sipi.

### 1. INISYAL NG PAGKAKAKILANLAN (*Identifying initials*)

Sa mga liham pampamahalaan, naglalakip ng inisyal ng pagkakakilanlan (*identifying initials*) ang gumawa ng liham. Maglaan ng dalawang espasyo mula sa huling linya ng lagda, sa gawing kaliwa ng papel, makikita ang magkasamang inisyal ng taong nagpapahanda at ang kawani o klerk na naghanda/nagmakinilya ng liham. Karaniwang nasa malaking titik ang inisyal ng sumulat ng liham at ang nagmakinilya ay nasa maliit na titik.

May mga pagkakataon na dalawang mataas na pinuno ang nagpapahanda ng isang liham. Kaya, lumilitaw sa inisyal na tatlong tao ang naghanda nito.

JAR:eff

JAR:eff/06082011

JLS:JAR/eff

JLS/jar:eff

### 2. PAGLALAKIP (*Enclosure*)

Ang paglalakip ay matatagpuan sa ibaba ng kaliwang bahagi ng liham. Talaan ito ng dokumento/mga dokumento na binanggit sa liham. Nagpapaalala ito sa nagmakinilya na isama ang bagay na ilalakip sa loob ng sobre, at para sa tatanggap ng liham ay tinatawag naman ang kaniyang pansin na hanapin o tingnan ang mga kalakip. Maaaring isulat nang buo ang salita (Kalakip) at isulat ang bagay na inilalakip.

Maglaan ng dalawang espasyo pagkatapos ng inisyal ng pagkakakilanlan.

- Kalakip: Mungkahing Memorandum
- Mga Kalakip:
  - Memorandum ng Kasunduan
  - Katitikan ng Pulong
  - Kasunduan sa Pagbabayad
- Kalakip: Gaya ng nasasad.

**3. TAWAG-PANSIN** (*Attention line*)

Bahagi ng liham na panawag-pansin sa taong kailangan na ang pagtukoy ay sa pamamagitan ng higit na nakatataas.

Maaari itong ilagay sa tapat ng bating pambungad o sa dakong gitna na ang tipo ay maaaring sa malalaking titik o ang unang letra lamang.

- Kgg. JUAN DE LA CRUZ  
Alkalde  
City Hall  
Maynila

Tawag-pansin: Gng. Maria Agrifina dela Cruz  
Records Officer III

**4. PAKSA** (*Subject*)

Bagaman hindi sapilitan ang paglalagay ng paksa, nakatutulong ito upang matukoy agad ang layon o nilalaman ng liham laluna kung ito ay isang kahilingan.

PAKSA: Kahilingan sa Pagsasalin ng "Ten Principles of Bandung" sa Wikang Filipino.

Inilalagay ito dalawang espasyo pagkatapos ng bating pambungad.

**5. NOTASYON NG BINIGYANG SIPI** (*Copy Notation*)

Kung magbibigay ng kopya ng liham para sa ibang tao, ilagay ang binigyang sipi, cc


# 5

## Mga Anyo ng Liham

(Forms of Letter)


Dalawa ang anyo ng liham pantanggapan: ang full-block at semi-block. Makikita ang pagkakaiba ng dalawang anyong ito sa ibaba:

### Estilong Full-Block (Full-block Style)



Kapag ang liham ay nasa ganitong anyo, ang lahat ng bahagi ay nagsisimula sa kaliwang palugit. Ang anyong full-block ay napakadaling gawin para sa nagko-computer.


## Estilong Semi-Block (Semi-block Style)



Ang petsa, bating pangwakas, pangalan, at lagda ay nasa kanang bahagi ng liham. Samantalang ang patunguhan at bating panimula ay nasa gawing kaliwa. Ang simula ng bawat talata ng katawan ng liham ay nakapasok nang lima hanggang pitong espasyo mula sa kaliwang palugit.

**Patunguhan sa Sobre** (*The Envelope Address*)

Ang patunguhan ay inilalagay sa gitna ng sobre mula sa itaas pababa na may pagitang isang-katlo (1/3) mula sa kaliwa-pakanan. Kailangang malinis, maayos, at tumpak ang pagsulat sa sobre. Ang kalinisan at kaayusan ay nagbibigay ng magandang impresyon sa tumatanggap. Ang katumpakan naman ay tumitiyak ng maayos na takbo ng liham. Dahil sa mali-maling paglalagay ng direksiyon, libo-libong liham ang nasasadlak sa "Dead Letter Office" sa Kawanihan ng Koreo. Malaki rin ang naitutulong ng paglalagay ng bilang o numero na naaayon sa ZIP Code.





# 6

## Mga Uri ng Liham

*(Kinds of Letter)*

### **Liham Pagbati (*Letter of Congratulations*)**

Pinadadalhan ng liham pagbati ang sinumang nagkamit ng tagumpay, karangalan o bagay na kasiya-siya. Ganito ring uri ng liham ang ipinadadala sa isang nakagawa ng ano mang kapuri-puri o kahanga-hangang bagay sa tanggapan.

### **Liham Paanyaya (*Letter of Invitation*)**

Taglay ng liham na ito ang paanyaya sa pagdalo sa isang pagdiriwang, maging tagapanayam at/o gumanap ng mahalagang papel sa isang partikular na okasyon.

### **Liham Tagubilin (*Letter of Instruction*)**

Nagrerekomenda o nagmumungkahi ang isang indibidwal o tanggapan kung may gawaing nararapat isangguni sa bawat nagpapakilos ng gawain upang magkatulungan ang mga kinauukulan sa katuparan ng nilalayan nito.

### **Liham Pasasalamat (*Letter of Thanks*)**

Pagpapahayag ng pasasalamat sa mga naihandog na tulong, kasiya-siyang paglilingkod, pagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon, idea at opinyon, at tinanggap na mga bagay.

### **Liham Kahilingan (*Letter of Request*)**

Liham na inihahanda kapag nangangailangan o humihiling ng isang bagay, paglilingkod, pagpapatupad at pagpapatibay ng anumang nilalaman ng korespondensiya tungo sa pagsasakatuparan ng inaasahang bunga, transaksiyonal man o opisyal.

### **Liham Pagsang-ayon (*Letter of Affirmation*)**

Liham na sumasang-ayon at nagpapatibay sa isang kahilingan o panukala na makabubuti sa operasyon ng isang tanggapan. Maaaring samahan ng kondisyon ang pagsang-ayon kung kinakailangan.

### **Liham Pagtangi (*Letter of Negation*)**

Nagpapahayag ito ng dahilan ng pagtangi, di pagpapaunlak, di pagsang-ayon sa paanyaya, kahilingan, panukala, atbp hinggil sa pangangailangang opisyal at transaksiyonal.

Kailangang mahusay na maipahayag ang dahilan ng pagtangi ng inaanyayahan upang hindi makapagbigay-alinlangan sa sumulat. Nasasalamon sa ganitong uri ng liham ang pagkatao o personalidad ng tumatangi sa liham. Dapat tandaan na kapag ang inaanyayahan ay tumanggi o di makadadalo a paanyaya, kailangang magpadala ng isang kinatawang gaganap ng kaniyang tungkulin. Kung di gustong ipaganap ang tungkulin, sagutin ng nakakukumbinsing pananalita ang nag-aanyaya.

### **Liham Pag-uulat (*Report Letter*)**

Ito ang liham na nagsasaad ng katayuan ng isang proyekto o gawain na dapat isakatuparan sa itinakdang panahon. Tinatalakay dito ang: (a) pamagat, layunin, at kalikasan ng proyekto; (b) bahagdan ng natamo batay sa layunin; (c) kompletong deskripsiyon ng progreso ng kasalukuyang gawain, pati na ang mga tauhan, pamamaraan, mga hadlang, at mga remedyo; at (d) mga gawaing kailangang pang isagawa upang matapos sa itinakdang panahon ang proyekto.

### **Liham Pagsubaybay (*Follow-up Letter*)**

Ito ang liham na ipinadadala upang alamin ang kalagayan ng liham na naipadala na, subalit hindi nabibigyan ng tugon. Nagsisilbi itong paalaala upang bigyang aksiyon ang naunang liham.

Ang uri ng liham na nararapat subaybayan ay ang liham kahilingan, paanyaya, at maging ang pag-aaplay o pamamasukan sa trabaho.

Sa pagsulat, magalang na banggitin sa liham ang petsa at layunin ng naunang komunikasyon.

### **Liham Pagbibitiw (*Letter of Resignation*)**

Liham na nagsasaad ng pagbibitiw ng isang kawaning nagpasiyang huminto o umalis sa pagtatrabaho bunga ng isang mabigat at mapanghahawakang kadahilanan.

Kinakailangan ditong mailalahad nang maayos at mabisa ang dahilan ng pagbibitiw sapagkat nasa anyo at himig ng pananalita ng nagbibitiw ang larawan ng kaniyang pagkatao. Hinihingi rito ang marangal na pagpapahayag. Dapat iwasan ang panunuligsa sa tanggapan o sa mga pinuno at tauhan ng opisinang nililisan .

### **Liham Kahilingan ng Mapapasukan/Aplikasyon (*Letter of Application*)**

Ang sinumang nagnanais na makapaglingkod sa isang tanggapan ay kailangang magpadala o magharap ng liham kahilingan. Ang maayos na pagkakasunod-sunod ng mga idea at tuwirang pananalita na nakapaloob sa nilalaman ng liham ay nakahihikayat ng magandang impresyon. Tukuyin ang posisyong inaaplayan at kahandaan ng pakikipanayam anumang oras na kinakailangan.

**Liham Paghirang (*Appointment Letter*)**

Ito ay isang liham na nagtatalaga sa isang kawani sa pagganap ng tungkulin, pagbabago/paggalaw (movement) ng katungkulan sa isang tanggapan o promosyon (promotion) para sa kabutihan ng paglilingkod sa tanggapan.

Isinasaad sa liham ang dahilan ng pagkahirang at ang pag-asang magagampanan ang tungkuling inaatas sa kaniya nang buong kahusayan.

**Liham Pagpapakilala (*Letter of Introduction*)**

Liham ito na himig-personal na nagpapakilala sa isang taong nagsasadya sa isang tanggapan upang lalo siyang makilala ng kakausaping opisyal kaugnay ng anumang transaksyon.

**Liham Pagkambas (*Canvass Letter*)**

Ang liham na ito ay nagsasaad ng kahilingan ng sumusunod: (a) halaga ng bagay/aytem na nais bilhin, (b) serbisyo (janitorial services, security services, catering services, venue/function halls, atbp) ng isang tanggapan .

Nagsisilbing batayan ito sa pagpili ng pinakamababang halaga ng bilihin at serbisyong pipiliin.

**Liham Pagtatanong (*Letter of Inquiry*)**

Liham ito na nangangailangan ng tuwirang sagot sa nais malaman hinggil sa mga opisyal na impormasyon o paliwanag.

**Liham Pakikidalamhati (*Letter of Condolence*)**

Liham ito na ipinapadala sa mga kaopisina, kaibigan, kakilala, kamag-anak na naulila. Nagpapahayag ito ng pakikiisa sa damdamin subalit hindi dapat palubhain ang kalungkutan ng mga naulila. Nararapat itong ipadala agad matapos mabatid ang pagkamatay ng isang tao.

**Liham Pakikiramay (*Letter of Sympathy*)**

Liham ito na ipinadadala sa mga kaopisina, kaibigan, kakilala, kamag-anak na nakaranas ng sakuna o masamang kapalaran, tulad ng pagkakasakit, bagyo, lindol, baha, sunog, aksidente sa sasakyan o ano pa mang sakuna ngunit buhay pa. Nilalaman ng liham ang lubos na pakikiramay sa sinapit na sakuna at ang tulong na nais ipaabot ng tanggapan sa biktima. Nararapat na maipadala agad ito sa kinauukulan matapos mabatid ang pangyayari.

**Liham Panawagan (*Letter of Appeal*)**

Liham ito na nagsasaad ng kahilingan, kooperasyon, pakiusap para sa pagpapatupad o implementasyon ng kautusan, kapasyahan, at pagsusog/enmiyenda ng patakaran.

**Liham Pagpapatunay (*Letter of Certification*)**

Ito ay uri ng liham an nagpapatunay na ang isang empleado o tauhan sa tanggapan ay nagtungo at/o dumalo sa isang gawaing opisyal sa isang partikular na lugar at petsa na kung kailan ito isinagawa. Nilalagdaan ito ng puno ng tanggapan, tagamasid pampurok, o puno ng rehiyon.

# 7

## Halimbawa ng Iba't ibang Uri ng Liham

*(Different Samples of Letters)*

- Pagbati
- Tugon sa Pagbati
- Paanyaya
- Patalastas
- Tugon sa Paanyaya
- Pasasalamat
- Tugon sa Pasasalamat
- Kahilingan
- Tugon sa Kahilingan
- Pagsang-ayon
- Pagtangga
- Pag-uulat
- Tugon sa Liham Pag-uulat
- Tagubilin
- Pagsubaybay
- Tugon sa Pagsubaybay
- Pagbibitiw
- Tugon sa Liham Pagbibitiw
- Aplikasyon
- Tugon sa Liham Aplikasyon
- Tanging Liham Pagpapakilala
- Pagkambas
- Pagtatanong
- Tugon sa Liham Pagtatanong
- Pakikidalamhati
- Pakikiramay
- Panawagan
- Pagpapahalaga/Pagtatanong

Liham Pagbati  
(Letter of Congratulations)



Republika ng Pilipinas  
LALAWIGAN NG NUEVA ECIJA  
LUNGSOD AGHAM NG MUÑOZ 3119

TANGGAPAN NG BISE ALKALDE NG LUNGSOD

---

2 Enero 2003

**Kgg. ELISEA GOZUN**

Kalihim

Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman

Visayas Avenue, Diliman

Lungsod Quezon

Mahal na Kalihim:

Pagbati ng Kapaskuhan!

Sa ngalan ng 70,000 constituent ng Lungsod Agham ng Muñoz, tanggapin po ninyo ang aming mainit at taos-pusong pagbati sa pagkahirang sa inyo bilang Kalihim ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman (DENR) kasama ang aming taimtim na panalangin para sa tagumpay ng Kagawaran sa ilalim ng inyong pamamahala. Pakaasahan po ninyo ang aming suporta sa lahat ng programa ninyo.

Pagpalain kayo ng Diyos at maalab na pangungumusta.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd)

**VICENTE DV. ALVAREZ**

Bise Alkalde ng Lungsod

at Nanunungkulang Pinuno

Tugon sa Liham Pagbati  
(Reply to Letter of Congratulations)



**Republika ng Pilipinas**  
**Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman**  
Visayas Avenue, Diliman, Lungsod Quezon  
Tel. No. (632) 920-4301 • (632) 928-06941 hgg. 93  
924-2540 • 928-8592  
929-6626 lok. 2012-2014

27 Pebrero 2003

**G. EDUARDO T. GONZALES**

Pangulo  
Development Academy of the Philippines  
DAP Building, San Miguel Avenue  
Lungsod Pasig 1600

Mahal na Ginoong Gonzales:

Maraming salamat sa inyong liham na nagpapahayag ng pagsuporta sa pagkahirang sa akin bilang bagong Kalihim ng DENR.

Nagagalak akong malaman na ang Kalihim ng DENR ay miyembro at Pangalawang Tagapangulo ng Lupon ng mga Katiwala (Board of Trustees) ng DAP. Umaasa ako sa lalo pang mabungang pagtutulungan ng DENR at DAP.

Masayang pagbati.

Matapat na sumasainyo.

(Lgd.)

**ELISEA G. GOZUN**

Liham Patalastas/Paanyaya  
(Letter of Invitation)



**Republika ng Pilipinas**  
**Tanggapan ng Pangulo**  
**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

6 Agosto 2001

**G. MON KARLO MANGURAN**

Far Eastern University  
Maynila

Mahal na G. Manguran:

Maligayang bati!

Malugod naming ipinababatid sa inyo na kayo ay nagwagi ng Unang Gantimpala sa inyong lahok na may pamagat na "PAGBUHAY SA NAGLAHONG KISLAP NG MGA ALITAPTAP: ANG MASIKHAY NA PAKIKIBAKA" sa idinaos na timplak sa GAWAD KOMISYON SA SANAYSAY 2001 para sa kategoryang propesyonal.

Dahil dito, kayo ay aming inaanyayahang dumalo sa palatuntunang gaganapin sa Agosto 31, 2011, ika-9:00 nu sa Philippine Columbian Association, Plaza Dilao, Paco, Maynila upang tanggapin ang inyong gantimpala.

Hihintayin namin kayo!

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)

**JESUS E. FERRER**

Tagapangulo, Lupon sa Sanaysay 2001  
Komisyon sa Wikang Filipino

JEF:grace



Liham Paanyaya  
(Letter of Invitation)



Al Francis C. Bichara  
GOBERNADOR

**LALAWIGAN NG ALBAY**  
**Tanggapan ng Gobernador**

17 Mayo 1999

**G. JOAQUIN C. TEOTICO**

Pambansang Direktor  
Pangasiwaan sa Pagpapaunlad ng Industriya ng Himaymay (FIDA)  
Asiatrust Building Extension  
Quezon Avenue, Lungsod Quezon

Mahal na Direktor Teotico:

Pagbati po!

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Albay ay naglunsad ng proyektong "Abaka sa Isla" sa pakikipagtulungan sa mga kinauukulang ahensiya, mga LGU, NGO, exporter, pribadong, sektor, at magsasaka ng abaka. Nilalayan ng proyektong ito na ibalik sa kalagayang kapaki-pakinabang ang industriya ng abaka, isang pangunahing pinagmumulan ng kitang dolyar ng lalawigan.

Nakatakda ang paglulunsad ng proyekto sa Hunyo 15, 1999 sa Albay Agro-Industrial Development Corp. (ALINDECO) Compound, Balading, Malinao, Albay sa ganap na ika-1:00 ng hapon.

Kaugnay nito, malugod namin kayong inaanyayahan upang magbigay ng mensahe tungkol sa komitment ng FIDA sa okasyong binanggit sa itaas. Ipapadala namin ang programa sa pagkakumpirma ninyo sa paanyaya.

Malaking karangalan po sa akin at mga taga-Albay kung inyong dadaluhan ang okasyong ito.

Maalab na pangungumusta.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)

**AL FRANCIS. BICHARA**

Tugon sa Liham Paanyaya  
(Reply to Letter of Invitation)



## KAGAWARAN NG TURISMO

15 Agosto 2002

**Gng. BIENVENIDA M. LAROYA**  
Tagapamahala  
Departamento ng Kakayahang Pantao  
Pangasiwaan ng Turismo sa Pilipinas

Mahal na Gng. Laroya:

Malugod ko pong tinatanggap ang inyong paanyaya upang maging isa sa mga inampalan sa inyong paligsahan sa Sagutan ng Pagbigkas at Debalagtasán sa 19 Agosto 2002.

Bilang Tagapag-ugnay ng Kagawaran sa Sanggunian ng Wika sa Pambansang Pagpapaunlad, ako ay natutuwa sa ginagawa ninyong paghahanda ngayong Buwan ng Wika. Minsan pa ay pinatutunayan ninyo na ang inyong tanggapan ay handang tumulong sa pagpapalaganap ng ating wikang sarili. Nawa ay ipagpatuloy po ninyo ang makabansang gawaing ito.

Maraming salamat po.

Sumasainyo,

(Lgd.)  
**ESTER A. LAZARO**

Binigyan ng sipi:  
Puno, Sangay Pantauhan

Liham Pasasalamat  
(*Letter of Thanks*)

Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**  
Rehiyon I  
**DIBISYON NG PANGASINAN I**  
Lingayen

**PAMBANSANG MATAAS NA PAARALAN NG GALARIN**  
Urbiztondo, Pangasinan

2 Oktubre 2008

**Dr. RICARDO MA. DURAN NOLASCO**  
Nanunungkulang Tagapangulo  
Komisyon sa Wikang Filipino  
2/F Watson Bldg. 1610 J.P. Laurel Street  
San Miguel, Manila

Mahal na Dr. Nolasco:

Natanggap na po namin ang mga diksiyonaryong ipinagkaloob ninyo. Kami po ay labis na nagpapasalamat at nabigyang katuparan ang aming kahilingan, para lalong mapag-ibayo ng aking mga guro ang kanilang pagtuturo.

Sana'y marami pa kayong matulungan. Mabuhay kayong lahat.

Mabuhay ang Komisyon sa Wikang Filipino!

Lubos na nagpapasalamat,

(Lgd.)  
**CONFUCIOUS T. CRISTOBAL**  
Punong Guro 1, Galarin NHS

(Lgd.)  
**VERLA T. CRISTOBAL**  
Punong Guro 1, Real NHS

Liham Pasasalamat  
(*Letter of Thanks*)



**PANGASIWAN SA LIGHT RAIL TRANSIT  
LIGHT RAIL TRANSIT AUTHORITY**

6 Oktubre 2004

**Dr. NITA P. BUENOBRA**

Tagapangulong Komisyoner  
Komisyon sa Wikang Filipino  
Malacañang Palace Complex  
1005 San Miguel, Maynila

**Mahal na Dr. Buenaobra:**

Sa ngalan ng pamunuan ng Light Rail Transit Authority (LRTA)-Line 2 Project, kami po ay taos-pusong nagpapasalamat sa inyong pagtulong sa pagsasalin sa wikang Filipino ng mga pariralang ginamit at naipaskel sa mga himpilan ng LRTA Line 2.

Malaking bagay po ito para sa lubos na pagpapaunawa at pagpapalaganap ng mga impormasyon tungkol sa mga alituntunin at tamang paggamit ng LRTA Line 2.

Lubos na gumagalang,

(Lgd.)

**ENRICO B. GARCIA**

Manedyer sa Proyekto

Liham Pasasalamat  
(Letter of Thanks)



Republika ng Pilipinas  
Tanggapan ng Pangulo  
**PAMBANSANG MUSEO**

Tanggapan ng Direktor

24 Agosto 2004

**Prof. FRANCOIS SEMAH**

Professeur au Museum  
National d Histoire Naturelle  
Directeur du Department de Prehistoire

Mahal na Professor Semah:

Pagbati mula sa Pambansang Museo!

Nais kong magpasalamat sa inyong pagsasaalang-alang kay G. Seldon Clyde JAGOON, Museum Researcher I sa Archaeology Division, para sa inyong European Master Program in Prehistory and Archaeology. Malaki ang maitutulong nito sa aming institusyon lalo na sa pagpapaunlad ng aming kakayahan sa sinauna at arkeolohikong pananaliksik.

Malugod din namin kayong pinahihintulutan na magsagawa ng ibayo pang pagtutulongan sa pananaliksik sa quaternary prehistory tulad ng isinagawa natin noon sa makaagham na pagpepetsa at pagsusuri ng fossils ng tao mula sa Yungib ng Tabon, Palawan kasama si Dr. Eusebio Z. Dizon.

Muli, maraming salamat at umaasa akong magkita tayo kailanma't pahintulutan ng pagkakataon. Mataos na pangungumusta, ako ay

Lubos na sumasainyo,

(Lgd.)

**CORAZON S. ALVINA**  
Direktor IV

Liham Pasasalamat  
(Letter of Thanks)



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
Senate

Edgardo J. Angara  
Senator

23 Marso 2011

**Kgg. JOSE LADERAS SANTOS**  
Punong Komisyoner  
Komisyon sa Wikang Filipino  
2/F Gusaling Watson, 1610 Kalye J. P. Laurel  
San Miguel, Manila

Mahal na Punong Komisyoner Santos:

Maraming salamat sa inyong ipinadalang aklat na **"Ang Wikang Filipino Bilang Wikang Panlahat."** Ito ay nagsisilbing paalaala sa bawat Pilipino tungkol sa kahalagahan ng paggamit at pagtangkilik sa ating sariling wika.

Makaaasa kayo sa aking patuloy na suporta sa inyong mga adhikain tungo sa pagpapaunlad ng wikang Filipino.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)  
**JUAN DE LA CRUZ**

Tugon sa Liham Pasasalamat  
(Reply to Letter of Thanks)



Republika ng Pilipinas  
**PASEGURUHAN NG MGA NAGLILINGKOD SA PRIBADO**  
**(SOCIAL SECURITY SYSTEM)**  
East Avenue, Diliman, Lungsod Quezon  
Tel. No. (632) 920-6401; (632) 920-6446  
E-mail:sssemail@info.com.ph; Website: <http://www.sss.gov.ph>

7 Hulyo 2003

**G. MARIO R. SIMEON**  
0299 Holy Cross Subdivision  
Barangay Rizal, Sta. Rosa  
Nueva Ecija 3101

Ginoong Simeon:

Salamat po sa inyong liham at ako ay nagagalak at natanggap na ninyo ang inyong benepisyo mula sa SSS.

Kami po sa SSS ay natutuwa at nakikita ninyo ang mga ginagawa namin para sa kapakanan ng mga miyembro. Umasa po kayo na ang SSS ay patuloy sa pagsasagawa ng mga hakbang tungo sa lalong ikahuhusay at ikabubuti ng aming serbisyo sa inyo at nang lalo kaming makatugon sa pangangailangan ng lahat ng mga miyembro.

Huwag kayong mag-atubiling makipag-ugnayang muli tungkol sa inyong SSS.

Sumasainyo,

(Lgd.)  
**CORAZON D. DELA PAZ**  
President & CEO

Liham Kahilingan  
(Letter of Request)



**PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING**

17 Pebrero 2005

**Kgg. NITA P. BUENAOBRA**

Tagapangulo ng Komisyon  
Komisyon sa Wikang Filipino  
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel  
1005 San Miguel, Maynila

Mahal na Chairman Buenaobra:

PAKSA: Kahilingan sa Pagsasalin ng "Ten Principles of Bandung" sa Wikang Filipino

Pagbati mula sa Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining!

Ang Museum of Asian African Conference (MAAC) sa Jakarta, Indonesia ay magdiriwang ng ika-50 Anibersaryo ng Asian African Conference ng taong 1995 sa Abril 2005. Kaugnay nito, ang mga bumubuo ng nasabing kumperensiya ay humihiling ng pagsasalin ng "Ten Principles of Bandung" sa ating Pambansang Wika upang mapabilang sa eksibit na gagawin sa MAAC Museum. At bilang pagkilala sa inyong pagiging dalubhasa sa larangan ng pagsasalin, kami ay humihingi ng tulong kaugnay nito. Naglakip kami ng kopya ng naturang dokumento para sa inyong pagsusuri.

Malugod po kaming umaasa sa inyong tulong. Maaari po ninyong ipadala ang kopya ng pagsasalin sa Project Management Division ng NCCA o i-fax sa telefax bilang 527-2198.

Maraming salamat po!

Lubos na sumasainyo,

(Lgd.)

**CECILE GUIDOTE-ALVAREZ**

Punong Tagapagpaganap

---

Kalakip: Gaya ng nasasaad



Liham Kahilingan  
(Letter of Request)



**KAWAKSING PUNO NG NAVAL STAFF FOR PLANS, N5**  
**PUNONG HIMPILAN NG HUKBONG DAGAT NG PILIPINAS**  
2235 Roxas Boulevard, Maynila  
Telefax: 523-4801  
E-mail: oss@navy.mil.ph

7 Hulyo 2004

**Kgg. ELISEA G. GOZUN**

Kalihim

Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman  
Gusaling DENR, Visayas Avenue  
Diliman, Lungsod Quezon

Mahal na Kalihim:

Pagbati!

Ang Tanggapan ng Kawaksing Puno ng Naval Staff for Plans, N5 ng Hukbong Dagat ng Pilipinas ay nagpaaktibong muli kamakailan sa Opisina ng Espesyal na Pag-aaral (OSS). Ang OSS ay binigyan ng tungkuling magsagawa ng mga estratehiko, espesyal, at pampatakarang pag-aaral na may kinalaman sa ugnayang panghukbong-dagat/maritima, kabilang ang pambansa, panrehiyon, at pandaigdig na suliraning panseguridad.

Bilang isa sa mga panimulang proyekto nito, ang OSS ay magsasagawa ng pag-aaral upang makabuo ng Estratehiyang Pangmaritima. Upang maisagawa ito, ang PN ay magsasagawa ng ebalwasyon ng mga resorses at kakayahan ng mga ahensiyang pampamahalaan na kasangkot sa mga gawaing pangmaritima.

Kaugnay nito, hinihiling namin ang inyong pahintulot na ang aming mga mananaliksik ay makapagsagawa ng mga pananaliksik sa inyong organisasyon. Kalakip ang talaan ng materyales at impormasyon na inaasahan naming makukuha sa inyong tanggapan.

Maraming salamat at inaasahan namin ang paborableng pagsuporta.

Magalang na sumasainyo,

(Lgd.)

**ROLAND S. RECOMONO**

Kapitan F1 (GSC)  
AC of NS for Plans, N5

Liham Kahilingan  
(Letter of Request)



Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Pagsasaka**  
**Kawanihan ng Pangisdaan at Yamang Tubig**  
860 Quezon Avenue, Lungsod Quezon, Metro Manila 1103  
Tel. No. 372-50-57 • 372-5042  
Fax No. 372-50-48 • 372-50-61

4 Mayo 2004

**Kgg. ELISEA G. GOZUN**

Kalihim  
Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman  
Visayas Avenue, Diliman  
Lungsod Quezon

Mahal na Kalihim:

Ipagdiriwang po natin ang "FARMERS' and FISHERFOLK'S MONTH" ngayong Mayo 2004. Bahagi ng pagdiriwang ay para sa Kawanihan ng Pangisdaan at Yamang Tubig (BFAR), Pangasiwaan sa Pagpapaunlad ng Pangisdaan sa Pilipinas (PFDA) at Proyekto sa Pangangasiwa ng Yamang Isda (FRMP) na maging punong-abala ng "Fisheries Day Program" sa 19 Mayo 2004.

Ang aming tanggapan ay naghahanda ng ilang gawaing lalahukan ng mahahalagang tauhan sa larangan ng industriya ng agri-aqua—ang mga magsasaka at mangingisda. Tampok sa mga gawain bukod sa iba pa ay ang demonstrasyon sa pagluluto ng isda, paligsahan sa pagluluto ng tilapia fillet, paghuli ng tilapia sa tangke, karera ng hito, at paligsahan sa karera ng alimango (mudcrab). Magsasagawa rin ng mga Lektyur/Seminar/Fisheries Clinique sa aquaculture, pagdaragdag ng halaga pagkaani, at mga teknik sa pangangisda.

Kaugnay nito, hinihiling naming magamit ang isang bahagi ng lugar sa Ninoy Aquino Parks and Wildlife, gayon din ang Gazebo Reception Hall para sa mga binanggit sa itaas na gawain sa North Avenue, Lungsod Quezon sa 19 Mayo 19, 2004, 5:30 nu–6:00 nh.

Malaki pong karangalan sa aming pagdiriwang ang inyong pagdalo bilang isa sa aming mga panauhing pandangal.

Mataimtim kaming umaasa na ang aming kahilingan ay bibigyan ninyo ng paborableng aksiyon.

Maraming salamat sa pabor na ito at sa mga nauna pa.

Matapat na sumasainyo

(Lgd)

**MALCOLM I. SARMIENTO JR.**  
Direktor

Liham Kahilingan  
(Letter of Request)



**Office of the President**  
of the Philippines  
Malacañang

18 Oktubre 2010

**Kgg. JOSE LADERAS SANTOS**

Punong Komisyoner  
Komisyon sa Wikang Filipino  
Kalye Jose P. Laurel  
Manila

Mahal na Punong Komisyoner Santos:

Upang lubos na maibahagi ang mga mensahe ng Pangulo sa sariling wika ng ating mga kababayan, nais po sana naming hilingin sa inyong tanggapan na isalin ang sumusunod na mga parirala—sa sumusunod na mga wika: Ilocano, Kinaray-a, Kapampangan, Pangasinan, Bicolano, Hiligaynon, Cebuano, Boholano, Surigaonon, Waray, Maguindanaw, Maranaw, Tausug, Arabe.

- Tayo nang tumungo sa katuparan ng ating mga pangarap.
- Maraming salamat sa pagiging gabay ng ating mga mamamayan tungo sa tuwid na landas ng pagbabago.
- Puwede nang muling mangarap.
- Tayo nang tumahak sa tuwid na landas, tungo sa tunay na pagbabago.
- Ipagpatuloy natin ang pagtahak sa tuwid na landas, tungo sa katuparan ng ating mga pangarap.
- Happy fiesta!
- Merry Christmas!
- Happy New Year!
- Happy Graduation!
- Congratulations!

Maraming Salamat.

Sumasainyo,

(Lgd)

**JAN MIKAEL D.L. CO**

Kawaksing Kalihim Tagapagpaganap

Tugon sa Liham Kahilingan  
(Reply to Letter of Request)



**Republika ng Pilipinas**  
**Tanggapan ng Pangulo**  
**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

22 Marso 2010

**Atty. EULOGIO A. M. SABBAN**

Director IV, CESO  
Legislative Office  
Office of the President

Mahal na Atty. Sabban:

Mabuhay at maligayang bati.

Kaugnay ng inyong liham na may petsang Marso 5, 2010 na humihiling sa aming tanggapan ng komentaryo o rekomendasyon hinggil sa HB No. 6733/SB No. 3014 na may pamagat na:

**"AN ACT PROVIDING FOR THE PROTECTION AND CONSERVATION OF THE NATIONAL CULTURAL HERITAGE, STRENGTHENING THE NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS (NCCA) AND ITS AFFILIATED CULTURAL AGENCIES, AND FOR OTHER PURPOSES."**

Malugod po naming ipinababatid na ito ay aming sinusuportahan para sa pagpapalakas ng kayamanang pangkultura na kakambal ng edukasyong pangwika at ineendosong lagdaan ng Pangulo para sa ikabubuti ng mandato ng NCCA.

Sumasainyo,

(Lgd.)

**JOSE LADERAS SANTOS**

Punong Komisyoner

Tugon sa Kahilingan  
(Reply to Letter of Request)



Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman**  
Visayas Avenue, Diliman, Lungsod Quezon  
Tel. No. (632) 920-4301 • (632) 929-0691 hgg. 93  
Website: <http://www.denr.gov.ph> / Email: [web@denr.gov.ph](mailto:web@denr.gov.ph)

13 Hulyo 2004

**KAPITAN ROLAND S. RECOMONO**

Kawaksing Puno ng Naval Staff for Plans, N5  
Punong Himpilan, Hukbong Dagat ng Pilipinas  
2335 Roxas Boulevard, Maynila

Mahal na Kapitan Recomono:

Tinanggap namin ang liham na may petsang 07 Hulyo 2004 na humihingi ng pahintulot na makapanaliksik ng mga datos na magagamit sa pagbubuo ng mga estratehiyang pangmaritima.

Ipinaaalam namin na naipadala na ang inyong liham kay Administrador Diony Ventura ng National Mapping and Resource Information Authority (NAMRIA). Maaari siyang tawagan sa telepono bilang 810-02-50 o sa kaniyang opisina sa Gusaling NAMRIA, Fort Bonifacio, Makati, Metro Manila.

Salamat sa inyo.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)

**DEMETRIO I. IGNACIO**

Nanunungkulang Pinuno, DENR.

Tugon sa Kahilingan  
(Reply to Letter of Request)

### KAGAWARAN NG KALUSUGAN

14 Enero 2003

**ALMA MARGARITA D. VILLASEÑOR**

Punong Inspektor ng Pulisya  
Laboratoryong Pangkrimen  
Pambansang Pulisya ng Pilipinas  
Kampo Crame, Lungsod Quezon

Mahal na Inspektor Villaseñor:

Ito po ay may kaugnayan sa inyong liham na may petsang 9 Enero 2003 na humihingi ng tulong teknikal sa pagsusuri ng mga "toxicological sample."

Ipinagbibigay-alam namin na ang inyong kahilingan ay in-endorse na namin sa Pambansang Kontrol sa Lason at Serbisyong Pang-impormasyon para sa nararapat na aksiyon, ang kopya ay nakalakup dito.

Maraming salamat.

Sumasainyo,

(Lgd.)

**MARIA CONSORCIA LIM-QUIZON, M.D.**

Kawaksing Punong Tagapagpaganap

Tugon sa Kahilingan  
(Reply to Letter of Request)



**REPUBLIKA NG PILIPINAS**  
**KAGAWARAN NG KALUSUGAN**  
**TANGGAPAN NG KALIHIM**  
San Lazaro Compound, Rizal Avenue  
Sta. Cruz, Maynila  
Tel. No. 711-95-02 – 03, Fax (632) 743-18-29

27 Hulyo 2001

**Dr. ARCADIO B. CAVAN, Jr.**  
Tanggapan ng Beterinaryong Panlungsod  
Lungsod ng Zamboanga

Mahal na Dr. Cavan:

May kaugnayan po ito sa inyong kahilingan para masaklawan ng Magna Carta ang lahat ng tauhan ng Tanggapan ng Beterinaryong Panlungsod, Lungsod ng Zamboanga.

Upang matiyak kung ang mga tauhan ng nabanggit na tanggapan ay maaari o hindi maaaring ituring na mga manggagawa ng kalusugang pampubliko, hinihiling namin na pagkalooban kami ng kopya ng sumusunod upang aming suriin para sa pagpapasiya ng inyong kahilingan:

- Legal na atas sa Veterinary Quarantine Services gaya ng nakasaad sa Atas Tagapagpaganap na lumikha nito;
- Opisyal na pinagtibay na staffing pattern na tugma sa Serbisyo/Yunit;
- Tsart ng organisasyon at mga gampanin ng bawat dibisyon;
- Deskripsiyon ng mga gawain/tungkulin at pananagutan ng mga posisyon at plantilya

Hinihiling namin ang agarang pagpapadala ng mga opisyal na dokumentong binanggit sa itaas.

Malugod na pagbati.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)  
**MILAGROS I. FERNANDEZ, MD, MPH, CESO I**  
Pangalawang Kalihim ng Kalusugan  
Tagapangulo, NMHWCC

Liham Pagsang-ayon  
(Letter of Affirmation)



SOCIAL SECURITY SYSTEM

Republika ng Pilipinas

**PASEGURAHAN NG MGA NAGLILINGKOD SA PRIBADO  
(SOCIAL SECURITY SYSTEM)**

East Avenue, Diliman, Lungsod Quezon

Tel. No. (632) 920-6401 • (632) 920-6446

E-mail: [sssemail@info.com.ph](mailto:sssemail@info.com.ph) • Website: <http://www.sss.gov.ph>

10 Disyembre 2004

**Dr. NITA P. BUENAOBRA**

Tagapangulong Komisyoner  
Komisyon sa Wikang Filipino  
Watson Building, 1610 J.P. Laurel Street  
1005 San Miguel, Maynila

Mahal na Tagapangulong Buenaobra:

Bilang tugon sa inyong liham noong 15 Setyembre 2004, malugod naming isinusumite ang mga halimbawa ng iba't ibang uri ng korespondensiya na naisagawa sa aming tanggapan na kinabibilangan ng liham at memorandum.

Lubos naming ikinagagalak ang makatulong sa isinasagawa ninyong pananaliksik. Maraming salamat po.

Lubos na sumasainyo,

(Lgd.)

**CORAZON S. DELA PAZ**

President at CEO



Liham Pagsang-ayon  
(Letter of Affirmation)



**PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING**

28 Setyembre 2004

**Dr. NITA P. BUENAOBRA**  
Tagapangulong Komisyoner  
Komisyon sa Wikang Filipino  
Gusaling Watsong, 1610 Kalye J.P. Laurel  
1005 San Miguel, Maynila

Mahal na Dr. Buenaobra:

Pagbati mula sa Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining!

Malugod na tinatanggap ng NCCA ang hakbang ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na rebisahin ang *Manwal sa Korespondensiya Opisyal* para sa mabisang implementasyon ng Atas Tagapagpaganap Blg. 335 na nilagdaan ng dating Pangulong Corazon C. Aquino. Bilang kontribusyon ng NCCA sa inyong isinasagawang pananaliksik para sa nasabing rebisyon, naglakip kami ng iba't ibang uri ng korespondensiya opisyal at ginagamit ng NCCA.

Mabuhay ang KWF sa patuloy nitong pagtulong sa pagpapaunlad ng kultura at sining ng Pilipinas!

Lubos na sumasainyo,

(Lgd.)

**EMILIE V. TIONGCO**  
OIC, Tanggapan ng Direktor Tagapagpaganap

Liham Pagsang-ayon  
(*Letter of Affirmation*)

10 Mayo 2001

**Kgg. JORGE D. CABALIT**

Bise Alkalde at Nangungulong Pinuno  
Sangguniang Panlungsod ng Lungsod ng Tagbilaran  
Lungsod ng Tagbilaran

Mahal na Bise Alkalde Cabalit:

Ito po ay pagbibigay-alam ng pagkatanggap namin ng kopya ng Resolusyon Blg. 01-55 ng Lungsod tungkol sa "Parallel Importation" na tinanggap namin noong 9 Mayo 2001.

Kinikilala ng Kagawaran ng Kalusugan ang inyong pagsisikap at ipinababatid nito ang pagpapahalaga sa ganitong ambag na makatulong sa pagpapabuti ng kalusugan ng bansa. Asahan ninyo na ang DOH ay magpapatuloy sa mga pagsisikap nito upang ang pangangalaga sa kalusugan ay maging abot-kaya at bukas para sa lahat, lalo na sa mahihirap na sektor ng lipunan.

Maraming salamat sa inyong maunawaing pagsuporta.

Matapat na sumasainyo,

PARA SA KALIHIM NG KALUSUGAN:

(Lgd.)

**MARIA CONSORCIA LIM-QUIZON**

Kawaksing Punong Tagapagpaganap

Liham Pagsang-ayon  
(Letter of Affirmation)

## TANGGAPAN NG PANGULO

20 Hulyo 1999

**Kgg. ANTONIO H. CERILLES**

Kalihim ng Kagawaran ng Kapaligiran  
at Likas na Yaman  
Lungsod Quezon

Ginoo:

Ipinababatid po namin na, alinsunod sa Atas Tagapagpaganap Blg. 248, serye ng 1995, ang sumusunod na apat (4) na tauhang teknikal ng Pawikan Conservation Project (PCP) ng Kawanihan ng Protektadong Lugar at Buhay-ilang, ng Kagawarang iyon, sa pamamagitan nito ay pinahihintulutang maglakbay sa Turtle Islands, Tawi-tawi mula 23 Hulyo–31 Agosto 1999 upang magsagawa ng mga gawaing pamamahalang panresorses at pananaliksik tungkol sa mga pawikan sa dagat:

1. G. NILO B. RAMOSO
2. Dr. ROBERTO C. BALTAZAR
3. G. LEROY F. SALVADOR
4. G. MARCELO V. SALAZAR

Ang kakahintulutang ito ay nagbibigay-karapatan sa bawat isang tauhang teknikal na pinangalanan sa itaas sa mga gastusin at alawans sa paglalakbay sa itinakdang halaga sa nabanggit na Atas, masingil sa pondo ng PCP, depende sa mapagkukunan nito at sasailalim sa mga hinihingi ng akawnting at awditing.

Matapat na sumasainyo,

Sa bisa ng kapangyarihan ng Pangulo:

(Lgd.)

**RAMON B. CARDENAS**

Kinatawang Kalihim Tagapagpaganap

Liham Pagsang-ayon  
(Letter of Affirmation)



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG KALUSUGAN**  
TANGGAPAN NG KALIHIM

22 Hulyo 2002

**Kgg. CARMENCITA REYES**  
Gobernador  
Lalawigan ng Marinduque  
Boac, Marinduque

Mahal na Gobernador Reyes:

Kapayapaan!

Ito po ay may kaugnayan sa Liham ng Kasunduan (LOA) ng United States Geological Survey, ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman, at ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH) hinggil sa pagsasagawa ng Marinduque Environmental Health Study.

Sa katulad na diwa ng pakikiisa na ipinakita sa mga nakaraang pagkilos ng Kagawaran gaya ng pagtaya sa kalusugan ng 252 residente ng Boac, Mogpog, at Sta. Cruz, ang pagsasagawa ng *nerve conduction velocity testing* para sa mga bata at matatanda, ang *detoxification* o pagkontra sa epekto ng lason sa katawan, pagdaragdag ng mga micronutrient, at pagpapaunlad ng yamang tao, malugod po naming ipinababatid na ang Kagawaran ng Kalusugan ay nakahandang tumulong sa mga mamamayan at kapaligiran ng Marinduque at napag-aralan nitong katanggap-tanggap ang LOA na binabanggit sa itaas.

Bagaman limitado ang resorses, asahan ninyo ang lubusang pakikipagtulungan at pakikiisa ng DOH sa abot ng kasalukuyang kakayahang teknikal at pananalapi nito.

Mainit na pangungumusta.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)  
**MANUEL M. DAYRIT, MD, MSc.**  
Kalihim ng Kalusugan

Liham Pagtangi  
(Letter of Negation)

Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG KAGALINGANG PANLIPUNAN AT PAGPAPAUNLAD**  
Batasang Pambansa Complex, Constitution Hills  
Lungsod Quezon  
Tel. Blg. 931-8101 hgg. 07

18 Pebrero 2004

**G. WINNIE T. CASTELO**

Konsehal, Ikalawang Distrito  
Sangguniang Kabataan Federation  
3rd Floor, Bulwagang Lungsod Quezon

Mahal na Konsehal Castelo:

Ito po ay tugon sa inyong liham kay Speaker Jose de Venecia, may petsang 8 Enero 2004, na humihiling ng tulong para sa inyong "Gift-Giving Campaign" para sa mga batang kapos-palad.

Hangad ng aming kagawaran na kayo ay tulungan sa inyong nasabing kampanya. Gayunman, dahil sa sunod-sunod na kalamidad noong Disyembre 2003 (pagbaha, pagguho ng lupa, armadong labanan at mga bagyo) at noong 24 Enero 2004 (sunog sa Baseco), ang aming mga kagamitan ay nagamit sa mga operasyong pangkawanggawa. Sa ngayon, husto lamang ang mga stock para sa aming pangangailangan, kaya't ikinalulungkot naming di kayo matugunan sa inyong kahilingan.

Umaasa po kami na matutulungan namin kayo sa darating na panahon.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)

**VILMA B. CABRERA**

Kawanihan sa Pamamahala ng Programa

cc: Speaker Jose de Venecia  
Kapulungan ng mga Kinatawan  
Batasan Hills, Lungsod Quezon

Liham Pagtanggì  
(Letter of Negation)



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA**  
Malacañan, Maynila

18 Setyembre 2009

**Kapita-pitagang Reberendo FERNANDO R. CAPALLA, D. D.**

Arsobispo ng Davao  
Tagapangulo, Pambansang Lupon ng mga Katiwala  
Pambansang Tanggapan ng Koordinasyon  
SOS-Children's Villages Philippines  
Mindanao Drive, Ayala Alabang Village  
Lungsod Muntinlupa

Mahal na Arsobispo Capalla:

Ang Kagawaran ng Badyet at Pamamahala ay pumupuri sa SOS—Children's Villages Philippines sa matatag na komitment nito na magkaloob ng mga tirahan para sa ulila at abandonadong mga bata.

Ang inyong walang-pasubaling pagmamalasakit ay nakatutulong sa mga bata na maging maka-Diyos at responsableng mamamayan. Kailangan ng pamahalaan ang marami pang organisasyong tulad ng sa inyo na makatutulong sa pag-aangat ng ating bansa mula sa kahirapan.

Bagama't ang paraan ng pagtulong sa mga nangangailangan ay nagkakaiba, ang Kagawaran at ang SOS Philippines ay magkapareho ng layuning maiangat ang buhay ng mga dukha at naghihikahos. Ang estratehiya ng Kagawaran ay iparaan ang limitadong resorses sa mga programang sosyo-ekonomiko na makabubuti sa mga kapos-palad ng lipunan.

Di pa natatagalan, ang pamahalaan ay nagpalabas ng isang direktibang nag-aatas sa mga ahensiyang pampamahalaan na magsipagtipid. Ang direktiba ay tumutukoy sa mga suspensiyon ng mga donasyon, kontribusyon, grant, at regalo maliban kung ang mga aktibidad ay isinasagawa nang ayon sa mandato ng donor ng ahensiya. Wala pong gayong mandato and Kagawaran. Dahil dito ay ikinalulungkot naming hindi namin maiisponsor ang konsiyertong musikal na binabalak ilunsad ng SOS—Children's Villages Philippines sa Nobyembre. Makaaasa po kayo na tutulong kami sa paraang di-pinansiyal na aming makakaya, sa pamamagitan ng dalangin at impormal na komunikasyon tungkol sa SOS—Children's Villages.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)  
**EMILIA T. BONCODIN**  
Kalihim

Liham Pagtangi  
(Letter of Negation)

12 Pebrero 2003

**ATTY. RODOLFO D. MATEO**

Direktor Tagapagpaganap  
Pambansang Lupon sa mga Yamang Tubig  
8th Floor, NIA Building, EDSA  
Lungsod Quezon

Mahal na Direktor Mateo:

Tumutukoy ito sa inyong paanyaya para sa Kalihim na dumalo sa Technical Transfer Seminar for the Study on Water Resources Development for Metro Manila na gaganapin sa 17 Pebrero 2003 sa Sulu Hotel.

Ikinalulungkot namin na dahil sa mga naunang komitment ng Kalihim, siya ay hindi makadadalo sa seminar. Gayunman, inatasan namin si Panrehiyong Direktor Tagapagpaganap ng DENR-NCR Corazon C. Davis na kumatawan sa kaniya. Maaaring tawagan si Direktor Davis sa mga telepono bilang 9260940, 9260926, 9260907.

Maraming salamat.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)

**MARILYN Q. LANDICHO**

OIC, Kawaksing Punong Tagapagpaganap

Liham Pag-uulat  
(Progress Report)



Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Kalusugan**  
TANGGAPAN NG KALIHIM

26 Pebrero 2005

**Gng. VICTORIA P. GARCHITORENA**  
Puno  
Pampanguluhang Lupon sa Pamamahala  
Malacañan, Maynila

Mahal na Gng. Garchitorena:

Para sa inyong kaalaman, pagsusuri at pagsasaalang-alang, ikinagagalak naming isinsumite ang Ulat ng mga Nagawa para sa Unang 30 Araw ng Kagawaran ng Kalusugan.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)  
**MANUEL M. DAYRIT, MD, MSc.**  
Kalihim ng Kalusugan



Kalakip  
(Enclosure)

### MGA NAGAWA SA UNANG 30 ARAW KAGAWARAN NG KALUSUGAN

MGA LARANGAN NG PAGBABAGO SA SEKTOR NG KALUSUGAN	MGA NAGAWA
I. KALUSUGANG PAMBAYAN	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Bumalangkas ng mga Tuntunin at Regulasyong Nagpapatupad sa Batas sa Pagkain.</li> <li>• Aktibong pakikilahok at pagtangkilik sa pagbabakuna ng 25,000 aso upang makontrol ang rabies sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Pagsasaka, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at iba pang sangay ng pamahalaang lokal.</li> <li>• Pagtatayo ng unang 100 Sentro sa Pangangalaga sa mga Nagdadalantao na pinamamahalaan ng mga komadrona.</li> </ul>
II. PAMPAMAHALAANG OSPITAL	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagsasagawa ng open-heart surgery sa Panrehiyong Ospital sa Pagsasanay at Pagtuturo sa Bicol.</li> </ul>
III. SISTEMA SA KALUSUGANG PAMBAYAN	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagkilala at pagtatakda bilang huwaran sa walong (8) bagong malulusog na lungsod: ang Lipa, Olongapo, Tagaytay, Angeles, Las Piñas, Puerto Princesa, Parañaque, at Tangub.</li> <li>• Estratehikong Pagpapalano para sa Pasaporteng Pangkalusugan sa pangunang lugar ng Pasay.</li> </ul>
IV. MGA REGULASYON	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ipinagbili ang mga 60% ng kabuuang dami ng unang kargamento ng Parallel Import Drugs na nagkakahalaga ng Php. 1.5 M at may halaga sa pamilihan ng P5 M sa pitong (7) ospital ng DOH: Jose Reyes Memorial Medical Center, Philippine Children's Medical Center, Rizal Medical Center, Western Visayas Medical Center, Davao Regional Hospital at Davao Medical Center.</li> <li>• Ikalawang pag-aangkat na nagkakahalaga ng Php. 20 M (Php 80 M. halaga sa pamilihan mula sa India na ipamamahagi sa ilang ospital ng DOH sa buong bansa.</li> </ul>
V. PAGBIBIGAY NG PONDONG PANGKALUSUGAN	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang Pambansang Programa sa Segurong Pangkalusugan ay nagpalabas ng humigit-kumulang sa 56,000 PHIC card (katumbas ng 280,000 indibidwal). Sa ganitong dami, maaabot ng PHIC ang 40% ng nagawa noong nakaraang taon sa loob ng unang kuwarter ng 2001.</li> <li>• Akreditasyon ng unang 100 komadrona ng PHIC, na maaari nilang masingil ang kanilang ipinaglingkod.</li> </ul>
VI. PLANO PARA SA RATIONALIZATION AT PAGBABAWAS	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ganap na Pagpapatupad sa unang bahagi</li> <li>• Panahon ng pagpapalano para sa ikalawang bahagi</li> </ul>
VII. IBA PA	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Paglalagay ng mga doktor sa 39 na lugar sa bansa na walang doktor at bilang bahagi ng Programang mga Doktor sa Baryo (Doctors to the Barrios Program)</li> </ul>

Tugon sa Liham Pag-uulat  
(Reply to Report Letter)



Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Pagsasaka**

17 Agosto 1999

**Kgg. JOHN N. OROLA JR.**

Kinatawan  
Kapulungan ng mga Kinatawan  
Constitutional Hills 1119  
Lungsod Quezon

Mahal na Kinatawang Orola:

Natanggap namin ang inyong liham tungkol sa pagsusumite ng mga ulat ng nagawa para sa unang taon ng inyong panunungkulan bilang nag-iisang kinatawan ng Lungsod ng Bacolod.

Binabati namin kayo sa inyong mga nagawa. Sa katotohanan, ang inyong determinasyon upang isulong ang pag-unlad ng Lungsod ng Bacolod para sa ikagaganda ng buhay ng mga mamamayan nito ay tunay na nakapagbigay ng inspirasyon.

Bilang katuwang sa pagpapaunlad ng pagsasaka, tinitiyak namin sa inyo ang suporta at kooperasyon ng Kagawaran ng Pagsasaka tungo sa pagtatamo ng kaunlaran sa lalawigan.

Malugod na pagbati.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)  
**EDGARDO J. ANGARA**  
Kalihim

Liham Tagubilin  
(Letter of Instruction)



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG KALUSUGAN**  
TANGGAPAN NG KALIHIM

20 Setyembre 2002

**Dr. TERESITA BONOAN**

Direktor IV  
Sentro para sa Pagpapaunlad ng Kalusugan  
para sa Cordillera  
Lungsod Baguio

Mahal na Dr. Bonoan:

Ang Ulat sa Pinansiyal at Operasyonal na Awdit ng Sentro para sa pagpapaunlad ng Kalusugan para sa Cordillera, Lungsod ng Baguio, ay nagpapakita ng mga kinalabasan na nangangailangan ng mga hakbang ng pagtutuwid gaya ng inirekomenda. Ang ulat sa mga isinagawang aksiyon upang ipatupad ang nasabing mga rekomendasyon ay dapat na isumite sa Tanggapang ito, sa pamamagitan ng Internal Audit Division, sa loob ng tatlung (30) araw mula nang pagkatanggap nito.

Ang kagyat na nararapat na aksiyon, gayunman, ay dapat isagawa sa sumusunod na naging mga resulta:

- 1) Paglalagak ng panagot (bond) ng Direktor Panrehiyon at ng isa sa mga itinalagang Special Disbursing Officer.
- 2) Di-sapat na panagot ng Supply Officer III upang protektahan ang kaniyang pananagutan sa kabuuang ari-arian.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)

**MANUEL M. DAYRIT, MD. MSc.**

Kalihim ng Kalusugan

Liham Pagsubaybay  
(Follow-up Letter)

Republika ng Pilipinas  
**PAMAHALAANG BAYAN NG MAGDALENA**  
Magdalena, Laguna

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

31 Marso 2003

**Kgg. PABLO S. TRILLANA III**

Tagapangulo at Direktor Tagapagpaganap  
Pambansang Suriang Pangkasaysayan  
Gusaling NHI  
Daang T.M. Kalaw  
Ermita, Maynila

Mahal na G. Trillana:

Magalang po naming inaalam sa inyong tanggapan kung ano na po ang nangyari sa aming aplikasyon sa bagong pambayang sagisag ng Bayan ng Magdalena, Lalawigan ng Laguna na amin pong isinumite sa inyo noong Pebrero 8 ng nakaraang taon.

Sana po ay napagkalooban na ninyo ito ng kaukulang aksiyon.

Maraming pong salamat.

Magalang na sumasainyo,

(Lgd.)  
**NESTOR J. SY**  
Kalihim ng Sanggunian

Tugon sa Liham Pagsubaybay  
(Reply to Follow-up Letter)



Office of the President of the Philippines  
Malacañang

26 Nobyembre 2010

**Bb. LIWAYWAY M. RIVERA**  
OIC, Sangay Pampangasiwaan  
Komisyon sa Wikang Filipino  
Malacañan, Maynila

Mahal na Bb. Rivera:

Kaugnay po ng inyong liham sa amin noong Nobyembre 19, 2010 hinggil sa kahilingang maipagamit sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang bahagi ng Gusaling Watson na mababakante ng Presidential Anti-Graft Commission (PAGC), maaari po ninyong tuwirang ipagbigay-alam ang nabanggit na kahilingan sa Tanggapan ng Depyuti ng Kalihim Tagapagpaganap para sa mga Gawaing Legal na naatasang mangasiwa sa nabuwag na PAGC.

Maraming salamat po.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)

**Engr. EDGARDO L. TORRES**  
Direktor IV, CESO III  
Tanggapan ng Inhenyeriya

Binigyang sipi:

Atty. Ronaldo A. Geron

OIC, Tanggapan ng Depyuting Kalihim Tagapagpaganap para sa mga Gawaing Legal

Liham Pagbibitiw  
(Letter of Resignation)



**Republika ng Pilipinas**  
**Tanggapan ng Pangulo**  
**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

30 Abril 2010

**Ang Pangulo**

Palasyo ng Malacañang  
San Miguel, Maynila

Sa Pamamagitan ni: Kgg. JOSE LADERAS SANTOS  
Punong Komisioner  
Komisyon sa Wikang Filipino

Mahal na Pangulo:

Sa pamamagitan ng liham na ito, ipinararating ko ang aking pagbibitiw sa tungkulin bilang Part-Time na Komisioner ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na magkakabisa sa 30 Mayo 2010.

Napagpasiyahan kong magbitiw bilang Part-Time na Komisioner dahil ako ay nakatakdang maglunsad ng isang pananaliksik pangwika na magsisimula sa Hunyo ng taong kasalukuyan na nangangailangan ng lubos na atensiyon. Maaaring tumagal ng tatlong taon ang nasabing pananaliksik, dahil dito hindi ko na po lubusang magagampanan ang aking tungkulin nang naaayon sa ating mandato.

Maraming salamat po sa pagkakataon na ibinigay ninyo upang makatuwang ko kayo sa paglilingkod sa Komisyon sa Wikang Filipino. Tunay pong isang napakamakabuluhang karanasan ito para sa akin.

Lubos na gumagalang,

(Lgd.)

**ISABEL PEFIANCO-MARTIN**

Part-Time na Komisioner (Hiligaynon at Kinaray-a)  
Komisyon sa Wikang Filipino

Liham Pagbibitiw  
(Letter of Resignation)



**KONSEHO NG EDUKASYONG PANGGURO**

Kagawaran ng Edukasyon  
Ika-5 Palapag Gusaling Bonifacio, UL Complex, Meralco Avenue, Lungsod ng Pasig  
Tel. No. 632-13-61 Lokal 2226/2228 • 6386170 Telefax: 6386172

---

27 Enero 2004

**Ms. BEATRIZ G. TORNO**  
Direktor Tagapagpaganap III  
KONSEHO NG EDUKASYONG PANGGURO

Mahal na Ms. Torno:

Pagkatapos ng masusing pagtimbang sa aking mga opsyon, nakapagdesisyon po akong magbitiw epektibo sa 8 Marso 2004.

Ako po ay nagpapasalamat sa Konseho sa pagbibigay sa akin ng natatanging oportunidad na masubaybayan at mapaglingkuran ang pambansang kapakanan ng edukasyong pangguro.

Ang maikling panahon ko sa TEC ay lumikha ng magagandang alaala at nagkaroon ako ng mabubuting kaibigan. Lubos ko itong pinahahalagahan at maaasahan ninyo na ang aking pakikipagkaibigan sa TEC ay mananatili.

Hinahangad ko ang marami pang tagumpay ng Konseho sa mga pagsisikap nito.

Lubos na sumasainyo,

(Lgd.)  
**MANUEL JOSE A. VALIENTES**

Tugon sa Liham Pagbibitiw  
(Reply Letter of Resignation)



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Lungsod ng Pasig



Tanggapan ng Pangalawang Kalihim

---

### PAGTANGGAP SA PAGBIBITIW

7 Hulyo 1998

**Gng. MA. VICTORIA S. LAGUDA**

Tanggapan ng Kalihim  
Kagawarang ito

Ginang:

Bilang tugon sa inyong liham na may petsang 26 Hunyo 1998 na naghaharap ng inyong pagbibitiw sa tungkulin bilang Private Secretary II sa Tanggapan ng Kalihim, sa Kagawarang ito, magalang kong ipinababatid sa inyo na sa pamamagitan nito ay tinatanggap iyon epektibo sa 1 Hulyo 1998.

Ang inyong paglilingkod habang kawani sa Tanggapang ito ay naging kasiya-siya at ang inyong mga susunod na muling pag-aaplay sa pagbabalik sa tungkulin ay maaaring isaalang-alang.

Lubos na sumasainyo,

Para sa Kalihim:

(Lgd.)  
**RAMON C. BACANI**



Liham Aplikasyon  
(Letter of Application)

23 Setyembre 2009

**Kgg. JOSE LADERAS SANTOS**

Nanunungkulang Tagapangulo  
Komisyon sa Wikang Filipino  
2/F Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel  
San Miguel, Malacañan Complex, Maynila

Mahal na Komisyoner Santos:

Mapayapang araw po ang sumasainyo!

Magalang po akong nag-aaplay sa posisyong Mananaliksik-Wika (Language Researcher) ng inyong tanggapan.

Tapos po ako ng kursong Batsilyer ng Artes sa Filipino (AB Filipino) sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at kasalukuyang sumusulat ng aking tesis para sa gradwadong pag-aaral sa PUP-Open University. Sa panahon ng aking pagtuturo sa loob ng siyam na taon ay napabilang ako sa natatanging guro sa magkakasunod na semestre (2005–2009) sa Our Lady of Fatima University Lungsod Quezon.

Mula noong 2004 hanggang sa kasalukuyan, ako ay isang part-time na guro sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP Sta. Mesa) at kasama ng kaguruan sa Our Lady of Fatima University Lungsod Quezon mula noong 2003.

Sana'y isaalang-alang ninyo ang aking kuwalipikasyon upang mabigyan ng pagkakataon na makapaglingkod sa KWF. Nakahanda po akong tumugon sa inyong paanyaya ng panayam sa oras at araw na inyong itatakda. Maaari po akong matawagan sa telepono bilang 443-3150 at 09208709261.

Mabuhay po kayo at pauna ang aking pasasalamat.

Lubos na gumagalang,

(Lgd)

**G. WILBERT M. LAMARCA**

Tugon sa Liham Aplikasyon  
(Reply Letter of Application)



Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman**  
Visayas Avenue, Diliman, Lungsod Quezon  
Tel. No. (632) 929-66-26 hgg. 29 • (632) 929-62-52  
929-70-41 hgg. 43

8 Hunyo 2003

**Bb. LOIDA D. DEOCAMPO**

Phase 5A, Pkg. 5, Blk. 30, Lot 4  
Bagong Silang, Tala  
Lungsod Caloocan

Mahal na Bb. Deocampo:

Ipinagbibigay-alam namin ang pagkatanggap ng inyong Papel ng Datos Personal hinggil sa inyong aplikasyon sa alinmang posisyon na angkop sa inyong kuwalipikasyon.

Ayon sa pagsusuri sa inyong rekord, kayo ay kuwalipikado lamang sa posisyon na hindi nangangailangan ng anumang eligibility ng Serbisyo Sibil. Sa kawalan ng nasabing eligibility, isinama namin kayo sa listahan ng mga kuwalipikadong aplikante para sa posisyong Utility Worker 1. Sa kasalukuyan, mayroong limang (5) bakanteng posisyon para sa Utility Workers 1 sa iba't ibang Opisina ng DENR-Proper.

Makikipag-ugnayan kami sa inyo tungkol sa iba pang mga kailangan sa sandaling ipinalabas ang clearance upang punan ang nasabing posisyon.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)

**RAMON M. ESPELETA, CESO IV**  
Direktor, Serbisyong Pampangasiwaan

Tugon sa Liham Aplikasyon  
(Reply Letter of Application)



Kagawaran ng  
Kapaligiran at  
Likas na Yaman

12 Agosto 2003

**G. ALBERTO F. JASARENO JR.**  
402 Barangka Drive cor. Hinahon Street  
Lungsod Mandaluyong 1551

Mahal na G. Jasareno:

Ito ay pagbibigay-alam ng pagkatanggap namin ng inyong liham na nag-aaplay na may petsang 15 Hulyo 2003 kasama ang inyong curriculum vitae at mga kaukulang dokumento. Pinahahalagahan namin ang inyong pagnanais na makapaglingkod sa pamahalaan, partikular sa DENR. Sa mga kuwalipikasyon ninyong taglay, naniniwala kami na kayo ay magiging kapaki-pakinabang sa alinmang tanggapan/organisasyon.

Kaugnay nito, ang inyong mga dokumento ay ipinadala na namin sa aming Sangay Pantauhan, Serbisyong Pampangasiwaan, na nangangasiwa sa rekrutment. Ipaalam nila sa inyo ang ginawang aksiyon sa inyong aplikasyon. Inilakip namin ang isang photocopy ng aming memorandum para sa inyong kaalaman.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)  
**ADELUISA G. SIAPNO**  
Direktor III  
OIC, Serbisyo sa Pagpapaunlad Pantauhan

Liham Pagpapakilala  
(Reply Letter of Introduction)

CORAZON C. AQUINO  
Pangulo ng Republika ng Pilipinas

Dakila at Butihing Kaibigan:

Hinirang ko si Kagalang-galang \_\_\_\_\_, isang magiting na mamamayan ng Pilipinas, upang manirahan malapit sa Pamahalaan ng Inyong \_\_\_\_\_ bilang Sugong Di-pangkaraniwan at may ganap na kapangyarihan ng Republika ng Pilipinas. May lubos siyang kabatiran hinggil sa mga kapakanan ng dalawang bansa at hinggil sa matapat na hangarin ng Pamahalaang ito na lubusang linangin ang pagkakaibigang matagal nang nagbubuklod sa kanila. Ang aking nalalaman tungkol sa kaniyang ulirang katauhan at kakayahan ay nagdulot sa akin ng lubos na pagtitiwala na tuwina'y sisikapin niyang mapaunlad ang mga kapakanan at kasaganaan ng dalawang Pamahalaan at sa gayo'y maging kanais-nais siya sa Inyong \_\_\_\_\_.

Samakatwid, hinihiling ko sa Inyong \_\_\_\_\_ na siya'y mabutihin ninyong tanggapin at lubos ninyong panaligan ang anumang sasabihin niya sa panig ng Republika ng Pilipinas at sa mga iniatas kong paratingin niya sa inyo na mga pahayag ng lalong mabubuting hangarin ng Pamahalaang ito para sa kasaganaan ng \_\_\_\_\_.

Ingatan nawa ng Maykapal ang Inyong \_\_\_\_\_ sa Kaniyang matalinong Pangangalaga.

Ang Inyong Butihing Kaibigan,

Nilagdaan ng Pangulo:

Ministro ng Ugnayang Panlabas  
Maynila, ika-\_\_ ng \_\_\_\_\_ 19XX.

Liham Pagkambas  
(Canvass Letter)



**Republika ng Pilipinas**  
**Tanggapan ng Pangulo**  
**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

16 Nobyembre 2006

**ALTA BRONZE WORKS METAL ENGRAVER, INC.**  
3 Anonas Road, Potrero  
Lungsod Malabon

Ginoo/Binibini:

Mangyaring pakibigay po ang pinakamababang halaga para sa mga bagay na nakatala sa ibaba at ipadala sa Komisyon sa Wikang Filipino, 2/F Gusaling Watson, 1610 J.P. Laurel Street, 1005 San Miguel, Maynila.

Ito ay kahilingan lamang para sa presyo at hindi para sa paanyaya ng pagtawad.

Lubos na sumasainyo,

(Lgd.)

**ENGRACIA F. FLORES**

Kawaksing Pampangasiwaan II

Para lang sa Pagsipi o Pagbanggit

Dami	Yunit	Deskripsiyon ng mga Bagay	Presyo ng Yunit	Kabuuan
2	piraso	plake Espesipikasyon 8x11x10 mm clear glass with base blue  para sa:  1. Collantes Foundation 2. Jose Corazon De Jesus Family Pagtatagpo ng mga Makata Sta. Maria, Bulacan Nobyembre 22, 2006		

Pangalan at Lagda

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Tugon sa Liham Pagtatanong  
(Reply to Letter of Inquiry)



Republika ng Pilipinas  
KAGAWARAN NG KALUSUGAN  
**TANGGAPAN NG MGA SERBISYO SA KALUSUGANG PAMPUBLIKO**

8 Enero 2001

**MARCIAL S. AGUIRRE, Ed. D.**

Kawaksi sa Panguluhan  
Philippine State College of Aeronautics  
Villamor Air Base, Lungsod ng Pasay, M.M.

Mahal na Dr. Aguirre:

Nais naming ipaabot sa inyo ang mga impormasyong naglilinaw sa inyong katanungan hinggil sa pagkakaloob ng mga benepisyo at pribilehiyo ng Magna Carta sa mga manggagawa ng kalusugang pampubliko. Nakahanay na magkakasunod ang mga sagot ayon sa inyong nakaraang sulat.

1. Oo, ang Seksiyon 7 ng Atas Administratibo Blg. 170 ay napawalang-bisa ayon sa kalakip na E.O. No. 326 na pinalabas ng Tanggapan ng Pangulo, Malacañang.
2. Ang pagbabayad ng pinigil na benepisyo na nagkabisa noong Enero 2000 ay maaaring isagawa kahit na walang Memorandum Sirkular mula sa DBM hangga't may makukuhang pondo.
3. Ang Puno ng Ahensiya ay may kapangyarihang ipatupad ang Seksiyon 7.1.4, Tuntunin XV alinsunod sa itinakdang mga tagubilin gaya ng iniatas sa nirebisang IRR, Nobyembre 1999. Hinihiling na bigyan ng espesyal na atensiyon at aksiyon ang pagkakaloob ng bayad sa panganib (hazard pay).

Inaasahan na ang mga sagot sa inyong katanungan ay malinaw naming nailahad.

Masayang pagbati.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)

**MILAGROS L. FERNANDEZ, MD., MPH, CESO I**  
Pangalawang Kalihim ng Kalusugan

Tugon sa Liham Pagtatanong  
(Reply to Letter of Inquiry)



Republika ng Pilipinas  
KAGAWARAN NG KALUSUGAN  
**TANGGAPAN NG MGA SERBISYO SA KALUSUGANG PAMPUBLIKO**

11 Enero 2001

**Dr. LILIAN V. LEE**

Direktor Tagapagpaganap  
Philippine Children's Medical Center  
Diliman, Lungsod Quezon

Mahal na Dr. Lee:

Nais naming bigyan kayo ng isang kopya ng kalakip na Atas Tagapagpaganap Blg. 326 na ipinalabas ng Tanggapan ng Pangulo, na nagpapawalang-bisa sa Seksiyon 7 ng Atas Administratibo Blg. 170.

Sa paglabas nito, ang Liham Sirkular ng DBM Blg. 2000—12, samakatwid, ay kusang natapos at ang nirebisang halaga ng mga benepisyo sa Magna Carta ay maaari nang ipatupad ngayon sa pasubaling may pondong nakalaan para sa layuning ito.

Inaasahan na ang tugong ito ay maglilinaw sa mga katanungan sa Magna Carta.

Malugod na pangungumusta.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)

**MILAGROS L. FERNANDEZ, M.D., MPH, CESO I**  
Pangalawang Kalihim ng Kalusugan

Liham Pakikidalamhati  
(Letter of Condolence)



**Republika ng Pilipinas**  
**Tanggapan ng Pangulo**  
**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

23 Mayo 2010

**Dr. EFREN R. ABUEG**

Philam Life Village  
Lungsod Las Piñas

Mahal na Dr. Abueg:

Sa ngalan ng buong tanggapan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) nais naming ipabatid ang aming pakikidalamhati sa biglaang pagpanaw ng iyong kabiyak na aktibo sa pakikilahok sa mga gawain ng KWF. Lubos ang aming paghanga at respeto sa kaniya at tunay namang ang kaniyang pagkawala ay mag-iiwan ng malaking puwang sa larangan ng wika at literatura.

Nawa'y patnubayan kayo at ang inyong pamilya ng Poong Maykapal sa mga oras na ito.

Muli, tanggapin ninyo ang aming pakikidalamhati.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)

**JOSE LADERAS SANTOS**

Punong Komisyoner



Liham Pakikidalamhati  
(Letter of Condolence)



**Republika ng Pilipinas**  
**Tanggapan ng Pangulo**  
**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

6 Hunyo 2011

**BB. RENA N. BONDAME**  
Pandacan, Maynila

Mahal na Binibining Bondame:

Lubos akong nakikidalamhati sa pagpanaw ng inyong mahal na ama. Hindi ko man siya kilala nang personal, batid ko na isa siyang ulirang ama at isa sa pinagpipitaganan at nirerespetong miyembro ng komunidad.

Ang mga kasamahan natin sa tanggapan ay nagpapaabot din ng kanilang pakikidalamhati lakip ang kaunting halaga na aming natipon upang magamit ninyo sa ibang pangangailangan.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)  
**JULIO A. RAMOS**  
Pangulo, Buklod Filipino

Liham Pakikiramay  
(*Letter of Sympathy*)



**Republika ng Pilipinas**  
**Tanggapan ng Pangulo**  
**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

10 Setyembre 2009

**Gng. EVELYN S. PATEÑO**  
Tañong, Lungsod Marikina

Mahal na Gng. Pateño:

Nakaabot sa kaalaman ng tanggapang ito na kayo ay naging biktima ng napakalakas na bagyong “Ondoy” na lubhang nanalanta sa inyong lugar at nagsanhi ng pagkasira ng inyong bahay at pagkawala ng inyong ari-arian. Sa pamamagitan ng liham na ito, nais naming ipabatid na lubos kaming nakikiramay sa kalunos-lunos na sinapit ng inyong pamilya.

Mangyari lamang ipagbigay-alam ninyo kung paano kami makatutulong sa inyo.

Lubos na sumasainyo,

(Lgd)  
**JULIO A. RAMOS**  
Pangulo  
Buklod Filipino

Liham Panawagan  
(Letter of Appeal)

28 Oktubre 2002

**Kgg. PATRICIA STO. TOMAS**

Kalihim

Kagawaran ng Paggawa at Empleo

Maynila

Mahal na Kalihim:

Pagbati!

Bilang pag-agap sa nalalapit na Kapaskuhan, ang Kagawaran ng Kalusugan ay kasalukuyang naghahanda para sa taunang kampanya sa "Oplan Iwas Paputok." Ang kampanya ng taon ay itaguyod ang paggamit ng higit na ligtas at iba pang mapagpipiliang paraan ng pagdiriwang ng Bagong Taon nang walang paputok.

Kaugnay nito, hinihiling namin na ang inyong Kagawaran ay sumuporta at magsagawa ng iba't ibang gawain na makaaagapay sa mga estratehiya ng Oplan Iwas Paputok:

- Pagtataguyod ng iba pang mapagpipilian at higit na ligtas na uri ng kasayahan.
- Pagpapahayag na ang inyong ahensiya ay isang Pook na Ligtas sa Paputok: Ang pagbabawal sa paputok sa lahat ng opisina at kaugnay na mga ahensiya at pagbabawal sa pagbebenta ng mga paputok sa loob ng inyong ahensiya.
- Paglalagay ng poster sa iba't ibang tanggapan ng inyong ahensiya. Pagkakalooban namin ang inyong ahensiya ng prototipong materyales para paramihin at ipamudmod.
- Pagkakabit ng mga *streamer* sa harapan ng gusali ng inyong Kagawaran upang ipakita ang suporta sa programa.

Ang DOH ay makikipag-ugnay sa inyong kinatawan ng TWG, Ms. IMELDA SANTOS ukol sa bagay na ito.

Inaasahan namin ang inyong lubos na suporta sa aming kampanya para sa isang-ligtas-sa pinsalang pagdiriwang ng Kapaskuhan. Maraming salamat.

Matapat na sumasainyo,

(Lgd.)

Kalihim ng Kalusugan

Liham Pagpapahalaga at Pagtatanong  
(Letter of Appreciation and Inquiry)



Republika ng Pilipinas  
Tanggapan ng Pangulo  
**Komisyon sa Wikang Filipino**

15 Marso 2013

**Kgg. Danilo E. Abayon, Ph.D.**  
Pangulo  
Aklan State University  
Banga, Aklan

**Mahal na Pangulong Abayon:**

Sa ngalan ng aming Tagapangulong Komisyoner Virgilio S. Almario na ngayon ay nasa ibang bansa upang dumalo sa mahalagang gampanin, ikinalulugod naming mabatid ang inyong interes sa pagtatatag ng Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino sa Aklan State University.


Bukás po ang KWF sa mahigpit na ugnayan sa mga estadong unibersidad gaya ng ASU, alinsunod sa tadhana ng Batas Republika Blg. 7104; gayunman ay nais muna naming malaman kung ano ang kakayahan ng ASU sa pagpapanatili ng sentro para sa layuning pagpapalaganap ng Filipino at iba pang wikang mulang Panay.

Nasa yugto kami ng pagtatasa ng mga PSWF sa buong bansa, at hangad naming maisaayos ang Sentro ng Wika (na papalit sa PSWF) sa mga rehiyon at lalawigan na hindi lamang makapagbibigay ng taguyod sa naturang mga pook, bagkus makapagpapanumbalik sa prestihiyo at kapangyarihan sa ating mga wika, partikular sa wikang pambansa.

Handa kaming makipagnegosasyon sa inyo, sa tulong ng aming Kom. John E. Barrios na kumakatawan sa wikang Hiligaynon. Mangyari po lamang na tukuyin ninyo ang tao na aming kakausapin tungo sa naturang mithi.

Maaari kayong tumawag sa telepono blg. (02) 733-7260 at hanapin si Kriscell Largo Labor, o mag-fax sa (02) 736-2525 lok. 102 o kaya'y (02) 516-0326, o kaya'y magpadala ng sulatroniko sa [alimbukad@yahoo.com](mailto:alimbukad@yahoo.com).

Sumasaginyo,

  
**ROBERTO T. AÑONUEVO**  
Direktor Heneral

Nabatid:

  
**KOM. LORNA ENDERES-FLORES**  
Officer-in-charge 3/15/13

# 8

## Paraan ng Paghahatid ng Impormasyon at Tagubilin

*(Means of Conveying Information and Instructions)*

### **Mga Komunikasyong Buhat sa mga Nakatataas na Awtoridad**

- Atas/Kautusang Tagapagpaganap
- Proklamasyon/Pagpapahayag
- Kautusang Pangkagawaran
- Memorandum Pangkagawaran
- Memorandum Sirkular
- Patalastas/Kalatas
- Paglilipat/Indoso

### **Iba Pang Uri ng Korespondensiya**

- Mga Korespondensiyang Panloob-Tanggapan
- Memorandum Pantanggapan
- Kahalagahan ng Memorandum at Mensaheng E-mail
- Mga katangian ng Memo/E-mail
- Wastong Pagpo-format ng Memorandum

**MGA KOMUNIKASYONG BUHAT SA MGA NAKATATAAS NA AWTORIDAD**  
(*Communications from Higher Authorities*)

**ATAS/KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP**

(*Executive Order*)

Ang mga ito ay aktang pampangasiwaan at kautusan ng Pangulo hinggil sa organisasyon o pamamaraan ng pagpapakilos ng pamahalaan, ng muling pagsasaayos o muling pag-aakma ng alin mang distrito, dibisyon, bahagi o mga bahagi ng Pilipinas, lahat ng akta o kautusang sumasakop sa pangkalahatang pagpapatupad sa tungkulin ng mga empleado ng bayan, pagpapasiya sa mga isyung may kahalagahang pangkalahatan.

**PROKLAMASYON/PAGPAPAHAYAG**

(*Proclamation*)

Ito ay pagtatakda ng petsa kung kailan magkakabisa ang isang tanging batas, resolusyon, o kautusan, o ano mang impormasyon ng kahalagahang pambayan na itinakda ng batas, resolusyon o kautusang tagapagpaganap; paglalaan ng lupang gobyerno para sa mga layuning pambayan, paglalagay ng isang subdibisyong pangheograpika bilang nasa katayuang pangkagipitan; pagpapahayag ng pagdaraos ng tanging reperendum, pagtawag sa Batasang Bayan para sa tanging pulong, pagpapahayag ng pista opisyal, o pag-uukol ng alin mang linggo para sa mga tanging layuning pambayan, atbp.

**KAUTUSANG PANGKAGAWARAN**

(*Department Order*)

Sa pamamagitan ng komunikasyong ito ay hinihingi ng Kalihim ng Kagawaran sa kaniyang nasasakupang mga tauhan mula sa Direktor ng Kawanihan, Direktor ng Rehiyon, mga Superintendente, mga Pangulo ng Kolehiyo ng Estado at Pribado, mga puno at pinuno ng tanggapan. Hinihingi ng Kalihim na maipaabot ang kautusan sa lahat ng mga kinauukulan sa larangan sa lalong madaling panahon. Kadalasan, ito ay may kalakip (enclosure) na hinihiling din ng kagyat na pagkakabisa.

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN**

(*Department Memorandum*)

Ang Memorandum na ito ay inihahanda ng tanggapan ng Kalihim ng Kagawaran o ng katulad na opisina para sa nasasakupan nitong mga puno, gaya ng direktor ng rehiyon, mga puno/tagapag-ugnay ng tanggapan, superbisor, atbp upang magsagawa ng ano mang gawaing nais ipatupad ng Kalihim na nakatataas na awtoridad na nagpapalabas ng komunikasyon.

**MEMORANDUM SIRKULAR**

(*Memorandum Circular*)

Inihahanda ang Memorandum Sirkular kung mayroong kinakailangang ipatupad na gawain at nahihinggil ito sa mga gawaing pangkalahatan ng kagawaran para sa nasasakupan nitong puno

ng tanggapan at mga kawani, nananatiling permanente at patakarang may-kadahilanan. Ang nilalaman nito ay may-bisa hangga't di napapawalang-saysay at sinusugan.

### **PATALASTAS/NOTIPIKASYON**

*(Notification)*

Ang notipikasyon ay isang kalatas o mensahe ng isang opisyal na nagbibigay-alam sa ahensiya o grupo tungkol sa isang programa, aksiyon o mahalagang gawain ng kaugnay o sariling ahensiya na nangangailangan ng atensiyon at positibong aksiyon ng mga kinauukulan.

### **PAGLILIPAT/PAG-EENDOSO**

*(Endorsement)*

May mga sulat na hindi tuwirang naitutukoy ang tamang pagdadalhan nito dahil hindi doon nagmumula ang kailangang tugon o aksiyon. Mayroon din namang sumusulat na hindi nakatitiyak kung kanino dapat itukoy ang mga pagtatanong o paghingi ng impormasyon. Karaniwan ito sa mga kagawaran. Mayroon ding sulat na bagaman nangangailangan pa itong isangguni o itukoy sa iba. Idinadaan ito sa mga kinauukulan o mayroong prosesong sinusunod bago ang aksiyon. Ang tawag sa pagpapadaan ng mga sulat na ito sa kinauukulan ay paglilipat o endorsement. Maaari din naman na ang aksiyon ay tagubilin, puna, sagot, pansin na idinaragdag sa sulat na inililipat sa kinauukulan.

## **IBA PANG URI NG KORESPONDENSIYA**

*(Other Kinds of Correspondence)*

### **MGA KORESPONDENSIYANG PANLOOB-TANGGAPAN**

*(Inter-Office Correspondence)*

Ang korespondensiyang pantanggapan ay sumasaklaw sa lahat ng nasusulat na komunikasyong nauukol sa mga gawain ng tanggapan na nagdaraan sa kamay ng mga pinuno at kawani. Ang malalaking tanggapan ay may magagaling na sistema ng korespondensiyang panloob. Upang makapagtipid sa maraming bagay, sila ay gumagamit ng mga makabagong pamamaraan gaya ng telepono, telefax, e-mail, atbp. Bagaman higit na pinahahalagahan at pinagkakatiwalaan ang nakasulat lalo na kung ito ay nais gawing sanggunian sa hinaharap. Bukod sa mga nabanggit, ang ano mang bagay na nakasulat ay madaling natutunton kung saan galing, bagay na nakatutulong sa mabisang pagpapalakad ng tanggapan.

### **MEMORANDUM PANTANGGAPAN**

*(Office Memorandum)*

May mga memorandum na ukol sa isa o higit pang bilang ng mga tao. Kung para sa higit sa isang tao ang memorandum, ito ay kinokopya sa ibang papel at nilalagyan ng pangalan ng pinag-uukulan. Madalas namang ang memorandum ay ukol sa lahat ng kawani / o pinuno kaya sa halip na maghanda ng maraming sipi para sa mga kinauukulan, sapat na ang isang sipi nito na inilalakip sa mimiyograp na pangalan ng mga kawani at pinuno. Maraming tanggapan ang lagi nang may mimiyograp o nilimbag na pangalan ng lahat ng kawani para sa ganitong mga layunin.

### **Kahalagahan ng Memorandum at Mensaheng E-Mail**

Ang memorandum at mga mensaheng E-mail ay mabisang paraan ng talastasan sa loob ng isang tanggapan o isang organisasyon. Sa pamamagitan nito ay naipaliliwanag ang mga patakaran, pamamaraan, at alituntuning ipinatutupad dito. Maaaring gamitin ito sa mga patalastas, kahilingan, at pagsubaybay sa mga gawain. Nakatitipid sa oras kung ipinararaan sa memorandum ang pagpapaabot ng impormasyon na hindi na kinakailangan pang tawagin ang mga kinauukulan sa isang pulong. Nakatitiyak din na ang mensahe sa memorandum ay hindi magkakaroon ng iba-ibang uri ng interpretasyon di tulad kung ginawa ang talastasan nang pasalita.

### **Mga Katangian ng Memo at E-Mail**

Ang memorandum at mensaheng E-mail ay may mga katangiang nagkakatulad:

- Nagsisimula ang mga ito sa Kay/Sa, Mula, Petsa, at Paksa.
- Isang paksa lamang ang tinatalakay. Makatutulong ang ganito upang mabigyan ng mabilis na aksiyon ang layon ng paksa. Nagiging madali rin ang pagpapa-file kung isang paksa lamang ang nilalaman nito.
- Di ito pormal na nangangailangan ng bating pambungad at pamitagang pangwakas.
- Di ito maligoy at tiyak ang mensahe.
- Ang petsa ay maaaring ilagay sa itaas, sa gitna o pagkatapos ng paksa.

Karaniwan, ang naghanda o gumawa ng memo ay nag-iinisyal pagkatapos ng kanilang nakalimbag na pangalan. Ang iba naman, sa halip na inisyal, ay lumalagda sa ibabaw ng kanilang pangalan.

### **Wastong Pagpo-format o Pag-aayos ng Memorandum**

- Gumamit ng 1 hanggang 1¼ pulgadang palugit sa magkabilang gilid ng papel.
- Magkaroon ng 1 hanggang 2 pulgadang palugit sa itaas ng papel.
- Makinilyahin sa malalaking titik ang mga pamagat tulad ng KAY/SA, MULA, PETA, at PAKSA.
- Makinilyahin nang walang blangkong pagitan (single-space) ang mga linya sa talata at magkaroon ng dalawang espasyo (double spaces) sa pagitan ng mga talata.



Atas/Kautusang Tagapagpaganap  
(Executive Order)



Malacañan  
TAHANAN NG PANGULO NG PILIPINAS  
Maynila

**ATAS NG PANGULO NG PILIPINAS  
KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BLG. 60**

**NAGPAPAHAYAG NA ANG PAMBANSANG AWIT NG PILIPINAS  
AY DAPAT AWITIN LAMANG SA TITIK NITONG PILIPINO**

SAPAGKAT, ang pagpapaunlad at pagpapalaganap ng Wikang Pambansang Pilipino ay isa sa mga pangarap ng mga bayani ng lahi bukod pa sa ito'y itinatadhana sa Saligang Batas ng ating Republika;

SAPAGKAT, ang ilang pangyayaring nagaganap dito sa ating kapuluan, lalong-lalo na sa ibang bansa bagay sa pag-awit sa wikang banyaga ng ating Pambansang Awit ay lubhang kapansin-pansin at hindi naaayon sa diwa ng ating pagkabansa; at

SAPAGKAT, ang Wikang Pilipino ay isa na sa ating mga wikang pampamahalaan.

DAHIL DITO, ako si DIOSDADO MACAPAGAL, Pangulo ng Republika ng Pilipinas, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas at bilang pagbibigay-buhay sa layunin ng Saligang Batas at ng Batas Komonwelt Blg. 570, ay nagpapahayag at nag-uutos sa pamamagitan nito na ang Pambansang Awit ng Pilipinas ay awitin sa mga titik lamang nito sa Wikang Pilipino sa alin mang pagkakataon, maging dito o sa ibang bansa man.

Inilagda sa Lungsod ng Maynila, ngayong ikalabinsiyam ng Disyembre, sa taon ng Ating Panginoon, labinsiyam na raan at animnapu't tatlo.

(Lgd.)  
**DIOSDADO MACAPAGAL**  
Pangulo ng Pilipinas

Atas ng Pangulo:

(Lgd.)  
**RUFINO G. HECHANOVA**  
Kalihim Tagapagpaganap

Kautusang Tagapagpaganap  
(Executive Order)



MALAKANYANG  
MAYNILA

SA PAMAMAGITAN NG PANGULO NG PILIPINAS

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BLG. 96

NAG-AATAS NG PAGSASA-PILIPINO NG MGA PANGALAN NG LAHAT  
NG EDIPISYO, GUSALI, AT TANGGAPANG PAMPAMAHALAAN

Sa pamamagitan ng mga kapangyarihang kaloob sa akin ng batas, AKO, si FERDINAND E. MARCOS, Pangulo ng Pilipinas, ay nag-aatas ng Pagsasa-Pilipino ng mga pangalan ng lahat ng edipisyo, gusali, at tanggapang pampamahalaan.

Ginawa sa Lungsod ng Maynila, ngayong ika-24 ng Oktubre, sa taon ng Ating Panginoon, labinsiyam na raan at animnapu't pito.

(Lgd.)  
**FERDINAND E. MARCOS**  
Pangulo ng Pilipinas

Atas ng Pangulo:

(Lgd.)  
**RAFAEL M. SALAS**  
Kalihim Tagapagpaganap

Atas Tagapagpaganap  
(Executive Order)



MALACAÑANG  
MAYNILA  
**INILAGDA NG PANGULO NG PILIPINAS**

**ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 335**

**NAG-AATAS SA LAHAT NG KAGAWARAN/KAWANIHAN/ OPISINA/AHENSIYA/  
INSTRUMENTALITI NG PAMAHALAAN NA MAGSAGAWA NG MGA HAKBANG NA  
KAILANGAN PARA SA LAYUNING MAGAMIT ANG FILIPINO SA OPISYAL NA MGA  
TRANSAKSIYON, KOMUNIKASYON, AT KORESPONDENSIYA**

SAPAGKAT, itinadhana ng Konstitusyon ng 1987 na “ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino,” na “samantalang nalilining, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika”; at ukol sa “mga layuning komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at hangga’t walang itinatadhana ang batas, Ingles”; at

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng puspulang paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na mga transaksyon, komunikasyon, at korespondensiya sa mga opisina ng pamahalaan ay lalong mauunawaan at mapapahalagahan ng sambayanang Pilipino ang mga programa, proyekto at mga gawain ng pamahalaan sa buong bansa, at sa gayon ay magsilbing instrumento ng pagkakaisa at kapayapaan para sa pambansang kaunlaran.

DAHIL DITO, AKO SI CORAZON C. AQUINO, Pangulo ng Pilipinas ay nag-aatas sa lahat ng kagawaran/kawanihan/opisina/ahensiya/instrumentaliti ng pamahalaan na magsagawa ng mga sumusunod na hakbang.

1. Magsakatuparan ng mga hakbang para sa paggamit ng Filipino sa lahat ng opisyal na komunikasyon, transaksyon at korespondensiya sa kani-kanilang opisina, maging nasyonal at lokal;
2. Magtalaga ng isa o higit pang tauhan, ayon sa pangangailangan, sa bawat tanggapan upang mangasiwa sa mga komunikasyon at korespondensiya na nasusulat sa Filipino;
3. Isalin sa Filipino ang mga pangalan ng opisina, gusali at edipisyong publiko, at mga karatula ng lahat ng opisina at mga dibisyon nito o instrumentaliti ng mga iyon at, kung nanaisin, ilagay sa ibaba nito sa maliliit na letra ang tekstong Ingles;
4. Isa-Filipino ang “Panunumpa sa Katungkulan” ng lahat ng pinuno at tauhan ng pamahalaan;
5. Gawing bahagi ng programa ng mga pagsasanay ukol sa pagpapaunlad pantauhan ng bawat opisina ang kasanayan sa paggamit ng Filipino sa mga komunikasyon at korespondensiya opisyal.

Upang maisakatuparan ang gayong mga layunin, inaatasan ang Linangan ng mga Wika sa Pilipinas na bumuo at magsagawa ng programa at mga proyekto na sumasaklaw sa:

- 1) kampanyang pang-impormasyon tungkol sa kahalagahan at kabuluhan ng wikang Filipino bilang epektibong instrumento ng pambansang pagkakaisa at pagpapaunlad;
- 2) pagsasalin sa Filipino ng Atas Tagapagpaganap na ito, gayundin ng mga katawagang pampamahalaan upang maging sangguniang babasahin ng lahat ng opisina;
- 3) pagsasanay ng lahat ng pinuno at tauhan ng pamahalaan;
- 4) pagmomonitor ng implementasyon ng Atas na ito at ng pagrereport sa panahon ng progreso ng implementasyon sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas, sa pamamagitan ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Sports; at
- 5) pagsasagawa ng iba pang mga estratehiya para sa puspusang implementasyon ng mga layunin ng Atas na ito.

Kaugnay nito, inaawtorisahan ang Linangan ng mga Wika sa Pilipinas na sangguniin at hingan ng suporta ang lahat ng kagawaran/kawanihan/opisina/ahensiya/instrumentaliti ng pamahalaan, nasyonal at lokal.

Pinawawalang bisa ng Atas Tagapagpaganap na ito ang Atas Tagapagpaganap Blg. 187 na may petsang Agosto 6, 1969.

INILAGDA sa Lungsod ng Maynila, ngayong ika-25 araw ng Agosto sa taon ng Ating Panginoon, labinsiyam na raan at walumpu't walo.

(Lgd.)  
**CORAZON C. AQUINO**  
Pangulo ng Pilipinas

Inilagda ng Pangulo:

(Lgd.)  
**CATALINO MACARAIG, JR.**  
Kalihim Tagapagpaganap

Atas Tagapagpaganap  
(Executive Order)



MALACAÑAN  
MAYNILA  
ATAS NG PANGULO NG PILIPINAS

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BLG. 343

**PINAGTITIBAY ANG "PANUNUMPA NG KATAPATAN SA WATAWAT" BILANG OPISYAL NA PANATA NG KATAPATAN PARA SA LAHAT NG PILIPINO**

**SAPAGKAT**, gugunitain natin, bilang isang bansa, ang ikasandaan taon ng pagpapahayag ng Kalayaan ng Pilipinas sa 12 Hunyo 1998 na ang pagdiriwang ay lalong nagiging makabuluhan sa mga mamamayan kung maayos na mapalulutang ang kanilang pagpapahalaga sa kasaysayan at kabansaan;

**SAPAGKAT**, ang "Panunumpa ng Katapatan sa Watawat" na binuo ng Pambansang Komisyon Para sa Kultura at mga Sining mula sa isang borador na inihanda ng Komisyon sa Wikang Filipino ay isang makapukaw-damdaming panata na matatawag na tunay na atin, nagpapamalas ng diwa ng kabansaan at ng mga pagpapahalagang dapat angkinin ng bawat isang Pilipinong makabayan at nagmamahal sa kalayaan;

**NGAYON, SAMAKATWID, AKO, SI FIDEL V. RAMOS**, Pangulo ng Republika ng Pilipinas, sa bisa ng mga kapangyarihang kaloob sa akin ng batas, ay nagpapatibay at nagsasatatag sa pamamagitan nitong "Panunumpa ng Katapatan sa Watawat" bilang opisyal na panunumpa ng katapatan ng lahat ng mga Pilipino. Inaatasan ko ang lahat at bawat isang mamamayan na maisaulo ang "Panunumpa ng Katapatan sa Watawat," limiin ang mga salita nito at isapuso ang pagtatalaga sa kabansaan na nilalaman ng panata:

Ako ay Pilipino  
Buong katapatang nanunumpa  
Sa watawat ng Pilipinas  
At sa bansang kaniyang sinasagisag  
Na may dangal, katarungan, at kalayaan  
Na pinakikilos ng sambayanang  
Maka-Diyos  
Makakalikasan,  
Makatao, at  
Makabansa.

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

ISINAGAWA sa Lungsod ng Maynila, ngayong ika-12 ng Hunyo sa taon ng Ating Panginoon, Labinsiyam na Raan Siyamnapu't Anim.

(Lgd.)  
**FIDEL V. RAMOS**  
Pangulo

Atas ng Pangulo:

(Lgd.)  
**RUBEN D. TORRES**  
Kalihim Tagapagpaganap

Proklamasyon/Pagpapahayag  
(Proclamation)



MALACAÑAN  
MAYNILA

**SA BISA NG KAPANGYARIHAN NG PANGULO NG PILIPINAS  
PROKLAMASYON BLG. 964**

**IPINAHAYAG NA ANG IKALAWANG ARAW NG ABRIL AT TAON-TAON  
PAGKARAAN NIYON AY ARAW NI FRANCISCO "BALAGTAS" BALTAZAR.**

**SAPAGKAT**, ang ika-209 na kapanganakan ni Francisco "Balagtas" Baltazar na kinikilalang "Prinsipe ng mga Makatang Tagalog" ay sa Abril 2, 1997;

**SAPAGKAT**, sa pamamagitan ng kaniyang obra maestrang *Florante at Laura* at iba pang kahangang-hangang akdang pampanitikan, isa siya sa mga unang bayani na nagkintal ng diwa ng pagkamakabayan sa mga Pilipino;

**SAPAGKAT**, angkop na parangal kay Francisco Baltazar na gunitain siya sa kaniyang kaarawan at magsagawa ng mga pambansang programa at gawain sa karangalan niya;

**DAHIL DITO, AKO, SI FIDEL V. RAMOS**, Pangulo ng Pilipinas sa bisa ng mga kapangyarihang kaloob sa akin ng batas, ay nagpapahayag na ang ikalawang araw ng Abril at taon-taon pagkaraan niyon ay "Araw ni Francisco 'Balagtas' Baltazar."

Sa pamamagitan nito, ang Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Sports at ang Komisyon sa Wikang Filipino ay inaatasang magsagawa ng nararapat na mga gawain at programa sa buong bansa bilang paggunita sa taunang pagdiriwang.

Tinatawagan ko ang lahat ng mga mamamayan at mga residente gayundin ang mga institusyong pribado at publiko na masiglang lumahok at ibigay ang kanilang lubos na pakikiisa sa pagdiriwang na ito.

**BILANG KATUNAYAN**, ako ay lumagda rito at ipinakintal ang tatak ng Republika ng Pilipinas.

Ginawa sa Lungsod ng Maynila, ngayong ika-11 ng Pebrero sa taon ng Ating Panginoon, labinsiyam na raan siyamnapu't pito.

(Lgd.)  
**FIDEL V. RAMOS**

Sa bisa ng kapangyarihan ng Pangulo:

(Lgd.)  
**RUBEN D. TORRES**  
Kalihim Tagapagpaganap

Proklamasyon  
(Proclamation)



MALACAÑANG  
MANILA

ATAS NG PANGULO NG PILIPINAS

**PROKLAMASYON BLG. 1041**

**NAGPAPAHAYAG NG TAUNANG PAGDIRIWANG NG BUWAN  
NG WIKANG PAMBANSA TUWING AGOSTO 1-31**

**SAPAGKAT**, ang pagpapahalaga sa isang katutubong wikang pambansa ay pinatutunayan ng pagkakaroon ng kaukulang probisyon sa Saligang Batas ng 1898, 1973, at 1987;

**SAPAGKAT**, ang isang katutubong wikang panlahat ay mahalagang kasangkapan sa komunikasyon, unawaan, kaisahan, at kaunlaran ng bansa;

**SAPAGKAT**, ang katutubong wikang nagsisilbing batayan ng nililintang, pinapaunlad at pinagyayaman pang wikang pambansang Filipino ayon sa itinatakda ng Saligang Batas ng 1987, ay gumanap ng mahalagang tungkulin sa Himagsikan ng 1896 tungo sa pagkakamit ng Kasarinlan na ang ika-100 taon ay kasalukuyang ipinagdiriwang at ginugunita ng sambayanang Filipino;

**SAPAGKAT**, ang dating Pangulong Manuel Luis Quezon, ang itinuturing na Ama ng Wikang Pambansa, ay isinilang noong Agosto 19, 1878;

**DAHIL DITO, AKO, SI FIDEL V. RAMOS**, Pangulo ng Republika ng Pilipinas, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng batas, ay nagpapahayag ng taunang pagdiriwang tuwing Agosto 1-31 bilang Buwan ng Wikang Pambansa, sa pangunguna ng mga pinuno at kawani sa sektor ng pamahalaan, mga pinuno at guro sa sektor ng edukasyon, mga kinatawan ng pakikipag-ugnayang pangmadla, mga pinuno at miyembro ng iba't ibang organisasyong pangwika, pang-edukasyon, pangkultura at sibiko, at mga organisasyong di-pampamahalaan.

**BILANG KATUNAYAN**, lumagda ako rito at ipinakintal ang tatak ng Republika ng Pilipinas.

**GINAWA** sa Lungsod ng Maynila, ngayong ika-15 ng Hulyo, sa taon ng Ating Panginoon, labinsiyam na raan at siyamnapu't pito.

(Lgd.)  
**FIDEL V. RAMOS**

Akda ng Pangulo:

(Lgd.)  
**Ruben D. Torres**  
Kalihim Tagapagpaganap

Proklamasyon  
(Proclamation)



**PROKLAMASYON NG PANGULO**  
**Proklamasyon ng Pangulo**  
**ng Pilipinas**  
**Bilang 104**

**PAGDEDEKLARA KAY**  
**GINANG HONORATA "ATANG" DE LA RAMA**  
**BILANG ARTISTA NG BAYAN**

YAMANG ang Saligambatas ay nagtatadhanang ang Estado ay magtataguyod ng sining at literatura.

YAMANG ang kategorya na kilalang Artista ng Bayan ay nilikha sa ilalim ng Proklamasyon Blg. 1001, may petsang Abril 27, 1972, at mula noon, labingwalong artista na ang naiprolama, bawat isa sa kanila'y makalikha ng isang kalipunan ng mga obrang nagpapalawig sa yamang pangkultura ng Pilipinas;

YAMANG ang gayong dakilang likhang-sining ay nararapat kilanlin at parangalan ng ating Pamahalaan bilang pagsunod sa patakarang pangangalaga at paglilinang ng kulturang Pilipino at ng pambansang identidad; at

YAMANG ang sining at dakilang tagumpay ni Ginang Honorata "Atang" dela Rama sa teatro at musika ay nagpapakita ng gayong napakataas na kahusayan at ng pambansang henyong nagpapaunlad sa yamang-sining ng Pilipinas at ng daigdig;

NGAYON SAMAKATWID, AKO, SI CORAZON C. AQUINO, Pangulo ng Pilipinas, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng batas, at sa rekomendasyon ng Lupon ng mga Tagapangalaga, ng Pangasiwaan at Lupong Sangguniang Pansining ng Cultural Center of the Philippines, at ng Pampanguluhang Komisyon sa Kultura at Sining, at pagsunod sa Proklamasyon Blg. 1001, ay akin ngayong idinideklara si Ginang Honorata "Atang" de la Rama bilang Artista ng Bayan.

BILANG PATUNAY NITO, nilagdaan ko ito at pinatatakan ng sagisag ng Republika ng Pilipinas.

Ginawa sa Lungsod ng Maynila, ngayong ikawalo ng Mayo sa taon ng Ating Panginoon, labinsiyam na raan at walumpu't pito.

Pinatutunayan:

(Lgd.)  
JOKER P. ARROYO  
Kalihim Tagapagpaganap

(Lgd.)  
CORAZON C. AQUINO



Proklamasyon  
(Proclamation)



## PAMBANSANG MUSEO

### PROKLAMASYON

#### PAGPAPAHAYAG SA ORGANONG KAWAYAN NG LAS PIÑAS BILANG PAMBANSANG KAYAMANANG KULTURAL

**SAPAGKAT,** patakaran ng pamahalaan na pangalagaan at bantayan ang mahahalagang pag-aaring kultural at ang Pambansang Kayamanang Kultural ng bansa at ipagsanggalang ang kanilang intrinsikong kahalagahan;

**SAPAGKAT,** ang Pambansang Museo ng Pilipinas ay itinalaga bilang ahensiya ng pamahalaan na magpapatupad sa mga probisyon ng Atas ng Pangulo 374, sinusugan ang ilang seksiyon ng Batas Republika Blg. 4846, na tinagurian bilang “Ang Batas sa Preserbasyon at Pangangalaga ng Pag-aaring Kultural”;

**SAPAGKAT,** sa Seksiyon 3 ng sinusugang Batas Republika, kasama sa kategoryang pag-aaring kultural ng mga gawang komersiyal at sining industriyal.;

**SAPAGKAT,** ang mga bagay pansimbahan ay likha ng mga panrelihiyong paniniwala kung kaya’t kabilang sa kategorya ng kultura;

**SAPAGKAT,** ang Pambansang Kayamanang Kultural ay nangangahulugan bilang isang pambihirang bagay na lokal na nagtataglay ng katangi-tanging kahalagahang historikal, kultural, artistiko, at / o siyentipiko na makahulugan at mahalaga sa bayan at bansang ito;

**SAPAGKAT,** ang Organong Kawayan ng Las Piñas ay ang bukod-tanging tinaguriang pinakamatanda at pinakamalaking organong kawayan na nananatili sa mundo ngayon na may pambihira at kakaibang tunog kompara sa iba pang organong tipano;

**SAPAGKAT,** ang kawayang ginagamit para sa organo ay kinikilalang Bambusa sp. (Gramineae) at katutubo sa Batangas at iba pang mga lugar sa Luzon;

**SAPAGKAT,** ang transpormasyon ng lokal na kawayan sa organong tipano ay isang mahalagang katalisador sa pagbuo ng mga gawaing pangmusika sa Pilipinas na maaaring iugnay sa mga Pilipino sa kapatagan sa panahon na ang optimismo at pag-asa ay naghahari sa kabuuang lupain ng Pilipinas, i.e. bilang kasabay sa pagbabago sa ekonomiyang politikal mula ika-19 na siglo;

**SAPAGKAT,** ang organo ay ginawa sa lakas-ng-loob ng Recollect na paring siyentista-humanista na si Padre Diego de Cera de Virgen dela Carmen noong 1816 sa malaking tulong ng mga ordinaryong Pilipino, mula noon ang organo ay nanatili para sa pagsasama-sama ng henyong teknolohiko at estetikong pagkamalikhain sa musika, na ang banyagang teknolohiya ay iniangkop para sa lokal na gamit sa musika.

SAPAGKAT, a ng Organong Kawayan ng Las Piñas ay nagpapagunita ng katapangang-loob ng mga Pilipino sa gawain—ang tapang na iyon ay hindi mananatili kung wala ang materyal — ang kawayang Pilipino — na nananatiling isang pambihirang presensiya sa ating lupain;

**NGAYON SAMAKATWID, ang Pambansang Museo ng Pilipinas** sa bisa ng kapangyarihang ibinigay dito ng Atas ng Pangulo Blg. 374 na may petsang ika-10 ng Enero, 1974, sa pamamagitan nito ay ipinahahayag ang ORGANONG KAWAYAN NG LAS PIÑAS na nasa Parokya ng Saint Joseph, Padre Diego Cera Avenue, Barangay Poblacion, Lungsod ng Las Piñas bilang PAMBANSANG KAYAMANANG KULTURAL.

Isinagawa sa Lungsod ng Maynila ngayong Nobyembre 24, 2003.

(Lgd.)  
CORAZON S. ALVINA  
Direktor IV

PINATUTUNAYAN  
NG LUPONG TAGAPANGASIWA NG PAMBANSANG MUSEO

(Lgd.)  
Kgg. ANTONIO O. COJUANGCO  
Tagapangulo

(Lgd.)  
Kgg. Fr. BIENVENIDO F. NEBRES  
Miyembro

(Lgd.)  
Kgg. MARINELA K. FABELLA  
Miyembro

(Lgd.)  
Kgg. RAMON DEL ROSARIO, JR.  
Miyembro

(Lgd.)  
Kgg. ELIZABETH E. ZOBEL  
Miyembro

(Lgd.)  
Kgg. EDILBERTO C. DE JESUS  
Miyembro

(Lgd.)  
Kgg. EVELYN B. PANTIG  
Miyembro

(Lgd.)  
Kgg. Fr. GABRIEL S. CASAL  
Miyembro

(Lgd.)  
Kgg. JOSE L. AYALA  
Miyembro

(Lgd.)  
Kgg. Rep. EDMUNDO O. REYES, JR.  
Miyembro

(Lgd.)  
Kgg. Sen. FRANCISCO N. PANGILINAN  
Miyembro

Kautusang Pangkagawaran  
(Department Order)

Republika ng Pilipinas  
Kagawaran ng Edukasyon  
KAWANIHAN NG MGA PAARALANG BAYAN  
Maynila

Mayo 26, 1956

**KAUTUSANG PANGKAGAWARAN**  
**Blg. 5, s. 1956**

**BINAGONG BERSIYON SA WIKANG PILIPINO  
NG PAMBANSANG AWIT NG PILIPINAS**

Upang maisagawa ang pangwakas na rebisyon ng bersiyon sa Wikang Pilipino ng Pambansang Awit ng Pilipinas na naaayon sa kawastuang panlingguwistika at kaakmaang pangmusika, isang komite ang binuo na ang Patnugot ng Surian ng Wikang Pambansa ang tagapangulo, at ang mga kinatawan mula sa Kagawaran ng Edukasyon, Kawanihan ng mga Paaralang Bayan, Kawanihan ng mga Pribadong Paaralan, Unibersidad ng Pilipinas, mga samahang pampanitikan at ng Banda ng Philippine Constabulary bilang mga kagawad. Ang sumusunod na bersiyon na pinamagatang "Lupang Hinirang," ay pinagtibay sa huli.

Bayang Magiliw  
Perlas ng Silanganan  
Alab ng puso  
Sa dibdib mo'y buhay.

Lupang hinirang  
Duyan ka ng magiting  
Sa manlulupig  
Di ka pasisiil.

Sa dagat at bundok  
Sa simoy at sa langit mong bughaw  
May dilag ang tula  
At awit sa paglayang minamahal.

Ang kislap ng watawat mo'y  
Tagumpay na nagniningning  
Ang bituin at araw niya  
Kailan pa ma'y di magdidilim.

Lupa ng araw, ng luwalhati't pagsinta  
Buhay ay langit sa piling mo  
Aming ligaya na pag may mang-aapi  
Ang mamatay nang dahil sa iyo.

Inaasahang gagamitin ang bersiyong ito sa lahat ng publiko at pribadong paaralan sa Pilipinas.

(Lgd.)  
**GREGORIO HERNANDEZ, JR.**  
Kalihim



Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Edukasyon**

28 MAYO 2013

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN  
Blg. **89**, s. 2013

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2013**

SA MGA: Direktor ng Kawanihan  
Direktor ng mga Rehiyon  
Tagapamanihala ng mga Paaralan  
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing Agosto 1-31 alinsunod sa itinakdang pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Wika Natin ang Daang Matuwid*.
2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
  - a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
  - b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
  - c. maganyak ang mamamayang Pilipino na pahalagahan ang Wikang Filipino sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.
3. Hinati sa mga sumusunod na diwa ang pangkahalatang tema ng pagdiriwang:
  - Ang Wika Natin ay Wika ng Katarungan at Kapayapaan;
  - Ang Wika Natin ay Laban sa Katiwalian;
  - Ang Wika Natin ay Sandata Laban sa Kahirapan;
  - Ang Wika Natin ay Wika ng Mabilisan, Inklusibo, at Sustenidong Kaunlaran; at
  - Ang Wika Natin ay Wika sa Pangangalaga ng Kaligiran
4. Ang mga nabanggit na sub-tema ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuini at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito inayos sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpapalano ng programa.
5. Malugod na hinihikayat ng Tanggapang ito ang suporta at pakikilahok ng mga kinauukulan sa mga gawain at programa kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

(Lgd.)  
BRO. ARMIN A. LUISTRO, FSC

Memorandum Pangkagawaran  
(Department Memorandum)

Republika ng Pilipinas  
(Republic of the Philippines)  
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS  
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)  
Maynila

Hulyo 4, 1988

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN  
Blg. 140, s. 1988

PAGTITIPON AT PAGSASALIN SA FILIPINO NG MGA LITERATURANG BERNAKULAR

SA: Mga Direktor Panrehiyon  
Mga Superintendente ng mga Paaralan  
Mga Superbisor sa Filipino

1. Kaugnay ng itinatakda ng Konstitusyon ng 1987 na ang Filipino, bilang wikang nasyonal at opisyal, ay "dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika," ang Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (Institute of Philippine Languages) ay patuloy na nagtitipon at nagsasalin sa Filipino ng mga piling literatura sa iba't ibang bernakular o wika ng bansa upang maging karagdagang kagamitang panturo sa mga paaralan sa lahat ng lebel.
2. Dahil dito, isang komprehensibong sarbey ang isinasagawa ng LWP (IPL) sa lahat ng rehiyon at mga etnolingguwistikong pook ng bansa sa layuning lalong maging sistematiko at mabisa ang pamimili ng mga mauuring literaturang bernakular. Kalakip nito ang talatanungan (questionnaire) para sa sarbey na hinihiling ng LWP na masagutan ng mga panrehiyon/pansangay na superbisor sa Filipino at ipabalik sa kanila sa loob ng makatwirang panahon. Ang resulta ng nasabing sarbey ay magsisilbing batayan ng pagtitipon, pamimili, at pagsasalin sa Filipino ng mga nabanggit na literaturang bernakular.
3. Sa pagsasakaturan ng proyektong ito, bukod sa mga panrehiyon/pansangay na superbisor sa Filipino, kakailanganin din ang tulong ng sinumang kinauukulang pampaaralang pinuno at guro. At sapagkat ang tungkuling ito'y karagdagang gawain para sa mga guro at pinunong pampaaralan, ang LWP ay handang magkaloob sa mga kinauukulan ng nararapat na insentibo na kagaya ng sertipiko o gawad ng pagkilala, atbp.
4. Inaasahang ang lahat ng kinauukulang pinunong pampaaralan at mga guro ay magsasagawa ng nararapat na hakbang bilang mga kabalikat sa pambansang layuning ito para sa wika, kultura, at edukasyon.

(Lgd.)  
LOURDES R. QUISUMBING  
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad.

Sanggunian:

W a l a

Pamumudmod: 1-2-(.O. 1-87)

Ilagay sa Palagiang Talatuntunan

Sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

LANGUAGE RESEARCH or STUDIES

OFFICIALS SURVEY

TEACHERS



Republika ng Pilipinas  
(Republic of the Philippines)  
**KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL**  
(DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT)  
Francisco Gold Condominium II  
EDSA corner Mapagmahal Street, Diliman, Lungsod Quezon  
Tel. No. 925-0361 Fax No. 925-0347

Hunyo 19, 1997

**MEMORANDUM SIRKULAR BLG. 97-153**

PAKSA : **PAGSASANAY SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO BILANG MIDYUM NG OPISYAL NA KOMUNIKASYON AT KORESPONDENSIYA**

SA : MGA DIREKTOR PANREHIYON  
MGA GOBERNADOR NG LALAWIGAN  
MGA ALKALDE NG PAMAHALAANG LUNGSOD/BAYAN  
MGA PINUNO NG BARANGAY

1. Dahil sa itinatadhana ng Seksiyon 7, Art. XIV ng ating Saligang Batas ng 1987 na "Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at hangga't walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles," ang Komisyon sa Wikang Filipino (Commission on the Filipino Language), 1610 J.P. Laurel Street, Watson Building, San Miguel, Manila, ay magsasagawa ng pagsasanay para sa mga pinuno at kawani ng mga pamahalaang lokal bukod pa sa mga tanggapan ng mga pamahalaang nasyonal. Ang seminar na ito ay idaraos sa lahat ng rehiyon ng bansa.
2. Dahil dito ay hinihiling sa lahat ng mga direktor panrehiyon, gobernador panlalawigan, mga alkalde ng pamahalaang lokal na magpadala ng mga kinatawang may tuwirang pangangailangan sa paggamit ng Filipino sa mga opisyal na komunikasyon at korespondensiya sa seminar o pasanayang isinasagawa ng Komisyon sa Wikang Filipino alinsunod sa iskedyul na kanilang itatakda para sa inyong rehiyon, lalawigan, bayan, o barangay.
3. Ang pagdalo ng mga kinatawan ay sa opisyal na oras at ang gastos para sa transportasyon, pagkain at handouts ay manggagaling sa pondo ng rehiyon, sangay, o tanggapan na sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.
4. Mahigpit na hinihiling sa mga kinauukulang pinuno at tauhan ang kanilang pagsunod at kooperasyon para sa implementasyon ng memorandum na ito.

(Lgd.)  
**ROBERT Z. BARBERS**  
Kalihim



Republika ng Pilipinas  
KOMISYON SA REGULASYONG PAMPROPESYONAL  
Maynila

Agosto 4, 2004

**MEMORANDUM SIRKULAR BLG. 14**

PARA SA : LAHAT NG PANGULO AT DEKANO NG MGA  
PAARALAN, KOLEHIYO AT MGA PAMANTASAN

LAHAT NG PINUNO AT KAWANI SA  
SENTRAL AT REHIYONAL NA MGA TANGGAPAN

PAKSA : HINDI PAGTANGGAP SA MGA EEKSAMIN  
NA DUMARATING NANG HULÍ SA ORAS NG MGA  
EKSAMINASYONG PAMPROPESYONAL

Ang Komisyon ay nagpalabas ng Resolusyon Blg. 2004-211, serye ng 2004, may petsang Mayo 12, 2004, kalakip dito ang kopya, na nagtatadhana ng mga panuntunan sa hindi pagtanggap sa mga eeksamin na dumarating nang hulí sa oras ng eksaminasyon. Ang nasabing Resolusyon ay nalathala sa *Official Gazette* noong Hulyo 5, 2004 at ang petsa ng pagkakabisa ay sa Hulyo 21, 2004.

Mangyaring malawakang ipabatid ang nasabing resolusyon para sa impormasyon at panuntunan ng lahat ng mga eeksamin.

Para sa mahigpit na implementasyon ng Sangay ng Eksaminasyon at lahat ng Rehiyonal na Tanggapan.

(Lgd.)  
**ANTONIETA FORTUNA-IBE**  
Tagapangulo

O-CH/O-LIC  
AFI/ATE



Republika ng Pilipinas  
(Republic of the Philippines)  
**KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL**  
(DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT)  
Francisco Gold Condominium II EDSA cor. Mapagmahal Street  
Diliman, Lungsod Quezon

Pebrero 7, 2002

MEMORANDUM SIRKULAR  
BLG. 2002-23

**SA : MGA PUNONG LALAWIGAN, PUNONG LUNGSOD, PUNONG BAYAN, PUNONG BARANGAY, AT PATNUGOT PANREHIYON NG DILG AT SA IBA PANG KINAUUKULAN**

**PAKSA : PAGSASANAY SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO BILANG MIDYUM NG OPISYAL NA KOMUNIKASYON AT KORESPONDENSIYA (EXECUTIVE ORDER NO. 335 s. 1998)**

1. Dahil sa itinatadhana ng Sek. 7, Art. XIV ng ating Saligang Batas na "Ukol sa mga layunin at komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino, at hangga't walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles," ang Komisyon sa Wikang Filipino (Commission on the Filipino Language), 1610 J.P. Laurel Street, Watson Building, San Miguel, Manila, ay magsasagawa ng pagsasanay para sa mga pinuno at kawani ng mga pamahalaang lokal, bukod sa mga tanggapanang pambansa, na gaganapin sa lahat ng rehiyon ng bansa.
2. Dahil dito, at ayon sa kahilingan ng nasabing Komisyon, ay hinihiling sa lahat ng kinauukulan na magpadala ng mga kinatawang may tuwirang pangangailangan sa paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na komunikasyon at korespondensiya sa pagsasanay na isasagawa ng Komisyon sa Wikang Filipino alinsunod sa iskedyul o talatakdaan na kanilang itinakda para sa inyong rehiyon, lalawigan, lungsod, bayan, o barangay.
3. Ang mga gastusin para sa paglalakbay, pagkain at mga handouts ay manggagaling sa pondo ng rehiyon, sangay, o tanggapan na sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.
4. Mahigpit na hinihiling sa mga kinauukulan ang karampatang pagsunod at pakikiisa para sa implementasyon ng memorandum na ito.

(Lgd.)  
**JOSE D. LINA, JR.**  
Kalihim

Pinatunayan:

(Lgd.)  
**ATTY. AGRIPINO G. MORGA**  
Head Executive Assistant & OIC, OUSA





Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman**  
Visayas Avenue, Diliman, Lungsod Quezon, 1100  
Tel. No. (632) 929-66-26 hgg. 29 \* (632) 929-62-52  
929-66-20 \* 929-66-33 hgg. 35; 929-70-41 hgg. 43

Nobyembre 24, 1999

MEMORANDUM SIRKULAR  
Blg. 99—26

SA : Lahat ng Pangalawang Kalihim, Kawaksing Kalihim,  
Direktor ng mga Kawanihan, Panrehiyong Direktor, Direktor Panserbisyo,  
at mga Puno ng mga Tanggapan at Ahensiyang Kaugnay

PAKSA: PAGTATAKDA NG MGA BAGONG PATNUBAY AT MANWAL  
NG MGA PAMAMARAAN SA PAGPAPATUPAD NG DAO Blg. 99-36

Dahil sa pagpapalabas ng Atas Administratibo Blg. 99-36 ng DENR tungkol sa: Nirebisang mga Tuntunin at Regulasyong Sumasaklaw sa Administrasyon, Pangangasiwa, Pagpapaunlad, at Paggamit ng mga Lupang Pangkagubatan na Gamit sa mga Layuning Pagpapastol ng mga Hayop, ang manwal ng pamamaraan para sa pagpapatupad ng DAO 99-36 sa pamamagitan nito ay ipinahahayag para sa patnubay ng lahat ng kinauukulan.

Para sa mahigpit na pagtupad.

(Lgd.)  
**ANTONIO H. CERILLES**  
Kalihim

Republika ng Pilipinas  
KAGAWARAN NG PAMAHALAANG PAMPOOK  
AT PAGPAPAUNLAD NG PAMAYANAN  
Lungsod Quezon

MEMORANDUM SIRKULAR BLG. 77-69

SA : LAHAT NG PUNONG PANLALAWIGAN, MGA PUNONG-BAYAN  
SA LUNGSOD AT BAYAN NG REHIYON IV-A

PAKSA: "Seminar at Pasanayan sa Korespondensiya Opisyal Pilipino"

Bilang pag-alinsunod sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob ng tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas na may petsang Oktubre 22, 1974, ang Surian ng Wikang Pambansa, Kagawaran ng Edukasyon at Kultura, ay magsasagawa ng Seminar-Pasanayan sa Korespondensiya Opisyal sa Wikang Pilipino sa lahat ng pinuno at kawani ng pamahalaan sa Rehiyon IV-A.

Ang Seminar-Pagsasanay ay isasagawa sa mga lungsod at bayang nasasakupan ng Rehiyon IV-A, maliban sa mga bayang saklaw na ng Metro Manila, sa ilalim ng pamamahala at pamamatnugot ng mga kinauukulang mga alkalde.

Bilang pagsaalang-alang sa mga layunin ng nabanggit na serye ng mga seminar at bilang pagsaalang-alang pa rin na ang nabanggit ay alinsunod sa mga ipinalabas ng tanggapan ng Pangulo, ang lahat ng kinauukulan, sa pamamagitan nito, ay tinatagubilinang tumulong at makiisa sa pagtaguyod ng nasabing proyekto ng Surian.

Para sa inyong kaalaman at patnubay.

(Lgd.)  
JOSE A. ROÑO  
Kalihim

Setyembre 22, 1972



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA**  
 Malacañang, Maynila

SULAT SIRKULAR

No. 2004-10

Hunyo 8, 2004

PARA SA : Lahat ng Puno ng Kagawaran/Ahensiya/Pamantasan at Dalubhasaan ng Pamahalaan, Iba Pang Tanggapan ng Pamahalaang Nasyonal / Lokal na mga Yunit ng Pamahalaan at Lahat ng Kinauukulan

PAKSA : **Mga Di-Bayad na Premium ng Seguro sa GSIS**

### 1.0 Layunin:

Ang Sirkular na ito ang nagbibigay-linaw sa mga bagay na sumusunod:

- 1.1 Mga premium ng seguro na dapat bayaran sa Paseguruhan ng mga Naglilingkod sa Pamahalaan (Government Service Insurance System o GSIS); at sa
- 1.2 Mga kakulangan sa pagbabayad ng premium simula Hulyo 1997 hanggang Disyembre 1998 dahil sa pagtaas ng rates i.e., mula 9.5 porsiyento hanggang 12 porsiyento alinsunod sa Bagong Batas ng GSIS R.A. No. 8291.

### 2.0 Hinggil sa Aytem 1.1

Bago ang 1997, ang Kagawaran ng Badyet at Pamamahala (Department of Budget and Management o DBM) ang siyang nagpapadala sa GSIS ng bahagi ng employer sa mga premium ng seguro ng Mga Pambansang Ahensiya ng Pamahalaan (National Government Agencies o NGAs). Gayundin, binabawas ng DBM mula sa Internal Revenue Allotment (IRA) ng mga Lokal na Yunit ng Pamahalaan (Local Government Units o LGUs.) Simula sa 1997, gayunman, ipinadadala ng DBM sa mga ahensiya ang halagang kinakailangan upang pantayan ang bahagi ng mga employer sa mga premium ng seguro ng mga kawani ng pamahalaan. Mula ngayon, responsibilidad na ng mga ahensiya ang pagpapadala sa GSIS ng bahagi ng mga employer sa mga premium ng seguro ng mga kawani ng pamahalaan.

Kaugnay ng mga premium na dapat ibayad sa GSIS na sumasaklaw sa 1997 at mga naunang taon, isang Memorandum ng Kasunduan ang pinirmahan ng DBM, GSIS, at ng

Kawanihan ng Tesorerya na nagpapaliwanag sa pamamaraang dapat isagawa upang mabayaran iyon. Batay sa mga naging kasunduan, ang di-naipadadalang mga premium na dapat ibayad ng DBM sa GSIS ay umaabot sa P6,464,146,431.63 sa ganitong mga detalye:

NGAs	
Life at Retiro	P2,699,483,567.00
Kompensasyon sa mga Kawani	248,963,384.00
LGUs	3,515,699,480.63
<b>KABUUAN</b>	<b>P 6,464,146,431.63</b>
	=====

### 3.0 Hinggil sa Aytem 1. 2

- 3.1 Ang mga kabayaran sa premium mula Hulyo 1997 hanggang Disyembre 1998 ay nagkaroon ng kakulangan sanhi ng pagtaas ng hulog mula 9.5% hanggang 12% ayon sa bagong Batas ng GSIS, R.A. No. 8291. Ang nasabing pagtaas ng premium ay di nakatakda sa taunang badyet ng Pamahalaang Pambansa mula 1997 hanggang 1998 sa dahilang ang pagtaas ng halaga ng premium ay nagsimula sa kalagitnaan ng 1997 nang ang badyet ng 1997 ay ipinatutupad at ang badyet ng 1998 ay naisumite na ng Ehekutibo sa Kongreso.
- 3.2 Isang sulat-sirkular (Blg. 2004 5, may petsang Marso 5, 2004) ang inilabas at nag-aatas sa mga ahensiya na kumpirmahin ang halagang ipinakikita ng GSIS bilang aktuwal na kahalagahan sa mga bayad na premium na bunga ng pagtaas ng halaga ng premium na sumasaklaw sa mga taong 1997—1998.
- 3.3 Pagkatapos matiyak ang kabuuang halaga na dapat ilaan sa nasabing kakulangan, kailangang isumite sa Kongreso ang kinakailangang halaga para gawing batas ang kinakailangang badyet.
- 4.0 Sa ngayon, ang DBM at ang GSIS ay nagkasundo na ayusin ang anumang pagkakaiba-iba na maaaring nagbuhat sa mga ulat-kumpirmasyon ng mga ahensiya, batay sa sulat-sirkular 2004—5.
- 5.0 Gayunman, ang hindi pagbabayad ng nabanggit na di-naipadalang premium ay hindi dapat magamit ng GSIS bilang basehan upang pigilin ang pag-utang ng mga miyembro ng GSIS at hindi rin dapat maapektuhan ang salapi sa retiro na bayarin ng GSIS.

(Lgd.)  
**EMILIA T. BONCODIN**  
 Kalihim

Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG PAGSASAKA**  
Tanggapan ng Kalihim  
Elliptical Road, Diliman, Lungsod Quezon

14 Oktubre 2004

**MEMORANDUM**

SA : LAHAT NG DIREKTOR NG RFU AT KAWANIHAN,  
AT MGA PUNO NG AHENSIYANG KORPORASYONG KAUGNAY

PAKSA : PAGDIRIWANG NG BUWAN NG KAMALAYAN SA PALAY

---

Upang patibayin ang pagdiriwang ng Pilipinas ng Pandaigdig na Taon ng Palay (IYR) 2004, ang Kagalang-galang na Pangulo Gloria Macapagal-Arroyo noong Pebrero ng taong kasalukuyan ay nagpalabas ng Proklamasyon Blg. 524 na nagpapahayag, kabilang ang iba pang bagay, na ang Nobyembre ay Buwan ng Kamalayan sa Palay. Sinasabi sa Proklamasyon na ang Kagawaran ng Pagsasaka ay magpanukala ng mga pambansang programa, at paalalahanan ang ibang ahensiya ng pamahalaan, organisasyong di-pampamahalaan at iba pang namumuhunan (stakeholders) sa industriya ng bigas na mag-ambag tungo sa isang makabuluhang pagdiriwang ng IYR 2004.

Hinggil dito kayo ay inaatasang aktibong lumahok sa kampanyang pangkamalayan sa pamamagitan ng paghahanda at pagkakabit ng mga *streamer* sa mga estratehikong pook sa inyo-inyong tanggapan para sa buong buwan ng Nobyembre.

Para sa pagkakapare-pareho sa estilo at nilalaman, pakitingnan ang nakalakip na halimbawang disenyo.

Para sa inyong nararapat na aksiyon.

(Lgd.)  
**ARTHUR C. YAP**  
Kalihim



Republic of the Philippines  
OFFICE OF THE PRESIDENT  
**COMMISSION ON HIGHER EDUCATION**

**KALATAS MULA SA TAGAPANGULO**

**PARA SA : LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON, LAHAT NG PRESIDENTE/TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD**

**PAKSA : PAMBANSANG KONGRESO SA WIKA 2013**

**PETSA : Ika-6 ng Mayo taong 2013**

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng Republic Act (R.A.) No. 7722 na kilala rin bilang "*Higher Education Act of 1994*" at ng Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, serye ng 2007, malugod na hinihikayat ng Tanggapang ito ang suporta at partisipasyon ng mga kinaukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Ang pagdiriwang ngayong taon ay may layunin na mailahad ang kasalukuyang sitwasyong pangwika sa bansa at matalakay ang kalagayang pangwika sa edukasyon ng lipunang Filipino sa buong bansa.

Para sa karagdagang detalye, listahan ng mga panukalang aktibidad at/o iba pang katanungan patungkol sa pagdiriwang na ito maaari kayong makipag-ugnayan sa Sangay ng Impormasyon at Publikasyon ng Komisyon sa Wikang Filipino sa mga telepono bilang (02) 736-2519, 736-0315 at 736-2521.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

**PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.**



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**  
 DepEd Complex, Meralco Avenue, Lungsod ng Pasig



**Tanggapan ng Pangalawang Kalihim**

Telefax: 633-72-05Direkta : 633-72-59  
 Trunk: 632-13-61 to 71 lokal 2071  
 E-Mail: jlmgascom@deped.gov.ph.  
 Website: http: www.deped.gov.ph.

MEMORANDUM

SA : LAHAT NG DIREKTOR PANREHIYON,  
 SUPERINTENDENTE NG MGA PAARALAN AT SANGAY  
 PANLUNGSOD

MULA KAY : JOSE LUIS MARTIN C. GASCON, ESQ.  
 Pangalawang Kalihim para sa mga Gawaing Pambatas  
 at Ugnayang Lehislatibo

PAKSA : MGA TAGUBILIN NG COMELEC PARA SA PAMBANSA AT  
 LOKAL NA ELEKSIYON SA MAYO 10, 2004

PETSA : 19 ABRIL 2004

1. Kalakip ang isang kopya ng Resolusyon Blg. 6667 na may petsang 17 Marso 2004 ng Komisyon sa Eleksiyon (COMELEC) na pinamagatang: "**PANGKALAHATANG MGA TAGUBILIN PARA SA LUPON NG MGA INSPEKTOR SA ELEKSIYON PARA SA PAGBOTO AT PAGBILANG NG MGA BOTO KAUGNAY NG PAMBANSA at LOKAL NA ELEKSIYON SA MAYO 10, 2004,**" para sa kaalaman at gabay ng lahat ng kinauukulang mga kawani ng DepEd na kasangkot sa darating na eleksiyon. Ang "Pangkalahatang Tagubiling" ito ang dapat na gamitin bilang sanggunian ng mga guro sa mga pagsasanay na may kaugnayan sa eleksiyon.

2. Ang agaran at malawakang diseminasyon ng memorandum na ito ay iniaatas.

(Lgd.)  
**JOSE LUIS MARTIN C. GASCON, ESQ.**



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Lungsod ng Pasig



Tanggapan ng Pangalawang Kalihim

Direkta: 633-7208/7228  
Fax: 648-4876  
Email: osec@deped.gov.ph

Abril 12, 2004

MEMORANDUM

SA : Mga Direktor Panrehiyon  
Mga Direktor ng Kawanihan/Serbisyo/Sentro  
Mga Superintendente ng Sangay Pampaaralan  
Lahat ng Kinauukulan

Alinsunod sa Memorandum ng DepEd Blg. 53, s. 2004, magkakaroon ng tatlong araw na live-in na Pambansang Kumperensiya ng mga Pinuno ng Pamamahalang Pantauhan o Human Resource Management Officers (HRMOs) ng DepEd sa Mayo 19—21, 2004 sa Teachers Camp, Lungsod ng Baguio.

Kaugnay nito, ang sinumang interesadong kalahok ay hinihiling na sagutan ang kalakip na pormularyo ng paunang pagpapatala na isusumite sa Sangay Pantauhan ng Punong Tagapagpaganap ng DepEd bilang kumpirmasyon sa o bago dumating ang Abril 30, 2004. Ang butaw sa rehistrasyon na nagkakahalaga ng Tatlong Libo at Limandaang Piso (P3, 500.00) ay mailalakip na ibabayad sa DepEd OSEC Trust.

Para sa iba pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay kay Gng. Edith G. Morales sa mga telepono bilang 633-9345 o 633-6682 o kay Ms. Concepcion Delgado sa 633-7233.

Mangyaring tumalima ayon sa nakasaad.

(Lgd.)  
RAMON C. BACANI  
Pangalawang Kalihim





Republika ng Pilipinas  
KAGAWARAN NG EDUKASYON  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Lungsod ng Pasig



### **Tanggapan ng Kalihim**

Abril 13, 2004

#### MEMORANDUM

PARA SA: Mga Direktor Panrehiyon  
Mga Superintendenteng Pansangay ng mga Paaralan

May mga nakarating na ulat sa Punong Tanggapan na sa ilang sangay, may mga Superintendenteng nagtatalaga ng mga Nanunungkulang Puno na wala sa hanay ng talaan ng kuwalipikadong kandidato sa bakanteng Head Teacher o iba pang posisyon ng mga puno ng paaralan. Lumilitaw na ang posisyon ay hinahayaang bakante hanggang maging kuwalipikado ang "pinapaborang" kawani na hindi kuwalipikado sa posisyon. Ang ganitong kalakaran ay maaaring humantong sa pagkademoralisado ng mga kuwalipikadong kandidato at pagpapahina sa programang pagpapaunlad pampropesyonal sapagkat, mababakas ang paboritismo o ang pag-abuso sa diskrisyon.

Dahil sa ganitong mga ulat, ang mga Superintendenteng Pansangay ay pinapayuhang tigilan ang pagtatalaga ng mga OIC sa mga posisyon kapag mayroon nang kuwalipikadong kandidato na kasama sa hanay ng mga kuwalipikado, alinsunod sa kriterya na itinakda sa kautusan ng DepEd Blg. 85, s. 2003. Ito ay upang matiyak ang mahigpit na pagtalima sa prinsipyo ng merito, kakayahan, kahandaan at pagkakapantay-pantay sa pamimili at paghirang ng mga opisyal at kawani ng kagawaran.

Mangyaring magabayan kayo nang nararapat.

**(Lgd.) EDILBERTO C. DE JESUS**  
Kalihim



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Lungsod ng Pasig



Tanggapan ng Kalihim

Direct Line: 633-7208/ 7228  
Fax: 636-4876  
DEText: 0919-4560027  
E-mail: osec@deped.gov.ph.  
Website: <http://www.deped.gov.ph>.

Abril 02, 2004

MEMORANDUM SA

**Mga Direktor Panrehiyon  
Superintendente ng mga Paaralang  
Pansangay/Panlungsod**

**Mga Rehiyon II, IV-A, VI, VII  
VIII, X, XI, CAR, CARAGA, at NCR**

**ADDENDUM SA WALANG BILANG NA MEMORANDUM NA MAY PAMAGAT  
NA "PROGRAMA SA PAGSASANAY SA ORGANISASYON, ADMINISTRASYON AT  
SUPERBISYON SA ESPEYAL NA EDUKASYON 2004 (OAS-SPED)"**

Ang gastusin sa paglalakbay ng mga kalahok papunta at pabalik sa venue sa unang term ng Summer 2004 at huling term ng ikalawang Semestre ng SY 2004—2005 ay sasagutin ng Kawanihan ng Edukasyong Elementarya at ng Ikatlong Proyekto sa Edukasyong Elementarya (TEEP).

Hangad ang agaran at malawakang diseminasyon ng Memorandum na ito.

(Lgd.)  
**EDILBERTO C. DE JESUS**  
Kalihim



Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Kalusugan**  
**TANGGAPAN NG KALIHIM**

Gusali 1, San Lazaro Compound, Rizal Avenue, Sta. Cruz, Maynila 1003  
Tel No. 473-8301 lok. 1125, 1332, Fax (632) 743-1829, 743-1786  
Direkta: 711-9502, 711-9503  
osec@doh.gov.ph

12 Marso 2004

ATAS ADMINISTRATIBO  
Blg. 141, s. 2004

**PAKSA:** Patnubay sa pagpapairal ng obligadong limang (5) araw na sapilitang bakasyon

Itinatadhana ng Tuntunin XVI, Seksiyon 25 ng Batas at mga Tuntunin ng Serbisyo Sibil na "lahat ng pinuno at kawani na may sampung (10) araw o mahigit pang bakasyon (vacation leave credits) ay kailangang magbakasyon maaaring tuloy-tuloy o paputol-putol para sa minimum na limang araw na may pasok bawat taon." Ang tadhanaang ito ay binuo ayon sa sumusunod na mga kondisyon:

- (a) Ang puno ng ahensiya ay, sa paunang konsultasyon sa mga empleado, maghahanda ng isang salit-salitang iskedul ng obligadong limang-araw na bakasyon sa taon-taon ng mga pinuno at kawani, sa pasubaling maaari niyang, sa pangangailangan sa paglilingkod, kanselahin ang anumang nauunang nakatakdang bakasyon.
- (b) Ang obligadong taunang limang-araw na bakasyon ay maiilit/mababalewala kapag hindi ginamit sa taong kalendaryo. Gayunman, sa mga kasong ang mga nakatakdang bakasyon ay kinansela ng puno ng ahensiya dahil sa pangangailangan ng paglilingkod, ang nakatakdang bakasyon na hindi pinakinabangan ay hindi na babawasan sa kabuuang naipong bakasyon.
- (c) Ang pagreretiro o pagbibitiw sa serbisyo sa isang partikular na taon na hindi tinapos ang taong kalendaryo ay hindi gumagarantiya sa pag-ilit/pagbawi ng katugong bakasyon kung ang mga kinauukulang empleado ay piniling hindi pakinabangan ang hinihinging limang-araw na obligadong bakasyon.
- (d) Yaong may naipong bakasyon na kulang sa sampung (10) araw ay may opsiyon na magbakasyon nang sapilitan o hindi. Gayunman, ang mga pinuno at empleadong may naipong bakasyon ng labinlimang (15) araw na nakinabang sa monetization para sa 10 araw sa ilalim ng Seksiyon 22 dito, ay kinakailangan pa ring magbakasyon nang sapilitan.

Upang maipatupad nang epektibo ang mga tadhana nang hindi matitigil ang operasyon ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH), lahat ng Direktor, Puno ng mga Pagamutan at iba pang puno ng mga tanggapan sa ilalim ng DOH ay titiyak ng;

1. paghahanda ng iskedyul ng 5-araw na sapilitan/obligadong bakasyon para sa lahat ng empleado ng kani-kanilang Pinunong Pampangasiwaan/itinalagang tauhan;
2. pagsusumite ng iskedyul na ito sa kani-kanilang Seksiyon/Sangay Pantauhan sa Abril 13 ng taong ito. Gayunman, para sa susunod na mga taon ang pagsusumite ng nakatakdang 5-araw na sapilitan/obligadong bakasyon ay 15 araw bago matapos ang taon;
3. paghaharap ng aplikasyon para sa sapilitang bakasyon ng mga empleado na laging ibabatay sa iskedyul na ito;
4. paghaharap ng aplikasyon sa sapilitang bakasyon na ihaharap nang maaga o kailanman maaari, limang (5) araw bago ang simula ng petsa ng bakasyon;
5. pagkansela ng puno ng tanggapan sa mga nakatakdang bakasyon dahil sa pangangailangan ng serbisyo;
6. di pagkansela sa mga sapilitang bakasyong nakatakda para sa buwan ng Disyembre;
7. pagpapatalastas sa loob ng dalawang (2) linggo sa mga Seksiyon/Dibisyong Pantauhan sa mga kaso ng inaprobahang pagkansela, pagkatapos ng ninanais na takdang bakasyon. Ang pagkabigong isagawa ito ay ipapalagay ng Seksiyon/Dibisyong Pantauhan ang paggamit ng empleado ng nakatakdang bakasyon;
8. pagkansela ng nakatakdang sapilitang bakasyon na papayagan lamang hanggang tatlong (3) beses;

Ang iba pang pahayag na hindi umaalinsunod dito ay pinawawalang bisa sa pamamagitan nito.

Ang Atas na ito ay kagyat na magkakabisa.

(Lgd.)  
MANUEL M. DAYRIT, MD, MSc.  
Kalihim ng Kalusugan

Republika ng Pilipinas  
 (Republic of the Philippines)  
 LALAWIGAN NG LAGUNA  
 (PROVINCE OF LAGUNA)  
 Munisipyo ng Sta. Cruz  
 (Municipality of Sta. Cruz)  
 TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN  
 (OFFICE OF THE GOVERNOR)

Marso 1, 1978

**MEMORANDUM**

Blg. 20, s. 1978

PAKSA: PAGDARAOS NG SEMINAR AT PASANAYAN SA  
 KORESPONDENSIYA OPISYAL SA WIKANG PILIPINO

SA : MGA PUNONG BAYAN  
 Lalawigan ng Laguna

MULA SA: TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Malugod kong ibinabalita sa inyo na ang Surian ng Wikang Pambansa at Pamahalaang Panlalawigan ng Lalawigan ng Laguna ay magdaraos ng Seminar at Pasanayan sa Korespondensiya Opisyal sa Wikang Pilipino, sa bisa ng Memorandum Sirkular Blg. 77-69 ng Kgg. Kalihim ng DLGCD, sa mga petsa at bayan ng nakatala sa ilalim:

<u>Petsa</u>	<u>Pagdarausang Bayan</u>	<u>Mga Bayang Kalahok</u>
Abril 17–21, 1978	Los Baños, Laguna	Unang Purok
Abril 24–28, 1978	Sta. Cruz, Laguna	Ikalawang Purok
Mayo 1–5, 1978	Magdalena, Laguna	Ikatlong Purok

Kalakip dito ang sulat para sa inyo ni Direktor Ponciano B.P. Pineda ng Surian ng Wikang Pambansa na ipinaraan sa tanggapanang ito, na nakikiusap ng lubusang pakikiisa at pagtulong ninyo sa nasabing pagsasanay.

Sapagkat ang nasabing seminar ay lubhang kailangan ng mga tagapagpatupad ng mga gawaing pantanggapan laluna yaong mga namamahala ng korespondensiya at mga kasulatan, bukod sa ito’y makapagpapalaganap ng wikang Pilipino, kung kaya’t hinihiling ko na padaluhin ninyo ang mga kinatawan ng iba’t ibang tanggapan sa inyong nasasakupan sa pagsasanay na ito.

Mangyaring ipadala ang listahan ng dadalo ninyong mga kawani bago sumapit ang itinakdang seminar.

**PASEGURAHAN NG MGA NAGLILINGKOD SA PAMAHALAAN**

Oktubre 5, 2004

MEMORANDUM

SA : Direktor

MULA SA : Manedyer  
Kagawaran ng Pagpapalano at Pangasiwaan sa mga Yamang Tao,  
Paseguruhan ng mga Naglilingkod sa Pamahalaan

PAKSA : Pagsusumite ng Kontrata sa Serbisyo ng Konsultant Bilang Pag-alinsunod  
sa CSC MC No. 17 1 at 24, s. 2002

---

Bilang pag-alinsunod sa CSC Memo Circular No. 17, na sinusugan ng M.C. No. 24, s. 2002, isinumite namin para repasuhin ninyo ang dito ay nakalakip na Kontrata sa Serbisyo ng Konsultant, sina G. LEOPOLDO VEROY at HUGO GUTIERREZ.

(Lgd.)  
GENOVEVA C. ESCOLAR

Kalakip: Gaya ng nasasaad.



Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman**  
 Visayas Avenue, Diliman, Lungsod Quezon  
 Tel. No. (632) 929-66-26 hgg. 29 • (632) 929-62-52  
 929-66-20 • 929-66-33 hgg. 35  
 929-70-41 hgg. 43

## MEMORANDUM

SA : PANREHIYONG DIREKTOR TAGAPAGPAGANAP  
 DENR-Rehiyon IX  
 Lungsod ng Zamboanga

MULA SA : PANGALAWANG KALIHIM PARA SA FIELD OPERATIONS

PAKSA : MOA NG MAGKATUWANG NA PAMAMAHALA  
 NG DENR-LGU (DOC. NO. 0000085)

PETSA : 04 Agosto 2004

Ipinababatid namin ang pagkatanggap ng binabanggit na paksa sa itaas—ang MOA ng Kagawaran at ng LGU-Zamboanga del Norte at ZDN Water District. Ito ay patunay na ang multisektoral na pagtutulungan ay susi sa tuloy-tuloy na pangangasiwa ng ating likas ng yaman. Pinahahalagahan namin ang inyong puspusing pagsisikap na maisakatuparan ang layuning ito sa pamamagitan ng gawaing ito. Dahil dito, hinihikayat namin kayo na inyong ipagpatuloy ang higit pang gawaing nagtataguyod ng patakaran at mga gawaing ekstensiyon sa mga pook na saklaw ng inyong pinamamahalaan upang maipalaganap ang iba't ibang programa ng DENR, at maitatag ang mas malawak na saligan ng magkatuwang na pamamahala ng ating likas na yaman.

(Lgd.)

**RENATO A. DE RUEDA**

## KAGAWARAN NG KAPALIGIRAN AT LIKAS NA YAMAN

### MEMORANDUM MULA SA KALIHIM

SA : Panrehiyong Direktor Tagapagpaganap  
Pambansang Punong Rehiyon (NCR)

PAKSA : Pag-aaral sa Praktikalidad ng Pasilidad ng Pagtatapon ng Solidong  
Basura sa Malayo sa Baybayin para sa Metro Manila

PETSA :

---

Kalakip ang liham ng Pangalawang Kalihim Manuel B. Gaito na may petsang 24 Hulyo 2000 tungkol sa paksa sa itaas para sa inyong kaalaman at sanggunian.

Kaugnay roon, sa pamamagitan nito'y itinatalaga kayo para opisyal na katawanin ang Kagawaran sa Komite kasama ng iba't ibang kinatawan sa Flagship Committee, MMDA, PEA, at Misyong MITI.

Nakapagdaos na ng dalawang pulong ang mga kinauukulang ahensiya. Kung kailangan ninyo ang higit pang impormasyon, mangyaring tawagan ang opisina ng Komite sa Panguluhan sa mga Pangunahing Programa at Proyekto.

Para sa inyong patnubay.

(Lgd.)  
**ANTONIO H. CERILLES**

Kalakip: Gaya ng nasasaad.





## ANG PAMBANSANG AKLATAN

P.O. Box 2926  
T.M. Kalaw, Ermita 1000

Tel. No. (632)525-3196; (632)525-1748  
Fax (632)524-2329

Tanggapan ng Direktor

### MEMORANDUM ORDER BLG. 59

SA : Lahat ng Permanenteng Kawani ng Tanggapang ito

MULA KAY : PRUDENCIA C. CRUZ (Lgd.)  
Direktor

PETSA : Agosto 2, 2004

=====

Sa kapakanan ng paglilingkod, kayo ay inaatasang sumailalim sa taunang eksaminasyong medikal na nakatakda sa Klinika ng Malakanyang (Pakitingnan ang kalakip na talatakdaan).

Alalahanin lamang na para sa ganap na kawastuan ng resulta ng eksaminasyon ng kemistri ng dugo, kayo ay pinapayuhang **huwag kumain o uminom ng anuman mga walong (8) oras** bago ang nakatakdang eksaminasyon. Maaari ninyong kunin ang lalagyan ng ispesimen para sa inyong urinalysis sa ating nars.

Bukod dito, kayo ay inaatasang sundin ang naaalinsunod sa talatakdaan para maiwasan ang pag-aaksaya ng mga reagent at iba pang mga kagamitang pangmedikal.

Mangyaring tumuloy sa klinika ni Dr. Zenaida Fulgencio sa Silid 204 para sa unang bahagi ng eksaminasyon.

Para sa lubos na pagtalima.



Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman**  
Visayas Avenue, Diliman, Lungsod Quezon  
Tel. No. (632) 920-4301 • (632) 929-0691 hgg. 93  
924-2540 • 928-8592 • 929-6626 lok. 2012 – 2014. 2135  
Website: <http://www.denr.gov.ph> / Email: [web@denr.gov.ph](mailto:web@denr.gov.ph)

MEMORANDUM

SA : ADMINISTRADOR

MULA SA : Nanunungkulang Pinuno (OIC)  
DENR

PAKSA : Kahilingan sa Kopyang Digitized ng Satellite Image  
ng Ika-4 na Distrito ng Isabela at Rehiyon II

PETSA : Hulyo 21, 2004

Itinutukoy namin, para sa nararapat na aksiyon, ang kalakip na liham ni Kinatawan Anthony C. Miranda ng Ika-4 na Distrito ng Isabela, na humihiling ng kopyang digitized ng satellite image ng Ika-4 na Distrito ng Isabela at ng Rehiyon II, kung mayroon, gayundin ng tulong teknikal sa pag-iinstala ng software ng kompyuter na gagamitin sa images. Mangyaring ideretso ang sagot kay Kinatawan Miranda tungkol sa bagay na ito, bigyang-sipi ang Opisang ito.

(Lgd.)  
**MANUEL D. GEROCHI**  
OIC, DENR

Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman**  
Visayas Avenue, Diliman, Lungsod Quezon  
Tel. No. (632) 920-4301 • (632) 929-0691 hgg. 93  
924-2540 • 928-8592 • 929-6626 lok. 2012 – 2014. 2135  
Website: <http://www.denr.gov.ph> / Email: [web@denr.gov.ph](mailto:web@denr.gov.ph)

**MEMORANDUM MULA SA OIC, DENR**

SA : **Administrador  
NAMRIA**

PAKSA : Liham mula kay Kapitan Roland S. Recomono ng Hukbong Dagat ng Pilipinas na humihiling na makapagsagawa ng pananaliksik

PETSA : Hulyo 13, 2004

Kaugnay ito ng kalakip na liham mula kay Kapitan Roland S. Recomono, Katuwang na Puno ng Naval Staff for Plans, N5 ng Hukbong Dagat ng Pilipinas na humihiling ng pahintulot na makapagsagawa ng pananaliksik/pagtitipon ng mga datos na gagamitin sa pagbuo ng estratehiyang pandagat.

Mangyaring ipagkaloob ang mga posibleng tulong. Makipag-ugnay sa opisina ni Kapitan Recomono sa telepono bilang 523-4801 o sa kaniyang email address: [oss@navy.mil.ph](mailto:oss@navy.mil.ph).

(Lgd.)

**DEMETRIO L. IGNACIO**

cc: Kapt. Roland Recomono  
2335 Roxas Boulevard, Maynila

Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman**  
Visayas Avenue, Diliman, Lungsod Quezon  
Tel. No. (632) 929-66-26 hgg. 29 • (632) 929-62-52  
929-70-41 hgg. 43

MEMORANDUM  
UMTS Blg. 07 – 216

PARA SA : PANREHIYONG DIREKTOR TAGAPAGPAGANAP  
DENR-CAR

MULA SA : PANGALAWANG KALIHIM  
Pamamahala at mga Serbisyong Teknikal

PAKSA : TULONG SA NAULILANG PAMILYA NG KAHERO I  
RODEL FILARCA

PETSA : 28 Hunyo 2004

Kaugnay ng nangyaring holdap na nagresulta sa kamatayan ng Kahero I **Rodel Filarca** ng CENRO Lagangilang, mangyaring tiyakin na ang mga benepisyo ng MOWEL (atFOSLA, kung nararapat) gayundin ang benepisyo sa libing at bakasyon sa trabaho ay kagyat na maipagkaloob sa naulilang pamilya. Isang ulat sa insidente at sa pagkawala ng salapi para sa payroll ang kailangang maisumite kaagad sa COA para sa kabatiran nito at nararapat na aksiyon.

Mangyaring ipaalam sa amin ang inyong mga kaugnay na aksiyon.

Pakikidalamhati sa pamilya.

(Lgd.)  
**ROLANDO L. METIN**

cc. Ang Kalihim



Republika ng Pilipinas  
KOMISYON SA LALONG MATAAS NA EDUKASYON

MEMORANDUM PARA SA KAGALANG-GALANG NA PANGULO

SA PAMAMAGITAN NG : KALIHIM TAGAPAGPAGANAP

MULA SA : NANUNUNGKULANG PUNO  
TANGGAPAN NG PUNONG KOMISYONER,  
CHED

PAKSA : KAHILINGAN PARA SA PAGLALAKBAY SA  
IBANG BANSA

PETSA : 17 Mayo 2004

Alinsunod sa Seksiyon 8 ng Atas Tagapagpaganap Blg. 248 na may petsang Mayo 29, 1995 at sinusugan ng Atas Tagapagpaganap Blg. 298 (E.O. 298) na may petsang Marso 23, 2004, hinihiling po ang pahintulot para sa paglalakbay sa ibang bansa ni Dr. VIRGINIA P. RESURRECCION, upang makilahok sa Education Forum for Asia-Beijing Conference 2004 sa Agosto 22-26, 2004.

Lahat ng kaniyang gastusin kaugnay ng kaniyang paglalakbay kasama ang pre-travel allowance na P1,500.00 at sahod habang siya ay nasa ibang bansa ay manggagaling sa pondo ng CHED. Siya ay may karapatang malibre sa buwis ng paglalakbay batay sa Atas Tagapagpaganap 283, Seksiyon 1 (h).

PARA PO SA INYONG PAGPAPATIBAY:

(Lgd.)

**MANUEL D. PUNZAL, Ph. D.**



Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman**  
Visayas Avenue, Diliman, Lungsod Quezon  
Tel. No. (632) 920-4301 • (632) 929-0691 hgg. 93  
924-2540 • 928-8592 • 929-6626 lok. 2012 – 2014. 2135  
Website: <http://www.denr.gov.ph> / Email: [web@denr.gov.ph](mailto:web@denr.gov.ph)

MEMORANDUM MULA SA NANUNUNGKULANG PINUNO, DENR

SA : **Direktor**  
Kawanihang ng Protektadong Lugar at Buhay-ilang

PAKSA : KAHILINGAN NG KAWANIHAN NG PANGISDAAN AT YAMANG-DAGAT (BFAR) NA GAMITIN ANG ISANG BAHAGI NG NINOY PARKS ANG WILDLIFE AT ANG GAZEBO RECEPTION HALL PARA SA PALATUNTUNAN SA ARAW NG PANGISDAAN SA MAYO 19, 2004 MULA IKA-5:30 N.U. HANGGANG IKA-6:00 N.H.

PETSA : Mayo 11, 2004

Tungkol ito sa liham ni Direktor Malcolm I. Sarmiento ng Kawanihan ng Pangisdaan at Yamang Tubig, na humihiling na magamit ang isang bahagi ng Ninoy Parks and Wildlife at ang Gazebo Reception Hall para sa palatuntunan sa Araw ng Pangisdaan sa Mayo 19, 2004 mula ika-5:30 ng umaga hanggang ika-6:00 ng hapon.

Sa pamamagitan nito, kayo ay inaatasang tulungan sila sa panahon ng nasabing petsa.

(Lgd.)

**ROLANDO L. METIN**

cc: Direktor Malcolm I. Sarmiento  
Kawanihan ng Pangisdaan at Yamang Tubig  
860 Quezon Avenue, Lungsod Quezon



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**  
**SERBISYONG PAMPANGASIWAAN**  
DepEd Complex, Meralco Avenue  
Lungsod ng Pasig, Pilipinas

Serbisyong Pampangasiwaan  
Dibisyon ng Serbisyong Panlahat

Marso 5, 2004

MEMORANDUM

PARA KAY : USEC Juan Miguel M. Luz  
Pangalawang Kalihim  
Pananalapi at Pangasiwaan

MULA KAY : Nanette R. Mamoransing, Records Officer V  
Puno, Dibisyon ng Sinupan  
Serbisyong Pampangasiwaan  
Nanunungkulang Puno

PAKSA : Pagpapaayos ng Toshiba 1370 Model Xerox Copier Machine

Ang kapahintulutan ay hinihiling po sa pamamagitan nito para sa pangkagipitang pagpapaayos ng Toshiba 1370 Model Xerox Copier Machine ng Yunit ng Radio Operation, Dibisyon ng Serbisyong Panlahat, sa Modern Systems & Equipment Corporation (tanging distributor ng Toshiba machines).

Kalakip nito ang kanilang quotation-presyo sa nabanggit na pagpapaayos para sa inyong reperensiya.

Ang aktuwal na presyo ng pagpapaayos ay P29,773.00.

Para po sa inyong pagpapatibay, Sir.

(Lgd.)  
**NANETTE R. MAMORANSING**

Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**  
**SERBISYONG PAMPANGASIWAAN**  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Lungsod ng Pasig

---

Tanggapan ng Puno ng Seksiyon  
Klinikang Medikal, GSD

Direkta: 6337214
Trunk: 6321361
Lokal: 2030/2304

Pebrero 5, 2004

**MEMORANDUM**

PARA KAY : **JUAN MIGUEL LUZ**  
Pangalawang Kalihim Para  
Pananalapi at Pangasiwaan

SA PAMAMAGITAN NI : **MAXIMO C. ALJIBE, CESO IV**  
Direktor III  
Serbisyong Pampangasiwaan

MULA KAY : **MA. ADORACION GONZALES-MANANGHAYA, M.D.**  
Puno, Opisyal Medikal IV

PAKSA : Pahintulot sa pagbili ng iba't ibang gamot

---

Ang pahintulot ay hinihiling po sa pamamagitan nito para sa pagbili ng iba't ibang gamot upang magamit sa Klinikang Medikal.

Pauna ang taos-pusong pasasalamat para sa suportang inyong ipinagkakaloob para sa kapakanan ng ating mga kasamahang kawani.

(Lgd.)  
Dr. MANANGHAYA

Tantiyang Halaga – P398,075.00  
(Kalakip ang Kahilingang P.O.)



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN ng KAPALIGIRAN at LIKAS na YAMAN**  
Visayas Avenue, Diliman, Lungsod Quezon  
Tel. No. (632) 920-4301 • (632) 929-0691 hgg. 93  
924-2540 • 928-8592 • 929-6626 lok. 2012 – 2014. 2135

MEMORANDUM

KAY : OIC PENRO EMRICH BORJA  
DENR-Rehiyon IV CALABARZON  
PENRO Los Baños, Laguna

MULA SA : Tanggapan ng Kalihim

PAKSA : LIHAM-HANGARIN PARA SA PUWESTO NG PENRO

PETSA : Pebrero 28, 2003

---

Ito po ay pagbibigay-alam ng pagkatanggap namin ng inyong memorandum na nagpapahiwatig ng inyong intensiyong madestino bilang PENRO sa Lalawigang Quezon o sa Lalawigan ng Laguna.

Ipinababatid namin na nabuo na ang pamantayan sa pamimili ng Regional Technical Directors at ang trabaho / destino ng mga Panlalawigang Pinuno ng Kapaligiran at Likas ng Yaman (Provincial Environment and Natural Resources Officers) at ng mga Pangkomunidad na Pinuno ng Kapaligiran at Likas na Yaman (Community Environment and Natural Resources Officers). Ang nabuong komite ay magsisimula sa ebalwasyon ng mga umaasang aplikante sa Marso 1, 2003. Ang inyong liham ay ipadadala namin sa puno ng Komite sa Ebalwasyon at asahan ninyo na ipaaalam sa inyo ang anumang development sa bagay na ito.

Para sa Kalihim:

(Lgd.)

**MARILYN Q. LANDICHO**

OIC, Kawaksing Punong Tagapagpaganap

**KAGAWARAN NG KAPALIGARAN AT LIKAS NA YAMAN**

Visayas Avenue, Diliman, Lungsod Quezon

**MEMORANDUM**

SA : Panrehiyong Tagapagpaganap  
DENR Rehiyon 8, Lungsod ng Tacloban

MULA : Tanggapan ng Kalihim

PAKSA : KAHILINGANG PAHINTULOT NA PUNAN ANG MGA BAKANTENG  
POSISYON

PETSA : 31 Enero 2003

---

Ito ay kaugnay ng inyong memorandum na may petsang 20 Enero 2003 tungkol sa paksang nasa itaas. Batay sa pagsusuri, ipinagbibigay-alam sa inyo na inaprobahan ng Kalihim ang inyong kahilingan na punan lamang ang sumusunod na mga bakanteng posisyon.

<b>Posisyon</b>	<b>Aytem Bilang</b>	<b>SG</b>
Supervising Forest Management Specialist	SVFRMS 36-1998	22
Senior Environment Management Specialist	SRENMS 136-2000	18
Forest Management Specialist II	FMS2-18-1998	15
Land Management Officer III	LAMOS3-51-1998	18

Ang pagpupuno sa lahat ng iba pang bakanteng posisyon ay nananatiling nakabimbin hangga't walang patalastas mula sa Kalihim.

Para sa inyong kabatiran at patnubay.

(Lgd.)

**ROLANDO L. METIN**

**Republika ng Pilipinas  
KAGAWARAN NG PAGSASAKA  
Tanggapan ng Kalihim  
Daang Eliptikal, Diliman, Lungsod Quezon**

29 Nobyembre 1999

MEMORANDUM PARA SA PANGULO

MULA SA : KALIHIM NG PAGSASAKA

PAKSA : ULAT AT PAGTATASA SA MGA NAGAWA NG  
KAGAWARAN NG PAGSASAKA SA PAGTATAPOS  
NG TAONG 1999

---

Ikinagagalak naming isumite ang Ulat at Pagtatasa ng mga Nagawa ng Kagawaran ng Pagsasaka sa Pagtatapos ng taong 1999.

Para sa inyong kaalaman.

(Lgd.)  
CESAR M. DRILON, JR.  
Pangalawang Kalihim at Nanunungkulang Puno



**SENADO NG PILIPINAS**  
Lungsod ng Pasay

Oktubre 7, 2004

PAGPAPAYO

- PARA SA : Mga Hepe ng Staff/ Mga Puno ng Tanggapan / Lahat ng Kinauukulan
- MULA SA : Direktor III, HRMS
- PAKSA : **Ang Opinyon 183, s. 2004 ng KSS (CSC) hinggil sa karapatan sa mga kredito sa pagliban ng mga retiradong naextend ang serbisyo at ng mga koterminus/lalo na ang mga empleadong nakatalaga sa kumpidensiyal na tanggapan.**

Ang Komisyon sa Serbisyo Sibil ay nagpalabas ng Opinyon CSC 183, s. 2004 na naglilinaw sa isyu tungkol sa pagbibigay-karapatan sa mga kredito sa pagliban at pagsasaalang-alang sa serbisyong pampamahalaan ng mga retiradong naextend ang serbisyo at sa mga posisyong koterminus / karaniwa'y mga kumpidensiyal (koterminus / hindi permanente).

Mahalagang isyung nililinaw sa nasabing opinyon ay ang susog sa Seksiyon 42 ng mga Tuntuning Omnibus hinggil sa Pagliban ng Resolusyong CSC Blg. 04-0229 na may petsang Marso 5, 2004 na nagkaloob sa empleadong naextend ang serbisyo at sa mga posisyong koterminus / karaniwa'y mga kumpidensiyal ng labinlimang (15) araw na bakasyon at labinlimang (15) araw na pagliban at pagkakasakit sa bawat taon. Gayunman, ang mga iyon ay **non-commutative**, hindi yon maiko-convert sa kaukulang halagang salapi, at **non-cumulative**, hindi maililipat sa susunod na taon ang di-nagamit na mga kredito sa pagliban sa loob ng taong saklaw.

Bukod pa rito, ang mga serbisyo ng mga empleadong naextend ang serbisyo at ng mga empleadong koterminus/hindi pirmihan ay hindi maituturing na paglilingkod sa pamahalaan.

Para sa inyong kaalaman at patnubay.

(Lgd.)  
**RODRIGO NOEL A. GONZALES**

Nabatid:

Arnell Jose S. Banas  
Depyuting Kalihim para sa Serbisyong  
Administratibo at Pinansiyal



Republika ng Pilipinas  
**PAMBANSANG PANGASIWAAN SA KABUHAYAN AT PAGPAPAUNLAD**

NEDA sa Pasig, Amber Avenue, Lungsod ng Pasig  
 Cable Address; NEDAPHIL P.O. Box 419 Greenhills  
 Tel. No. 631-09-45 hgg. 64. <http://www.nedad.gov.ph>

ATAS PANTANGGAPAN BLG. 01-99  
 4 Hunyo 199

PAKSA: **PAGTATALAGA SA MGA TAGAPAG-UGNAY  
 NG IMPORMASYONG TEKNOLOHIKO SA PIS**

1. Upang makatiyak ng isang sistemang IT na lubos na makagaganap at nasasapanahon sa loob ng PIS (Public Investment Staff o Lupon sa Pamumuhunang Pampubliko), ang sumusunod sa pamamagitan nito ay itinatagang mga tagapag-ugnay na pansangay ng PIS IT:

OD	-	Angelito dela Rosa (Tagapag-ugnay sa Hardware)
OD	-	Florufina Pelismino
ICC	-	Nazario Villanueva III
IPD	-	Elizabeth Ignacio
Prog Fin I	-	Maricon Popanes
Prog Fin II	-	Ma. Luisa Magbojos
Prog Fin II	-	Broderick Garcia (Pangkalahatang Tagapag-ugnay ng PIS IT)

2. Ang mga pangkalahatang responsibilidad ng IT ay gaya ng sumusunod:

Pangkalahatang Tagapag-ugnay ng PIS IT:

- maghanda at pakilusin ang implementasyon ng plano ng gawain para sa mga tagapag-ugnay ng PIS IT
- katawanin ang PIS sa malawakang gawain ng IT sa NEDA. Ang tagapag-ugnay ng PIS IT ay maaaring magtalaga mula sa iba pang tagapag-ugnay ng isang kinatawan sa mga tiyak na aktibidad o pangangailangan sa pasubaling ang mga ulat at rekomendasyong inihain sa pangasiwaan ng PIS at manggagaling sa tagapag-ugnay ng staff
- magbigay ng impormasyon sa pangasiwaan ng PIS sa pamimili ng mga nominado ng PIS sa mga pagsasanay pang-IT
- magkaroon ng regular na pulong ang mga tagapag-ugnay ng IT sa balitaan/palitan ng impormasyon

- tayahin sa pana-panahon ang kinakailangan ng PIS para sa pagpapaunlad ng IT at magrekomenda, na may pagsangguni sa Tagapag-ugnay sa Hardware, ng mga kailangan sa pagpapabuti sa pangasiwaang PIS

Tagapag-ugnay sa Hardware ng PIS

- panatilihin ang isang updated na imbentaryo ng kagamitan ng IT
- tiyakin ang nasa panahong pagkumpuni ng mga depektibong kagamitan
- mamili ng mga kinakailangang kagamitan ng staff

Pansangay na Tagapag-ugnay ng PIS IT:

- imonitor ang lahat ng suliraning pang-IT ng sangay, hal., ang problema sa mga kompyuter at iba pang kagamitan, software viruses, atbp, at iulat ang mga ito sa Pangkalahatang Tagapag-ugnay ng PIS IT
- i-report sa Tagapag-ugnay sa Hardware ang lahat ng di-gumaganang kompyuter at iba pang kagamitan para makumpuni
- tumulong sa implementasyon ng planong pang-IT ng PIS

Bilang espesyal na gawain, ang sumusunod na mga itinalagang tiyak na tauhan (focal persons) ay magbibigay ng impormasyon sa mga tagapag-ugnay ng IT at Pangasiwaan ng PIS ng mga development sa:

Web Page	-	Jane Barcenas
CIPIS	-	Thomas Benjamin Marcelo

Ang mga tiyak na tauhan gayundin, ay magpapanatili at magpapabilis sa pag-update ng web page at CIPIS sa pakikipag-ugnayan at pagsangguni sa pangasiwaan ng PIS.

3. Ang atas na ito ay kagyat na magkakabisa.

(Lgd.)  
**JOSEFINA U. ESGUERRA**  
Direktor  
Lupon sa Pamumuhunang  
Pamubliko



**KAGAWARAN NG  
KAPALIGIRAN AT  
LIKAS NA YAMAN**

Oktubre 07, 1993

TANGING ATAS  
Blg. 1271  
Serye ng 1993

PAKSA: Pagtatalaga kay **Ms. CORAZON M. CAMAT**, Records Officer III  
sa Tanggapan ng Kawaksing Punong Ehekutibo

Dahil sa pangangailangang maorganisa at maisaayos nang sistematiko ang mga rekord sa Tanggapan ng Kawaksing Punong Tagapagpaganap, si **CORAZON M. CAMAT**, Records Officer III, sa pamamagitan nito ay pansamantalang itinatalaga sa nasabing Tanggapan.

Sa gayon, kukuha siya ng patunay ng kawalang pananagutan sa lahat ng ari-arian at gawain bago siya magreport sa bago niyang pook ng trabaho.

Ang Atas na ito ay makakabisa sa Oktubre 1, 1993 at mananatiling may-bisa hangga't di binabawi nang pasulat.

(Lgd.)  
**ANGEL C. ALCALA**  
Kalihim

Binigyang pansin:

(Lgd.)  
**Rene A. Belen**  
Puno, Sangay ng Pamamahala  
ng mga Rekord at Kasulatan

Nagrerekomenda ng pag-aproba:

(Lgd.)  
**Annabelle E. Plantilla**  
OIC, Kawaksing Punong Tagapagpaganap



Ika-75  
Annibersaryo

**BISYON:**  
Magawa ang Filipino bilang  
malakas na wika para sa  
pambansang kaunlaran na may  
matatag na mamamayan.

**MISYON:**  
Magbatangkas, mag-ugnay at  
magpatupad ng mga programa  
at proyekto ng pananalisisik  
upang bigat pang mapabilis ang  
pagsilang at pagbubulalag ng wikang  
Filipino at gayundin ng mga  
layuning intelektuwal. Kakambal  
ng pagpapunayag ng ito ang mga  
gawing pangangalaga at  
paggagalak ng iba pang mga  
wika ng bansa.

**MANDATO:**  
"Ang Komisyon sa Wikang  
Filipino (KWF) ay nilikha upang  
magsagawa, mag-ugnay at mag-  
taguyod ng mga pananalisisik  
para sa pagpapaligid, pagpa-  
pataganap at preserbasyon ng  
Filipino at ng iba pang mga wika  
sa Pilipinas."

**LUPON NG MGA KOMISYONER**

**JOSE LADERAS SANTOS**  
Punong Komisyoner  
Tagalog

**CARMELITA C. ABDURAHMAN**  
Komisyoner, Samar-Leyte

**CONCEPCION H. LUIS**  
Komisyoner, Iloilo

**BERNARD R. MACINAS**  
Komisyoner, Bicol

**VILMA L. TACBAD**  
Komisyoner, Kapampangan

**ANTONIO L. TAMAYO**  
Komisyoner, Pangasinan

**NORIAM HAJILIN LADJAGIS**  
Komisyoner, (Mga Wikang Muslim)

**JOHN E. BARRIOS**  
Komisyoner, (Hilagaynon)

**ORLANDO B. MAGNO**  
Komisyoner, (Cebuano)

**Mga Puno ng Sangay:**

**JULIO A. RAMOS**  
Pangasiwaan

**CANDELARIA CUI-ACAS**  
Impormasyon at Publikasyon

**ELVIRA B. ESTRARO**  
Pagsasalungwika

**LETICIA F. MACARAEG**  
Lingguwistika

**ESTRELLA G. HUERTAS**  
OIC, Leksikograpiya

Republika ng Pilipinas  
Tanggapan ng Pangulo  
**Komisyon sa Wikang Filipino**

2/F Watson Building, 1610 J. P. Laurel Street, San Miguel, 1005 Maynila  
Website: www.kwf.gov.ph. / E-mail: komfil.gov@gmail.com / Telefax: 736-0315 / Tel. Bg. 736-2525 / 736-2521

MEMORANDUM BLG.: 2011-127

MULA KAY : **JOSE LADERAS SANTOS**  
Punong Komisyoner

PARA KINA : **JULIO A. RAMOS**  
**CANDELARIA CUI-ACAS**  
**ESTRELLA G. HUERTAS**  
**PINKY JANE S. TENMATAY**  
**ENGRACIA F. FLORES**  
**ALMIRA DIVINA M. ALEJANDRINO**

PAKSA : **Pagbuo Ng Grievance Committee**

PETSA : **Hulyo 14, 2011**



Sa kabutihan ng paglilingkod at bilang paalala, kayo ang kabuuan ng *Grievance Committee*, sang-ayon sa pinagtibay na *KWF Grievance Committee* na inaprobahan ng *Civil Service Commission-National Capital Region (CSC-NCR)*.

Nakatala sa ibaba ang inyong magiging katungkulan.

JULIO A. RAMOS	-	Tagapangulo
CANDELARIA CUI-ACAS	-	Kagawad
ESTRELLA G. HUERTAS	-	Kagawad
ENGRACIA F. FLORES	-	Kagawad, Kinatawan ng 1 <sup>st</sup> Level, (2 taong panunungkulan)
PINKY JANE S. TENMATAY	-	Kagawad, Kinatawan ng 2 <sup>nd</sup> Level, (2 taong panunungkulan)
AD M. ALEJANDRINO	-	Bilis Aksiyon Partner

Kalakip ang sipi ng *Grievance Procedure, Composition* at *Responsibilities* para sa inyong patnubay.

Ipinaaalala ang pagiging patas at sinsero sa lahat ng pagdinig at pagbibigay ng desisyon.

Pinawawalang bisa ang mga naunang Memorandum hinggil sa bagay na ito.



Republika ng Pilipinas  
KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL  
A. Francisco Gold Condominium II, Building, EDSA  
Corner Mapagmahal Street, Diliman, Lungsod Quezon

Mayo 6, 2004

PATALASTAS

PAKSA : PAGBIBIGAY-ALAM TUNGKOL SA PAGKAMATAY

Si Ms. EMERITA G. NAZARETH, Private Secretary I ng tanggapan ng Kalihim, sa Kagawarang ito, ay sumakabilang-buhay noong Mayo 5, 2005. Sa panahon ng pagdadalamhati ng kaniyang pamilya, hinihiling sa ating mga kapwa empleado na mag-alay ng maikling dasal para sa katahimikan ng kaniyang kaluluwa. Ang kaniyang labi ay nakahimlay sa Arlington Funeral Parlor, Raymundo Avenue corner Mercedes Avenue, Southwood, Lungsod ng Pasig. Ang anumang uri ng pagtulong o iba pang pagpapahayag ng pakikiramay upang maibsan ang sakit at lungkot ng mga nagdadalamhating pamilya ay maaaring ipaabot sa pamamagitan ni Gng. Josefina dela Cruz-Sarmiento ng nabanggit na tanggapan, at ibibigay niya ito sa pamilya ng namatay.

(Lgd.)

**MONINA R. PENALES, CESO IV**

Direktor, Serbisyong Pampangasiwaan



Republika ng Pilipinas  
**KAWANIHAN NG RENTAS INTERNAS**  
Lungsod Quezon

Oktubre 14, 2004

**PATALASTAS SA PANGMADLANG PAGDINIG**

Ang Kawanihan ng Rentas Internas ay magsasagawa ng pulong/pangmadlang pagdinig sa petsa, oras, at lugar na nakatala sa ibaba:

- PETSA : Oktubre 21, 2004
- ORAS : Ika-9:00 ng umaga
- LUGAR : Pambansang Sentro sa Pagsasanay  
(National Training Center o NTC)  
BIR – Pambansang Tanggapan  
Diliman, Lungsod Quezon
- ADYENDA : Panukalang Regulasyon sa mga Internas  
RE: Pagbubuwis sa mga Transaksiyong  
Telekomunikasyon

(Lgd.)  
**GUILLERMO L. PARAYNO, JR.**  
Komisyoner ng Rentas Internas

Paglilipat  
(Indorsement)

Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Kalusugan**  
**TANGGAPAN NG KALIHIM**  
Gusali 1, San Lazaro Compound, Rizal Avenue, Sta. Cruz, Maynila 1003  
Direkta: 711-9502, 711-9503 • Trunk Line 781-7686 lok. 1107 at 1141  
Fax (632) 743-1829, 743-1728, 743-1786  
osec@doh.gov.ph

Unang Paglilipat  
15 Enero 2003

Magalang na itinutukoy kay Dr. LYN PANGANIBAN, Puno, Pambansang Kontrol sa Lason at Serbisyong Pang-impormasyon (National Poison Control and Information Service), Ospital Heneral ng Pilipinas (PCH), Taft Avenue, Maynila, ang kalakip na liham dito ni **Punong Inspektor ng Pulisya ALMA MARGARITA D. VILLASEÑOR**. Laboratoryong Pangkrimen, Pambansang Pulisya ng Pilipinas, Kampo Crame, Lungsod Quezon, tungkol sa kanilang kahilingan para sa tulong teknikal sa pagsusuri ng mga "toxicological sample" para sa nararapat na aksiyon.

Para sa Kalihim ng Kalusugan:

(Lgd.)  
**MARIA CONSORCIA LIM-QUIZON, M.D.**  
Kawaksing Punong Tagapagpaganap

Talakay



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Lungsod ng Pasig

Tanggapan ng Kawaksing Kalihim

Ika-2 Paglilipat  
Abril 19, 2005

Magalang na inihaharap ng Superintendente ng Sangay ng mga Paaralan sa Pampanga, sa pamamagitan ng Direktor ng Rehiyon, DepEd Rehiyon III, Maimpis, Lungsod ng San Fernando, Pampanga, para sa kaukulang aksiyon, ang paglilipat na ito ng Kawaksing Kalihim Charito R. Elegir, Kinatawang Puno, Pampanguluhang Katuwang sa Pamamahala (Presidential Management Staff), Malacañang, Maynila, hinggil sa kahilingang tulong pinansiyal para sa pagpapagawa ng karagdagang gusaling pamparaalan sa Paaralang Sekundarya ng Sasmuan, Pampanga.

Ang kahilingang ito ay isinusumite para sa ebalwasyon at pagsasaalang-alang sa Regular na Programa sa Pagpapatayo ng mga Paaralan pagkabatid sa resulta ng isinapanahong BEIS sa Analisis sa mga Silid-Aralan bilang batayan sa paglalaan ng mga pangangailangan ng mga silid-aralan para sa nabanggit na paaralan.

Mangyaring ipagbigay-alam sa kinauukulan ang aksiyon para sa bagay na ito mula ngayon.

(Lgd.)  
**LILIA Z. ROCES**  
Puno, OPS-RSD  
at Kasalukuyang Nanunungkulang Puno  
Tanggapan ng Kawaksing Kalihim  
Para sa Pagpapalano

p.s. Bb. Lydia G. Herrera  
Prinsipal  
Mataas na Paaralan ng Malusac  
Sasmuan, Pampanga

USEC Charito R. Elegir  
Kinatawang Puno  
Pampanguluhang Katuwang sa Pamamahala  
Macalañang, Maynila

**Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas**  
Malacañang

Unang Paglilipat  
Maynila, 25 Marso 2004

Magalang na itinutukoy sa Kagalang-galang na Kalihim, Kagawaran ng Edukasyon, Lungsod ng Pasig, para sa kaukulang aksiyon, ang Resolusyon Blg. 4, s. 2004 ng Parent-Teachers Association ng Paaralang Elementarya ng Gomez, Lopez, Quezon sa kahilingang tulong pinansiyal para sa pagpapagawa ng gusaling multipurpose na may anim (6) na silid-aralan para sa nabanggit na paaralan.

Pakipayuhan lamang ang kinaukalan tungkol sa naging aksiyon doon at bigyang sipi ang Tanggapang ito ay para sa aming kaalaman.

(Lgd.)  
**RICHARD N. FERRER**  
Kinatawang Kalihim Tagapagpaganap

Cc: Bb. Rose Perpetua  
Kalihim, PTA  
Paaralang Elementarya ng Lopez  
Lopez, Quezon

Republika ng Pilipinas  
Kagawaran ng Kalusugan  
**SANGAY NG SERBISYONG LEGAL**  
Gusali 1, Lazaro Compound  
Rizal Avenue, Sta. Cruz, Maynila 1003  
Telephone Number 743-8301 lok. 2259

Unang Paglilipat  
Marso 31, 2003

Magalang na ibinabalik kay MARIA CONSORCIA LIM-QUIZON M.D. Kawaksing Pinunong Tagapagpaganap ng Kagawarang ito, ang kalakip na Memorandum ng Kasunduan (Memorandum of Agreement o MOA) ng Kagawaran ng Kalusugan – Western Visayas Medical Center at ng Pamahalaang Lungsod ng Iloilo.

Pagkatapos basahin at pag-aralan ang kasunduan, isinusumite ng Tanggapang ito ang mga sumusunod na puna at mungkahi na nararapat isaalang-alang:

1. Ang mga tadhana sa kasunduan na dapat idagdag ay maglalaman ng sumusunod:
  - 1.1 Isang maikling pahayag gaya ng background ng pagkakatatag ng Hygiene Clinic na ito at maglakip ng talaan ng kompletong imbentaryo ng lahat ng gusali, pasilidad, kabilang ang maliliit na ari-arian, mga equipment at instrument at ang kompleto at detalyadong deskripsiyon ng lahat ng bagay na pinag-uusapan sa kasunduan.
  - 1.2 Isang maikling pahayag sa dahilan/mga dahilan ng paglilipat. Ang Tanong: Ang pinagkakasunduan ba ay isang donasyon?
2. Ilagay sa Kasunduan kung sino ang nakarehistrong may-ari ng lote na kinatatayuan ng Hygiene Clinic.

Para sa inyong kabatiran.

(Lgd.)  
**Atty. RONALDO R. DE VEYRA**  
Puno, Serbisyong Legal

Republika ng Pilipinas  
Kagawaran ng Kalusugan  
Field Operations  
Pampurok na Tanggapang Pangkalusugan Blg. 6  
**WESTERN VISAYAS MEDICAL CENTER**  
Manduriao, Lungsod Iloilo  
Fax No. 321-17-197

Unang Paglilipat  
Marso 11, 2003

Magalang na inililipat sa Kgg. Manuel M. Dayrit, M.D., Kalihim ng Kalusugan, Sta. Cruz, Maynila, ang kalakip na Memorandum ng Kasunduan ng Kagawaran ng Kalusugan na kinakatawan ni Dr. Jose Mari C. Fermin, Puno ng Western Visayas Medical Center at ng Pamahalaang Lungsod ng Iloilo, na kinakatawan ni Jerry Treñas, Alkalde ng Lungsod sa paglilipat ng Social Hygiene Center mula sa DOH tungo sa Pamahalaang Lungsod.

Para sa inyong puna at ebalwasyon.

(Lgd.)  
**JOSE MARI C. FERMIN**, MD. DPBA, MPM  
Puno ng Medical Center



Republika ng Pilipinas  
**AWTONOMONG REHIYON NG MUSLIM MINDANAO**  
**LALAWIGAN NG LANA DEL SUR**

Capitol Complex, Baudi Sacayo, Lungsod ng Marawi

**TANGGAPAN NG BISE GOBERNADOR**

Ika-2 Paglilipat  
8 Setyembre 2000

Magalang na inililipat sa Kagalang-galang na Kalihim, EDGARDO ANGARA, Kagawaran ng Pagsasaka, Diliman, Lungsod Quezon, ang kalakip na liham kahilingan ni Ex-MNLF Commander, DATU ABUS ABLANGCO, na sinusuportahan ng Alkalde ng Buadipuso Buntong, Lanao Del Sur, para sa kagyat na pangangailangan ng mga lumikas na magsasaka na biktima ng katatapos na sagupaan ng AFP at MILF, gaya ng mga kagamitang pambukid at mga hayop pantrabaho, na magbabalik ng kanilang pinagkakakitaan at makatindig sa sariling sikap.

Ang Tangggapang Panlalawigan sa pamamagitan ng nakalagda ay mapitagang nagrerekomenda para sa inyong pag-aproba.

(Lgd.)

**ALEEM MOKHTAR T. ABEDIN**

Nanunungkulang Gobernador



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
KAGAWARAN NG KAPALIGIRAN  
AT LIKAS NA YAMAN  
TANGGAPAN NG PANLALAWIGANG KAPALIGIRAN  
AT LIKAS NA YAMAN, LUNGSOD DAGUPAN

Unang Paglilipat  
10 Mayo 2000

Magalang na inililipat sa Kagalang-galang na Kalihim, DENR, Visayas Avenue, Diliman, Lungsod Quezon, ang kalakip na kahilingan ni Forester I Rose Carmelita G. Orduña para sa pagpapanibago ng kaniyang pagkatalaga sa tanggapang ito (PENRO, Lungsod ng Dagupan, Pangasinan).

Bilang karagdagan dito, na isinasaalang-alang ang dami ng pananagutan sa gawain na ibinigay sa kaniya ng tanggapang ito, ang nasabing empleado ay naobserbahang episyente at epektibo sa mga gawaing ibinigay sa kaniya at nagagampanan ang mga ito nang lubos na kasiya-siya kaya't masasabing malaking pakinabang siya sa tanggapang ito.

Kaugnay nito, matapat na hinihiling ng tanggapang ito ang inyong pagsasaalang-alang at pagpapatibay, yayamang ang kaniyang kahilingan ay karapat-dapat.

(Lgd.)  
**ELIGIO V. SOLIMAN, MNSA**  
OIC-PENRO

# 9

## Mga Resolusyon

*(Resolution)*

**A**ng resolusyon ay bunga ng kasunduan ng nakararami kung hindi man ng lahat ng mga dumalo sa isang pulong. Layunin nito na hilingin ang kinakailangang aksiyon sa kinaauukulang pinuno/mga pinuno upang matupad ang mga kahilingang nilalaman ng resolusyon.

Ang resolusyon ay binubuo ng 1) numero ng resolusyon ayon sa petsa ng pagkakasunod-sunod sa kinapapalooban/sumasaklaw ng taon; 2) katwiran/dahilan kung bakit dapat pagtibayin ito na nagsisimula sa **SAPAGKAT**; 3) bahagi ng pagpapatibay na sinisimulan sa pariralang "**DAHIL DITO, SAMAKATWID**, ipinapasiya gaya ng ginagawang pagpapasiya na..."; 4) ang pangalan at posisyon/katungkulan ng pinadadalhan nito; 5) ang lugar at petsa ng pagpapatibay; at 6) lagda ng mga nagpatibay nito.



Republika ng Pilipinas  
**Komisyon sa Regulasyong Pampropesyonal**  
Maynila

**RESOLUSYON BLG. 2004-211**

**HINDI PAGTANGGAP SA MGA EEKSAMIN NA DUMARATING NANG HULI SA ORAS  
NG MGA EKSAMINASYONG PAMPROPESYONAL**

**SAPAGKAT**, ang Seksiyon 7 (d) ng R.A. No. 8981, na kilala ring “Batas sa Modernisasyon ng PRC 2000,” ay nagpapahintulot sa Komisyon na magbigay at mangasiwa ng mga eksaminasyong pampropesyonal ng iba’t ibang lupong tagapangasiwa ayon sa mga tuntunin at regulasyong ipinahayag ng Komisyon at magpairal ng mga hakbangin upang mapangalagaan ang integridad at pagkadi-malalabag ng eksaminasyong pampropesyonal;

**SAPAGKAT**, may pangangailangan sa pagkakaroon ng mga panuntunan sa hindi pagtanggap sa mga eeksamin na dumarating nang huli upang hindi mapagdudahan ang integridad ng mga eksaminasyong pampropesyonal;

**NGAYON, SAMAKATWID**, alinsunod pa sa Seksiyon 7 (d) ng R.A. No. 8981, ang Komisyon ay NAGPASIYA gaya ng sa pamamagitan nito ay **NAGPAPASIYA**, na magpalabas at magpahayag ng sumusunod na mga panuntunan sa hindi pagtanggap sa mga eeksamin na dumarating nang huli:

1. Sa karaniwang kalagayan, ang eeksamin na dumarating nang huli matapos mag-umpisa ang eksaminasyon ay **HINDI NA PAPAYAGAN** pang kumuha ng eeksamin.
2. Sa di-karaniwang pangyayari tulad ng baha, bagyo, welga ng mga sasakyan, mga banta sa kapayapaan at katahimikan tulad ng rally ng taumbayan, rebelyon o kudeta, ang pag-uumpisa ng eksaminasyon ay máhuhuli at ang oras ng pagtatapos ay isasaayos ayon sa nararapat. Ang inayos na oras ng pag-uumpisa at pagtatapos ng eksaminasyon ay dapat magkakatulad sa lahat ng lugar ng eksaminasyon. Ang mga eeksamin na dumarating nang huli sa inayos na oras ay hindi na papayagang kumuha ng eksaminasyon.
3. Para sa layunin ng pagtatala, dapat isulat sa Rekord ng Pagdalo ng Bantay sa Kuwarto ang oras ng pagdating ng kukuha ng eeksamin at isulat ang punang “HULÍ—HINDI PINAYAGANG UMEKSAMIN.”

Ang Resolusyong ito ay magkakabisa pagkatapos ng labinlimang (15) araw kasunod ng opisyal na paglalathala nito sa *Official Gazette* o sa isang pahayagang may malawak na sirkulasyon sa Pilipinas, alinman ang mauna.

Isinagawa sa Lungsod ng Maynila, ngayong ika-12 ng Mayo, 2004.

(Lgd.)  
**ANTONIETA FORTUNA-IBE**  
Tagapangulo

(Lgd.)  
**AVELINA A. DE LA REA**  
Komisyoner

(Lgd.)  
**LEONOR TRIPON-ROSERO**  
Komisyoner



Republika ng Pilipinas  
**Komisyon sa Serbisyo Sibil**

---

Re: Sexual Harassment  
Hurisdiksiyon ng KSS (CSC)  
x-----x

Resolusyon Blg. 040579

**SAPAGKAT,** ang Mga Tuntuning Pandisiplinang Pampangasiwaan Tungkol sa mga Kaso sa Sexual Harassment (CSC Resolution No. 10-0940) ay nagkabisa noong Agosto 5, 2001 at mula noon ay napag-alamang marami nang reklamo o sumbong tungkol sa Sexual Harassment.

**SAPAGKAT,** ang Seksiyon 12 (a) Mga Tuntuning Pampangasiwaan Tungkol sa mga Kaso sa Sexual Harassment ay nagtatadhanang maaari nang magsumbong sa maykapangyarihan, sa pagdisiplina o sa Komite sa Dekorum at Imbestigasyon ng kinauukulang ahensiya;

**SAPAGKAT,** ayon sa nasabing seksiyon kung ang reklamo ay naiharap na sa kapangyarihan sa pagdisiplina, ang kaso ay ililipat sa komite sa Dekorum at Imbestigasyon. Kung walang Komite sa Dekorum at Imbestigasyon, ang puno ng opisina o ahensiya ay kailangang kagyat na lumikha nito;

**SAPAGKAT,** ang Seksiyon 63 ng Mga Tuntuning Pandisiplinang Pampangasiwaan Tungkol sa mga Kaso sa Sexual Harassment ay nag-aatas na kung ang kaso sa Sexual Harassment ay naisampa sa Komisyon sa Serbisyo Sibil, iyon din ay ibabalik sa ahensiya ng taong kinasuhan upang bigyan ng angkop na aksiyon ayon sa sariling tuntunin at regulasyon ayon sa Sexual Harassment.

**SAPAGKAT,** may mga reklamo dahil sa Sexual Harassment ng tuwirang iniharap sa Komisyon, na batay sa seksiyon 63 ng Mga Tuntuning Pandisiplinang Pampangasiwaan Tungkol sa mga Kaso sa Sexual Harassment, ang kailangang maibalik sa ahensiya ng pinagtrabahuhan ng isinusumbong sa kawani;

**SAPAGKAT,** ang Komisyon, alinsunod sa mandato nito bilang sentral na ahensiya ng mga tauhan ng Pamahalaan, ay gumagamit ng hurisdiksiyon kapanabay ng mga puno ng mga ahensiya sa mga kasong kinasasangkutan ng mga opisyal at empleado ng Pamahalaan;

**SAPAGKAT,** ang Komisyon ay nakababatid sa ilang di-karaniwang pangyayari na nangangailangan ng paggamit ng pangunahing hurisdiksiyon nito sa mga reklamo tungkol sa mga Sexual Harassment na tuwirang isinasampa rito; at

**SAPAGKAT,** may pangangailangan gawan ng pagbabago ang Seksiyon 63 ng Mga Tuntuning Pandisiplinang Pampangasiwaan Tungkol sa mga Kaso sa Sexual Harassment (CSC Resolution No. 01-0940) upang gawing opisyal ang kapangyarihan ng Komisyon na dinggin

ang mga reklamo sa Sexual Harassment na tuwirang isinasampa o iniharap dito sa ilalim ng di-karaniwang mga pangyayari.

**NGAYON, SAMAKATWID**, ang Komisyon sa pamamagitan nito'y nagpapasiyang emyendahan ang Seksiyon 63 ng CSC Resolution No. 01-940, gaya ng sumusunod:

"Seksiyon 6.3. Kung ang reklamo nagsasaad ng mga aksiyong mangangahulugan ng sexual harassment gaya ng paliwanag dito ay iniharap sa Komisyon, iyon ay ibabalik sa ahensiyang pinagtatrabahuhan ng akusado para sa kaukulang aksiyon alinsunod sa sariling tuntunin at regulasyon niyon tungkol sa sexual harassment. **Gayunman, ang Komisyon ay maaaring duminig sa kaso sa ilalim ng sumusunod na mga sitwasyon:**

- a. **Ang ahensiya ay walang patakaran sa sexual harassment;**
- b. **Ang ahensiya ay walang Komite sa Dekorum at Imbestigasyon;**
- c. **Ang taong dapat magdisiplina ay siyang akusado;**
- d. **Isa sa mga miyembro ng Komite sa Dekorum at Imbestigasyon ang siyang kinakasuhan;**
- e. **Kung may di-makatwirang pagkabalang sa pagtupad sa loob ng panahong itinakda sa mga Tuntuning ito para sa imbestigasyon at paghatol sa reklamo tungkol sa Sexual Harassment.**

"Dahil dito, mayroong di-makatwirang pagkaantala kung alinman sa mga panahong itinakda sa mga Tuntuning ito ay lumampas sa taning na panahong mahigit sa tatlung (30) araw nang walang makatarungang dahilan."

Lungsod Quezon  
Mayo 24, 2004

(Lgd.)  
**KARINA CONSTANTINO-DAVID**  
Tagapangulo

(Lgd.)  
**J. WALDEMAR V. VALMORES**

(Lgd.)  
**CESAR D. BUENAFLORES**

**Pinatutunayan ni:**

(Lgd.)  
**REBECCA A. FERNANDEZ**  
Direktor IV  
Sekretaryat at Tanggapan ng Liaison



Republika ng Pilipinas  
**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**  
Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel Street  
San Miguel, Manila


**RESOLUSYON BLG. 96-1**

**NAGSUSUSOG SA BATAYANG DESKRIPSIYON NG FILIPINO NA  
INILALAHAD NG RESOLUSYON BLG. 1-92 ( MAYO 13, 1992 )**

*IPINAPASIYA, GAYA NG GINAGAWANG PAGPAPASIYA NGAYON*, na sa pag-alinsunod sa mga komentaryo at mungkahi ng ilang pinuno ng gobyerno, manunulat, edukador, guro, iskolar ng wika, estudyante, at mga lider ng mga organisasyong pangwika, ang batayang deskripsiyon ng Filipino na inilalahad ng Resolusyon Blg. 1-92, Mayo 13, 1992, ay sinususunod na kagaya ng sumusunod:

*Ang Filipino ay ang katutubong wika na ginagamit sa buong Pilipinas bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo. Katulad ng iba pang wikang buhay, ang Filipino ay dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng mga panghihiram sa mga wika ng Pilipinas at mga di-katutubong wika at sa ebolusyon ng iba't ibang barayti ng wika para sa iba-ibang sitwasyon, sa mga nagsasalita nito na may iba't ibang sanligang sosyal, at para sa mga paksa ng talakayan at iskolarling pagpapahayag.*

Pinagtibay ngayong ika-28 araw ng Agosto, 1996.

  
**PONCIANO B.P. PINEDA**  
Punong Komisyoner

  
**ERNESTO H. CUBAR**  
Komisyoner

  
**NITA P. BUENAOBRA**  
Komisyoner

  
**ANDREW B. GONZALEZ**  
Komisyoner

  
**ANGELA P. SARILE**  
Komisyoner

  
**BONIFACIO P. SIBAYAN**  
Komisyoner

  
**ROSARIO E. MAMINTA**  
Komisyoner

  
**FLORENTINO H. HORNEDO**  
Komisyoner

  
**LOURDES U. BARCENAS**  
Komisyoner

  
**DIAMAR P. KADON**  
Komisyoner

  
**ERNESTO B. ABAN**  
Komisyoner



Republika ng Pilipinas  
Tanggapan ng Pangulo

## **KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

2<sup>nd</sup> /F Watson Building, 1610 J.P. Laurel Street, 1005 San Miguel, Manila P.O Box 2287 Manila

### **RESOLUSYON BLG. 2009-11-19**

*Resolution No. 2009-11-19*

**LUBOS NA PASASALAMAT KAY SENADOR EDGARDO J. ANGARA PARA SA KANIYANG KATANGI-TANGING AMBAG SA PAGPAPAUNLAD, PAGPAPALAGANAP AT PRESERBASYON NG FILIPINO AT IBA PANG MGA WIKA NG PILIPINAS.**

*EXPRESSING UTMOST GRATITUDE TO SENATOR EDGARDO J. ANGARA FOR HIS SIGNIFICANT CONTRIBUTION IN THE DEVELOPMENT, PROPAGATION AND PRESERVATION OF FILIPINO AND OTHER PHILIPPINE LANGUAGES.*

SAPAGKAT, si Kgg. Edgardo J. Angara, na unang nahalal noong 1987, ay may pinakamahaba/pinakamatagal na paglilingkod bilang Senador sa Senado pagkatapos ng EDSA at itinuturing na isa sa mga pinakamahusay na mambabatas ng kasalukuyang kasaysayan;

*WHEREAS, Hon. Edgardo J. Angara, first elected in 1987, is the longest serving Senator in the post-EDSA Senate and considered one of the best legislators in contemporary history;*

SAPAGKAT, ang isa sa pinakamahalagang batas na naisagawa ni Senador Angara sa larangan ng pagpapaunlad pangkultura ay ang pagpapatibay ng Batas Republika Blg. 7104, ang karta ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), na pinagtibay bilang batas noong ika-14 ng Agosto, 1991;

*WHEREAS, one of the notable legislative accomplishments of Senator Angara in the field of cultural development is the enactment of Republic Act No. 7104, the charter of the Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), which was approved into law on 14 August 1991;*

SAPAGKAT, si Senador Angara ang siyang nagpanukala na ang Filipino at iba pang mga wika ng Pilipinas ay ituro sa iba-ibang "Sentro ng Pilipinas" na itatatag ng Pamahalaan sa ibang bansa upang ang ating mga kababayan, bagama't nasa iba-ibang lugar ay magkakaroon ng ugnayan sa kanilang pinag-ugatan;

*WHEREAS, it was Senator Angara who proposed that Filipino and other Philippine languages be taught in the different "Philippine Centers" to be established by the Government abroad so that our countrymen, albeit situated elsewhere, would have greater affinity to their roots;*

SAPAGKAT, si Senador Angara rin ang humiling sa Kagalang-galang na Pangulo Gloria Macapagal Arroyo na maglabas ng Proklamasyon Blg. 1696 na may petsa ika-14 ng Disyembre, 2008 na nagpapahayag na ang taong 2009 bilang "Taon ng Baler" tanda ng ika-400 taong pagkatatag ng Baler, Aurora bilang pagkilala sa napakamahalagang ambag ng mayamang kulturang pamana at wika nito at iba pa sa kasaysayan ng Pilipinas at pambansang pagpapaunlad; at

*WHEREAS, it was also Senator Angara who requested Her Excellency, President Gloria Macapagal Arroyo to issue Proclamation No. 1696 dated 24 December 2009 declaring the Year 2009 as the "Year of Baler" to mark the quadricentennial foundation of Baler, Aurora in recognition of the important role of its rich cultural heritage and language, among others, in Philippine history and national development; and*

**SAPAGKAT**, si Senador Angara ay laging kabalikat at tagapagtaguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino sa pagsasakatuparan ng atas ng Saligang Batas na magpaunlad, magpalaganap, at magpanatili ng Filipino at ng iba pang mga wika ng Pilipinas.

*WHEREAS, Senator Angara has been very supportive to the KWF in the fulfillment of its constitutional mandate to develop, propagate, and preserve Filipino and other Philippine languages.*


**NGAYON, DAHIL DITO**, bilang pagsasaalang-alang sa nauuna, pinagtitibay, gaya ng pagpapatibay ng Lupong ito sa kaniyang regular na pulong ang pagpapahayag ng lubos na pasasalamat kay Senador Angara para sa kaniyang napakahalagang ambag sa pagpapaunlad, papapalaganap at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Pilipinas.


*NOW, THEREFORE, in view of the foregoing, be it resolved, as it is hereby resolved, that this Board, during its regular meeting, expresses its utmost gratitude to Senator Edgardo J. Angara for his significant contribution in the development, propagation and preservation of Filipino and other Philippine languages.*

**Pinagtibay sa Max's Restaurant, Malacañan Palace, Maynila ngayong ika-19 ng Mayo, 2009.**

Adopted in the Manila, this 19th day of May 2009.


  
**JOSE LADERAS SANTOS**  
Tagapangulo


  
**CARMELITA C. ABDURAHMAN**  
Komisyoner

  
**CONCEPCION H. LUIS**  
Komisyoner

  
**FE A. HIDALGO**  
Komisyoner

**ISABEL P. MARTIN**  
Komisyoner

  
**ROMEO G. DIZON**  
Komisyoner

  
**ANTONIO L. TAMAYO**  
Komisyoner

  
**ISMAEL M. TOMAWIS**  
Komisyoner



# 10

## Katitikan ng Pulong

*(Minutes of the Meeting)*

**A**ng katitikan ng pulong ay isa sa mga bahaging isinasagawa ng kalihim sa mga pangyayaring nagaganap sa isang pulong.

Ibinabatay ang katitikan sa adyendang unang inihanda ng Tagapangulo ng lupon. Matapos mapag-usapan ang adyenda, maaaring magpasok ng iba pang bagay na matatalakay sa susunod na pagpupulong.

Ang katitikan ng pulong ay kailangang magtaglay ng paksa, petsa, oras, at pook na pagdarausan ng pulong. Kailangan ding itala ang mga taong dumalo at di-dumalo sa pulong. Isusunod ang oras ng pagsisimula nito at ang mga bagay na tinalakay sa pulong. Sa huling bahagi, itinatala ang oras ng pagtatapos o pagsasara ng pulong.

**PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING**

**Pambansang Komite ng Wika at Salin**

Regular na Pagpupulong

Ika-18 ng Pebrero, 2005

Ika-10 ng umaga

Silid 5D, Gusali ng NCCA

**PANUKALANG ADYENDA**

- I. Pagsisimula ng Pulong
- II. Pagpapatibay ng Panukalang Adyenda
- III. Pagbasa at Pagpapatibay sa Katitikan ng Pulong ng Komite noong ika-6 ng Disyembre, 2004
- IV. Mga Dapat Pag-usapan Kaugnay ng Nakaraang Pulong
  1. Update Tungkol sa Pulong kay DepEd Secretary Florencio Abad, Jr.
- V. Mga Panukalang Proyekto
  1. Dila ng Bayan: Mga Sanaysay sa Filipino
  2. Seminar-Workshop on Proactive Issues in Philippine Education and Development
  3. Publication of Iliganon—Sebuano Dictionary
- VI. Iba Pang Pag-uusapan
  1. Ulat ng Puno/Pangalawang Pinuno tungkol sa pulong/gawain na dinaluhan bilang kinatawan ng PKWS
  2. Ulat Tungkol sa Istatus ng Programang Panday-Salin 2002
  3. Liham mula kay Mrs. Asuncion Velarde
- VII. Iskedyul ng Susunod na Pulong
- VIII. Pagtatapos ng Pulong

Inihanda ni:

(Lgd.)

**GRACE D. ZILMAR**

PDO I, PMD-SCD



Republika ng Pilipinas  
Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas  
**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**  
Maynila

**KATITIKAN NG PULONG**  
**Ika-29 REGULAR NA PULONG NG LUPON NG MGA KOMISYONER**  
**Max's Restaurant**  
**Martes, Hunyo 14, 2011, 10:30 nu**

**MGA DUMALO:**

**LUPON NG MGA KOMISYONER:**

Punong Komisyoner Jose Laderas Santos (Tagalog)  
Komisyoner Carmelita C. Abdurahman (Samar-Leyte)  
Komisyoner Concepcion H. Luis (Iluko)  
Komisyoner Vilma L. Tacbad (Kapampangan)  
Komisyoner Bernard R. Macinas (Bikol)  
Komisyoner Noriam Hajilin Ladjagais (Mga Wikang Muslim)  
Komisyoner Orlando B. Magno (Sebuwano)

**IBA PANG DUMALO:**

Gng. Carmencita S. Tamayo - Kinatawan ni Komisyoner Antonio L. Tamayo  
(Pangasinense)

Direktor Heneral Roberto T. Añonuevo

**DI-NAKADALO:**

Komisyoner John E. Barrios (Hiligaynon)

**KALIHIMAN NG LUPON:**

Gng. Crispina G. Valderama  
Bb. Maria Theresa Minda P. Putungan

Sinimulan ang pulong sa ganap na ika-10:32 ng umaga.

ADYENDA/PINAG-USAPAN	MGA PINAGKASUNDUAN/PINAGPASIYAHAN
<p><b>I. Pagpapatibay ng Panukalang Adyenda</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Itinagubilin ni Punong Komisyoner Santos na isara o i-silent mode ang mga cell phone sa buong durasyon ng pulong.</li> <li>2. Matapos basahin ng Lupon ang panukalang adyenda, may mga iniharap na mungkahi na bawasan ang panukalang adyenda.</li> </ol>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Napagkasunduan ng Lupon na walang gagamit ng cell phone habang nagpupulong.</li> <li>2. Pinagtibay ang panukalang adyenda na may mga pagbabago. Ito ay ang sumusunod:             <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Alisin ang aytem #7 (Update sa IRR)</li> <li>2. Alisin ang aytem #6 (Polisyang Pangwika)</li> </ol> </li> </ol>
<p><b>II. Pagpapatibay sa Katitikan ng Ika-28 Regular na Pulong noong Mayo 10, 2011</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Inihayag ni Punong Komisyoner Santos na marapat nang pagtibayin ang Panukalang Adyenda.</li> <li>2. Naglahad ng kaniyang puna ang kinatawan ni Komisyoner Tamayo hinggil sa pagkakasalin sa Filipino ng kaniyang pahayag sa wikang Ingles.</li> </ol>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pinagtibay ng Lupon ang Katitikan ng Ika-28 Regular na Pulong.</li> <li>2. Napagkasunduan na sa susunod na mga katitikan ay i-quote na lamang sa wikang Ingles ang mga magiging pahayag ng kinatawan ni Komisyoner Tamayo subalit sinabi niya na sisikapin niyang magsalita sa wikang Filipino.</li> </ol>
<p><b>III. Mga Usaping Sumisibol sa Katitikan</b> <i>(Business Arising from the Minutes)</i></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Resolusyon hinggil sa pagsasalin sa wikang Filipino at iba pang pangunahing wika ng mga kontrata sa pag-utang.</li> <li>2. Resolusyon hinggil sa "Trust Fund;"</li> <li>3. Resolusyon hinggil sa dagdag na <i>honorarium</i> ng mga part-time na Komisyoner;</li> <li>4. Muling binanggit ng kinatawan ni Komisyoner Tamayo ang paglilinaw hinggil sa gampanin ng part-time na Komisyoner sa mga PSWF sa kani-kanilang rehiyon.</li> </ol>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Napagpasiyahan na isangguni muna sa isang abogado na may malawak na kaalaman sa mga batas at patakarang pambangko ang resolusyong ito.</li> <li>2. Walang naging pinal na desisyon hinggil dito ang Lupon.</li> <li>3. Walang naging pinal na desisyon hinggil dito ang Lupon.</li> <li>4. Nakatakdang talakayin sa mga susunod na pulong.</li> </ol>
<p><b>IV. Pagpapabalik ng Orihinal na Panatang Makabayan</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Inihayag ng Punong Komisyoner ang mungkahing pagliham sa DepED bilang pakikiisa sa clamor na ibalik ang orihinal na "Panatang Makabayan."</li> </ol>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Yamang walang tumutol sa Lupon, napagkasunduan na isasagawa ang nabanggit na pagliham sa DepED.</li> </ol>

ADYENDA/PINAG-USAPAN	MGA PINAGKASUNDUAN/PINAGPASIYAHAN
<p><b>V. Kahandaan sa Selebrasyon ng Buwan ng Wika</b></p> <p>1. Inihayag na ang tema sa selebrasyon ng Buwan ng Wika sa taóng ito ay: "Ang Filipino ay Wikang Panlahat, Ilaw at Lakas sa Tuwid na Landas."</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Paglilinaw ni Komisyoner Magno kung ang tema ay naaayon sa napag-usapan noong nakaraang pulong na dapat ay nakaangkla sa direksiyon ng KWF sa taong ito.</li> </ul>	<p>1. Inihayag ni Punong Komisyoner Santos na ang nabanggit na tema ay nakaangkla sa selebrasyon ng anibersaryo ng KWF. Hiniling niya na kung mayroong mga panukalang programa para sa nasabing selebrasyon ay marapat na ipagbigay-alam sa tanggapan upang mapagtuunan ng pansin.</p>
<p><b>VI. Iba pang Bagay</b></p> <p>1. Pagtatakda ng espesyal na pulong upang talakayin ang IRR.</p> <p>2. Mga panukalang resolusyon na iniharap ni Direktor Heneral Añonuevo.</p> <p>3. Mungkahi na tanggalin sa katitikan ang ilang pahayag na nabanggit sa pulong.</p>	<p>1. Napagdesisyonan ng Lupon sa bilang na 6-2 pabor na ganapin sa Hunyo 25 at 26 (Sabado at Linggo) ang espesyal na pulong.</p> <p>2. Itinagubilin ni Punong Komisyoner Santos na ipagbigay-alam muna sa namamahala sa mga proyekto at programa ang mga panukalang resolusyon bago iharap sa Lupon ng mga Komisyoner.</p> <p>3. Inihayag ni Punong Komisyoner Santos na karapatan ng Lupon na tanggalin ang ilang pahayag na maaaring magdulot ng hindi magandang imahen sa ahensiya. Walang naging pagtutol ang Lupon hinggil sa mosyong iyon.</p>

Itinindig ang pulong sa ganap na 12:25 ng tanghali.

Itinala ni:

(Lgd.)  
**MARIA THERESA MINDA P. PUTUNGAN**  
 Pansamantalang Kalihim ng Kalupunan

Nabatid ni:

(Lgd.)  
**JOSE LADERAS SANTOS**  
 Punong Komisyoner

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO  
**ARAW NI BALAGTAS 2005**  
Katitikan ng Pulong

Kailan: Enero 13, 2005  
Saan: MESLA Canteen  
Oras: 11:00 n.u.

Mga Dumalo:

- |                          |                              |
|--------------------------|------------------------------|
| 1. Irma P. Canilao       | 5. Nora G. Bangalan-Rifareal |
| 2. Norlina Mama-Paguio   | 6. Zenaida T. Cinco          |
| 3. Leonida B. Villanueva | 7. Rosalina C. Matienzo      |
| 4. Leticia F. Macaraeg   | 8. Rosie A. Martinez         |

Pinanguluhan sa umaga ni Dr. Rosalina C. Matienzo at sa hapon naman ni Bb. Leonida B. Villanueva ang pulong para sa Araw ni Balagtas 2005 bilang mga tagapangulo ng nasabing pagdiriwang.

Tinalakay ang mga sumusunod na adyenda:

**1. Petsa ng Pagdiriwang**

Ang Abril 2, 2005 na Araw ni Balagtas ay natapat sa araw ng Sabado, kaya napagkasunduan ng lupon na sa Abril 5, 2005, Martes, gawin ang pagdiriwang at palatuntunan. Hindi pinili ang Abril 4, 2005, Lunes, dahil kung may dapat pang gawin ay wala nang oras para asikasuhin ang iba pang maliliit na detalye na dapat sa pagdiriwang.

**2. Venue ng Pagdiriwang**

Pangunahing binigyan ng tuon ng lupon ang mungkahi ni Chair Nita P. Buenaobra na ganapin ang pagdiriwang sa isang maliit na teatro o sa auditorium ng CCP. Inilahad ni Gng. Zenaida T. Cinco na ang Tanghalang Aurelio Tolentino ng CCP ang akma para sa pagdiriwang.

Iminungkahi ng lupon na kung hindi makuha ang teatro sa CCP, ang mga sumusunod na venue ang titingnan:

1. Auditorium ng Camp Crame sa Lungsod Quezon
2. Camp Aguinaldo sa Lungsod Quezon
3. Army and Navy Club sa Roxas Boulevard

Napagkaisahan ng lupon na pasyalan ang mga iminungkahing venue sa Enero 17, 2005, Lunes, sa ganap na ika-9:00 ng umaga ang Tanghalang Aurelio Tolentino sa CCP at ang Army and Navy Club na parehong nasa Roxas Boulevard. Sa Enero 18, 2005 naman ang auditorium ng Camp Crame o ng Camp Aguinaldo.

### 3. Pakikipag-ugnay sa Samahang Balagtas

Nailahad ng lupon na ang Samahang Balagtas ay lagi ring nagkakaroon ng pagdiriwang tuwing Araw ni Balagtas. Kaya, upang maiba naman ang pagdiriwang sa taóng ito, naisip ng lupon na baka maaaring magsanib ang palatuntunan ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Samahang Balagtas.

Inilahad ni Binibining Villanueva na kailangang makipag-ugnay sa pangulo ng samahan na si Kongresista Joaquin Chipeco. Tatawagan muna niya ito upang mag-set ng *appointment* dito.

Sa pakikipag-ugnay sa Samahang Balagtas, dapat na mapaloob sa programa ang paggagawad ng mga nagwagi sa Timpalak sa Tula at ang pagbibigay ng Gawad Parangal sa mga piling tao na may malasakit sa panulaang Pilipino.

### 4. Timpalak sa Araw ni Balagtas

Tinalakay din ng lupon na kung maaari ay magkaroon ng Timpalak sa Balagtas at pipili ng Hari ng Balagtas ngunit isinasantabi muna ito para sa susunod na taon ng pagdiriwang dahil gahol na sa panahon sapagkat kailangan pang humanap ng sponsor para sa gantimpala. Iminungkahi rin ng lupon na baka maaaring ipa-sponsor ang nabanggit na timpalak sa Samahang Balagtas gaya ng Timpalak Collantes sa Tula.

Inilahad ni Binibining Villanueva na tinanong ni G. Michael Coroza na kung sa baguhan lamang ibinibigay ang titulong Makata ng Taon. Paano naman ang mga nasa kategoryang propesyonal na lumalahok sa timpalak.

Binanggit ang isang pangyayaring ang isang kalahok ay sumali sa Timpalak sa Tula ng KWF na nanalo sa mga kategoryang baguhan at propesyonal. Kaya kailangang ayusin ang panuntunan ng patimpalak upang hindi na ito mangyari pa sa susunod na timpalak.

Iminungkahi ni Dr. Leticia F. Macaraeg na dapat linawin ang mga panuntunan sa baguhan at propesyonal na kategorya.

### 5. Paksa ng Pagdiriwang

Nagbigay ng ilang mungkahing paksa si Chair Nita P. Buenaobra para sa Araw ni Balagtas 2005. Narito ang mga paksa:

1. Mga Aral ni Balagtas sa Krisis na Kinakaharap ng Bansa
2. Mga Kaisipan ni Balagtas: Gintong Pamana sa Bansa
3. Aral ni Balagtas sa Pagharap sa Dambuhalang Tsunami
4. Obra Maestra ni Balagtas: Hamon sa Paglutas ng mga Suliraning Pambansa
5. Si Balagtas Bilang Modelong Rebolusyonaryo sa Panulaang Pilipino

Binasa ng lupon ang mga mungkahing paksa ngunit hindi pa tinalakay ang mga ito. Kaya aalamin muna ang iba't ibang naging paksa sa mga nagdaang taon ng pagdiriwang ng Araw ni Balagtas bago bumuo ng paksa para sa taong 2005.

## 6. Pagpili ng guest speaker para sa pagdiriwang

Iminungkahi ang mga sumusunod na speaker para sa pagdiriwang ng Araw ni Balagtas 2005, ang pagkakalista ay ayon sa preperensiya ng lupon:

1. Dr. Galileo Zafra
2. G. Randy David
3. Pangalawang Pangulong Noli De Castro
4. Kongresista Joaquin Chipeco – Pangulo ng Samahang Balagtas
5. Kalihim Roberto Pagdanganan – Kagawaran ng Turismo

## 7. Mga Komite sa Araw ni Balagtas 2005

Napagkaisahan ng lupon na ang pagpili ng mga tagapangulo ng bawat komite ay gagawin sa paraan ng pagpili ng tao at hindi sangay. Ang tagapangulo ang bahala nang pumili ng mga kagawad na bubuo ng kaniyang komite.

Lupong Tagapagpaganap

Mga Tagapangulo:

Dr. ROSALINA C. MATIENZO  
Administrative Officer V

Bb. LEONIDA B. VILLANUEVA  
OIC, Sangay ng Pagsasalingwika

Mga Kagawad:

Gng. NORA G. BANGALAN-RIFAREAL  
Puno, Sangay ng Ibang mga Wika sa Pilipinas

Dr. NORLINA MAMA-PAGUIO  
Puno, Sangay ng Leksikograpiya

Dr. LETICIA F. MACARAEG  
OIC, Sangay ng Lingguwistika

Gng. ZENAIDA T. CINCO  
OIC, Sangay ng Impormasyon at Publikasyon

Bb. IRMA P. CANILAO  
Kalihim



## Iba't Ibang Komite sa Pagdiriwang ng Araw ni Balagtas 2005

<u>Mga Komite</u>		<u>Tagapangulo</u>
Timpalak sa Tula	-	Gng. Pinky Jane S. Tenmatay
Venue	-	Gng. Zenaida T. Cinco
Palatuntunan at Paanyaya	-	Gng. Sheilee B. Vega
Gawad	-	Bb. Brenda Jean M. Postrero
Pagtanggap	-	Dr. Leticia F. Macaraeg
Memorandum (CSC, DepEd, CHED)	-	Gng. Nora Bangalan-Rifareal
Broadcast Media	-	Bb. Jesusa A. Opulencia
Print Media	-	Bb. Miriam Palawan
Dahong Pang-alaala	-	Bb. Sandor B. Abad
Streamer at Video	-	G. Gregory Miles Granada
Lingkurang Panlahat	-	Dr. Rosalina C. Matienzo

Ang bawat tagapangulo ang bahalang gumawa sa memorandum ng kani-kanilang komite at maghanda na rin ng kaukulang badyet na kailangan. Itinindig ang pulong sa ganap na ika-3:00 ng hapon. Napagkaisahan ng lupon na tuwing Huwebes ng bawat linggo ang mga susunod pang mga pulong bago sumapit ang araw ng pagdiriwang.

Inihanda ni:

(Lgd.)

**IRMA P. CANILAO**

Kalihim, Araw ni Balagtas 2005

Iminungkahing Pagtibayin:

Lupong Tagapagpaganap

(Lgd.)

**Dr. ROSALINA C. MATIENZO**

Tagapangulo

(Lgd.)

**Bb. LEONIDA B. VILLANUEVA**

Ka-Tagapangulo

(Lgd.)

**Gng. NORA G. BANGALAN-RIFAREAL**

Kagawad

(Lgd.)

**Dr. NORLINA MAMA-PAGUIO**

Kagawad

(Lgd.)

**Dr. LETICIA F. MACARAEG**

Kagawad

(Lgd.)

**Gng. ZENaida T. CINCO**

Kagawad

KATITIKAN NG WORKSHOP SA PANUKALANG IRR NG BATAS REPUBLIKA 8439 NA GINANAP SA AUDIO-VISUAL ROOM NG PAMBANSANG SURIANG PANGKASAYSAYAN NOONG MARTES, 13 HULYO 2004, 8:30 NU–2:00 NT.

Dumalo:

Inh. Eva Acera  
Bb. Carminda Arevalo  
Bb. Paulita Avestruz  
Ark. Veronica Dado  
Gng. Marilou Dancel  
Dr. Augusto De Viana  
Bb. Julieta Dizon  
Ark. Reynaldo Inovera  
Gng. Emma Mula  
Gng. Myrna Oclarino  
G. Francisco San Pedro  
Bb. Ma. Edna Santiago

- Kasalukuyang nirerebisa ng DOST ang mga Tuntunin at Kautusan na nagpapatupad ng Batas Republika Blg. 8439 o ang Magna Carta para sa mga siyentista, mga inhenyero, mga mananaliksik at iba pang kawani sa agham at teknolohiya sa pamahalaan. Hinggil dito, ang kalahating araw na *workshop* ay pinasimulan ni Ark. Reynaldo Inovero, Puno ng HPD, sa tulong ng Dibisyong Pampangasiwaan upang bumuo ng mga mungkahi at rekomendasyon.
- Ayon kay Bb. Dizon, may naunang rekomendasyon na noong Nobyembre 2001, sa panunungkulan ni Dr. Pablo S. Trillana III. May mga kawaning dapat mabigyan ng ganitong benepisyo at insentibo ayon sa Batas Republika. Ang ilan dito ay sina Marilou Dancel, isang kimiko, at Eva Acera at Candido Castro, pawang inhenyero sibil.
- Idinagdag niyang ang pondo para sa pagkakaloob ng nasabing benepisyo ay kukunin sa nakalaang badyet subalit depende kung may makukuha sa naimpok. Ang badyet sa taong ito ay tulad ng nakaraang mga taon, kaya makatatagpo tayo ng magkatulad na suliraning pinansiyal.
- Binasa ni Bb. Dizon ang naunang mga rekomendasyon, nakalakip ang sipi nito.
- Noong 2002, ang komite sa hazard na binuo para pamunuan ang pag-inspeksiyon sa kinauukulang mga ahensiya/mga tanggapan upang tiyakin ang karapat-dapat na makatanggap ng hazard pay ay bumisita sa laboratoryo ng NHI. Batay sa kanilang mga natuklasan at mga ebalwasyon, binigyan ng sertipikasyon ang mga karapat-dapat na mga tauhan upang makatanggap ng 30% hazard allowance.
- Tuwirang sinabi ni Bb. Dizon na ang pagpopondo sa mga benepisyo ay manggagaling sa mga impok ng ahensiya. Para sa kasalukuyang taon ay may nakalaang 25% mandatory savings para sa ganitong layunin.

- Iminungkahi ni Arkitekto Inovero na ibahagi sa lahat ang benepisyo upang ang lahat ay makinabang dito. Magkakaroon ng kasunduan hinggil sa porsiyento na ibabahagi sa ibang mga kawani.
- Ipinabatid ni Gng. Dancel na may panukalang ginawa upang isama ang mga tauhan ng MCC na nagtatrabaho sa laboratoryo na nasa ilalim ng DOST sa kategoryang tekniko. Subalit natuklasan na kulang sila sa itinakdang edukasyon.
- Sa pagsusuri sa mga probisyon ng Batas Republika 8439, binigyang diin ni Bb. Dizon ang mga sumusunod:
  1. Ang kahulugan ng “Siyentipiko at Teknolohikong mga Gawain” (Scientific and Technological Activities o STA) na tumutukoy sa lahat ng mga sistematikong gawaing may kinalaman sa paglikha, pag-unlad, pagpapalaganap at paggamit ng siyentipiko at teknikal na kaalaman sa lahat ng larangan ng natural na agham at teknolohiya.
  2. Mga uri ng STA:
    - a. **Ang Pananaliksik at Pagpapaunlad Eksperimental** (Research and Experimental Development o R & D) o alin mang sistematiko at malikhaing gawain sa mga larangan ng pisikal, natural, matematikal, at applied na agham sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraang makapagpaparami ng mga kaalaman, at ang paggamit ng kaalamang ito sa gayong mga larangan upang makalikha ng mga bagong aplikasyon;
    - b. **Ang Siyentipiko at Teknolohikong Serbisyo** (STS) na tumutukoy sa mga gawaing pansuporta sa mga pang-aghams na pananaliksik at pagpapaunlad, diseminasyon at aplikasyon ng mga pang-aghams at panteknolohiyang kaalaman (i.e. mga serbisyo ng aklatan, impormasyon, at museo, mga sarbey na heolohiko at idrolohiko, mga obserbasyong meteorolohiko at seismolohiko; pagtitipon ng routine statistics, testing, estandardisasyon, at kontrol sa kalidad; pagpapayo sa mga kliyente, pagkuha ng patent at lisensiya, mga serbisyong pang-inhenyeriya at panteknolohiya.
- Nabanggit ni Arkitekto Inovero na may natala na sila hinggil sa saklaw ng Pagpapahayag ng Patakaran ng DOST. Ang halimbawa ay ang kay Ark. Arnulfo Dado na isang propesyonal na arkitekto subalit siya ay gumaganap sa mga tungkuling may kinalaman sa agham sa laboratoryo ng MCC. Napagkasunduan na ang mga hustipikasyon at rekomendasyon ay dapat isagawa upang ang ibang mga kawani ay maging karapat-dapat.
- Tungkol sa Sek. 4.2, binigyang diin ni Bb. Dizon na ang mga tauhan ng MCC gaya nina Gng. Dancel at Inhenyero Acero at gayundin ni Inhenyero Castro ay nasuring karapat-dapat. Ang tungkulin at mandato ng kanilang uri ng trabaho ay may kinalaman sa

Agham at Teknolohiya.

- Hiniling ni Bb. Dizon ang mga puna ng mga puno ng dibisyon na naroroon hinggil sa probisyon. Ang mga sumusunod ang nagawang mga puna:
- Ang puno ng RPD na si Dr. De Viana ay umaamin na ang kaniyang mga tauhan ay di karapat-dapat sa Sek. 2.3.2 (STS) sapagkat sila, kabilang ang laybraryan, ay hindi gumaganap sa mga gawaing siyentipiko gaya ng sinasaad ng Magna Carta.
- Si Ark. Veronica Dado ng MHD ay nagpapalagay namang ang mga tauhan ng museo ay hindi karapat-dapat dahil sa uri ng kanilang trabaho.
- Si Arkitekto Inovero, sa kahilingan ni Bb. Dizon, ay sumang-ayon na ang mga hustipikasyon at rekomendasyon ay dapat ihanda ng mga tauhan na nagsisigawa sa siyentipikong HPD na gumaganap sa mga tungkuling may kinalaman sa agham.
- Nilinaw na ang mga allowance ay dapat maibigay kung may naimpok para dito. Ang gugulin para sa subsistence allowance ay tinatamasa na ng mga kawani sa pamamagitan ng mga per diem sa panahon ng kanilang paglalakbay.

Itinala:

(Lgd.)

**JULIETA M. DIZON**

Pinunong Pampangasiwaan I

**Pambansang Komite sa Wika at Salin**  
Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining

**KATITIKAN NG BUWANANG PULONG**

Gusali ng NCCA, Intramuros, Maynila  
6 Disyembre 2004

**Mga Dumalo:**

Almario, Virgilio S. (Puno ng PKWS, Indibidwal)  
Constantino, Pamela C. (Pangalawang Puno, Indibidwal)  
Zafra, Galileo S. (Kalihim, Indibidwal)  
Añonuevo, Roberto T. (Kagawad, UMPIL)  
Balde, Abdon, Jr. (Kagawad, Indibidwal)  
Baquiran, Romulo, Jr. (Kagawad, SANGFIL)  
Barcenas, Lourdes U. (Kagawad, Indibidwal)  
Capitan, Severino S. (Kagawad, SWF-UP Los Baños)  
Coroza, Michael M. (Kagawad, SALIN)  
Delima, Purificacion (Kagawad, Cordillera Studies Center)  
Naval, Jimmuel C. (Kagawad, Indibidwal)  
Nicolas, Leuterio (Kagawad, FIT)  
Zilmar, Grace (PDO I, SCD)  
Odulio, Federico (PMD)

**Mga Di-nakadalo:**

Regala, Trinidad O. (Kagawad, Indibidwal)  
Kinatawan ng Komisyon sa Wikang Filipino

**1. Pagsisimula ng Pulong**

Nagsimula ang pulong nang ika-12:30 ng hapon. Pinamahalaan ito ni Prop. Virgilio S. Almario, Puno ng Pambansang Komite sa Wika at Salin (PKWS).

**2. Pagpapatibay sa Panukalang Adyenda**

Iminungkahi ni Dr. Severino Capitan na pagtibayin ang adyenda. Pinangalawahan ito ni Dr. Pamela Constantino.

**3. Pagbasa at Pagpapatibay sa Katitikan**

Iminungkahi ni Dr. Capitan na pagtibayin ang katitikan ng pulong noong Oktubre 8, 2004. Pinangalawahan ito ni Prop. Joey Baquiran.

**4. Mga Dapat Pag-usapan Batay sa Nakaraang Katitikan**

4.1 Seminar-Workshop sa Filipino ng Pambansang Samahan ng Wika (PSW)

Iniulat ni Dr. Constantino na matagumpay na naidaos ng PSW ang seminar-workshop sa wika at panitikan sa Benguet State University. Dinaluhan ito ng higit sa 240 kalahok, kasama rito ang mga mananaliksik-kawani ng KWF.

#### 4.2 Oras ng mga Pulong

Laging ika-10 ng umaga na gaganapin ang regular na pulong ng Komite. Napagkasunduan ito matapos konsultahin ang mga miyembro ng Komite na nanggagaling sa malayong lugar.

#### 4.3 Tugon sa Pagkilos Laban sa Wikang Filipino

Patapos na ang resolusyon at *Kartilya ng Wikang Filipino*. Maglalaan ng isang resolusyon ang Komite na humihiling ng pondo sa Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (PKKS) para sa reproduksiyon ng *Kartilya*. Limampung libo piso ang kailangan para sa pagpapalimbag ng 100,000 kopya. Hihilingin din na ma-upload ang *Kartilya* sa website ng PKKS. Titiyakin na mapalaganap nang husto ang *Kartilya* lalo sa mga paaralan.

Makikipagpulong din ang Komite sa Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon na si Florencio Abad paratalakayin ang EO 210 at personal na iabot ang resolusyon. Hihiling sa Sekretaryat na isa ayos ang pakikipagpulong sa Enero 20 o 27, 2004. Napagkasunduan ding isabay na sa araw na ito ang regular na pulong ng Komite.

#### 4.4 Forum sa Ispeling

Iniulat ni G. Abdon Balde, Jr., isa sa inatasang mangasiwa sa forum sa ispeling, na matapos ang huling pulong ng Komite, dumeretso sila sa KWF para alamin ang saloobin nito sa pagdaraos ng forum sa ispeling. Nakausap nila si Dr. Fe Aldave-Yap na nagpahayag naman ng pagsang-ayon sa proyekto. Nangako pa ito sa magpapadala ng 50 kopya ng *2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling*. May isa pa silang nakausap sa KWF na nagbanggit na hindi sila nakatanggap ng paanyaya sa pulong ng Komite kung kaya hindi sila nagpapadala ng kinatawan.

Idinagdag ni Ginoong Balde na buo na ang programa at proposal para sa proyekto. Hindi lamang ito napaabot sa PKKS dahil nagkalituhan ang mga tagapangasiwa kung magiging proyekto pa nga ito ng Komite gayong nakatanggap ng abiso mula sa PKKS na kanselado muna ang lahat ng forum. Nilinaw ni Propesor Almario na talagang proyekto ito ng Komite. Ipaliliwanag na lang sa mga mag-aapropa ang kahalagahan ng proyekto. Nangangako ang mga tagapangasiwa na ipaabot na sa PKKS ang proposal.

Ipinaalala ni Propesor Almario na hindi kailangang gawing malaki ang forum, at sa halip, imbitahan lamang ang mga taong mahalaga sa usapin.

## 5. Pagtalakay sa mga Panukalang Proyekto

### 5.1 Paglilimbag ng *Dila ng Bayan: Mga Sanaysay sa Filipino*

Hindi tinatanggi ang proyekto. Ipapasabi muna sa proponent na kailangan sa proyekto ang isang mahusay na editor na magsasaayos ng koleksiyon at susulat ng introduksiyon na magbibigay ng konseptuwal na balangkas para sa pagsasama-sama ng mga sanaysay.

### 5.2 Seminar-Workshop on Language Issues in Philippine Education and Development

Di-aprobado. Hindi naniniwala ang Komite sa multilingualism bilang opsyon. Mas hinihikayat din ang pagdaraos ng mga kumperensiya sa nasa wikang Filipino.

Gayunman, maaaring makipagdiyalogo sa Komite ang proponent kung nanaisin nilang ipaliwanag pa ang kanilang proyekto.

#### 5.2.1 Paglilimbag ng *Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Pangalawang Sourcebook ng SANGFIL, 1994–2001*.

Aprobado. Gayunman, imumungkahi na isalang-alang ang mga komentaryo ng mga referee ng sourcebook. Kailangan ding ayusin ang gamit ng wika sa iba't ibang sanaysay ayon sa mapagkakasunduan sa forum sa ispelang.

### 5.3 Diskurso sa Lenguaheng Binisaya ng Imaheng Rehiyonal

Imumungkahing ibigay ang panukala sa Committee on Theater Arts o Literary Arts.

### 5.4 Paglimbag muli ng *Miirgu-irgo Atamo*

Pinansin na maaaring kailangan nito ng rebisyon sa halip na reprinting lamang. Maaaring hindi na tugma sa panahon ang nilalaman nito dahil matagal na itong unang nailathala.

Imumungkahing sa Summer Institute of Linguistics na humiling ng pondo dahil maliit lamang naman ang kailangan para sa proyekto.

## 6. Iba Pang Pinag-usapan

### 6.1 Ibinahagi ng Sekretaryat ang istatus ng naaprobahan nang proyekto: *Kapampangan Dictionary at Development of a Teacher-Training Module for the Teaching of Filipino Language and Culture to Second/Third Generations Overseas Filipinos*. Patuloy ang implementasyon ng dalawang proyekto.

- 6.2 Ipinaalam ni Dr. Constantino na may bago nang kinatawan ang PSW, si Dr. Jimmuel Naval. Hinalinhan niya bilang Pangulo ng samahan si Dr. Lilia Antonio. Ngunit dahil dati nang bahagi ng Komite si Dr. Naval bilang miyembrong indibidwal, may isang posisyon na mababakante. Napagkasunduan na bumuo ng resolusyon ang Komite upang pormal na maipasok si Dr. Teresita Fortunato upang di na siya makihati ng termino ng panunungkulan kay Atty. Lourdes Barcnas. Hinilingan din ang PSW na sumulat sila para pormal na maipaalam ang pagpapalit ng kinatawan sa Komite.
- 6.3 Nag-imbata sina G. Balde at G. Roberto Añonuevo sa paglulunsad ng kanilang aklat, *Hunyango sa Bato at Liyab sa Alaala*, na inilimbag ng University of Santo Tomas Press. Gaganapin ito sa Disyembre 11, 2004.

## 7. Pagtatapos ng Pulong

Natapos ang pulong nang 1:55 ng hapon.

Itinala ni

(Lgd.)

**DR. GALILEO S. ZAFRA**

Kalihim, PKWS



# 11

## Mga Pormularyong Pampamahalaan

*(Government Forms)*

- Papel ng Datos Personal
- Deskripsiyon ng Posisyon
- Paghirang
- Panunumpa sa Katungkulan
- Kahilingan sa Pansamantalang Pagtatalaga
- Sertipikong Medikal
- Sinumpaang Salaysay Tungkol sa mga Ari-arian, Pagkakautang atbp
- Memorandum ng Kasunduan
- Aplikasyon sa Pagliban
- Aplikasyon para sa mga Espesyal na Pribilehiyo
- Pahintulot/Atas na Paglalakbay
- Katibayan ng Natapos na Paglalakbay
- Katunayan ng Pagpapakita
- Katunayan ng Paglabas
- Katunayan ng Kawalang-Pananagutan
- Balangkas ng Panukalang Proyekto
- Ulat sa Daloy ng Proyekto
- Ulat sa Pagmomonitor
- Payslip
- Talatukuyan
- Kapangyarihan ng Kinatawan
- Mga Kahilingan
  - Pahintulot sa Overtime
  - Bayad sa Overtime
  - Kasulatan sa Kapanganakan
  - Kasulatan sa Kasal
  - Pananaliksik
  - Inspeksiyon Bago Kumpunihin
  - Kahilingan para sa Serbisyo
  - Serbisyong Audio-Video
- Pass Slip
- Gate Pass
- Listahan ng Dumalo
- Nominasyon
- Iba't Ibang Uri ng Gawad/Sertipiko

- Pagkilala
- Pagpapahalaga
- Merito
- Katapatan
- Paglahok
- Pagdalo
- Pagtatapos
- Paglilipat
- Tsart ng Organisasyon

## **Mga Pormularyong Pampamahalaan** (Government Forms)

Ang gastusin sa Paglalakbay / Pagbibiyahe (Traveling Expenses) ay maaaring matamo ng sino mang empleado ng pamahalaan na nagbibiyahe at napapaloob dito di lamang ang aktuwal na kakailanganin sa transportasyon kasama na ang kaniyang mga bagahe kundi gayon din ang aktuwal na gastusing pang-araw-araw (subsistence) at pangangasera (lodging) habang nasa biyahe o nakaliban sa permanenteng lugar ng pinagtatrabahuhan kasama na ang iba pang aytem ng dagliang pangangailangan niyon na maaaring sa pamamagitan ng pagpapalakad o regulasyon ay pahihintulutan ng Awditor at may pagpapatibay ng Pangulo ng Pilipinas (Seksiyon 297, Rebisadong Kodigo Administratibo)

### **PANUNUMPA SA KATUNGKULAN** (Oath of Office)

Ang panunumpa sa katungkulan ay isinasagawa ng sino mang naglilingkod sa pamahalaan simula sa Pangulo ng Pilipinas hanggang sa nasasakupan nitong nakabababa sa kaniya bago gampanan ang tungkulin at gawaing iaatas sa kaniya ng pamahalaan at ng bayan. Ang mga pahayag na napapaloob sa panunumpa sa katungkulan ay makatotohanan, makahulugan, maikli, malinaw, at buo kung kaya't epektibo at mapuwersa.

Sa Artikulo VII, Seksiyon 5 ng Saligang Batas, matamang suriin ang nilalaman ng panunumpa sa katungkulan ng Pangulo ng Pilipinas, Pangalawang Pangulo, o Nanunungkulang Pangulo.

Sa Sek. 5 bago magsimula sa pagtupad ng kanilang katungkulan, ang Pangulo, ang Pangalawang Pangulo, ang Nanunungkulang Pangulo ay dapat magsagawa ng sumusunod na panunumpa o pagpapatotoo:

Mataimtim kong pinanunumpa (o pinatotohanan) na tutuparin ko nang buong katapatan at sigasig ang aking mga tungkulin bilang Pangulo (o Pangalawang Pangulo o Nanunungkulang Pangulo) ng Pilipinas, pangangalagaan at ipagtatanggol ang kaniyang Konstitusyon, ipatutupad ang mga batas nito, magiging makatarungan sa bawat tao, at itatalaga ang aking sarili sa paglilingkod sa bansa. Kasihan nawa ako ng Diyos. (Kapag pagpapatotoo ang huling pangungusap ay kakaltasin.)



Republika ng Pilipinas  
KAGAWARAN NG KATARUNGAN  
(Department of Justice)  
Maynila

**PANUNUMPA SA KATUNGKULAN**

Ako, si \_\_\_\_\_,  
na hinirang sa katungkulan bilang, \_\_\_\_\_ ay  
taimtim na nanunumpa/ na tutuparin ko nang buong husay at katapatan/ sa abot ng aking  
kakayahan/ ang mga tungkulin ng aking kasalukuyang katungkulan/ at ng iba pang pagkaraan  
nito ay gagampanan ko/ sa ilalim ng Republika ng Pilipinas;/ na aking itataguyod at ipagtatanggol/  
ang/ Saligang Batas ng Pilipinas; tunay na mananalig at tatalima ako rito; na susundin ko ang mga  
batas/ at mga kautusang legal/ ng mga sadyang itinakdang maykapangyarihan/ ng Republika  
ng Pilipinas; at kusa kong babalikatin ang pananagutang ito/ nang walang ano mang pasubali/  
o hangaring umiwas.

Kasihang nawa ako ng Diyos

\_\_\_\_\_

NILAGDAAN AT PINANUMPAAN sa harap ko ngayong \_\_\_\_\_  
sa Lungsod ng Maynila, Pilipinas.

Pormularyo ng Panunumpa sa Katungkulan  
(Oath of Office)

Republika ng Pilipinas  
**KOMISYON SA REGULASYONG PAMPROPESYONAL**  
Maynila

**PANUNUMPA NG PROPESYONAL**

Ako, si \_\_\_\_\_, ng \_\_\_\_\_  
(Pook na Sinilangan, Bayan/Lungsod, Probinsiya)

ay taimtim na nanunumpa na itataguyod ko at ipagtatanggol ang Saligang Batas ng Pilipinas, na ako ay tunay na mananalig at tatalima rito; na susundin ko ang mga batas, mga utos na legal, at mga atas na ipinahayag ng mga sadyang itinakdang maykapangyarihan ng Republika ng Pilipinas, at kusa kong babalikatin ang pananagutang ito nang walang ano mang pasubali o hangaring umiwas.

Taimtim pa rin akong nanunumpa na sa lahat ng panahon at pook na kinaroroonan ay mahigpit akong manghahawakan sa mga etika at tuntuning propesyonal ng mga \_\_\_\_\_ sa Pilipinas, at marapat kong gagampanan nang buong husay sa abot ng aking makakaya ang mga tungkulin at pananagutang iniatang sa isang itinakdang \_\_\_\_\_.

Kasihang nawa ako ng Diyos.

\_\_\_\_\_  
(Lagda)

A - \_\_\_\_\_  
(No. ng Sedula) \_\_\_\_\_ (Kinuha sa) \_\_\_\_\_ (Petsa)

Nilagdaan at Pinanumpa sa harap ko ngayong ika- \_\_\_\_\_ ng \_\_\_\_\_, Taon ng ating Panginoon \_\_\_\_\_ sa \_\_\_\_\_, Pilipinas.

Selyong Dokumentaryo	<b>PARA SA PAGPROSESONG PRC</b>	
	Ok para magbayad _____	
	No. ng OR _____	_____ (Pinunong Tagapanumpa)
	Petsa ng Pagbayad _____	
	Propesyon _____	
	No. ng Rehistrasyon _____	
	Petsa ng Rehistrasyon _____	_____ (Katungkulan ng Opisyal)

PERSONAL NA DATOS	
Petsa ng Eksaminasyon:	Kasarian:
Pagkamamamayan:	Petsa ng Kapanganakan:
Estado Sibil:	Pangalan ng Asawa/Pagkamamamayan:
Pangalan ng Ama/Pagkamamamayan:	Pangalan ng Ina/Pagkamamamayan:

PAPEL SA PAGKUHA  
(Claim Slip)

PANGALAN : \_\_\_\_\_ PROPESYON: \_\_\_\_\_  
NO. NG REHISTRASYON: \_\_\_\_\_ PETA NG REHISTRASYON: \_\_\_\_\_

Ipakita ang papel na ito sa Bintanang Nagkakaloob \_\_\_\_\_ upang kunin ang lisensiyang propesyonal sa \_\_\_\_\_.

(PANSININ: ANG KINATAWANG MAY MAAYOS NA PAGKAKAKILANLAN AY DAPAT MAGHARAP NG NATATANGING KAPANGYARIHAN NG KINATAWAN (SPECIAL POWER OF ATTORNEY) MULA SA REHISTRADONG PROPESYONAL. ANG REHISTRADONG PROPESYONAL NA GUMAGANAP BILANG KINATAWAN AY MAAARING MAGPAKITA NG SULAT-PAHINTULOT AT NG KANIYANG PROPESYONAL NA PAGKAKAKILANLAN.

\_\_\_\_\_  
Opisyal sa Rehistrasyon



Republika ng Pilipinas  
**KOMISYON SA SERBISYO SIBIL**  
Lungsod Quezon

PANUNUMPA SA KATUNGKULAN

Ako si, \_\_\_\_\_ ng \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_ na (hinirang/ itinalaga) sa katungkulan bilang \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_ ay taimtim na nanunumpa na tutuparin kong buong husay at katapatan, sa  
abot ng aking kakayahan, ang mga tungkulin ng aking kasalukuyang katungkulan at ng mga iba  
pang pagkaraan nito'y gagampanan ko sa ilalim ng Republika ng Pilipinas; na aking itataguyod  
at ipagtatanggol ang Konstitusyon ng Pilipinas; na tunay na mananalig at tatalima ako rito; na  
susundin ko ang mga batas, mga kautusang legal, at mga dekreto ng pinaiiral ng mga sadyang  
maykapangyarihan ng Republika ng Pilipinas; at kusa kong babalikatin ang mga pananagutang  
ito, nang walang ano mang pasubali o hangaring umiwas.

KASIHAN NAWA AKO NG DIYOS.

\_\_\_\_\_  
LAGDA

Klase ng Sedula \_\_\_\_\_, No. \_\_\_\_\_  
Kinuha sa \_\_\_\_\_  
Petsa \_\_\_\_\_

Nilagdaan at pinanumpa sa harap ko ngayong ika-\_\_\_\_\_ ng \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_.A.D. sa \_\_\_\_\_ Pilipinas.

\_\_\_\_\_  
(Pinunong Tagapagpanumpa)

Magdikit ng Isang  
P 30 Sentimong  
Selyo dokumentaryo

CSC PORMULARYO 212 (Rebisyon 2010)

**PAPEL NG DATOS PERSONAL**

*Sulatan nang maayos. Punan ang nararapat na kahon ng markang tsek at gumamit ng panibagong papel kung kinakailangan.*

No. ng KSS:

(pupunan ng kss )

**PERSONAL NA IMPORMASYON**

APELYIDO			
UNA			
PANGGITNA	Karugtong na Pangalan (Hal. Jr., Sr.,)		
Petsa ng Kapanganakan	Adres ng Tirahan		
Lugar ng Kapanganakan			
Kasarian <input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Babae			
Kalagayang Sibil <input type="checkbox"/> Walang Asawa <input type="checkbox"/> May-Asawa <input type="checkbox"/> Balo <input type="checkbox"/> Hiwalay <input type="checkbox"/> at iba pa. Ilagay_____	Zip code No. ng Telepono		
Pagkamamamayan	Permanenteng Tirahan		
Taas		Zip code No. ng Telepono	
Timbang	<b>E-MAIL</b> (Kung Mayroon)		
Tipo ng Dugo			
No. ng GSIS Policy			
No. ng Pagibig I.D.		<b>No. ng Cell Phone</b> (Kung Mayroon)	
No. ng PhilHealth		Ahensiya, No. ng Empleado	
No. ng SSS		TIN	

**BACKGROUND NG PAMILYA**

Apelyido ng Asawa Unang Pangalan Gitnang Pangalan		Pangalan ng anak/mga Anak	Petsa ng Kapanganakan (mm/dd/yyyy)
Hanapbuhay			
Pangalan ng Ahensiyang Pinagtatrabahuhan			
Adres ng Pinagtatrabahuhan			
No. ng Telepono			

*(Ipagtuloy sa ibang papel kung kinakailangan )*

Apelyido ng Ama Unang Pangalan Gitnang Pangalan			
Pangalan ng Ina noong Dalaga			
Apelyido			
Unang Pangalan			
Gitnang Pangalan			

*(Ipagtuloy sa ibang papel kung kinakailangan )*

## Mga Pormularyong Pampamahalaan

<b>EDUKASYON</b>							
Antas	Pangalan ng Paaralan	Digri / Kurso	Taon nang Natapos	Mataas na Grado/ Antas/ Yunit na Nakuha	Saklaw ng Petsa ng Pagdalo		Iskolaryip/ Akademikong Parangal na Tinanggap
					Mula	Hanggang	
Elementarya							
Sekundarya							
Bokasyonal							
Kolehiyo/ Pamantasan							
Araling Gradwado							
<b>Elihibilidad sa Serbisyo Sibil</b>							
Pangalan ng Pagsusulit		Nakuhang Marka	Petsa ng Pagsusulit	Lugar ng Pagsusulit	Lisensiya Bilang at Kung kailan binigay		
<b>Talaan ng Paglilingkod</b>							
Petsang Nasasaklaw ng Paglilingkod	Posisyon	Departamento/ Ahensiya	Buwanang Sahod	Istatus ng Pagkahirang	Uri ng Sahod	Gobyernong Serbisyo (Oo/Hindi)	
Elementarya							
Sekundarya							
Mataas/Bokasyonal na Paaralan							
Kolehiyo/Pamantasan							
Araling Gradwado							
<b>Kusang Pagtatrabaho o Nakiisa sa Gawaing Pambayan/ Di-Gobyerno/ Mamamayan/Kusang Paglilingkod sa Organisasyon</b>							
Pangalan at Adres ng Organisasyon		Saklaw na Petsa	Bilang ng Oras	Posisyon / Uri ng Gawain			
(Ipagtuloy sa ibang papel kung kinakailangan )							



Pagsasanay sa Iba Pang Programa o Panayam (Simulan mula sa Kasalukuyan)			
Titulo ng Seminar/ Kumperensiya (Isulat nang Buo )	Saklaw na Petsa ng Pagdalo (Mula-Hanggang) (Buwan/ Petsa/Taon)	Bilang ng Oras	Nangasiwa/Nagtaguyod
(Ipagpatuloy sa ibang papel kung kinakailangan )			
Iba Pang Impormasyon			
Natatanging Kasanayan	Di-Akademikong Karangalan/ Pagkilala	Kasapi ng Asosasyon/Organisasyon	
(Ipagpatuloy sa ibang papel kung kinakailangan )			
Ikaw ba ay may kamag-anak sa dugo o matrimonyo ng humihirang o nagrerekomenda, na puno ng kawanihan o tanggapan o taong kagyat na mamamahala sa iyo?		<input type="checkbox"/> Oo / <input type="checkbox"/> Hindi, Kung "Oo", ibigay ang sumusunod na impormasyon. _____ _____	
Ikaw ba ay napatangan, isinakdal o nilitis sa paglabag sa batas, kautusang bayan o tuntunin sa alin mang hukuman o kapulungan?		<input type="checkbox"/> Oo / <input type="checkbox"/> Hindi, Kung "Oo " , ibigay ang sumusunod na impormasyon. _____ _____	
Ikaw ba ay napatangan/pinatangan o nilitis sa ano mang paglabag sa disiplinang militar, pandagat, konstabularya sa alin mang kapulungang militar, pandagat o konstabularya o nalapatan ng disiplinang administratibo?		<input type="checkbox"/> Oo / <input type="checkbox"/> Hindi, Kung "Oo," ibigay ang sumusunod na impormasyon. _____ _____	
Ikaw ba ay may karanasan sa paglilingkod sa pamahalaan at/o pribadong bahay-kalakal?		<input type="checkbox"/> Oo / <input type="checkbox"/> Hindi, Kung "Oo", ibigay ang sumusunod na impormasyon. _____ _____	
Ikaw ba ay itiniralag na sa ano mang paglilingkod? o napilitang pinagbitiw maliban sa kakulangan ng gawain o pondo? Nagpahinga sa paglilingkod?		<input type="checkbox"/> Oo / <input type="checkbox"/> Hindi, Kung "Oo," ibigay ang sumusunod na impormasyon. _____ _____	
Sanggunian: ( Taong di-kamag-anak at walang kaugnayan sa trabahong papasukan)			
Pangalan	Katungkulan/Tirahan	No. ng Telepono	

Mga Pormularyong Pampamahalaan

PINATUTUNAYAN KO NA ANG INILAHAD KONG KASAGUTAN SA ITAAS AY PAWANG TOTOO AT WASTO SA ABOT NG AKING KAALAMAN AT PANINIWALA

Numero ng Sedula: \_\_\_\_\_

Ibinigay sa: \_\_\_\_\_

Ibinigay noong: \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_  
Lagda (Lagdaan sa loob ng Kahon)

\_\_\_\_\_  
Petsa nang Naisagawa

Hugis Pasaporte

Kaliwang Hinlalaki

**AHENSIYA NG MGA MANGGAGAWANG PILIPINO SA IBAYONG DAGAT  
PANGASIWAAN SA KAPAKANAN NG MANGGAGAWANG PILIPINO  
KORPORASYON NG PAMBANSANG KALUSUGAN PARA SEGURIDAD  
(Overseas Workers Welfare Administration)**

**TALA NG DATOS PERSONAL**

**PERSONAL NA DATOS**

Pangalan: \_\_\_\_\_  
Apelyido Pangalan Gitnang Pangalan

Tirahan: \_\_\_\_\_

Kapanganakan: Buwan \_\_\_\_\_ Araw: \_\_\_\_\_ Taon: \_\_\_\_\_ No. ng Pasaporte \_\_\_\_\_  
 Kasarian:  Lalaki  Babae Katayuan sa Buhay  Walang Asawa  Hiwalay  
 May-Asawa  Balo

Pinakamataas na Antas ng Pag-aaral na Natapos: \_\_\_\_\_  
 Pangalan ng Asawa (Kung Kasal): \_\_\_\_\_ Pangalan ng Ina noong Dalaga: \_\_\_\_\_  
 (Mga Tatanggap ng Benepisyo mula sa Ahensiya):  
Pangalan Kaugnayan Tirahan

---



---

Itinalaga na padadalhan ng bahagi ng sahod ng Ahensiya:

KONTRATA PARTIKULAR MULA SA AHENSIYA	Pagbabago (Kung Kailangan)
Pangalan ng Prinsipal/ Tanggapan/ Ahensiya : _____	_____
Tirahan: _____	_____
Bansang pupuntahan: _____ No. ng Telepono: _____	_____
Hangganan ng Kontrata: _____ Buwanang Sahod: _____ Salapi: _____	_____
Huling Petsa ng Pag-alis sa Pagbabakasyon trabaho sa Pilipinas: _____	_____
Petsa ng Iskedyul na pag-alis/ pagbalik sa ahensiya mula sa trabaho: _____	_____
Pangalan sa Ahensiya (Kung Naayon) : _____	_____

Lagda ng Empleado

Pagpapatibay ng Awtorisadong Opisyal

(Ang bahaging ito ay pupunan ng Ahensiya---Para sa Sipi ng PHILHEALTH )

Pangalan: \_\_\_\_\_  
Apelyido Pangalan Gitnang Pangalan

Tirahan: \_\_\_\_\_ No. ng Telepono : \_\_\_\_\_

Araw ng Kapanganakan: Buwan: \_\_\_\_\_ Araw: \_\_\_\_\_ Taon: \_\_\_\_\_ Lugar ng Kapanganakan: \_\_\_\_\_  
 Kasarian:  Lalaki  Babae Katayuan sa Buhay  Walang Asawa  May Asawa  
 Hiwalay  Balo

**BENEPISYARYO**

20 -Taong gulang pababa sa mga bata, 60-taong gulang pataas para sa magulang, at asawang walang trabaho.

Pangalan ng mga Bata / Magulang / Asawa	Kasarian	Kaugnayan sa Ahensiya	Petsa ng Kapanganakan
_____	_____	_____	_____
_____	_____	_____	_____
_____	_____	_____	_____

Ako ay nagpapatunay na ang pahayag na nasa itaas na ay totoo at tama.

\_\_\_\_\_  
Lagda ng Manggagawa

Pormularyo 1, MC KSS (CSC)

**DESKRIPSIYON NG POSISYON**

1. PANGALAN NG EMPLEADO (APELYIDO) (UNA) (GITNANG INISYAL)			
2. KAGAWARAN, KORPORASYON O AHENSIYA		3. KAWANIHAN NG TANGGAPAN	
4. KAGAWARAN/ SANGAY/ DIBISYON		5. LUGAR NG TRABAHO	
6a. KASALUKUYANG BATAS NG PRESUPWESTO (APPROPRIATING ACT)  BOARD RES.  BLG. NG ORD.  BLG. NG AYTEM	6b. NAKALIPAS NA BATAS NG PRESUPWESTO (APPROP. ACT)  BOARD RES.  BLG. NG ORD.  BLG. NG AYTEM	7a. SUWELDO  AWTORISADO  AKTUWAL	7b. IBA PANG KOMPENSASYON  KARAGDAGANG KOMP.  PERA
8. OPISYAL NA DESIGNASYON O POSISYON		9. PANUKALANG TITULO NG PAGTATRABAHO (IWANG WALANG SAGOT)	
10. KLASIPIKASYON SA WAPCO NG POSISYONG ITO		11. PANGKATANG TITULO NG HANAPBUHAY	
12. PARA SA POSISYON SA PAMAHALAANG LOKAL, LAGYAN NG TSEK ANG YUNIT PAMPAMAHALAAN AT ANG KLASE NG YUNIT  <div style="display: flex; justify-content: space-around;"> <span>[ ] MUNISIPYO</span> <span>[ ] LUNGSOD</span> <span>[ ] LALAWIGAN</span> </div> <div style="display: flex; justify-content: space-around; margin-top: 5px;"> <span>Una [ ]</span> <span>Pang-2 [ ]</span> <span>Pang-3 [ ]</span> <span>Pang-4 [ ]</span> <span>Pang-5 [ ]</span> <span>Pang-6 [ ]</span> <span>Pang-7 [ ]</span> </div>			
13. PAHAYAG NG MGA TUNGKULIN AT GAWAIN. Kung kailangan pa ang dagdag na espasyo, maglakip ng mga dagdag na papel.			
Porsiyento ng Oras ng Pagtatrabaho			
14. PAMAGAT NG POSISYON NG TUWIRANG SUPERBISOR		15. PAMAGAT NG POSISYON NG KASUNOD NA NAKATATAAS NA SUPERBISOR	
16. MGA PANGALAN, TITULO AT BLG. NG AYTEM NG MGA TAONG TUWIRAN MONG PINAMAMAHALAAN (Kung higit sa pito /7, itala lamang ang kanilang aytem)			

17. MGA MAKINA, KASANGKAPAN, KAGAMITAN, ATBP NA GINAGAMIT PALAGI SA PAGTUPAD NG TRABAHO			
18. MGA KONTAK O INUUGNAYAN			19. KONDISYON/ KALAGAYAN NG PAGTATRABAHO
	PAMINSAN- MINSAN	MADALAS	
BALANA/MADLA	[ ]	[ ]	NORMAL NA KALAGAYAN NG PAGTATRABAHO [ ]
IBA PA	[ ]	[ ]	TRABAHO SA LABAS NG OPISINA [ ]
MGA SUPERBISOR	[ ]	[ ]	MGA PAGLALAKBAY LANTAD SA IBA-IBANG LAGAY NG PANAHON [ ]
PANGASIWAAN	[ ]	[ ]	IBA PA (TIYAKIN) [ ]
IBA PA (TIYAKIN)	[ ]	[ ]	
20. PINATOTOHANAN KO NA ANG MGA SAGOT SA ITAAS AY WASTO AT KOMPLETO.			
_____		_____	
PETA		LAGDA NG EMPLEADO	
21. ILARAWAN NANG MAIKLI ANG PANGKALAHATANG GAWAIN NG YUNIT O SEKSIYON			
22. ILARAWAN NANG MAIKLI ANG PANGKALAHATANG GAWAIN NG POSISYON			
23a. IDETALYE ANG KAILANGANG KUWALIPIKASYON AYON SA MGA TAON AT URI NG EDUKASYONG ISINAALANG-ALANG SA PAGPUNO NG BAKANTE PARA SA POSISYONG ITO. (Isaisip ang posisyon kaysa sa kuwalipikasyon ng kasalukuyang nanunungkulan. Ang aytem ay kailangang lagyan para sa lahat ng posisyon bukod sa pagtuturo)			
EDUKASYON :			
KARANASAN :			
23b. MGA LISENSIYA O SERTIPIKONG KAILANGAN UPANG MAGAMPANAN ANG TRABAHO. KUNG MAYROON...			
24. PINATUTUNAYAN KO NA ANG MGA SAGOT SA ITAAS AY WASTO AT KOMPLETO.			
_____		_____	
PETA		LAGDA/TITULO NG TUWIRANG SUPERBISOR	
APROBADO:			
_____		_____	
PETA		PUNO NG AHENSIYA	

Pormularyo ng Paghirang

Pormularyo ng KSS (CSC) No. 33  
(Binago, 1998)

Republika ng Pilipinas  
Republic of the Philippines

\_\_\_\_\_  
Ahensiya  
\_\_\_\_\_

Ginoo/Gng./Bb.:  
Mr./Mrs./Ms.:

Kayo ay nahirang na \_\_\_\_\_ na may  
*You are hereby appointed as \_\_\_\_\_ with a*

istatus \_\_\_\_\_ sa \_\_\_\_\_  
*(Status) at (Agency)*

sa pasahod na \_\_\_\_\_ piso kada taon.  
*with a compensation rate of \_\_\_\_\_ pesos per annum.*

Ito ay magkakabisa sa petsa ng pagganap mo ng tungkulin subalit di aaga  
*The effectivity date of this appointment shall be the date of actual assumption by the appointee but not earlier.*

sa petsa ng pagpirma ng puno ng tanggapan o ng humirang na awtoridad.  
*than the date of issuance of the appointment which is the date of the appointing authority.*

Ang paghirang na ito ay \_\_\_\_\_ bilang kapalit ni  
*This appointment is (Original, Promotion, etc.) vice*

\_\_\_\_\_ na \_\_\_\_\_  
*who (transferred, retired, etc.)*

at ayon sa Aytem ng Plantilya No. \_\_\_\_\_ Pahina \_\_\_\_\_  
*and in accordance with Plantilla Item No. Page*

Sumasainyo,  
*Very truly yours,*

\_\_\_\_\_  
Puno ng Tanggapan  
*Head of Agency*

\_\_\_\_\_  
Petsa ng Pagpirma  
*Date of Signing*

Komisyon sa Serbisyo Sibil

Awtorisadong Opisyal / Komisyon sa Serbisyo Sibil  
Authorized Official / Civil Service Commission

**Sertipikasyon**  
Certification

Ito ay pagpapatunay na ang lahat ng dapat gawin at mga kailangang dokumento para sa paghirang na ito ayon sa CSC MC No. \_\_\_\_\_, s. 1998 ay nasunod na, narebyu at napatunayang nasa ayos.

*This is to certify that all requirements and supporting papers pursuant to MC No. \_\_\_\_\_, s. 1998 have been complied with, reviewed and found to be in order.*

Ang posisyon ay nalathala sa \_\_\_\_\_ noong \_\_\_\_\_.  
(The position was published at) (on)

\_\_\_\_\_  
Pinunong Pantauhan (HRMO)  
Personnel Officer (HRMO)

**Sertipikasyon**  
Certification

Ito ay pagpapatunay na ang nahirang ay nagdaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pagpili/Promosyon ng Tauhan at nakitang kuwalipikado.

*This is to certify that the appointee has been screened and found qualified by the Personnel Selection/ Promotion Board.*

\_\_\_\_\_  
Tagapangulo  
Chairman  
Lupon sa Pagpili/Promosyon ng Tauhan  
Personnel Selection / Promotion Board

**Mga Notasyon**

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**ANUMANG BURA O PAGBABAGO SA AKSIYONG GINAWA NG KOMISYON SA SERBISYO SIBIL AY MAGPAPAWALANG BISA SA PAGHIRANG NA ITO MALIBAN KUNG ANG PAGBABAGO AY NAKASULAT NA KINUMPIRMA NG KOMISYON.**

Petsa ng paglabas sa KSS/Komisyon  
Mga Pagbibigyan ng Kopya:

- |                   |   |                                    |
|-------------------|---|------------------------------------|
| Orihinal          | - | Kopya ng nahirang                  |
| Pangalawang Kopya | - | para sa Komisyon sa Serbisyo Sibil |
| Pangatlong Kopya  | - | para sa Ahensiya                   |

Kahilingan para sa Pansamantalang Pagtatalaga

**MEMORANDUM BLG.** \_\_\_\_\_

**MULA KAY:** \_\_\_\_\_

**PARA KAY:** \_\_\_\_\_

**PAKSA :** \_\_\_\_\_

**PAKSA :** \_\_\_\_\_

x ----- x

Kayo ay pansamantalang itatalagang \_\_\_\_\_

simula \_\_\_\_\_ hanggang \_\_\_\_\_ o walang

itinatakda bilang \_\_\_\_\_

Makipag-ugnay kaagad kay \_\_\_\_\_

Ang pagtatalagang ito ay karagdagang gawain ngunit [ ] may karagdagan [ ] walang  
karagdagang sahod maliban sa matatanggap ninyong \_\_\_\_\_ simula

TUMALIMA.

\_\_\_\_\_  
Lagda ng Awtorisadong Opisyal



**KAHILINGAN PARA SA PANSAMANTALANG DESTINO/PAGTATALAGA  
FORMULARYO NG KSS (CSC), NO. 405**

Republika ng Pilipinas  
**KOMISYON SA SERBISYO SIBIL**  
Lungsod Quezon

(Dapat isagawa ng ahensiyang ang mga empleado ay may permanenteng appointment o pagkahirang. Kung ang pagdestino o pagtatalaga ay buhat sa isang tanggapan tungo sa iba, ang mga aytem Blg. 1-7, 10-11 ay dapat na may patunay ng ahensiyang pinapasukan ng empleado, at ang mga aytem Blg. 8-9, 12-13 ng ahensiyang humihiling.)

1. Pangalan ng empleadong balak ilipat ng destino	2. Katungkulan	3. Istatus ng pagkahirang (permanente, probisyonal o pansamantala)	4. Seksiyon at/o Dibisyon
5. Katungkulan (sa panahon ng pagtatalaga)	6. Saan		7. Panahon ng pagtatalaga (Sabihin ang saklaw na petsa)
8. Uri ng mga tungkuling gagampanan samantalang nakadestino/nakatalaga			
9. Dahilan ng pansamantalang destino/pagtatalaga	10. Kabuuan ng tauhang bumubuo ng ahensiya	11. Bilang ng mga taong nakatalaga na nang iharap ang kahilingang ito	
12. Ang kahilingan ba sa pagtatalaga ng tinutukoy ditong empleado ay  ( ) para sa unang pagkakataon      ( ) para sa pagpapatuloy ng destino/pagtatalaga			
13. Kung ang kahilingan ay para sa pagpapatuloy o ekstensiyon, sabihin ang orihinal na petsa ng destino/pagtatalaga.			
PINATUTUNAYANG WASTO:			
_____		_____	
Lagda ng Puno ng Ahensiyang pinapasukan ng empleado		Lagda ng Puno ng Ahensiyang humihiling	

**KAHILINGAN PARA SA PANSAMANTALANG PAGTATALAGA**

Empleadong Itatalaga : \_\_\_\_\_

Posisyon : \_\_\_\_\_ Sangay : \_\_\_\_\_

Kalagayan ng Paghirang : [ ] Kontraktuwal  
[ ] Permanente

Posisyon sa lilipatang katungkulan sa oras ng pagtatalaga: \_\_\_\_\_

Lugar/Departamento/Ahensiya : \_\_\_\_\_

Saklaw na Petsa sa Pagtatalaga batay sa araw ng pagpapatibay ng bisa \_\_\_\_\_

**TUNGKULIN AT GAMPANIN SA POSISYONG PINAGTALAGAHAN**

Bilang ng mga empleadong kumakatawan sa Ahensiya :  
\_\_\_\_\_

Dahilan ng Pagtatalaga : \_\_\_\_\_

Binigyang Pansin:

Lagda ng Awtorisadong Opisyal  
ng Humihiling na Ahensiya

Pinatunayan ni:

\_\_\_\_\_  
(Awtorisadong Opisyal)

**PORMULARYO NO. 211 KSS (CSC), 1997**  
**SERTIPIKONG MEDIKAL**  
**SERBISYO SIBIL NG PILIPINAS**  
 Para sa Empleo

**INSTRUKSIYON**

1. Ang Sertipikong Medikal na ito ay dapat isagawa ng isang doktor ng pamahalaan.
2. Ilakip ang Sertipikong ito sa orihinal na pagkahirang (appointment) at pagkabalik sa dating tungkulin.

**PARA SA IMINUNGKAHING HIRANGIN**

<b>PANGALAN</b> (Apyido, Una, Gitna. Kung babaeng may-asawa, itala ang pangalan nang dalaga)			AHENSIYA
TIRAHAN			MUNGKAHING POSISYON
EDAD	KASARIAN	ESTADO SIBIL	

**Mga Test na Medikal at Pisikal Bago ang Empleo**

1. Test sa dugo
2. Suri sa lhi
3. X-ray sa dibdib
4. Test sa Droga
5. Eksaminasyong Neuro-Psychiatric

Manpower Development Division (Dibisyon sa Pagpapaunlad ng Lakas Paggawa)  
Ground Floor, BFO Bldg., Ortigas Avenue  
cor. EDSA. Lungsod ng Mandaluyong  
Tel./Fax No. (632) 722-1165  
Email: bagong\_bayani\_awards@yahoo.com
2. Sa kinauukulang Philippine Overseas Labor Office (POLO)

Gawad ng Pagkilala



Republika ng Pilipinas  
Tanggapan ng Pangulo  
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

## PAGKILALA

Si **PONCIANO B.P. PINEDA**, isang premyadong manunulat, lingguwista, abogado, at masugid na makawika ay ang dating Punong Komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino (1991-1997), naging direktor ng Linangan ng mga Wika sa Pilipinas at ng Surian ng Wikang Pambansa;

Angkin niya ang mga katangiang kailangan sa pamamalakad ng isang napakasensitibong ahensiya ng pamahalaan. Si PBPP ang pangunahing tagapagbalangkas ng Linangan ng mga Wika sa Pilipinas; ng Batas Republika Blg. 7104 na lumikha ng Komisyon sa Wikang Filipino; punong tagasalin sa wikang pambansa ng teksto ng mga Saligang Batas ng 1973 at 1987;

Sa kaniyang liderato, nireporma ang alpabeto at inilabas ang *1987 Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino*, isang malaking hakbang tungo sa estandardisasyon ng wikang pambansa. Iniluwal din sa kaniyang panahon ang monolingguwal na *Diksiyunaryong Filipino* at di- mabilang na publikasyon. Isinalin sa Filipino ang mahahalagang kodigo at batas na nagbigay ng ibayong pakinabang sa iba't ibang kagawaran/ahensiya ng pamahalaang gumagamit nito;

Pinaigting din sa kaniyang panahon ang pagdaraos ng mga seminar sa programang edukasyong bilingguwal at talastasang opisyal gamit ang wikang Filipino;

Nakabuo siya ng lawas ng mga papel pangwika na kaniyang binasa sa loob at labas ng bansa. Ito ang nagbigay-direksiyon sa mga pagpaplanong pangwika sa Pilipinas;

Ang di-mabilang na pagkilalang tinanggap niya mula sa akademya at mga samahang pangwika, ay patunay ng kaniyang tagumpay sa larangan ng edukasyon, wika, at panitikan.

Para sa pag-uukol ng limampu't isang taon ng kaniyang buhay upang mailuklok ang isang wikang pambansa, iginagawad ng Komisyon sa Wikang Filipino kay

**PONCIANO B.P. PINEDA**  
ang  
**GAWAD DANGAL NG WIKANG FILIPINO**

ngayong ika-31 ng Agosto, 2004 sa The Pan Pacific Hotel, Maynila kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

(Lgd.)  
**LEONIDA B. VILLANUEVA**  
Tagapangulo  
Lupon sa Gawad-Parangal

(Lgd.)  
**NITA P. BUENAOBRA**  
Tagapangulong Komisyoner

Republika ng Pilipinas  
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS  
**Linangan ng mga Wika sa Pilipinas**  
Pasig

**GAWAD NG PAGKILALA**

sa

**PAMANTASAN NG LUNGSOD NG MAYNILA**  
Intramuros, Maynila

Dahil, sa marubdob na makabayang pagnanais na mapayaman at maitampok ang pambansang wika na pinatutunayan ng sumusunod:

- \* pagbibigay ng ngalang Filipino sa pamantasan at sa mga gusali nito; gayundin sa pagsasa-Filipino sa mga sertipiko, diploma, at palatuntunan sa pagtatapos na naglalaman ng Talaan ng Nagtagumpay na mga Mag-aaral;
- \* paglikha ng mga katumbas sa Filipino na may antas pampanitikan ng mga salitang banyaga na iginagawad sa mga kabataang nagtatapos nang may namumukod-tanging talino, tulad ng *May Papuri*, *May Dakilang Papuri*, *May Sukdulang Papuri para sa Cum Laude*, *Magna Cum Laude at Summa Cum Laude*, gayundin ng Bachelor's Degree para sa iba't ibang sangay ng karunungan;
- \* paggamit ng Filipino bilang midyum ng talakayan sa mga asignaturang nauukol sa Agham Panlipunan; at
- \* pagdaraos ng mga taunang timpalak na nagtatanghal sa wika at kalinangang Pilipino.

Iginawad ngayong ika-19 ng Agosto, 1991 sa Audio-Visual Room ng Philippine Human Resource Development Center, University of Life Complex, Pasig, Metro Manila kaugnay ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika '91.

(Lgd.)  
**LEONIDA B. VILLANUEVA**  
Tagapangulo  
Lupon sa Gawad Pagkilala

(Lgd.)  
**PONCIANO B. P. PINEDA**  
Direktor

Republika ng Pilipinas  
Linangan ng mga Wika sa Pilipinas  
Maynila

**GAWAD NG PAGKILALA**

kay

**JOSE V. ABUEVA, Ph.D.**

Pangulo, Unibersidad ng Pilipinas

Dahil sa kaniyang di-mapasusbaliang pagdakila at pananalig sa kakayahan ng Filipino, ang wikang pambansa, na pinatitibayan ng –

- \* paglulunsad ng kaniyang administrasyon sa Unibersidad ng Pilipinas ng isang patakarang pangwika na maglililaw sa epektibong mga hakbangin at programang makatutulong sa proseso ng higit pang pagpapaunlad at pagpapayabong ng Wikang Filipino na natatanging instrumento ng kaunlarang pambansa;
- \* kagyat na pagpapatupad ng pasiyang gamitin ang Filipino na wikang panturo ng mga paksang-aralin sa antas di-gradwado simula sa taong panuruan 1989–1990; at
- \* kasigasigan sa paggamit ng Filipino sa karaniwang pakikipag-usap, pagbibigay ng mga mensahe, at pagtatalumpati sa loob at labas ng Unibersidad.

Iginawad ngayong ika-18 ng Agosto, 1989 sa University of Life Auditorium, Rizal Building, University of Life Complex, Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila.

(Lgd.)

**LEONIDA B. VILLANUEVA**

Tagapangulo

Lupon sa Gawad Pagkilala

(Lgd.)

**PONCIANO B. P. PINEDA**

Direktor

Republika ng Pilipinas  
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS  
**LINANGAN NG MGA WIKA SA PILIPINAS**  
PASIG

## GAWAD NG PAGKILALA

kay

**BRO. ANDREW B. GONZALEZ, FSC**

Pangulo, Pamantasang De La Salle

Dahil sa natatangi at kapuri-puring naiambag niya sa pagpapalaganap ng Wikang Filipino na pinatutunayan ng sumusunod:

- pagsasagawa ng mga mapanuri at lingguwistikong pag-aaral hinggil sa wika na napapaloob sa kaniyang mga artikulo at aklat tulad ng: *Acoustic Correlates of Accent, Rhythm and Intonation in Tagalog; Classifiers in Tagalog: A Semantic Analysis; Pampangan: Outline of a Generative Semantic Analysis; The Glottal Stop in Tagalog; In a World of Language; Towards Intellectualization: The Use of Pilipino as a Medium of Instruction in Philippine Tertiary Institutions; Language and Nationalism: The Philippine Experience Thus Far;* at maraming iba pa;
- pagsusuri, pag-aanalisa, at pagpapahalaga hinggil sa mga pagbabago sa kalakaran at suliranin ng wika na batayan sa pagpaplanong pangwika;
- masigasig na pamumuno sa Linguistic Society of the Philippines, isang kalipunan ng mga iskolar ng wika, na nakapagpapasigla sa lingguwistika sa bansa; at
- pagbubunsod ng mga progresibong hakbangin sa pagtuturo at paggamit ng wika at panitikang Filipino sa Pamantasang De La Salle na siya ang Pangulo.

Iginawad ngayong ika-19 ng Agosto, 1988 sa Marco Polo Restaurant, Pasig, Metro Manila kaugnay ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika '88.

(Lgd.)

**ARACELI M. MANALIGOD**

Tagapangulo

Lupon sa Gawad Pagkilala

(Lgd.)

**PONCIANO B.P. PINEDA**

Direktor



Republika ng Pilipinas  
Tanggapan ng Pangulo  
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

## GAWAD NG PAGKILALA

kay

### **RUTH ELYNIA S. MABANGLO, Ph.D.**

Makata, Mandudula, Manunulat  
Tagapagsalingwika, Lektyurer

Dahil sa walang-sawang pagbabahagi ng kaniyang talino, at malawak na kaalaman at panahon sa patuloy na pagpapaunlad ng Wika at Literaturang Filipino lalo na sa larangan ng pagkatha ng tula at dula na pinatutunayan ng:

- \* Pagtatamo ng karangalang kauna-unahang makatang babaeng naluklok sa Hall of Fame ng Carlos Palanca Memorial Awards for Literature; National Book Award for Poetry para sa *Kalipunan ng mga Tula, Mga Liham ni Pinay*, ng Manila Critics Circle,
- \* Pagbabahagi ng kaalaman sa wika bilang lektyurer sa mga paksang nauukol sa pagtuturo ng Wika at Literaturang Filipino, kasaysayan at pag-unlad nito sa mga seminar/kumperensiyang dinaluhan sa lahat ng dako ng Pilipinas, sa Kuala Lumpur, Thailand, Hawaii, Chicago, London, at iba pa,
- \* Pagkikintal ng kagandahan at kahalagahan ng Wikang Filipino sa mga estudyanteng Filipino-Amerikano bilang Associate Professor ng Filipino at Programa ng Literatura ng Pilipinas sa Unibersidad ng Hawaii at Manoa,
- \* Pagdisenyo at pagbuo ng 50 mga pagsasanay sa Balarilang Tagalog, mga Palaisipan at mga aralin sa pagbasa at pagsasadula ng sitwasyon para sa tiyak na pangangailangan ng mga mag-aaral na nasa elementarya at intermedya na may problema sa pagsasalita, pagbasa, at pagsulat; at
- \* Pagtatampok ng wika at kulturang Pilipino bilang kolumnista sa *Hawaii Filipino Chronicle*.

Iginawad ngayong ika-19 ng Agosto, 1997, sa Club Filipino, Greenhills, San Juan, Metro Manila, kaugnay ng Pambansang Pagdiriwang ng Linggo ng Wika '97.

(Lgd.)

**PONCIANO B.P. PINEDA, Ph.D.**

Punong Komisyoner

Itinala:

(Lgd.)

**LETICIA F. MACARAEG**

Tagapangulo, Lupon sa Gawad





**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

Ipinagkakaloob ang

*Gawad Francisco Balagtas*

sa

**JORGE COLLANTES FOUNDATION**

Matapat na Tagapagsulong ng Wikang Filipino

Dahil sa napakahalagang ambag sa pagpapayaman, pagpapalaganap, pagpapahalaga, at pagtatampok sa Wikang Pambansa at Panitikang Pilipino sa loob ng dalawampu't limang (25) taong paglalaan ng gantimpalang salapi para sa dalawang patimpalak na itinataguyod ng Surian ng Wikang Pambansa/Linangan ng mga Wika sa Pilipinas/ Komisyon sa Wikang Filipino: ang TALAANG GINTO: GAWAD SURIAN SA TULA at GAWAD SURIAN SA SANAYSAY.

Iginawad ngayong ika-2 ng Abril, 2009 sa Philippine International Convention Center, CCP Complex, Lungsod ng Pasay, kaugnay ng pagdiriwang ng Araw ni Balagtas.

(Lgd.)

**SHEILEE BORAS-VEGA**

Tagapangulo, Lupon sa Gawad  
Pagdiriwang ng Araw ni Balagtas 2009

(Lgd.)

**CARMELITA C. ABDURAHMAN**

Full-time na Komisyoner

(Lgd.)

**CONCEPCION H. LUIS**

Full-time na Komisyoner

(Lgd.)

**JOSE LADERAS SANTOS**

Tagapangulong Komisyoner



Tanggapan ng Pangulo  
**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

Ipinagkakaloob ng Lupon sa Parangal  
ang

*Gawad Dangal ng Wikang Filipino*

Sa  
Sangay ng Panitikan  
Sentrong Pangkultura ng Pilipinas  
(Cultural Center of the Philippines)

Sa ilalim ng pamumuno ni  
Dr. RAUL M. SUNICO  
Nanunungkulang Pangulo

At sa pamamahala ni  
HERMINIO S. BELTRAN, JR.  
Direktor, Sangay ng Panitikan

Dahil sa masiglang pagpapaunlad sa panitikang Filipino na pinatutunayan ng mga gawaing tulad ng pagtatatag ng Sentrong Pang-ugnayan para sa Panitikan ng CCP, paglalathala ng mga akdang pampanitikan (ANI at iba pang aklat) at mga pag-aaral. At sa pagtatampok ng wika at kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga timpalak sa pagsulat ng tula, maikling kuwento, dula at libreto sa Filipino, mga palihan sa malikhaing pagsulat (LIKHANG PASLIT), timpalak sa pagsulat at pagbigkas para sa kabataan (BATA-BATUTE), pagtatanghal ng mga pagtula (PARNASONG PILIPINO at TANGHAL-TULA), malikhaing pagpapahayag (BATANG SINING), pag-awit at pagbabasa ng mga aklat pambata (BOSES BATA).

(Lgd.)

**ELVIRA B. ESTRAVO**

Tagapangulo, Lupon sa Gawad Parangal  
Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2009

(Lgd.)

**CONCEPCION H. LUIS**

Komisyoner

(Lgd.)

**CARMELITA C. ABDURAHMAN**

Komisyoner

Tagapangulo, Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2009

(Lgd.)

**JOSE LADERAS SANTOS**

Punong Komisyoner

Republika ng Pilipinas  
PAMBANSANG SURIANG PANGKASAYSAYAN  
Maynila

Ang

## **GAWAD NG PAGKILALA**

bilang

*Kawani ng Taon*

ay malugod na ipinagkakaloob kay

### **FERDINAND J. NOLASCO**

Data Controller II  
Dibisyong Administratibo

Dahil sa kaniyang katangi-tanging pagganapsatungkulin at ibapangitinakdang gawain nang hindi na nangangailangan pa ng masusing pangangasiwa ng kaniyang superbisor;

Dahil sa kaniyang pagkukusa upang magampanan nang buong husay at katapatan hindi lamang ang mga gawaing iniatang sa kaniya kundi gayundin ang ibang gawaing kaniyang isinasagawa upang makamtan ang misyon at bisyon ng Surian na maging isang “**strong, leading and outstanding resource center**”;

Dahil sa pagtupad sa isinasaad ng Panunumpa ng Kawani ng Gobyerno lalo na yaong pangakong papasok nang maaga at magtatrabaho nang lagpas sa takdang oras kung kinakailangan hanggang sa siya ay tanghaling isang uliran at huwarang kawani ng pamahalaan.

Ipinagkaloob ngayong ika-16 ng Disyembre taong 2000 sa Nagcarlan, Laguna kaugnay ng pagdaraos ng **NHI Family Day & Sportsfest 2000**.

(Lgd.)

**PABLO S. TRILLANA III**

Tagapangulo at Patnugot Tagapagpaganap

Republika ng Pilipinas  
**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**  
San Miguel, Lungsod ng Maynila



**KATIBAYAN NG PAGPAPAHALAGA**

kay

**PAT. V. VILLAFUERTE**

Dahil sa mataas na antas ng pagpapahalaga sa Wikang Filipino na ipinamalas ng kaniyang pakikiisa sa taos-pusong pagtulong na maidaos ang makasaysayan at makulay na selebrasyon na opisyal na nagbukas ng Pambansang Buwan ng Wika 2007 tampok ang Parada ng mga Bayani ng mga Wika sa Pilipinas at ebolusyon ng Wikang Filipino na sinimulan sa Manuel Luis Quezon University Quadrangle hanggang Damnanang Bonifacio, Mehan Garden, Lungsod ng Maynila.

Ipinagkaloob ngayong ika-16 ng Agosto, 2007 sa National Press Club, Bonifacio Drive, Intramuros, Maynila.

(Lgd.)

**JOSE LADERAS SANTOS**

Tagapangulo

Buwan ng Wikang Pambansa 2007

(Lgd.)

**RICARDO MA. DURAN NOLASCO, Ph.D.**

Punong Komisyoner



## Kagawaran ng Turismo

Ang

### **Sertipiko ng Pagpapahalaga**

ay iginawad

kay

### **NORA A. LANSANG**

bilang pasasalamat at pagkilala sa kaniyang napakahalaga at dedikadong paglilingkod sa pamahalaan, na sa gayo'y nakapaghandog nang napakalaki sa pag-unlad ng industriya ng turismo sa kabuuan at partikular sa pagsasakatuparan ng misyon at bisyon.

Ipinakaloob ngayong ika-30 araw ng Setyembre, 2004  
sa Maynila kasabay ng ika-104 na Anibersaryo  
ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas

(Lgd.)

**EVELYN B. PANTIG**  
Nanunungkulang Kalihim

Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG KAGALINGAN AT PAGPAPAUNLAD PANLIPUNAN**  
(DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT)

Itong

*Sertipiko ng Merito*

ay ipinagkakaloob kay

**MILAGROS S. GABRIEL**

dahil sa kaniyang kapuri-puring komitment at buong-pusong dedikasyon sa pangangasiwa sa Operasyong Tulong at Rehabilitasyon para sa mga biktima ng Bundok Pinatubo sa Rehiyon III, na nakatulong sa maayos na pagbibigay ng mga pangunahing serbisyong panlipunan.

Ipinagkaloob ngayong ika-25 araw ng Mayo, 1992, Lungsod Quezon, Pilipinas.

(Lgd.)

**MITA PARDO DE TAVERA, M.D.**

Kalihim



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG TURISMO**  
Maynila, Pilipinas

Iginagawad itong

**SERTIPIKO NG KATAPATAN**

kay

**TERESITA A. ROMANES**

lakip ang marubdob na pagkilala at taos-pusong pasasalamat sa kaniyang dedikasyon, komitment, at mahalagang dalawampung (20) taóng tuloy-tuloy na paglilingkod sa Kagawaran.

Iginawad ngayong ika-30 ng Setyembre, 2004, sa Maynila kasabay ng Ika-104 na Anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas.

(Lgd.)  
EVELYN B. PANTIG  
Nanunungkulang Kalihim



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG KAGALINGAN AT PAGPAPAUNLAD PANLIPUNAN**  
Kawanihan ng Pagpapaunlad Institusyonal ng Kagalingang Panlipunan

Ang

## **SERTIPIKO NG PAGLAHOK**

ay ipinagkakaloob kay

*Laura L. Hernandez*

dahil sa kaniyang matagumpay na pakikilahok sa

**SEMINAR – WORKSHOP SA MABISANG PANGANGASIWA  
NG MGA REKORD: MGA SISTEMA AT PAMAMARAAN**

ng ginanap noong Abril 26 – 30, 2004 sa DSWD Board Room,  
Batasang Pambansa Complex, Constitution Hills, Lungsod Quezon

Ibinigay ngayong ika-30 ng Abril, 2004.

(Lgd.)

**LUWALHATI F. PABLO**  
Pangalawang Kalihim, GASSG



Republika ng Pilipinas  
**KOMISYON SA SERBISYO SIBIL**  
PAMBANSANG PUNONG REHIYON



## Katunayan ng Pagdalo

Ito ay pagpapatunay na si \_\_\_\_\_ ng \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_ ay dumalo sa Mobile Course on Appointment Preparation na  
pinangasiwaan ng Komisyon sa Serbisyo Sibil Pambansang Punong Rehiyon, noong Oktubre  
12, 1992 sa Silid-Pulungan ng Punong Tanggapang Pampangasiwaan ng DSWD nang  
walong (8) oras.

Ipinagkaloob ngayong ika-12 ng Oktubre, 1992 sa Lungsod Quezon.

(Lgd.)  
**ATTY. ROLANDO T. MAJOMOT**  
Direktor II



Republika ng Pilipinas  
**KAGAWARAN NG KAGALINGAN AT PAGPAPAUNLAD PANLIPUNAN**  
Lungsod Quezon

## Ang Sertipiko ng Pagtatapos

ay ipinagkakaloob kay

---

sa kaniyang pagdalo sa natapos na

**SEMINAR SA KALUSUGAN AT KASAGANAAN**

na pinangasiwaan ng  
**SERBISYO PARA SA PAGPAPAUNLAD PANTAUHAN**  
**SANGAY NG PAGAPLANO AT PAGPAPAUNLAD NG PROPESYON**

sa pakikipag-ugnay sa  
**TANGGAPAN NG PANGULO**

May 18, 1995  
Petsa

Gusali ng DSWD, Constitution Hills, Lungsod Quezon  
Venue

(Lgd.)  
ARLENE M. IMPERIO, M.D., M.P.H.  
Koordineytor sa Programang Pangkasaganaan  
Tanggapan ng Pangulo

(Lgd.)  
DALISAY L. NAZARENO  
Koordineytor sa Programang Pangkasaganaan  
Tanggapan ng Pangulo

(Lgd)  
LUVIMIN A. CUSTODIO  
Kawaksing Kalihim  
Para sa Pamamahalang Pantauhan

(Lgd.)  
LINA B. LAIGO  
Nanunungkulang Kalihim



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
PAMBANSANG KOMISYONG PANGKASAYSAYAN NG PILIPINAS  
Kalye T. M. Kalaw, Ermita, Maynila

**KATIBAYAN NG PAGLILIPAT  
AT  
PAGTANGGAP NG PANANDANG PANGKASAYSAYAN**


**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

**SA LAHAT NG KINAUKULANG MAKABABASA NITO:**


Dapat mabatid na ang **Pambansang Komisyon Pangkasaysayan ng Pilipinas**, sa pagpapatupad ng kapangyarihang ipinagkaloob dito ng batas at bilang pagtatlima sa kautusang parangalan ang mga pambansang bayani, pamalagiin ang luwalhati ng kanilang kabutihan, at pagyamanin ang mga makasaysayang pook, ay malugod na inililipat ang panandang pangkasaysayang ito sa **Pamunuan ng Komisyon sa Wikang Filipino** na buong pusong sumasang-ayon na tanggapin at panatiliing isang banal na tungkulin ang pangangalaga rito.

**BILANG KATUNAYAN NITO**, ang mga kinauukulan ay lumagda ngayong ika- 13 ng Nobyembre, 2011 sa Lungsod ng Maynila.

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO:

  
PUNONG KOMISYONER JOSE LADERAS SANTOS

  
ATTY. CONCEPCION H. LUIS

  
NILAGDAAN AT PINANUMPAAN sa harap ko ngayong ika- 13 ng  
Nobyembre, 2011 sa Lungsod ng Maynila, Pilipinas.

Not. Reh. Blg. 175  
Pahina 35  
Libro XVII  
Serye ng 20.11


PAMBANSANG KOMISYONG PANGKASAYSAYAN NG PILIPINAS:

  
EXEC. DIR. LUDOVICO D. BADOY

  
BB. CARMINDA R. AREVALO

**NOTARYO PUBLIKO**  
Ang akting komisyon ay magtatapos  
Disyembre 31, 2011, 2011  
ADD: 907 DEL PAN ST., TORRE, M.L.A.  
PTR NO. 9221050. 01-3-11.M.L.A.  
ISP NO. 746636. 12/04/09. M.L.A.  
TIN NO. 183-600-611 ROLL 28924

**Tsart ng Organisasyon  
KOMISYON SA MAS MATAAS NA EDUKASYON\***



\*Kasalukuyang kilala bilang "Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon"

# 12

## Pagsulat ng Direksiyon at Pag-adres sa mga Taong May Mataas na Katungkulan (Ways of Addressing Individuals with Higher Position)

Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pantitagang Pangwakas	Pagpapakilala
	Opisyal	Sosyal			
<b>Sangay Tagapagpaganap</b> Ang Pangalan ng Pilipinas	Ang Kagalang-galang Juan Manuel Dela Cruz Pangulo ng Pilipinas Palasyo ng Malakanyang Maynila, ZIP Code o Ang Pangulo San Miguel, Maynila	Ang Pangulo at Ginang dela Cruz (apey/ido lamang)  Sa asawa ng Pangulo  Ginang dela Cruz (apey/ido lamang)	Ginoong Pangulo:  Kagalang-galang na Pangulo at Ginang dela Cruz:	Lubos na gumagalang,  Magalang na sumasainyo,	Ang Pangulo o Ang Pangulo ng Pilipinas  o kung nasa labas ng bansa Ang Pangulo ng Republika ng Pilipinas
Ang Pangalawang Pangulo ng Pilipinas	Ang Kagalang-galang Juan Emmanuel dela Cruz Pangalawang Pangulo ng Pilipinas Coconut Palace, F. Ma. Guerrero Street, CCP Complex, Lungsod ng Pasay o Ang Pangalawang Pangulo Coconut Palace, F. Ma. Guerrero Street, CCP Complex, Lungsod ng Pasay	Ang Pangalawang Pangulo at Ginang dela Cruz (apey/ido lamang)  Sa asawa ng Pangalawang Pangulo  Ginang dela Cruz (apey/ido lamang)	Kagalang-galang na Pangalawang Pangulo:  Mahal na Ginoong Pangalawang Pangulo at Ginang dela Cruz:	Lubos na gumagalang,  Magalang na sumasainyo,	Ang Pangalawang Pangulo o Ang Pangalawang Pangulo ng Pilipinas  o kung nasa labas ng bansa Ang Pangalawang Pangulo ng Republika ng Pilipinas
Dating Pangulo o Pangalawang Pangulo	Ang Kagalang-galang Juan Ramon dela Cruz (tanggapan)	Ang Kagalang-galang Juan Ramon dela Cruz at Ginang dela Cruz (adres ng tirahan)	Mahal na Pangulong dela Cruz:	Gumagalang Magalang na sumasainyo,	Ang Kagalang-galang Juan Ramon dela Cruz (at Ginang dela Cruz)
Miyembro ng Gabinete (lalaking puno ng Kagawaran)	Ang Kagalang-galang Juan Paulino dela Cruz Kalihim ng Kalusugan (tanggapan)	Ang Kagalang-galang Ang Kalihim ng Kalusugan at Ginang dela Cruz  Sa asawa ng miyembro ng gabinete: Ginang Juan Paulino dela Cruz	Mahal na Kalihim:  Mahal na Kalihim at Ginang Juan Paulino dela Cruz:	Gumagalang,  Matapat na sumasainyo,	Kalihim dela Cruz o Ang Kalihim ng Kalusugan o Ang Kagalang-galang Juan Paulino dela Cruz, Kalihim ng Kalusugan

Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pamitang Pangwakas	Pagpapakilala
	Opisyal	Sosyal			
Miyembro ng Gabinete (babaeng puno ng kagawaran)	Ang Kagalang-galang Maria Lourdes Reyes Kalihim ng Edukasyon (tanggapan)	Ang Kagalang-galang Ang Kalihim ng Edukasyon at Ginoong Reyes o Ginoong at Ginang Reyes	Mahal na Ginang Kalihim: Mahal na Ginang (Binibining) Reyes: Mahal na Ginoong at Ginang Reyes:	Gumagalang Magalang na sumasainyo	Ang Kalihim ng Edukasyon Ginang (o Binibining) Reyes (apelyido lamang) o Ang Kagalang-galang Maria Lourdes Reyes Kalihim ng Edukasyon
Gumaganap na / Nanunungkulang Kalihim ng isang Kagawaran	Ang Kagalang-galang Juan Cesario dela Cruz Gumaganap na / Nanunungkulang Kalihim ng Pananalapi	Ang Kagalang-galang Gumaganap na / Nanunungkulang Kalihim ng Pananalapi at Ginang dela Cruz (apelyido lamang)	Mahal na Ginoong dela Cruz:	Matapat na sumasainyo	Ginoong dela Cruz o Ang Gumaganap na / Nanunungkulang Kalihim ng Pananalapi, Ginoong dela Cruz (at Ginang dela Cruz) o Ang Kagalang-galang Juan Cesario dela Cruz, Gumaganap na / Nanunungkulang Kalihim ng Pananalapi (at Ginang dela Cruz)
Miyembro ng Gabinete ad interim o pansamantala (kapag bakante ang tanggapan ng kalihim	Ang Kagalang-galang Juan Arturo dela Cruz Pansamantalang Kalihim ng Agrikultura	Ang Kagalang-galang Ang Pansamantalang Kalihim ng Agrikultura at Ginang dela Cruz (apelyido lamang)	Mahal na Ginoong dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Ginoong dela Cruz o Ang Pansamantalang Kalihim ng Agrikultura Ginoong dela Cruz o Ang Kagalang-galang Juan dela Cruz Ang Pansamantalang Kalihim ng Agrikultura (at Ginang dela Cruz)
Kinatawag Kalihim	Ang Kagalang-galang Juan Rafael dela Cruz Kinatawag Kalihim ng Kapaligiran at Likas na Yaman	Ang Kagalang-galang Kinatawag Kalihim ng Kapaligiran at Likas na Yaman at Ginang dela Cruz	Mahal na Ginoong Kinatawag Kalihim:	Matapat na sumasainyo,	Ginoong dela Cruz o Ang Kinatawag Kalihim ng Kapaligiran at Likas na Yaman Ginoong Juan Rafael dela Cruz o Ang Kagalang-galang Juan Rafael dela Cruz Deputyting Kalihim ng Kapaligiran at Likas na Yaman

Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pantibagong Pangwakas	Pagpapakilala
	Opisyal	Sosyal			
Pangalawang Kalihim ng Kagawaran	Ang Kagalang-galang Juan Blas dela Cruz Pangalawang Kalihim ng Paggawa at Empleo Kagawaran ng Paggawa at Empleo	Ang Kagalang-galang Pangalawang Kalihim ng Paggawa at Empleo at Ginang dela Cruz	Mahal na Pangalawang Kalihim dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Ginoong dela Cruz Ang Pangalawang Kalihim ng Paggawa at Empleo Ginoong Juan Blas dela Cruz Ang Kagalang-galang Juan Blas dela Cruz Pangalawang Kalihim ng Paggawa at Empleo
Solitor Heneral	Ang Kagalang-galang Juan Estelito dela Cruz Solitor Heneral	Ang Kagalang-galang Juan Estililo dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Solisitor Heneral: Mahal na Solisitor Heneral dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Ginoong dela Cruz Ang Kagalang-galang Juan Estelito dela Cruz Solisitor Heneral ng Pilipinas
Komisyoner	Ang Kagalang-galang Juan Benjamin dela Cruz Komisyoner Kagawaran ng _____	Ang Kagalang-galang Juan Benjamin dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Komisyoner: Mahal na Komisyoner dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Ginoong dela Cruz Ang Kagalang-galang Juan Benjamin dela Cruz Komisyoner ng Rentas Internas

### Sangay ng Tagapagbukom

Ang Punong Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas	Ang Punong Mahistrado Ang Kataas-taasang Hukuman (adres)	Ang Punong Mahistrado at Ginang dela Cruz Asawa ng Punong Mahistrado Ginang Juan Fernando dela Cruz	Mahal na Punong Mahistrado: Mahal na Punong Mahistrado dela Cruz:	Lubos na gumagalang, Magalang na sumasainyo,	Ang Punong Mahistrado Ang Punong Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas
Kasangguning Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas	Mahistrado-dela Cruz Ang Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas (adres)	Mahistrado dela Cruz at Ginang dela Cruz (Ginoong Juan Felix dela Cruz) Asawa ng Kasangguning Mahistrado Ginang (Ginoong) dela Cruz	Kagalang-galang na Mahistrado dela Cruz: Mahal na Ginoong Mahistrado: Mahal na Ginang Mahistrado:	Lubos na gumagalang, Magalang na sumasainyo,	Mahistrado dela Cruz Mahistrado dela Cruz ng Kataas-taasang Hukuman

Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Panibagong Pangwakas	Pagpapakiiala
	Opisyal	Sosyal			
Retiradong Punong Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas	Punong Mahistrado dela Cruz Ang Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas (adres)	Punong Mahistrado dela Cruz at Ginang dela Cruz o Ang Kagalang-galang Juan Enrique dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Punong Mahistrado dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Punong Mahistrado dela Cruz o Ang Kagalang-galang Juan Enrique dela Cruz, neging Punong Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas
Retiradong Kasangguniang Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas	Ang Kagalang-galang Juan Felix dela Cruz (adres ng tirahan)	Ang Kagalang-galang Juan Felix dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Ginoong Mahistrado dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Ginoong Mahistrado dela Cruz
Punong Hukom ng isang Mababang Hukuman ng Pilipinas	Ang Kagalang-galang Juan Amado dela Cruz (banggitin ang ngalan ng hukuman/ korte (lungsod, lalawigan, ZIP)	Ang Kagalang-galang Juan Amado dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Hukom dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Hukom dela Cruz o Ang Kagalang-galang Juan Amado dela Cruz Punong Hukom Hukuman (banggitin ang ngalan ng korte ng Pilipinas
Hukom ng isang Mababang Hukuman	Ang Kagalang-galang Juan Florencio dela Cruz Hukuman (banggitin ang ngalan nito) ng Pilipinas (lungsod, lalawigan, ZIP)	Ang Kagalang-galang Juan Florencio dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Ginoo o Mahal na Hukom dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Hukom dela Cruz o Ang Kagalang-galang Juan Florencio dela Cruz Hukom ng (banggitin ang ngalan ng korte) ng Pilipinas
Namunong/Pinunong Hukom (ng isang mababang hukuman)	Ang Kagalang-galang Juan Romulo dela Cruz Pinunong Hukom Sangay ng Paghahabol Kataas-taasang Hukuman (lungsod, lalawigan, ZIP)	Ang Kagalang-galang Juan Romulo dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Ginoo: o Mahal na Ginoong Hukom:	Matapat na sumasainyo,	Hukom dela Cruz o Ang Kagalang-galang Juan Romulo dela Cruz, Pinunong Hukom ng Sangay ng Paghahabol Kataas-taasang Hukuman ng (lalawigan)
Klerk ng Mababang Hukuman	Ginoong Juan Jose dela Cruz Klerk ng (ngalan ng korte, kung korteng pandistrito, sabihin ang distrito) tanggapang lokal	Ginoo at Ginang Juan Jose dela Cruz	Mahal na Ginoo: o Mahal na Ginoong dela Cruz:	Matapat na sumasainyo	Ginoong dela Cruz o Ginoong Juan Jose dela Cruz Klerk ng (pangalan ng Korte)



Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pamitangang Pangwakas	Pagpapakilala
	Opisyal	Sosyal			
<b>Sangay ng Tagapagbatas</b> Pangulo ng Senado	Ang Kagalang-galang Juan Eulogio dela Cruz Pangulo ng Senado Lungsod ng Pasay		Ginoo: 0 Kagalang-galang na Pangulo:	Gumagatang, 0 Matapat na sumasainyo	Ang Pangulo ng Senado
Pangulo Pro Tempore ng Senado	Ang Kagalang-galang Juan Francisco dela Cruz Pangulo Pro-Tempore ng Senado Lungsod ng Pasay	Ang Kagalang-galang Juan Francisco dela Cruz at Ginang dela Cruz	Kagalang-galang na Senador dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Senador dela Cruz 0 Ang Kagalang-galang Juan Francisco dela Cruz, Pangulo Pro Tempore ng Senado
Senador ng Pilipinas (lalaki)	Ang Kagalang-galang Juan Vicente dela Cruz Senado ng Pilipinas Lungsod ng Pasay	Ang Kagalang-galang Juan Vicente dela Cruz at Ginang dela Cruz	Kagalang-galang na Senador dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Senador dela Cruz 0 Ang Kagalang-galang Juan Vicente dela Cruz, Senador ng Pilipinas
Senador ng Pilipinas (babae)	Ang Kagalang-galang Maria Purita Reyes Senado ng Pilipinas Lungsod ng Pasay	Ang Kagalang-galang Maria Purita Reyes at Ginoong Reyes 0 Ginoo at Ginang Jose Reyes	Kagalang-galang na Senadora Ryees: Mahal na Ginoo at Ginang Reyes	Matapat na sumasainyo,	Senador Reyes 0 Ang Kagalang-galang Maria Purita Reyes, Senador ng Pilipinas
Lider ng Mayor/na Lider ng Minor/na	Ang Kagalang-galang Juan Antonio dela Cruz Senado ng Pilipinas Lungsod ng Pasay	Ang Kagalang-galang Juan Antonio dela Cruz at Ginang dela Cruz	Kagalang-galang na Senador dela Cruz	Matapat na sumasainyo,	Senador dela Cruz 0 Ang Kagalang-galang Juan Antonio dela Cruz, Senador ng Pilipinas
Tagapangulo ng Komite	Ang Kagalang-galang Juan David dela Cruz Tagapangulo, Komite ng (banggitin) Senado ng Pilipinas Lungsod ng Pasay		Mahal na Ginoong Tagapangulo:	Matapat na sumasainyo,	Senador dela Cruz 0 Ang Kagalang-galang Juan David dela Cruz Senador ng Pilipinas
Tagapangulo ng Subkomite	Ang Kagalang-galang Juan Carlos dela Cruz Tangapangulo, Subkomite (sa ngalan ng pinangalilingang komite) Senado ng Pilipinas Lungsod ng Pasay		Mahal na Ginoong Tagapangulo 0 Mahal na Ginoong dela Cruz:	Matapat na sumasainyo	Ginoong Juan Carlos dela Cruz 0 Ang Kagalang-galang Juan Carlos dela Cruz Senador mula sa <i>(Lugar) na kinakatawan</i>

Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pamitang Pangwakas	Pagpapakiatala
	Opisyal	Sosyal			
Kalhim ng Senado	Ang Kagalang-galang Juan Gabriel dela Cruz Kalihim ng Senado ng Pilipinas Lungsod ng Pasay	Ang Kagalang-galang Juan Gabriel dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Ginoong dela Cruz	Matapat na sumasainyo,	Ginoong dela Cruz o Ang Kagalang-galang Juan Gabriel dela Cruz Kalihim ng Senado ng Pilipinas
Tsapeyn	Ang Reberendo Mateo dela Cruz, D.D., Litt. D. Tsapeyn ng Senado Gusali ng Tanggapan ng Senado Lungsod ng Pasay	Ang Reberendo Mateo dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Dr. (Ginoong) dela Cruz	Matapat na sumasainyo,	Ginoong (Dr.) dela Cruz o Ang Reberendo Mateo dela Cruz, Tsapeyn ng Senado ng Pilipinas
Kalihim/Kawaksing Administratibo sa isang Senator	Ginoong Juan Ignacio dela Cruz Kalihim (Kawaksing Pang-administratibo) sa Ang Kagalang-galang Juan Victor dela Cruz Gusali ng Tanggapan ng Senado, Lungsod ng Pasay		Mahal na Ginoong dela Cruz	Matapat na sumasainyo,	
Ang Ispiker ng Kapulungan	Ang Kagalang-galang Juan Ramon dela Cruz Ispiker ng Kapulungan ng mga Mambabatas/Kinatawan Lungsod ng Pasay	Ang Ispiker ng Kapulungan ng mga Mambabatas/Kinatawan at Ginang Dela Cruz Asawa ng Ispiker: Gng. Juan Ramon dela Cruz	Mahal na Ginoong Ispiker:	Gumagalang, o Matapat na sumasainyo	Ang Ispiker o Ang Ispiker ng Kapulungan ng mga Mambabatas/Kinatawan o Ang Kagalang-galang Juan Ramon dela Cruz, Ispiker ng Kapulungan ng mga Mambabatas/Kinatawan
Mambabatas/Kinatawan ng Pilipinas (lalaki)	Ang Kagalang-galang Juan Luis dela Cruz Kapulungan ng mga Mambabatas/Kinatawan Constitution Hills, Lungsod Quezon	Ang Kagalang-galang Juan Luis dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Ginoong dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Ginoong dela Cruz o Ang Kagalang-galang Juan Luis dela Cruz, Kinatawan ng (lugar/distrito)
Mambabatas/Kinatawan ng Pilipinas (babae)	Ang Kagalang-galang Maria Clara Reyes Kapulungan ng mga Mambabatas/Kinatawan Constitution Hills, Lungsod Quezon	Ang Kagalang-galang Maria Clara Reyes at Ginang Reyes	Mahal na Ginang (Bimbining) Reyes	Matapat na sumasainyo,	Ginang (Bimbining) dela Cruz o Ang Kagalang-galang Maria Clara Reyes Mambabatas/Kinatawan ng (lugar/distrito)

Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pamitangang Pangwakas	Pagpapakilala
	Opisyal	Sosyal			
Isang dating Mambabatas/ Kinatawan	Ang Kagalang-galang Juan Oscar dela Cruz (adres)	Ang Kagalang-galang Juan Oscar dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Ginoong (Ginang, Binibining) dela Cruz	Magalang na sumasainyo, Lubos na gumagalang,	Ginoong (Ginang, Binibining) dela Cruz Ang Kagalang-galang Juan Oscar dela Cruz, dating Mambabatas/Kinatawan ng (lugar/distrito)
Lider ng Mayor/aler ng Minorya	Ang Kagalang-galang Juan Eduardo dela Cruz Kapulungan ng mga Mambabatas/ Kinatawan Constitution Hills, Lungsod Quezon	Ang Kagalang-galang Juan Eduardo dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Ginoong dela Cruz:	Magalang na sumasainyo, Lubos na gumagalang,	Ginoong dela Cruz Ang Kagalang-galang Juan Eduardo dela Cruz, Mambabatas/Kinatawan ng (lugar/distrito)
Tagapangulo ng Komite/ Lupon	Ang Kagalang-galang Juan dela Cruz Tagapangulo, Komite sa (pangalan) Kapulungan ng mga Mambabatas/ Kinatawan		Mahal na Ginoong dela Cruz:	Magalang na sumasainyo, Lubos na gumagalang,	Ginoong dela Cruz Ang Kagalang-galang Juan dela Cruz, Mambabatas/Kinatawan ng (lugar/distrito)
Klerk ng Kapulungan	Ang Kagalang-galang Juan Patrick dela Cruz Klerk ng Kapulungan ng mga Mambabatas/ Kinatawan Constitution Hills, Lungsod Quezon	Ang Kagalang-galang Juan Patrick dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Ginoong dela Cruz:	Magalang na sumasainyo, Lubos na gumagalang,	Ginoong dela Cruz Ang Kagalang-galang Juan Patrick dela Cruz, Kapulungan ng mga Mambabatas/Kinatawan
<b>Mga Pamahalaang Panlalawigan at Lokal</b>	Ang Kagalang-galang Juan Eliseo dela Cruz Gobernador/ Punong Lalawigan ng (lugar) (adres)	Ang Kagalang-galang Ang Gobernador/ Punong Lalawigan ng _____ at Ginang dela Cruz	Mahal na Gobernador dela Cruz	Magalang na sumasainyo, Lubos na gumagalang,	Gobernador dela Cruz Ang Kagalang-galang Juan Eliseo dela Cruz, Gobernador ng _____
Gumaganap na/ Nanunungkulang Gobernador ng isang Lalawigan	Ang Kagalang-galang Juan Ronaldo dela Cruz Gumaganap na/ Nanunungkulang Gobernador ng _____	Ang Kagalang-galang Ang Gumaganap na/ Nanunungkulang Gobernador ng _____ at Ginang dela Cruz _____	Mahal na Gobernador dela Cruz	Magalang na sumasainyo, Lubos na gumagalang,	Ginoong dela Cruz Ang Kagalang-galang Juan Ronaldo dela Cruz, Gumaganap na/ Nanunungkulang Gobernador ng _____
Alkalde (lalaki)	Ang Kagalang-galang Juan Enrico dela Cruz Alkalde ng _____ (lugar, zip)	Ang Kagalang-galang Juan Enrico dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Alcalde dela Cruz	Matapat na sumasainyo	Alkalde dela Cruz Ang Kagalang-galang Juan Enrico dela Cruz Alkalde ng _____

Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pamitagang Pangwakas	Pagpapakilala
	Opisyal	Sosyal			
Alkalde (babae)	Ang Kagalang-galang Maria Elena Reyes Alkalde ng _____	Ang Kagalang-galang Ang Alkalde ng _____ at Ginoong Reyes o Ginoong at Ginang Jose Pablo Reyes	Mahal na Alkalde Reyes o Mahal na Ginang (Binibining) Reyes	Matapat na sumasainyo,	Alkalde Reyes o Ang Kagalang-galang Maria Elena Reyes, Alkalde ng _____

### Sa mga Miyembro ng Misyong Diplomatiko

Embahador (lalaki)	Ang Kagalang-galang Juan Eduardo dela Cruz Embahador ng Pilipinas sa (buong pangalan ng bansa)	Ang Kagalang-galang Ang Embahador ng Pilipinas at Ginang dela Cruz	Ginoong: o Mahal na Ginoong Embahador: o (kung ang Embahador ay may ranggong militar) Mahal na (Almirante) dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Embahador dela Cruz o Ang Kagalang-galang Juan Eduardo dela Cruz ng Pilipinas
Embahador (babae)	Ang Kagalang-galang Maria Concepcion Reyes Embahadora ng Pilipinas sa (bansa)	Ang Kagalang-galang Ang Embahadora ng Pilipinas at Ginoong Reyes	Ginang: o Mahal na Ginang Embahadora: o Mahal na Ginang (Binibining) Reyes:	Matapat na sumasainyo,	Embahadora Reyes o Ang Kagalang-galang Maria Concepcion Reyes, Embahadora ng Republika ng Pilipinas (_____)
Embahador Pangkalahatan (Ambassador at Large)	Ang Kagalang-galang Jose Enrico Santos Embahador Pangkalahatan	Ang Kagalang-galang Ang Embahador Pangkalahatan at Ginang Santos	Mahal na Ginoong Embahador:	Matapat na sumasainyo,	Embahador Santos o Ang Kagalang-galang Jose Enrico Santos, Embahador Pangkalahatan (ng Republika ng Pilipinas)
Konsul Heneral ng Pilipinas	Juan Fernando dela Cruz Konsul Heneral ng Pilipinas	Ginoong at Ginang Juan Fernando dela Cruz	Ginoong o Mahal na Ginoong dela Cruz	Matapat na sumasainyo,	Ginoong dela Cruz o Ang Konsul Heneral ng Pilipinas Ginoong dela Cruz
Charge d' Affaires	Ginoong Juan Abel Clavio o Ang Kagalang-Kagalang ng Charge d' Affaires ng (bansa)	Ang Charge d' Affaires ng (bansa) at Ginang Clavio Ang Kagalang-Kagalang ang Charge d' Affaires ng (bansa) at Gng. Clavio	Ginoong: (o Ginang) o Mahal na Ginoong (Ginang, Binibini) Clavio:	Matapat na sumasainyo	Ginoong (Ginang, Binibining) Clavio o Ang Charge d' Affaires, ng (bansa) Ginoong (Ginang, Binibining) Clavio

Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pamitlagang Pangwakas	Pagpapakilala
	Opisyal	Sosyal			
Dating Embahador ng Pilipinas	Ang Kagalang-galang Juan Paulo dela Cruz	Ang Kagalang-galang Juan Paulo dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Ginoong dela Cruz o Mahal na Ginoong Embahador:	Matapat na sumasainyo,	Ginoong dela Cruz o Embahador dela Cruz o Ang Kagalang-galang Juan Paulo dela Cruz dating Embahador ng Republika ng Pilipinas
Unalagang Embahador sa Pilipinas	Ang Kaniyang Ekselesiyia John Peter Clark Hinirang na Embahador ng (buong pangalan ng bansa)	Ang Kaniyang Ekselesiyia Ang Hinirang na Embahador ng (buong pangalan ng bansa) at Ginang Clark	Ekselesiyia (pormal) Mahal na Ginoong Embahador: (di pormal)	Matapat na sumasainyo,	Embahador Clark o Ang Kaniyang Ekselesiyia John Peter Clark Hinirang na Ambasador ng (bansa)

### Mga Pinuno o Opisyal ng Pandaigdigang Organisasyon

Sekretaryo Heneral ng United Nations	Ang Kaniyang/ Ekselesiyia John Andrew Smith Sekretaryo Heneral ng United Nations, New York, N. Y. 1007	Ang Kaniyang Ekselesiyia Ang Sekretaryo Heneral ng United Nations at Ginang Smith	Ekselesiyia: o Mahal na Ginoong Sekretaryo Heneral: o Mahal na Ginoong (o Dr.) Smith	Matapat na sumasainyo,	Ang Sekretaryo Heneral ng United Nations, Ginoong (Dr.) Smith o Ang Kaniyang Ekselesiyia John Andrew Smith, Sekretaryo Heneral ng United Nations
Presidente, International Monetary Fund	Ang Kagalang-galang John Alexander Smith Presidente (pangalan ng bangko)	Ang Kagalang-galang John Alexander Smith at Ginang Smith	Mahal na Ginoong Smith:	Matapat na sumasainyo,	Ginoong Smith o Ang Pangulo ng (pangalan ng bangko)

### Serbisyong Militar ng Pilipinas (Hukbong Katihan, Himpapawid, Dagat, Pulisya)

Heneral, Tenyente Heneral, Medyor Heneral, Brigadyer Heneral (lataki o babae)	Heneral Juan Gregorio dela Cruz, AFP Tenyente Heneral, Medyor Heneral, Brigadyer Heneral...	Heneral at Ginang Juan Gregorio dela Cruz Tenyente Heneral at Ginang, Medyor Heneral at Ginang, Brigadyer Heneral at Ginang...	Mahal na Heneral dela Cruz	Matapat na sumasainyo,	Sosyal: Heneral dela Cruz Pormal: (full rank) (buong pangalan), (titulo ng posisyon)
---	---	--	----------------------------	------------------------	--

Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pamitagang Pangwakas	Pagpapakilala
	Opisyal	Sosyal			
Koronel, Tenyente Koronel, Medyor, Kapitan (lalaki o babae)	Koronel Juan Antonio dela Cruz, AFP Tenyente, Koronel ... Medyor ... Kapitan ...	Korenel at Ginang, Juan Antonio dela Cruz Tenyente, Koronel at Ginang ... Medyor at Ginang ... Kapitan at Ginang ...	Mahal na Koronel (Medyor, Kapitan) dela Cruz	Matapat na sumasainyo,	Sosyal: Koronel (Medyor, Kapitan) dela Cruz Pormal: Tenyente Koronel Juan Antonio dela Cruz Pansin: Ang Tenyente Koronel na buong titulo ay ginagamit lamang sa nakasulat na adres at pormal na pagpapakilala. Sa Pagbati at simpleng pakikipag-usap "Koronel" ang ginagamit.
Unang Tenyente, Pangalawang Tenyente, (lalaki o babae)	Unang Tenyente Juan Andres dela Cruz AFP		Mahal na Tenyente dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Tenyente dela Cruz o, kung pormal: Unang (o Pangalawang Tenyente dela Cruz ng (pangalan ng kinatatagahan)
Opisyal/ Pinuno na noncommissioned Hukbong Katihan/Hukbong Panghimpapawid at Marine Corps (adres Ang iba pang non-commissioned officers ay ang ss: Master Sergeant, Sergeant, Major First Class, Platoon Sergeant, Technical Sergeant, Staff Sergeant, Sergeant, Corporal, Specialist, Private, Airman First, Second and Third Class, Basic Airman	(Rating) Juan Apolinario dela Cruz (tirahan)	(Rating) at Ginang Juan Apolinario dela Cruz	Mahal na (Sarhento, Korporal, Private) dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	(Rating) (o Ginoong) dela Cruz
Opisyal/ Pinunong Retirado, Hukbong Katihan, Hukbong Himpapawid, Pandagat	(Ganap na/ buong ranggo) Juan Andres dela Cruz (abrehiyasyon ng serbisyong kinatutungkulan) Retirado	(ganap na/ buong ranggo) at Ginang Juan Andres dela Cruz	Mahal na (ranggo) dela Cruz:	Matapat na sumasainyo	(ranggo) dela Cruz o (ranggo) Juan Andres dela Cruz, Hukbong _____ ng Pilipinas Retirado

**Mananatili ang titulo ng retiradong opisyal ngunit hindi ang mga "Reserve" na opisyal.**

Almirante, Bisealmirante, Kontralmirante (lalaki o babae)	Almirante Juan Pablo dela Cruz, PN (itulo ng posisyon) Bisealmirante ... Kontralmirante	Almirante at Ginang Juan Pablo dela Cruz o Para sa babaeng opisyal: Kontralmirante Maria Ester Reyes at Ginoong Jose Reyes	Mahal na Almirante dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Almirante dela Cruz o, kung pormal Almirante Juan Pablo dela Cruz (itulo ng posisyon) Kontralmirante Maria Ester Reyes (itulo ng posisyon)
---	---	---	-------------------------------	------------------------	---

Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pamitangang Pangwakas	Pagpapakitala
	Opisyal	Sosyal			
Komodor, Kapitan, Komandante	Komodor Juan Crisostomo dela Cruz PN (titulo ng posisyon)	Komodor at Ginang Juan Crisostomo dela Cruz o para sa babang opisyal Komandante Maria Angelita Reyes at Ginoong Jose Reyes	Mahal na Komodor dela Cruz Mahal na Kapitan Mahala na Komandante	Magalang na sumasainyo.	Komodor dela Cruz Kapitan dela Cruz Komandante dela Cruz
<b>Para Sa Iba Pang Ahensiya ng Pamahalaan</b> Puno ng isang ahensiya, pangasiwaan o lupon	Ang Kagalang-galang Juan Adolfo dela Cruz (titulo) (ngalan ng ahensiya) (adres)	Ang Kagalang-galang Juan Adolfo dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Ginoong (Dr.) dela Cruz:	Magalang na sumasainyo.	Ginoong (Dr.) dela Cruz o (titulo) ng (ngalan ng ahensiya) Ginoong dela Cruz
Pangulo, Tagapangulo o miyembro ng isang Komisyon o Kalupunan	Ang Kagalang-galang Juan Roy dela Cruz Pangulo (o Tagapangulo o Miyembro) (ngalan ng komisyon/kalupunan adres)	Ang Kagalang-galang Juan Roy dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Ginoong dela Cruz: o Mahal na Ginoong Tagapangulo	Magalang na sumasainyo.	Ginoong dela Cruz o Ang Pangulo (Tagapangulo o Miyembro ng (komisyon/kalupunan), Ginoong dela Cruz
<b>Ekleisyastiko:</b> Ang Papa	Ang Kaniyang Kabanalan Ang Papa o Ang Kaniyang Kabanalan (Pangalan) Lungsod Vatican, Italy		Ang Inyong Kabanalan Mahal na Papa (pangalan) (ginagamit lamang ng Pangulo)	Magalang na sumasainyo.	Ang Kaniyang Kabanalan, Ang Papa
Sugong Apostoliko (Apostolic Delegate)	Ang Kaniyang Ekselensiya (gamit pang-iglesya Ang Kapita-pitlagang Reberendo Juan dela Cruz Arsobispo ng (lugar)		Ang Inyong Ekselensiya (gamit pang-iglesya) o Mahal na Arsobispo	Magalang na sumasainyo.	Ang Kaniyang Ekselensiya Ang Kapita-pitlagang Juan dela Cruz Arsobispo ng (lugar) Ang Sugong Apostoliko
Kardenal	Ang Kaniyang Kabunyan Juan Cardenal dela Cruz Arsobispo ng (lugar) (lokal na adres)		Ang Inyong Kabunyan: o Mahal na Kardenal dela Cruz	Magalang na sumasainyo.	Ang Kaniyang Kabunyan Kardenal dela Cruz Arsobispo ng (lugar)

Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pamitang Pangwakas	Pagpapakilala
	Opisyal	Sosyal			
Arsobispo (Katoliko Romano) ng Pilipinas	Ang Kaniyang Ekselensiya (gamit eklesiyaastiko) Ang Kapita-pitang Reverendo Fernando Rufino dela Cruz Arsobispo ng (lugar) (lokal na adres)		Ang Inyong Ekselensiya: (gamit eklesiyaastiko) o Mahal na Arsobispo:	Matapat na sumasainyo,	Arsobispo dela Cruz o Ang Kapita-pitang Reberendo Fernando Rufino dela Cruz, Arsobispo ng (lugar) o Ang Kaniyang Ekselensiya Arsobispo dela Cruz
Obispo (Katoliko Romano) ng Pilipinas	Ang Kapita-pitang Reberendo Juan Carlos dela Cruz Obispo ng (lugar)		Ang Inyong Ekselensiya (gamit eklesiyaastiko) o Kapita-pitang Ginoong Reberendo: o Mahal na Obispo dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Obispo dela Cruz o Ang Kapita-pitang Reberendo Juan Carlos dela Cruz, Obispo ng (lungsod) o (Diyosesis ng _____)
Obispo (Episkopal Protestante)	Ang Kapita-pitang Reberendo Juan Pedro dela Cruz, D.D., MD. Obispo ng (Lungsod) (lokal na adres)	Ang Kapita-pitang Reberendo Juan Pedro dela Cruz at Ginang dela Cruz	Kapita-pitang Ginoong Reberendo o Mahal na Obispo dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Obispo dela Cruz o Obispo o Dr. dela Cruz, Obispo
Obispo (Metodista)	Ang Reberendo Juan Enrico dela Cruz, D.D. Obispo ng Metodista (lokal na adres)	Ang Reberendo Juan Enrico dela Cruz at Ginang Dela Cruz	Ginoong Reberendo (Reverend Sir): o Mahal na Obispo dela Cruz: o Mahal na Dr. dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Obispo dela Cruz o Ang Reberendo Juan Enrico dela Cruz, Obispo ng (lugar) ng United Methodist Church
Monsenyor	Ang Kapita-pitang Monsenyor Jose Eliseo dela Cruz (lokal na adres)		Kapita-pitang Monsenyor: o Mahal na Monsenyor dela Cruz:	Matapat na sumasainyo,	Monsenyor dela Cruz o Ang Kapita-pitang Monsenyor Jose Eliseo dela Cruz
Pari (Katoliko Romano)	Ang Reberendo Juan Jaime dela Cruz (lokal na adres)		(Reverend Sir.) Ginoong Reberendo: (Pormal) o Mahal na Padre dela Cruz: (di pormal)	Matapat na sumasainyo,	Padre dela Cruz o Ang Reberendo Juan Jaime dela Cruz ng (ngalan ng simbahan, parokya, lungsod)
Ministro (Pastor) ng isang simbahan ng Protestante	Ang Reberendo Juan Fernando dela Cruz, D.D., Liit.D. (ngalan ng simbahan (lokal na adres)	Ang Reberendo Juan Fernando dela Cruz at Ginang dela Cruz	Mahal na Dr. (o Ginoong) Cruz:	Matapat na sumasainyo	Dr. (o Ginang) dela Cruz o Ang Reberendo Juan Fernando dela Cruz ng (parokya, lungsod)



Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pamitangang Pangwakas	Pagpapakilala
	Opisyal	Sosyal			
Madre Supervora ng isang Institusyon	Madre (pangalan) (inisyal ng orden), kung ginagamit Supervora, (ngalan ng institusyon) (lokal na adres)		Mahal na Madre (pangalan):	Matapat na sumasainyo,	Madre (pangalan) o Madre (pangalan) ng (ngalan ng institusyon) ng (lungsod)
Sister (Katoliko)	Sister (buong pangalan) (orden, kung ginagamit (ngalan ng organisasyon) (lokal na adres)		Mahal na Sister (buong pangalan):	Matapat na sumasainyo,	Sister (buong pangalan)
Brother (Katoliko)	Brother (buong pangalan) (ngalan ng organisasyon) (lokal na adres)		Mahal na Brother (ngalang tawag)	Matapat na sumasainyo,	Brother (pangalang ginagamit) ng Orden _____

### Para sa mga Pribadong Propesyonal na Mamamayan

Isang Doktor ng Medicina, (M.D.) Doktor ng Dental Surgery (D.D.S.) o Doktor ng Medisnang Pambeterinaryo (D.V.M.)	Juan Armando dela Cruz, M.D. (o D.D.S. o D.V.M.)  o Dr. Juan Armando dela Cruz	Dr. at Ginang Juan Armando dela Cruz	Mahal na Dr. dela Cruz:	Matapat na sumasainyo.	Dr. dela Cruz
Pangulo (o Tsanselor) ng Pamantasan o Kolehiyo	Dr. (o G.) Jose Ariel Reyes Pangulo (o Tsanselor) (ngalan ng institusyon) (lokal na adres)	Pangulong (o Tsanselor) Jose Ariel Reyes Pangulo (o Tsanselor) at Ginang Jose Ariel Reyes o Dr. (o Ginoo) at Ginang Jose Ariel Reyes	Mahal na Dr. (o Ginoo) Reyes:	Matapat na sumasainyo.	Pangulong (o Tsanselor) Reyes o Dr. (o Ginoo) Jose Ariel Reyes, Pangulo (o Tsanselor) ng (ngalan ng pamantasan) o kolehiyo)
Dekano ng isang Kolehiyo	Dr. (o Ginoo) Jose Ronaldo Reyes Dekano, (ngalan ng kagawaran ngalan ng institusyon (adres)) Nota: Karaniwang inilalagay ang mga inisyal ng professional degree(s) pagkatapos ng pangalan sa halip ng titulong "Dr." kapag isinama sa talaan ng isang publikasyong pangkolehiyo, gaya ng ganito: Jose Allan Reyes, L.I.D., Ph. D. Pangulo, (ngalan ng institusyon)	Dekano Jose Ronaldo Reyes Dekano at Ginang Jose Ronaldo Reyes o Dr. (o Ginoo) Jose Ronaldo Reyes	Mahal na Dr. (o Ginoo) Reyes: o Mahal na Dekano Reyes:	Matapat na sumasainyo, o Mahal na Dekano Reyes:	Dekano Reyes o Dr. (o Ginoo) Jose Ronaldo Reyes Dekano ng (ngalan ng paaralan at pamantasan)

Posisyon	Adres sa Sobre		Bating Pambungad	Pamitang Pangwakas	Pagpapakilala
	Opisyal	Sosyal			
Propesor, Associate Professor	Dr. Jose Enrique Reyes (Kung mayroong digring doktoral) o Propesor Jose Enrique Reyes (walang digring doktoral) (ngalan ng kagawaran o paaralan) (ngalan ng kolehiyo o pamantasan) (lokal na adres)  Pansin: Ang mga inisyal ng professional degree(s) ay madalas na inilalagay pagkatapos ng pangalan sa halip ng titulong "Dr." kapag isinasama sa talaan ng isang publikasyong pangkolehiyo gaya ng: Jose Enrique Reyes, Ph.D.	Dr. (o Ginang) Jose Enrique Reyes	Mahal na Dr. Reyes  Mahal na Propesor Reyes	Matapat na sumasainyo,  o Dr. (o Propesor) Reyes ng (ngalan ng pamantasan o kolehiyo)	
Abogado	G. Juan Ariel dela Cruz Attorney at Law o Ginang (Binibining) Maria Cecilia Reyes Attorney at Law	Ginoo at Ginang Juan Ariel dela Cruz	Mahal na Ginoong (Ginang, Binibining) dela Cruz	Matapat na sumasainyo,	Ginoo (Ginang, Binibining) dela Cruz
Lalaki	Ginoong, Juan Noel dela Cruz (adres)		Mahal na Ginoong dela Cruz	Matapat na sumasainyo,	Ginoong dela Cruz
Babaeng May-asawa	Gng. Juan Armando dela Cruz (adres)		Mahal na Ginang dela Cruz	Matapat na sumasainyo,	Ginang dela Cruz
Biyuda	Gng. Juan Alvin dela Cruz (adres)		Mahal na Ginang dela Cruz	Matapat na sumasainyo	Ginang dela Cruz
Dalega	Bb. Maria Carolina Reyes (adres)		Mahal na Binibining Reyes	Matapat na sumasainyo	Binibining Reyes

Sanggunian: McCaffee, Mary Jane and Innis, Pauline, Protocol: *The Complete Handbook of Diplomatic, Official and Social Usage*. Washington D.C.:

# 13

## Mga Titulong May Pamimitagan

(Courtesy Title Distinction)

1. **Ang Kagalang-galang (*The Honorable*).** Ito ang titulong mas gustong gamitin sa pag-adres sa matataas na opisyal ng pamahalaan–nasa serbisyo man o retirado na. Kabilang sa mga opisyal na ito ang mga hinirang ng pangulo, mga halal na opisyal sa kongreso at senado, gayon din, ang mga halal na opisyal ng pamahalaang lokal mula gobernador ng mga lalawigan hanggang alkalde ng mga pamahalaang bayan at lungsod.

Para sa Pangulo ng Pilipinas, sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2 na nilagdaan noong Enero 4, 1954, ang salitang “Kamahalan”/“Ekselensiya” (Excellency) ay hindi na ginagamit sa Pangulo ng Republika, at sa halip ay “Ginoong Pangulo / Ginang Pangulo”

Ginagamit din ang “Kagalang-galang” sa mga dayuhang diplomat at mga opisyal ng Gabinete o kapantay na ranggo, Charge d’ Affaires, at mga puno ng mga organisasyong pandaigdig, maliban kung ang indibidwal ay ginagamitan ng titulong “Ang Kaniyang Ekselensiya.”

Halimbawa:

Ang Kagalang-galang  
Maria Kristina Reyes  
Embahador ng \_\_\_\_\_ sa (bansa)

Ang Kagalang-galang  
John Paul Smith  
Direktor Heneral ng (organisasyong pandaigdig)

Kailanman ay hindi ikinakabit ang titulong “Ang Kagalang-galang” sa posisyon ng isang opisyal para sa mga pag-aanyaya o kaya ay sa paglagda ng sagot sa mga paanyaya o dili kaya ay ilagay ito sa unahan ng kaniyang pangalan sa mga personal na stationery o tarheta (calling cards).

Halimbawa:

Wasto: Si G. Juan Jaime dela Cruz  
Pangalawang Kalihim ng (Kagawaran)  
ay malugod na nag-aanyaya

Mali: Ang Kagalang-galang Juan Jaime dela Cruz  
Pangalawang Kalihim ng (Kagawaran)  
ay malugod na nag-aanyaya

“Ang Kagalang-galang” ay sinusulat nang buo sa unahan ng pangalan ng tao. Kung minsan ang daglat na “Ang Kgg.” o “Kgg.” ay isinusulat sa unahan ng pangalan ngunit ito ay hindi kaaya-ayang gamitin. Hindi ginagamit sa karaniwang usapan o pag-uusap ang “Ang Kagalang-galang,” bagaman kung minsan ay maaari itong gamitin sa pagpapakilala kapag may palatuntunan subalit hindi ginagamit na apelyido lamang ang kasunod, bagkus ang buong pangalan ng tao.

Nasa ibaba ang isang parsiyal na talaan ng mga opisyal ng bansa na maaaring pag-ukulan ng pagbating “Ang Kagalang-galang”:

### **Sangay Ehekutibo**

Ang Pangulo (kung inaadres sa pangalan)

Ang Pangalawang Pangulo (kung inaadres sa pangalan)

Kalihim/Lahat ng miyembro ng Gabinete

Depyuting Kalihim ng mga kagawarang ehekutibo

Mga Pangalawang Kalihim ng kagawarang ehekutibo at mga pinuno na may kapantay na ranggo

Mga Espesyal na Kawaksi sa Pangulo (“G.” o “Gng.” o “Bb.” ang ginagamit para sa mga miyembro ng kaniyang staff)

Kawaksing Kalihim, Tagapayong Legal, Tagapayo, at mga pinuno na may kapantay na ranggo ng mga kagawarang ehekutibo

Mga Filipinong Embahador/ Ambassador

Mga Filipinong representante, kinatawan, at depyuti sa mga organisasyong internasyonal

## **Sangay ng Lehislatura**

### Senado

Ang Pangulo  
Pangulo ng Pro Tempore  
Mga Senador  
Kalihim ng Senado  
Tagapamayapa

### Kapulungan ng mga Kinatawan

Ang Ispiker  
Mga Kinatawan/Kongresista  
Klerk ng Kapulungan  
Tagapamayapa

## **Sangay ng Hudikatura**

Punong Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman  
Kasangguning Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman  
Dating Kasangguning Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman  
Mga hukom ng ibang korte  
Nangungulong mahistrado ng isang hukuman

## **Mga Ahensiya ng Pamahalaan**

Mga Puno, kawaksing puno, at mga komisyoner o mga miyembro ng katulad na ranggo na hinirang ng Pangulo at kinumpirma ng Komisyon sa Paghirang.

## **Lalawigan at mga Pamahalaang Lokal**

Gobernador ng lalawigan

Gumaganap na/Nanunungkulang Gobernador ng lalawigan

Alkalde

Pangulo ng Kalupunan ng mga Komisyoner

- 2. Ang Kaniyang Ekselensiya (*His/Her Excellency*)** ay ginagamit sa Puno ng Bansa ng ibang bayan (ang Pangulo ng republika ng ibang bansa), puno ng pamahalaan (isang Premier, isang Prime Minister), opisyal ng Gabinete ng ibang bansa, Embahador ng ibang bansa, iba pang mataas na opisyal ng ibang bansa, o dating mataas na opisyal ng ibang bansa.

Halimbawa:

Ang Kaniyang Ekselensiya  
John Smith  
Punong Minister ng (bansa)

Ang Kaniyang Ekselensiya  
Mary Clark  
Premier

Ang isang taong pinag-ukulan ng titulong “Ang Kaniyang Ekselensiya” ay magtataglay ng tawag o titulong ito habang siya ay nabubuhay.

- 3. Doktor (Medical).** Ang dinaglat nito na “Dr.” ay ginagamit sa unahan ng pangalan ng mga taong nagtamo ng titulong ito. Hindi ito dapat gamitin nang kapanabay sa abrebiyasyong tumutukoy sa gayong digri.

Mga halimbawa:

Dr. Jose Luna Reyes  
o  
Jose Luna Reyes, MD

Dr. Jose Antonio Reyes  
o  
Jose Antonio Reyes, DDS

Dr. Jose Gregorio Reyes  
o  
Jose Gregorio Reyes, DVM

Sa kalakaran, kapag sinusulatan ang mga doktor ng medisina, ang mga inisyal ng kaniyang digri ay inilalagay pagkatapos ng pangalan niya. Kung siya naman ay ipakikilala o kaya ay sa mga usapang propesyonal o sosyal—mas pinapaboran ang paggamit ng “Dr.” Reyes.

- 4. Titulong akademiko (Academic titles).** May dalawang uri ng titulong akademiko. Ang isa ay ang digri ng pagiging doktor, Doktor ng Pilosopiya (PhD), at ang isa ay ang posisyong akademiko. Kung ang may hawak ng doktorado ay isa ring propesor, maaari siyang tawaging “Propesor Jose Reyes.”

Ang isang Pangulo, Tsanselor, Dekano, Nanunungkulang Dekano, Propesor, o Nanunungkulang Propesor na may digring doktorado ay karaniwang tinatawag na “Dr.” na ang kaniyang posisyon ay nakasulat sa kaparehong linya na sumusunod sa kuwit, o sa linya sa ibaba ng pangalan. Para sa mga hindi tapos ng digring doktorado, ang titulong “Ginoo” ang ginagamit.

Upang mapatangi ang kaniyang posisyon sa ibang may titulo ng pagiging doktorado sa kaparehong larangan na hindi humahawak ng posisyong akademiko, ang

tao ay madalas na tinatawag na "Presidente [o Tsanselor] Jose Reyes. Ang akademikong posisyon ay karaniwang ginagamit sa pagpapakilala. Hal., Propesor Jose Reyes ng Unibersidad ng Pilipinas.

5. **Ang titulong Eklesiyastikal (Ecclesiastical titles).** Ang isang klerigo ay maaaring tawaging "Dr." kung nagtapos siya ng doktoral na digring akademiko—(Ph.D.) o pinagkalooban siya ng honorary degree (DD o LLD). Maaari siyang sulatang "Ang Reberendo" ngunit dapat isulat ang kaniyang buong pangalan kasunod nito, at ang "Reberendo" ay dapat laging lagyan sa unahan ng "Ang." Hindi angkop na tawagin siyang "Reberendo Santos" o sulatan ng "Mahal na Reberendo." Depende sa sekta o denominasyong kaniyang kinakatawan at ng hawak niyang posisyon, ang isang klerigo ay maaari ding tawaging "Ang Kapita-pitagang Reberendo" (kung obispo), "Obispo," "Kardenal" "Padre," "Pastor," o "Rabi."

### **Gamit ng mga Titulo ng Pamimitagan**

1. **Asawa ng may titulo (Spouses of title holders).** Ang maybahay (asawang babae) ng Pangulo ng Pilipinas ay tinatawag sa pasulat o pasalita bilang "Ginang dela Druz (apelyido lamang). Kung ipinakikilala siya sa isang grupo, tinatawag siya sa gayon ding paraan. Ang mga paanyaya sa kaniya at ang kaniyang mga tarheta (calling cards) ay magtataglay lamang ng mga salitang "Ginang dela Cruz" at hindi ang kaniyang buong pangalan o mga inisyal.

Ang maybahay ng mataas na opisyal gaya ng Pangalawang Pangulo/Bise Presidente at miyembro ng Gabinete ay hindi gumagamit ng titulo ng kaniyang asawa kaya kung siya ay susulatan o ipakikilala ay sa karaniwang paraan: "Gng. Jose Gregorio Reyes." Kung ang paanyaya o imbitasyon ay para sa mag-asawa, ganito ang mababasa:

Sa sobre:       Ang Kagalang-galang  
                    Ang Kalihim ng Kalusugan  
  at Ginang Reyes

Sa imbitasyon: Ang Kalihim ng Kalusugan  
  at Ginang Reyes

Ang asawa o bana ng isang babaeng humahawak ng mataas na ranggo ay inaadres ng "G./Ginoo" maliban kung siya ay may titulo o ranggo ring hawak.

Halimbawa:

Ang Kagalang-galang  
Ang Kalihim ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad  
  at Ginoong Reyes

o

G. at Gng. Juan Reyes (ang karaniwang adres para sa mag-asawa)

o

Ang Kagalang-galang

Ang Kalihim ng Kalusugan

at

Ang Kagalang-galang

Juan Reyes

2. **Mga retiradong opisyal (Retiree officials).** Ang mga Pangulo at Pangalawang Pangulo ay hindi patuloy na tatawaging Pangulo at Pangalawang Pangulo pagkatapos ng kanilang takdang panunungkulan. Ang ibang mataas na opisyal na nagretiro, gaya ng Gobernador, Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman, at ilang pinuno ng hukbo, ay maaaring tawagin, bilang pagpipitagan, sa mga titulong hawak nila nang sila ay nagretiro. Gayunman, ang isang taong nagbitiw sa kaniyang posisyon ay hindi maaaring tawagin sa titulong hawak niya nang siya ay magbitiw. Ang isang opisyal na may mataas na ranggo nang magretiro at may hawak nang higit sa isang puwesto sa gobyerno ay maaaring magpasiya kung aling titulo ng pamimitagan ang itatawag sa kaniya. Bilang halimbawa, sa bansang America ang naging pangulong Eisenhower na nagretiro sa serbisyo militar na may ganap na ranggong Heneral bago naging Pangulo ng America, ay pumiling tawagin siyang "Heneral" pagkatapos ng kaniyang panunungkulan bilang Pangulo.

Kung matapos na ang panunungkulan ng Pangulo at ng Pangalawang Pangulo, ay hindi na nila tataglayin ang kanilang mga titulo, gayundin ng mga miyembro ng Gabinete, upang isa lamang ang humahawak ng gayong posisyon sa bawat panahon. Gayunman, ang kinaukulan ay maaaring tawaging ang dating Pangulo, ang dating Pangalawang Pangulo, ang dating Kinatawan, Senador, atbp.

Sa hukbo, ang lahat ng pinuno ng Hukbong Katihan, Hukbong Himpapawid, at Hukbong Dagat na nagsipagretiro ay nakapagpapanatili ng titulo ng kanilang ranggo. Gayunman, sa Hukbong Dagat at Coast Guard, ang mga retiradong opisyal lamang na may ranggong Komandante o mas mataas pa ang maaaring gumamit ng kanilang titulo sa pagreretiro. Sa korespondensiya, ang "Retirado" ay laging dinadaglat o pinaikli at nasa loob ng panaklong (Ret.) pagkatapos ng pangalan ng retiradong opisyal.

### **Mga Daglat/Abrebiyasyon**

**Sa unahan ng pangalan.** Sa kasalukuyang praktika, dinadaglat ang mga titulo kapag nasa unahan ng buong pangalan tulad ng sa mga titulong Ingles na "Mr.," "Mrs." at "Dr.," Ganito rin sa wikang Filipino, ginagamit din ang mga daglat na "G." para sa Ginoo, "Bb." para sa Binibini, at "Gng." para sa Ginang kapag ginagamit sa unahan ng buong pangalan ng sinusulatan.

Gayunman, sa korespondensiyang pandiplomasya, maaaring paikliin ang sobrang habang mga titulo gaya ng Tenyente Koronel, Brigadyer Heneral, Medyor Heneral para maging balanse at maganda sa paningin ang liham.



**Sa hulihan ng pangalan.** Ang mga digring akademiko at ordeng panrelihiyon ay dapat gamitin sa ganitong pagkakasunod-sunod: ordeng panrelihiyon, digring teolohiko, digring doktorado, at digring honorary o pandangal. Ngunit hindi dapat gumamit nang mahigit sa tatlong digri sa hulihan ng pangalan.

Halimbawa:

Ang Reberendo Jose Mateo Reyes, S.J., Ph.D., D.D.

### **Mga Bating Pambungad**

Sa mga nakalipas na taon, tumaas ang tendensiya na gamitin ang di gaanong pormal na pagbati sa mga talastasang opisyal.

Ang titulong "Ginoo" ay ginagamit sa unahan ng mga titulong gaya ng "Pangulo," "Pangalawang Pangulo," "Tagapangulo," "Kalihim," "Ambassador," at "Minister." Para sa opisyal na babae, ang titulong "Bb." o "Binibini," "Gng." o "Ginang" ay ginagamit kasunod ng apelyido. Halimbawa:

"Mahal na Ginang Kalihim" (sa babaeng kagawad ng Gabinete)

o

"Mahal na Ginang Reyes" (sa babaeng kinatawan sa Kongreso)

subalit

"Mahal na Senadora Santiago" (sa babaeng mambabatas ng Senado)

May mga pagkakataong hindi alam kung lalaki o babae ang padadalhan ng liham, dapat gamitin ang "G./Ginoo" sa unahan ng pangalan ng padadalhan ng liham; kung hindi naman alam ang katayuang sibil ng babae, ginagamit ang "Bb." kaysa "Gng." Bagama't sa ilang taong nagdaan, may ilang ahensiya ang gumagamit ng daglat na "Ms." kapag alam nilang mas pinapaboran ng babae ang gayong titulo. Gayunman, sa talastasan o diplomatikong korespondensiya, ang "Ms." ay hindi ginagamit.

Sa pagsulat sa matataas na pinuno ng pamahalaan (hal. Ang Pangulo, Pangalawang Pangulo, Punong Mahistrado, Kalihim, Ambassador), hindi ginagamit na kasama ng kanilang titulo ang kanilang apelyido. Sa halip, ang pormal na paraan ng pagbati sa kanila ay "Mahal na Ginoong Pangulo:" "Mahal na Ginoong Ambassador:" "Mahal na Punong Mahistrado:" Sa pormal na talastasan, maaaring ang pagbati ay sa unang pangalan kung ang pagkakaroon ng ugnayan ay makatwiran (hal. Mahal na Maria," "Mahal na Juan,")

Sa mga liham pangnegosyo, maaaring gamitin sa pagbati ang "Ginoo:" "Ginang:" at kung isang pangkat ang susulatan ay "Mga Ginoo:" o "Mga Ginang:"

Sa ngayon ay hindi na ginagamit bilang pagbati ang "Mahal kong Ginoo/Ginang/Binibini \_\_\_\_\_:" para sa Pangulo at iba pang matataas na opisyal ng pamahalaan.

## **Mga Pamitagang Pangwakas**

Maaaring gamitin bilang pamitagang pangwakas sa mga liham sa Pangulo ng Pilipinas o iba pang matataas na pinuno ng pamahalaan ang ganito, "Gumagalang," o "Magalang na sumasainyo,". Ang Pangulo ng Pilipinas sa kaniyang mga pakikipagtalastasan sa ibang Puno ng Bansa ay gumagamit ng ganitong pangwakas na pamimitagan, "Matapat na sumasainyo." Ginagamit din ang "Buong katapatang sumasainyo," sa mga pormal na komunikasyon.

## **Titulong Pangmilitar**

Sa serbisyo militar, ang lahat ng opisyal ay tinatawag at ipinakikilala sa kanilang ranggo. Ang mga "non-commissioned" na opisyal ay tinatawag at ipinakikilala sa kanilang "rating" o klase, gaya ng "Private Juan."

Hindi tamang tawagin o ipakilala ang isang militar sa kaniyang titulo lamang, gaya ng Kapitan. Higit na wasto na sabihing Kapitan dela Cruz.

Sa mga okasyong sosyal, hindi na kailangang banggitin ang mahahabang ranggo, gaya ng Rear Admiral, Brigadyer Heneral, at Una at Pangalawang Tenyente, sapat na ang sabihing Admiral, Heneral, o Tenyente. Ngunit sa pormal na pagpapakilala, kailangang sabihin ang buong titulo.

Lahat ng mga tsapleyn ay tinatawag at ipinakikilala sa kanilang titulo at pangalan, "Tsapleyn Reyes."

Sa Hukbong Dagat, at Tanod Baybayin (Coast Guard), ang kapitan ng barko ay tinatawag na "Kapitan" anuman ang kaniyang ranggo.

# 14

## Mga Parirala at Pananalitang Karaniwang Gamitin sa mga Liham Pampamahalaan

(Phrase and Expressions Commonly Used in Official Correspondence)

1. Unang Paglilipat  
*1<sup>st</sup> Indorsement*
2. Ika-2 Paglilipat  
*2<sup>nd</sup> Indorsement*
3. Mapitagang itinutuloy sa Kagalang-galang na Kalihim ng \_\_\_\_\_. *Respectfully forwarded to the Honorable Secretary of \_\_\_\_\_.*
4. Mapitagang itinutuloy sa Patnugot/Direktor ng \_\_\_\_\_ upang pagpasiyahan. *Respectfully forwarded to the Director of \_\_\_\_\_ for action.*
5. Mapitagang itinutukoy sa Puno, Sangay ng \_\_\_\_\_, upang pag-ukulan ng kuru-kuro at ibalik pagkatapos. *Respectfully referred to the Chief, \_\_\_\_\_ Division, for comment and return.*
6. Mapitagang itinutuloy sa Patnugot/Direktor ng \_\_\_\_\_ upang ihingi ng kuru-kuro at tagubilin. *Respectfully forwarded to the Director of \_\_\_\_\_ for comment and recommendation.*
7. Mapitagang itinutukoy sa Kagalang-galang na Alkalde, Lungsod ng \_\_\_\_\_, lakip ang tagubiling pagtibayin. *Respectfully referred to The Honorable Mayor, City of \_\_\_\_\_ recommending approval.*
8. Mapitagang ibinabalik sa Pansangay na Superintendente/Tagapamanihala ng mga Paaralan sa \_\_\_\_\_ kalakip ang pagpapatibay. *Respectfully returned to the Division Superintendent of Schools for \_\_\_\_\_, approval enclosed.*
9. Mapitagan kong ipinagbibigay-alam sa inyo na kayo ay nahirang na \_\_\_\_\_ sa Paaralang \_\_\_\_\_, may suweldong P\_\_\_\_\_ isang taon, na magkakabisa sa Hunyo \_\_\_\_\_ 20 \_\_\_\_\_.  
*I have the honor to inform you of your assignment as \_\_\_\_\_ in the \_\_\_\_\_ School, with compensation at the rate of P\_\_\_\_\_ per annum, effective June \_\_\_\_\_, 20\_\_\_\_\_.*

10. Kalakip nito ay isang mapa ng bayan ng \_\_\_\_\_, na kakikitaan ng kalsadang binabalak na ipagawa.  
*Enclosed herewith is a map of the town of \_\_\_\_\_, showing the proposed road to be constructed.*
11. Mapitagan kong ipinakikiusap o hinihiling na \_\_\_\_\_.  
*I have the honor to request that \_\_\_\_\_.*
12. Mapitagan kong inilalakip dito ang isang sipi ng \_\_\_\_\_ bilang pag-alinsunod sa inyong kahilingan noong ika- (petsa).  
*I have the honor to enclose herewith a copy of \_\_\_\_\_ in compliance with your request of (date).*
13. Mapitagang ibinabalik sa Puno, Sangay ng \_\_\_\_\_. Dinaramdam ng Tanggapang ito na hindi mapagtibay ang tagubiling nilalaman ng saligang liham.  
*Respectfully returned to the Chief, \_\_\_\_\_ Division. This Office regrets its inability to act favorably on the recommendation contained in the basic communication.*
14. Mapitagang itinutuloy sa Puno, Sangay ng \_\_\_\_\_, upang alamin ang nilalaman at ibalik pagkatapos.  
*Respectfully forwarded to the Chief, \_\_\_\_\_ Division, for notation and return.*
15. Mapitagang itinutuloy sa Puno, Sangay ng \_\_\_\_\_, para sa kaniyang kabatiran at patnubay.  
*Respectfully forwarded to the Chief, \_\_\_\_\_ Division, for his information and guidance.*
16. Mapitagang ibinabalik sa Patnugot/Direktor ng \_\_\_\_\_, at natalos ang nilalaman.  
*Respectfully returned to the Director of \_\_\_\_\_, contents noted.*
17. Mapitagang itinutuloy sa Patnugot/Direktor ng \_\_\_\_\_, ipinakikiusap o hinihiling na \_\_\_\_\_.  
*Respectfully forwarded to the Director of \_\_\_\_\_, requesting that \_\_\_\_\_.*
18. \_\_\_\_\_ sa sinusundang paglilipat \_\_\_\_\_.  
*\_\_\_\_\_ in the foregoing indorsement \_\_\_\_\_.*
19. \_\_\_\_\_ (na) binabanggit sa sinusundang unang paglilipat \_\_\_\_\_.  
*\_\_\_\_\_ mentioned in the preceeding first indorsement \_\_\_\_\_.*
20. Mapitagan kong ipinagbibigay-alam sa inyo na \_\_\_\_\_.  
*I have the honor to inform you that \_\_\_\_\_.*

21. \_\_\_\_\_ kalakip ang kahilingan na \_\_\_\_\_.  
\_\_\_\_\_ with the request that \_\_\_\_\_.
22. \_\_\_\_\_ tinatawag ang pansin sa \_\_\_\_\_.  
\_\_\_\_\_ inviting attention to the \_\_\_\_\_.
23. Mapitagang itinutukoy sa Punong Katiwala, Kawanihan ng \_\_\_\_\_, Maynila, para sa nararapat na aksiyon kaugnay ng nasasaad sa unang paglilipat, na may petsang \_\_\_\_\_ ng Tanggapang ito tungkol sa bagay ring iyan. Ang madaliang (o dagliang) pansin kaugnay nito ay ninanais (o ipinakikiusap).  
*Respectfully referred to the Officer-in-Charge, Bureau of \_\_\_\_\_, Manila for appropriate action in connection with the 1st Indorsement, dated \_\_\_\_\_ of this Office relative to the same subject-matter. Early (or prompt) attention hereto is desired (or requested).*
24. Mapitagang itinutuloy sa pamamagitan ng Kagalang-galang, Komisyoner Serbisyo Sibil at ng Kagalang-galang na Kalihim Tagapagpaganap, Maynila, kalakip ang kahilingan na ipagkaloob ang kapahintutulang malagyan ng tao ang tungkuling \_\_\_\_\_, sa sahod na P \_\_\_\_\_ isang taon, Aytan Blg. \_\_\_\_\_, pahina \_\_\_\_\_. Batas Republika Blg. \_\_\_\_\_, na naging bakante dahil sa (pagkakapagbitiw o pagkakataas sa tungkulin o pagkakalipat sa ibang tungkulin) ni G. \_\_\_\_\_, bilang isang kataliwasan sa kapasiyahan ng Gabinete/Kabinete noong ika-16 ng Disyembre, 1949, na nagbabawal ng paglalagay ng tao sa mga tungkuling bakante, pagtataas sa tungkulin, at pagdaragdag ng suweldo hanggang hindi pa naisasagawa ang pagpapanibagong-tatag ng Pamahalaang Pambansa.  
Para sa tungkuling binabanggit sa itaas, ang kalakip na paghirang (orihinal o pagtataas sa tungkulin) kay G. \_\_\_\_\_ ay isinusumite upang isaalang-alang at pagtibayin.  
Dahil sa mga pagmamamatwid na inilalahad sa kalakip na saligang liham, mahigpit na itinatagubilin na ang balak na paghirang kay G. \_\_\_\_\_ ay ipalagay na katangitangi at (iharap sa Gabinete upang isaalang-alang o sang-ayunan o pagtibayin.)

=

*Respectfully forwarded, thru the Honorable, the Commissioner of Civil Service and the Honorable, the Executive Secretary, Manila, requesting authority to fill the position of \_\_\_\_\_ at P \_\_\_\_\_ p.a., Item No \_\_\_\_\_, page \_\_\_\_\_, Republic Act No. \_\_\_\_\_ left vacant due to the (resignation or promotion or shifting to another position) of M \_\_\_\_\_, as an exception to the Cabinet Resolution of December 16, 1949, prohibiting the filling of vacant positions, promotions, and increases in salaries pending the reorganization of the National Government. For the above-mentioned position, the herein proposed appointment (original or promotional) of M \_\_\_\_\_ is being submitted for consideration and approval.*

*In view of the representations made, in the within basic communication, it is strongly recommended that the proposed appointment of M \_\_\_\_\_ be considered a special one and (taken to the Cabinet for its consideration or given favorable consideration).*

25. Mapitagang itinutukoy sa Patnugot/Direktor ng \_\_\_\_\_, Maynila, para sa pagsisiyasat, kaukulang aksiyon, at pagbibigay-ulat.  
*Respectfully referred to the Director of \_\_\_\_\_, Manila, for investigation, appropriate action, and report.*
26. Mapitagang itinutukoy sa Patnugot/Direktor ng \_\_\_\_\_, Maynila, upang ipatupad. Hinihiling na ipagbigay-alam ang ginagawang pasiya sa bagay na ito.  
Sa ngalan ng Kalihim:  
\_\_\_\_\_  
Kawaksi  
*Respectfully referred to the Director of \_\_\_\_\_, Manila, for compliance. Information as to the action taken on the matter is desired.*  
For the Secretary:  
\_\_\_\_\_
- Assistant
27. Mapitagang itinutuloy sa Kagalang-galang, ang Pangulo ng Pilipinas, Maynila, at itinatagubiling isaalang-alang ang kalakip na kahilingang \_\_\_\_\_. Lubos na pahahalagahan kung ang bagay na ito ay pag-uukulan ng tanging pansin.  
*Respectfully forwarded to the Honorable, the President of the Philippines, Manila, recommending favorable consideration of the within request of \_\_\_\_\_. It will be greatly appreciated if this matter could be given preferential attention.*
28. Mapitagang itinutukoy sa Patnugot/Direktor ng \_\_\_\_\_, Maynila, para sa anumang aksiyon na kaniyang mamarapatin  
*Respectfully referred to the Director of \_\_\_\_\_, Manila, for whatever action he may wish to take on the matter.*
29. Mapitagang itinutukoy sa \_\_\_\_\_, na may kapangyarihang magpasiya sa bagay na binabanggit sa kalakip na saligang liham.  
*Respectfully referred to \_\_\_\_\_ under whose jurisdiction the matter treated in the within basic communication falls.*
30. Sa kabutihan ng paglilingkod, kayo ay inaalis sa inyong tungkulin bilang isang \_\_\_\_\_ sa \_\_\_\_\_, at inililipat sa \_\_\_\_\_ upang tumulong sa puno nito sa \_\_\_\_\_.  
*In the interest of the service, you are hereby relieved of detailed duties as \_\_\_\_\_ in the \_\_\_\_\_ and detailed in the \_\_\_\_\_ to help the chief thereof in \_\_\_\_\_.*
31. Mapitagang iniharap \_\_\_\_\_.  
*Respectfully submitted \_\_\_\_\_.*

# Mga Dahong Dagdag

- A. Glosaryo ng mga Gamiting Termino at Katawagan sa Pamahalaan
- B. Direktoryo ng mga Tanggapan ng Pamahalaan
- C. Direktoryo ng ZIP Code ng Metro Manila at Lalawigan



# A.

## Glosaryo ng mga Gamiting Termino sa Pamahalaan

(Government Terminologies and Usages)

### Aa

**abandon** pabayaan, iwan, abandonahin  
**abandonment** pagpapabaya, pag-iwan, pag-abandona  
**abandonment of minor** pagpapabaya/pag-iwan/pag-abandona sa menor de edad  
**abandonment of office/post** pagpapabaya/pag-iwan/pag-abandona sa tungkulin/puwesto  
**abduction** abduksiyon; sapilitang pag-agaw ng babae  
**abduction with consent** abduksiyong may pahintulot  
**abeyance** pagkapigil; pagpapaliban  
**able-bodied** malusog at walang kapansanan; malakas at malusog  
**above** sa itaas  
**above-cited** na tinutukoy sa itaas  
**abovementioned** na nabanggit sa itaas  
**ability** kakayahan, abilidad  
**absence** pagliban, pagkawala,  
**absent** wala, liban  
**absent without leave** lumiban nang walang paalam o pahintulot  
**in the absence of** sa di pagharap ni/samantalang wala si  
**temporary absent** pansamantalang nakaliban  
**abuse** abuso, pag-abuso; umabuso; abusuhan; pagmamalupit; pagsamantalahan; pagmalupitan; magsamantala, magmalabis, magmalupit  
**abuse of authority** pagmamalabis/pag-abuso sa kapangyarihan  
**abuse of confidence** pag-abuso/pagsira sa pagtitiwala  
**abuse of discretion** pag-abuso/pagmamalabis sa sariling pagpapasiya  
**academy** akademya  
**academic freedom** kalayaang akademiko  
**military academy** akademya militar

**accept** tanggapin  
**accessible** mararating, nararating, napupuntahan, naaabot, nakukuha, nalalapitan, bukás  
**accessory** kasapakat, kakutsaba, may kinalaman o kasangkot sa krimen  
**accessory after the fact** taong tumulong sa kriminal pagkatapos maisagawa ang krimen; sangkot o kalahok bagama't wala siya mismo sa pinangyarihan nito  
**accessory before the fact** taong tumulong na maisagawa ang isang krimen bagama't wala siya mismo sa pinangyarihan nito  
**accompanying** kasama  
**accomplice** kasabwat, kasapakat, kaalam sa krimen  
**accomplishment (of work required)** (kailangang gawaing) naisagawa o naisakatuparan  
**accordingly** nang naalinsunod  
**account** kuwenta, talatuusan  
**accountable** may pananagutan; responsable  
**accountability** pananagutan  
**accountant** tagatuos, tagakuwenta, tenedor de libro  
**accounting** pagtutuos/akawnting  
**accounting report** ulat pagtutuos  
**official primarily accountable** opisyal na unang-unang nananagutan  
**accrual** pagsapit ng takdang panahon  
**accrual of payment** pagsapit ng takdang panahon sa pagbabayad  
**accrual of action** pagsapit ng takdang panahon ng pagsasakdal  
**acknowledge** kilalanin; tanggapin; sertipikahan na umiiral  
**acknowledge receipt** kilalanin/sertipikahan ang pagkatanggap  
**acknowledgment** pagkilala  
**accuracy** kawastuan  
**acquire** magkamit, magtamo  
**acquisition** pagkamit, pagtamo  
**act** kilos; akta, batas



- enabling act** aktang nagbibigay-kapangyarihan
- acting** pansamantalang gumaganap o nanunungkulan
- in an acting capacity** gumanap bilang
- action** aksiyon; demanda, habla
- action taken** ginawang pasiya/aksiyon/hakbang
- cause of action** sanhi o dahilan ng reklamo o usapin
- civil action** aksiyong sibil; aksiyong ginawa para protektahan ang mga pribadong karapatan
- criminal action** aksiyong kriminal; aksiyong nililitis sa hukuman sa ngalan ng gobyerno ng isang isinakdal
- defer action** ipagpaliban ang pagpapasiya
- for action** upang pagpasiyahan/aksiyunan
- for appropriate action in connection with** gawin ang nararapat hinggil sa
- for whatever action he may wish to take** upang gawin ang anumang aksiyon na kaniyang marapatin
- to file action** makapagsampa ng kaso/demanda
- joint action** magkasanib na sumbong
- activity** gawain; aktibidad
- cultural activities** mga gawaing pangkalinangan/ pangkultura
- actual** aktuwal; tunay; totoo
- actual cost** aktuwal na bayad
- actual damages** aktuwal na bayad-pinsala batay sa kapinsalaang tunay na nagawa
- actually** talagang
- actually available** talagang magagamit
- address** patunguhang-liham/adres; talumpati
- state of the nation address** talumpati hinggil sa kalagayan ng bansa
- ad interim appointment** paghirang na ad interim/pansamantala
- adjourn** itindig, tapusin
- adjourn sine die** itindig/tapusin nang walang takdang araw (sa muling pagpupulong)
- adjudication** pasiya, hatol
- administer** mamahala sa; mangasiwa; maggawad ng (parusa)
- administration** pamamahala; pangangasiwa; administrasyon; pangasiwaan
- administrative** pampangasiwaan/administratibo
- administrative action** pasiyang pampangasiwaan/administratibo
- administrative body** lupong pampangasiwaan/administratibo
- administrative issuances** mga pahayag pampangasiwaan
- administrative needs** pangangailangang pampangasiwaan
- administrative proceedings** hakbang pampangasiwaan
- administrative remedies** lunas administratibo
- administrator** tagapangasiwa; tagapamahala, administrador
- internal administration** pangasiwaan panloob
- adopt** ampunin, kupkupin, arugain, kalingain; pagtibayin, sundin, pairalin; gamitin
- adopted child** ampon; inamong bata; batang ampon
- adoption of regulation** pagpapatibay ng mga regulasyon
- adultery** pakikiapid
- adulterer** lalaking nakikiapid
- adulteress** babaeng nakikiapid
- advantageous** kapaki-pakinabang
- advertisement** anunsiyo, patalastas
- advise** payuhan, babalaan, pasabihan, paalalahanan
- adviser** tagapayo
- presidential adviser** pampanguluhang tagapayo
- affairs** mga gawain; mga transaksyon
- affairs of the government** gawain ng pamahalaan
- economic affairs** gawaing pangkabuhayan
- external affairs** gawaing panlabas
- foreign affairs** gawaing/ugnayang panlabas
- general affairs** pangkalahatang gawain
- legal affairs** gawaing pambatas; gawaing legal
- local affairs** pambansang gawain; gawaing pambansa
- affiant** taong nagharap ng sinumpaang salaysay; tagasalaysay
- affidavit** apidabit; deklarang sinumpaang nilagdaan sa harapan ng notaryo publiko
- counter-affidavit** kontra-salaysay
- affiliation** pagsanib, pagsapi, kaugnayan, apilasyon
- religious and political affiliation** kinasanibang relihiyon at politika
- affinity** apinidad, relasyon, pagkakamag-anak dahil sa kasal

- affirmation** pagpapatunay, pagpapatotoo; pagpapatibay  
**in solemn affirmation** taimtim na/solemneng pagpapatibay
- affray** gulo, labo-labo, suntukan, basag-ulo
- aforementioned** ang nabanggit, ang nasabi sa unahan
- aforethought** pinag-isipan; dati nang naisip
- against** laban o laban sa; tutol, kontra  
**against the will** laban sa kalooban, labag sa kalooban
- age** edad, gulang  
**age of adolescence** edad ng pagbibinata o pagdadalaga  
**age of discernment** edad ng mabuting pagpapasiya, (edad mula 12 hanggang 19)  
**age of emancipation** edad ng kalayaan sa magulang  
**age of legal capacity** labingwalong taong gulang; edad ng kakayahang legal (para mag-asawa o bumoto)  
**disregard of age** pagpapawalang-halaga o galang sa katandaan  
**of age** nasa gulang/karampatang gulang  
**of legal age** nasa gulang na legal
- agency** ahensiya  
**attached agency** ahensiyang kaugnay  
**certifying agency** ahensiyang nagpapatunay  
**government agency** ahensiyang/tanggapang pampamahalaan  
**information agency** ahensiyang pang-impormasyon  
**national intelligence and security agency** pambansang tanggapan/ahensiya sa paniniktik at seguridad  
**news agency** ahensiya sa pagbabalita
- agenda** mga paksang tatalakayin o pag-uusapan; talaan ng pagpupulungan; adyenda
- agent** ahente; kinatawan  
**diplomatic agent** kinatawang diplomatiko; ang namamahala sa mga transaksyon ng gobyerno sa ibang bansa
- agrarian** agraryo, pansakahan  
**agrarian reform** repormang pansakahan
- agreement** pag-aayos; kasunduan; kontrata  
**back to work agreement** kasunduan sa pagbalik sa trabaho  
**binding agreement** napagkasunduang kontrata  
**collective bargaining agreement** kasunduan sa kolektibong tawaran  
**trade agreement** kasunduan sa kalakalan
- agriculture** pagsasaka, pananakahan, agrikultura  
**agri-business** negosyong pansakahan  
**agricultural college** dalubhasang/kolehiyong pang-agrikultura  
**agricultural research** pananaliksik pang-agrikultura  
**agricultural statistics** estadistikang pang-agrikultura
- agronomy** agronomiya; teorya at praktikang paghahalaman
- alias** bansag, taguri, alyas, ngalang pantawag
- alimony** sustento sa pamilya; suporta ng lalaki o ama sa pamilyang hiniwalayan
- allegation** bintang, paratang, akusasyon, alegasyon
- allegiance** pagkamatapat; katapatan sa bansa o bayan
- allotment** kaparte
- allowance** panggastos, panustos; sustento;  
**representation allowance** panggastos sa pagkatawan/representasyon
- alternative** alin man sa pagpipilian  
**alternative circumstances** mga pangyayaring pamimilian/alternatibo
- amelioration** amelyorasyon; pagbuti  
**social amelioration** kabutihan/amelyorasyong panlipunan
- amend** baguhin, susugan, emyendahan  
**amendment** susog o pagbabago sa batas; emyenda  
**constitutional amendment** susog pangkonstitusyon
- amnesty** amnestiya; kapatawaran; pagpapatawad (sa kasalanan sa estado o pamahalaan)
- amortization** buwanang hulog o hurnal sa (utang); amortisasyon
- amusement** libangan, aliwan  
**amusement tax** buwis sa libangan  
**city amusement center** sentrong libangan ng lungsod
- annual** taon-taon; bawat taon, kada taon; taunan  
**annual report** taunang ulat
- annul** pawalang-bisa; pawalang-saysay  
**annulment** pagpapawalang-bisa; pagpapawalang-saysay
- antedate** ang pagpapaaga ng petsa sa anumang kasulatan
- appeal** apela, pag-aapela; paghahabol
- application** kahilingan; aplikasyon; pagpapairal  
**application for leave** kahilingan/aplikasyon sa pagliban  
**application for temporary assignment** kahilingan sa pansamantalang gawain/trabaho

- appendix** apendise, apendiks  
**appoint** hirangin; italaga, nombrahan  
**ad interim appointment** paghirang na pansamantala  
**appointee** ang taong nahirang o nombrado  
**appointment** paghirang; usapang oras ng pagkikita  
**appointive official** puno/opisyal na hinirang  
**Commission on Appointments** Komisyon sa Paghirang  
**permanent appointment** permanenteng pagkahirang  
**withdrawal of appointment** pagbawi ng paghirang  
**apportionment** paghahati-hati; pagbabahagi  
**appreciate** pahalagahan, pasalamatan  
**appreciation of ballots** pagpapahalaga/ paghusga sa mga balota  
**will be highly appreciated** lubos na pahahalagahan  
**appropriate** nababagay, nararapat;  
**appropriation** pondo, laang-gugulin; apropiyasyon  
**appropriations ordinance** ordinansa sa laang-gugulin  
**approval** pagpapatibay, pagsang-ayon; pag-aproba  
**for approval** para sa pagpapatibay  
**recommending approval** itinatagubilin ang pagpapatibay  
**arbitrary** arbitraryo; di-makatwiran  
**arbitrary detention** walang matwid at sapilitang detensiyon  
**arising from the performance of** bunga ng pagsasagawa ng; bunga ng pagtupad ng  
**armed** sandatahan, armado  
**armed forces** sandatahang lakas; hukbong sandatahan  
**arrears** atraso sa bayad  
**arrest** pagkahuli, pagkadakip; pag-aresto; dakpin, hulihin, arestuhin  
**under arrest** arestado, dinarakup  
**warrant of arrest** warrant sa pagdakip; utos sa paghuli; mandamyento de aresto  
**article** (as law) angkat/artikulo/bahagi o talata ng batas  
**article** (as in merchandising) paninda (gaya sa negosyo)  
**arsenal** arsenal, pabrika o imbakan ng mga bala at sandata  
**government arsenal** arsenal ng pamahalaan  
**assault** atake, pag-atake; pagsalakay; paglusob  
**direct assault** tuwirang salakay; tuwirang paggamit ng lakas at pananakot sa maykapangyarihan o sa ahente opisyal ng gobyerno.  
**assembly** asamblea, kongreso, kapulungan ng mga mambabatas, pagtitipon-tipon  
**assemblyman** kinatawan, kongresista, diputado, representante, miyembro ng asamblea/ kapulungan  
**national assembly** kapulungang pambansa/asamblea nasyonal  
**right of assembly** karapatan sa pagtitipon  
**unlawful assembly** labag sa batas na pagtitipon; pagtitipong labag sa batas; ilegal na pagtitipon  
**assess** tasahin; tayain  
**assessment** taya; tasa; halaga ng ari-arian na magiging batayan ng ipapataw na buwis o amilyar.  
**assessed value** tasang halaga; itinakdang halaga  
**assessor** asesor, tasador; opisyal na tagapagsabi ng halaga ng ari-arian  
**assign** idestino; itakda; itoka  
**assignment** utos; takdang aralin o gawain; trabaho; destino; toka  
**assistant** katulong; kawaksi; pangalawa (sa ranggo)  
**clerical assistant** kawaksing klerikal  
**associate** kasama sa trabaho o negosyo; kasosyo; miyembro ng isang institusyon na pinagkalooban ng ilang pribilehiyo.  
**assumption of office** pagsisimula sa panunungkulan  
**attach** ikabit, isama, iugnay  
**attached agency** ahensiyang kaugnay  
**attachment** pag-ilit; atas ng pag-ilit; pagsamsam ng sheriff; embargo sa utos ng hukuman.  
**attack** atake, paglusob, pagsalakay  
**direct attack** tuwirang hamon; hamon ng isang may asunto para ipawalang-saysay ang bisa ng hatol o kautusan  
**attendance** pagdalo; bilang ng mga taong dumalo o dumating; pagpasok  
**attention** pansin, atensiyon  
**attend to** gawin, asikasuhin  
**attention hereto is desired** hinihinging pag-ukulan ito ng pansin  
**attest** magpatunay; magpatotoo; magpatibay  
**attested** pinatunayan; pinatotohanan; pinatibayan  
**attorney** abogado; manananggol; kinatawan o taong kumakatawan

**attorney at law** abogado, manananggal  
**prosecuting attorney** abogadong tagausig  
**power of attorney** karapatang gumanap bilang kinatawan  
**public attorney** abogadong pampubliko  
**auditor** tagasuri; tagatuos; awditor  
**authenticate** patunayan; patibayan  
**authority** kapangyarihan; pahintulot/permiso; awtorisasyon.  
**abuse of authority** pag-abuso sa kapangyarihan  
**lawful authority** kapangyarihang legal  
**requesting authority** humihiling na bigyan ng pahintulot o kapangyarihan  
**supervisory authority** kapangyarihang magmasid  
**award** gawad; parusa; pasiya; desisyon; premyo; pabuya  
**award of recognition** gawad ng pagkilala  
**special award** natatanging gawad  
**aye** oo, opo; botong sang-ayon

## Bb

**ballistics** balistika/balistiks  
**ballot** balota  
**ballot box** urna, sisidlan ng balota  
**marked ballot** balotang may tanda/marka  
**spoiled ballot** balotang sira  
**barangay** barangay/baranggay  
**base** himpilan; base;  
**base and reservations** mga base at lupang-laang/reserbasyon  
**basic** saligan; batay  
**basic education** batayang edukasyon  
**basic pay** batayang sahod/suweldo  
**benefit** biyaya, benepisyo  
**fringe benefit** karagdagang suweldo o biyaya  
**beneficiary** benepisyaryo; taong makikinabang  
**bicameral** bikameral; may dalawang kamara o kapulungan  
**bid** imbitasyon; paanyaya  
**bidder** manunubasta; taong tumatawad sa subasta  
**bid price** halagang alok  
**invitation to bidding** alok sa subasta; pagsusubasta  
**bill** listahan ng utang o kuwenta ng babayaran; salaping papel; panukalang batas

**bill of exchange** papel de bangko; kasulatang nag-uutos na ang nakasulat na halaga ay ibayad sa binanggit na tao  
**bill of lading** katibayan sa pagsasakay sa barko ng kargamento  
**bill of rights** kalipunan ng mga karapatan ayon sa batas  
**bill of sale** kasulatan sa pagbibili  
**filing of bills** paghaharap ng panukalang batas  
**reading of bill** pagtalakay ng panukalang batas  
**revenue bills** mga panukalang batas ukol sa kikitain ng pamahalaan  
**blackmail** panginigil; ekstorsiyon; pangunguwalta (sa pamamagitan ng pananakot)  
**blackmarket** ilegal na pangangalakal; ilegal na bentahan  
**board** lupon, kalupunan  
**board of canvassers** lupon ng mga canvasser  
**board of examiners** lupon ng tagasulit/ lupon ng mga eksaminer  
**board of directors** lupon ng mga direktor  
**board of inspectors** lupon ng mga inspektor/tagasuri  
**board of judges** (in a contest) lupon ng tagahatol; lupon ng inampalan  
**municipal board** kapulungang-bayan; sangguniang bayan; hunta munisipal  
**national board of education** pambansang lupon sa edukasyon  
**provincial board** sangguniang panlalawigan; kapulungang panlalawigan/probinsiyal  
**regulatory board** lupon ng tagapagtakda; lupon ng tagapangasiwa  
**bond** panagot; sangla o piyansa; bono  
**bond section** pangkat ng piyansa  
**government bond** bonong pampamahalaan  
**peace bond** piyansa sa katiwasayan  
**public works and economics development bond** mga bono sa pagawaing bayan at pagpapaunlad ng kabuhayan/ekonomiya  
**bonus** bonus  
**bookkeeper** tenedor de libro, tagapagtala ng mga transaksyon  
**bookkeeping** tenedurya; bukiping; pagtatala ng mga transaksyon sa negosyo  
**book of accounts** aklat ng pagtutuos; libro ng kuwenta

**booth** kubol  
**voting booth** kubol-halalan  
**boundary** hangganan, hanggahan  
**municipal boundary** hanggahang-bayan  
**provincial boundary** hanggahang-panlalawigan  
**boycott** boykot, boykotin  
**branch** sangay  
**branches of government** mga sangay ng pamahalaan  
**executive branch** sangay tagapagpaganap/ehekutibo  
**judicial branch** sangay ng hudikatura/tagapaghukom  
**legislative branch** sangay ng lehislatura/tagapagbatas  
**breeding station** pabinhian; himpilang palahian  
**bribery** panunuhol  
**direct bribery** tuwirang/tahasang panunuhol  
**budget** badyet; salaping laang-gugulin; presupuwesto  
**supplementary budget** karagdagang badyet  
**building** gusali  
**bureau** kawanihan  
**bureaucracy** burukrasya  
**business** negosyo; kalakalan; trabaho, gawain  
**business administration** pangangasiwa sa pangangalakal  
**on official business** nasa opisyal na gawain/paglakad  
**regular course of business** karaniwang takbo ng negosyo  
**the chair is open for new business** ang panguluhan ay handang tumanggap ng bagong gawain/paksa  
**unfinished business** mga gawaing hindi tapos  
**by-laws** mga alituntuning panloob, alintuntunin  
**by order** sa utos

## Cc

**cabinet** gabinete/kabinete  
**call** tawag, panawagan; tumawag, tawagin, tawagan  
**calling card** tarheta  
**call to order** tawag pangkaayusan

**to call (special session)** pagtawag (ng tanging sesyon)  
**camp** kampo; himpilan  
**candidate** kandidato  
**candidacy** kandidatura  
**certificate of candidacy** katibayan/sertipiko sa pagkakandidato/kandidatura  
**canvass (of votes)** pagkambas/pagbilang (ng mga boto)  
**board of canvassers** lupon ng mga tagabilang ng boto; lupon ng canvasser/kambaser  
**capital** nangunguna; pinakamahalaga; pangunahin; matindi  
**capital offense** pinakamalaking kasalanan  
**capital punishment** ang pinakamabigat na parusa (parusang kamatayan)  
**capital stock** saping-puhunan, puhunang aksiyon  
**capitol** kapitolyo, kabesera, punong lungsod, punong bayan  
**career degree** karera; bokasyon  
**career service** propesyon ng paglilingkod pampamahalaan; karerang lingkod-bayan  
**care of (c.o)** sa pag-iingat ng, ni (s/p)  
**caretaker** tagapangalaga; katiwala; mayordomo  
**cargo** kargada, kargamento, kargo; lulan, sakay (na paninda)  
**carry out** magsakatuparan, isakatuparan, magpatupad, ipatupad, ipairal; sumunod, tumalima, gawin ang iniuutos  
**the motion is carried** ang mosyon/mungkahi /panukala ay pinagtibay  
**cash** salapi, pera, kuwarta  
**cash section** seksiyon ng mga ingatang salapi  
**cash surrender value** halaga ng salaping ibabalik  
**casting (of votes)** pagboto  
**casual** kaswal; hindi pirmihan/permanente  
**casualty** napinsala, namatay, nasaktan sa isang sagupaan, sakuna o aksidente; sa aksidente, bilang ng patay o sugatan o nawawala  
**cause** dahilan, sanhi  
**probable cause** malamang na sanhi o dahilan  
**remote cause** pinakamalayong dahilan/sanhi  
**separative cause** pagkatiwalag nang may kadahilanan  
**center** sentro  
**medical center** sentrong medikal

**training center** sentrong pasanayan  
**certificate** katibayan; sertipiko; katunayan; patunay; pagpapatunay; pagpapatotoo; patotoo  
**certificate of appointment** katibayan ng pagkahirang  
**certificate of confirmation** katibayan ng kumpirmasyon  
**certificate of participation** katibayan ng paglahok  
**certificate of service rendered** katibayan ng serbisyong ipinagkaloob  
**certificate of title** sertipiko ng titulo/pagkamay-ari  
**certified correct** pinatutunayang wasto  
**medical certificate** sertipikong medikal  
**chairman/chairperson/chair** tagapangulo; tser  
**challenge (of right to register)** pagdududa/pagkuwestiyon (sa karapatan sa pagpapatala/pagpaparehistro)  
**chamber** kapulungan, asamblea, konseho, kamara  
**lower and upper chambers** mababa at mataas na kapulungan  
**chapter (book)** kabanata; tsapter (ng isang aklat)  
**chapter (as of an organization)** balangay/tsapter (gaya ng sa isang samahan)  
**charge (for registration)** bayad sa pagpapatala/pagpaparehistro  
**charge (accusation)** bintang, akusasyon, demanda, reklamo, paratang, habla, sumbong, akusahan, pagbintangan sa hukuman, ipagsakdal, kasuhan, idemanda, isuplong  
**chargeable** pagbabayaran; puwedeng ipataw; maaaring idemanda  
**charitable institution** institusyon sa kawanggawa  
**chart** tsart  
**flow chart** tsart sa pagkilos  
**functional chart** tsart sa pagsasagawa  
**position chart** tsart sa puwesto/tungkulin  
**status of work chart** tsart sa kalagayan ng nagawa  
**charter** karta, tsarter  
**chartered city** may kartang lungsod  
**city incorporated under special charter** lungsod/siyudad na nakatala sa bisa ng tanging karta  
**check** tsek; lagyan ng tsek  
**check up** eksaminasyon; pagpapatingin; pagkonsulta; pagsusuri ng doktor sa katawan ng pasyente

**chief** puno; hepe  
**child** bata  
**adopted child** ampon, inampong bata; batang ampon  
**battered child** batang binubugbog  
**child abuse** abuso sa bata  
**illegitimate child** ilehitimong anak; anak sa labas ng kasal  
**legitimate child** lehitimong anak; tunay na anak  
**natural child** anak na isinilang o ipinanganak ng tunay na magulang  
**christian name** pangalang Kristiyano; pangalan sa pagkabinyagan  
**chronological order** sunod-sunod na ayos; ayos ayon sa pangyayari  
**circular** sirkular; palibot-sulat  
**circumstances** mga pangyayari; pagkakataon; kalagayan  
**aggravating circumstances** mga pangyayaring nagpapabigat  
**circumstantial evidence** ebidensiyang sirkumstansiyal, testimonyang hindi batay sa aktuwal na kaalamang personal  
**mitigating circumstances** mga pangyayaring nagpapagaan  
**citizen** mamamayan  
**citizen of the Philippines** mamamayan ng Pilipinas  
**citizenship** pagkamamamayan  
**city** lungsod, siyudad  
**civic** sibiko; pambayan  
**civil** sibil; pambayan  
**civil action** aksiyong sibil  
**civil defense** tanggulang sibil  
**civil disobedience** pagtutol sibil, mapayapang pagtutol ng mga sibilyan sa batas; pagsuway ng mamamayan  
**civil liability** pananagutang sibil  
**civil liberties** mga karapatang sibil  
**civil marriage** kasal sa huwes  
**civil procedure** pamamaraan sa asuntong sibil  
**civil registrar** tagapagtalang sibil  
**civil service** serbisyo sibil  
**civil service law** batas ng serbisyo sibil  
**civil service rules** mga alituntunin ng serbisyo sibil  
**civil status** estado sibil; kalagayang sibil  
**civilian** taong-bayan; sibilyan  
**claim** kahilingan; paghahabol; pang-aangkin; salaysay; maghahabol; humingi  
**adverse claim** salungat sa pag-aangkin; paghahabol laban sa tunay na may-ari

- claimant** taong umaangkin; taong naghahabol
- claims and conflicts (section)** (seksiyon ng) mga paghahabol at gusot
- quit claim** isuko o ipaubaya ang karapatan o ang bagay na hinahabol
- clarify** liwanagin; linawin
- clarification** paglilinaw, pagpapaliwanag; paliwanag; klaripikasyon
- classification** klasipikasyon; kaurian; pag-uuri-uri
- clearance** patunay/katibayan ng kawalang pananagutan
- clerk** klerk
- chief clerk** punong klerk
- clerk of court** klerk ng hukuman/korte
- deputy clerk (of court)** kinatawang eskribano (ng hukuman)
- poll clerk** klerk ng halalan
- clerical** klerikal; pangklerk
- clerical error** kamaliang klerikal, isang pagkakamali sa pagsulat o pagkopya
- code** kodigo
- coinage** pagbabarya; paggawa ng salaping metal
- collateral** sangla; prenda; panagot; garantiya sa isang utang
- column** pitak; kolum; tudling
- commander-in-chief** punong komandante
- commemorative event** pangyayaring pang-alaala
- comment and recommendation (for)** para sa kuro-kuro/komentaryo at tagubilin/rekomendasyon (para)
- commissary (section)** (pangkat/seksiyon ng) komisaryo
- commission** komisyon
- commissioner** komisyonado/ komisyoner
- committee** lupon, komite
- committee hearing** pagdinig ng lupon/komite
- executive committee** lupong tagapagpaganap/ehekutibo
- secondary committee** pangalawang lupon/komite
- special committee** tanging lupon/komite
- standing committee** palagiang lupon/komite
- subcommittee** sublupon/subkomite
- common-law marriage** pagsasama ng isang lalaki at isang babae na hindi kasal
- communication** komunikasyon, talastasan, pakikipagtalastasan; ugnayan, unawaan
- basic communication** saligang liham, saligang komunikasyon
- communication letter** kalatas, liham
- communication system** sistema ng komunikasyon
- confidential communication** usapang kumpidensiyal
- privileged communication** pinag-usapang may pribilehiyo, komunikasyong may pribilehiyo
- commutation** pagpapagaan/pagpapababa ng parusa, komutasyon; pagpapalit/paghalili ng kabayaran
- commutation of sentence** pagpapagaan ng parusa
- company** samahan, kompanya
- compensation** sahod, bayad, kompensasyon; pabuya; kabayaran sa paglilingkod
- just compensation** makatarungang kompensasyon/bayad; bayad na makatarungan sa may-ari at publiko kung ang ari-arian ay kinuha para sa publikong gamit
- competence** kakayahan; abilidad; talino; galing
- competent** sapat ang kakayahan o katangian; may kakayahang magampanan ang utos
